# MANLILIKHA 2

Will P. Ortiz & Tilde Acuña
MGA EDITOR

# Manlilikha

Tomo II, 2023

Literary Folio ng mga mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat
ng UP Departamento ng FIlipino at Panitikan ng Pilipinas

MGA EDITOR

**Will P. Ortiz**
**Tilde Acuña**

DISENYO NG PABALAT AT MGA LARAWAN SA AKLAT

**Tilde Acuña**

DISENYO NG AKLAT

**Jordan T. Ignacio**

Karapatang-ari © 2023 Mga Awtor at UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi sa alinmang paraan—grapiko, elektroniko, o mekanikal—nang walang pahintulot mula sa mga mayhawak ng karapatang-ari.

Ang Manlilikha ay literary folio ng mga mag-aaral ng malikhaing pagsulat ng UP Departamento ng FIlipino at Panitikan ng Pilipinas. Ito ay isang publikasyon na inilalathala isang beses kada taon ng DFPP, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas. Ito ay monolingguwal sa Filipino; maaaring maglathala sa rehiyonal na wika sa Pilipinas ngunit may lakip na salin sa pambansang wika. Layunin ng publikasyon ng ito na magsilbing dagdag na plataporma ng mga mag-aaral ng malikhaing pagsulat para sa publikasyon ng kanilang mga malikhaing akda.

DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT PANITIKAN NG PILIPINAS
KOLEHIYO NG ARTE AT LITERATURA
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
LUNGSOD QUEZON 1101 PILIPINAS
TELEPONO (+63.2) 981.8500 LOCAL 2123

# Nilalaman

## Introduksiyon

1 **Ang Paglabas sa Silid ng Sarili**
*Will P. Ortiz*

23 **Halagahan: Ilang tala sa prosa at transmutasyong alkemikal**
*Tilde Acuña*

## Tula

40 **RAMUT ken dadduma pay a daniw UGAT at iba pang tula**
*R.B. Abiva*

47 **Mga Eksena Tuwing Umaga**
*Dave Babon*

61 **Sa Kuwartong Pinások: Koleksiyon ng mga Tulang Isinilid sa Higaan**
*Ralph Agarcio*

76 **Aparador at iba pang Tula**
*Jerwin Bilale*

90 **Kung Paano Tinalo in Mang Turing ang AI**
*Lance Romulus Dayrit*

## Kuwentong Pambata

**106 Ang Pulang Lebrita ni Lolo**
*Hannah A. Leceña*

**115 Si Isabel at ang Pangarap sa Pusod ng Bundok**
*Arthur David San Juan*

**127 Sina Hope at Faith**
*Louise Nazir A. Banzuela*

## Sanaysay

**154 Ang Espesyal na Biyahe sa Brgy. Cumba**
*Heleana R. Caballes*

**164 Kon Makabueong Gid Man sa Gihapon: Ang Bueong ng mga Ati sa Aklan**
*Lari Sabangan*

**186 Debut**
*Karl Montemayor*

**200 Ms. Little Amerika**
*Ericka Mae C. Cruz*

Maikling Kuwento

**223** **Throw Coin**
*Ericka Mae C. Cruz*

**247** **Manambalan**
*Hannah A. Leceña*

**280** **Tano**
*Catherine Dalon*

**298** **Kuleksyon ng mga Dagli**
*RC Placido*

**304** **Penitensya**
*Kyrios Concordia*

**324** **Bote**
*AJ Cancejo*

**342** **Kung Umaamo ang Gabi**
*Holland Loyola*

**352** **Limang Aporismo ng mga Kontrabida**
*Yuangelo de Guzman*

**356** Bionote ng mga Kontribyutor

**384** Bionote ng mga Editor

# Introduksiyon

# Ang Paglabas sa Silid ng Sarili

*Will P. Ortiz*

Malaon nang ginamit na metapora ang silid. Sa Ang Sariling Silid (2023), salin sa Filipino ng "A Room of One's Own," ni Virginia Wolf, ipinahayag ni Wolf ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling espasyo upang makapagsulat ang kababaihan na matagal nang isinasantabi ng mga institusyon sa lipunan. Sa Ang Silid na Mahiwaga: Kalipunan ng Kuwento't Tula ng mga Babaeng Manunulat (1994), itinanghal ang iba't ibang tinig ng mga babae sa iba't ibang panahon at henerasyon. Makikita sa antolohiyang ito ang kanilang pagtingin at pagkamulat sa kanilang kalagayan sa lipunan. Sa nobela ni EM Forster na A Room with a View, ang protagonistang si Lucy ay nakawala at nakakita ng ibang daigdig na nagpalawak ng kanyang paningin nang makakilala siya ng mga taong may ibang pananaw at kultura.

Sa akdang ito, hindi tumutukoy lang sa isyu ng kasarian ang silid kundi sa kakayahan ng mga manunulat na narito na

maghayag ng kanilang damdamin at talino sa kanilang panulat, na di sila nakakulong lamang sa sarili. Hindi naglulunoy sa sariling karanasan ng pagkabigo ang mga akdang kundi kumawala na sa sentro ng sarili. Sa kabila ng danas ng dahas ng pandemya, lumalabas ang mga akda sa kanilang mga sariling silid upang tumukoy ng mga isyung nakikita sa labas ng silid.

Tanging ang mga tula ni **RB Abiva** na "Ramut ken dadduma pay a daniw (Ugat at iba pang tula)" ang isinulat sa wikang Ilokano at isinalin sa Filipino. Sa Ilokano, mayroong tatlong linya ang mga tula ngunit sa salin sa Filipino, ginawa niya itong apat at may wawaluhing pantig. Makikita sa mga tula ang impluwensiya ng haiku na nagpapakita ng mga imahen ng kalikasan. Ito ang interpretasyon ng may-akda sa Filipinong haiku. Sa mga tulang ito, ang "Ugat" ang tulang may mariing imahen ng halaga ng pinag-ugatan o pinagmulan:

**Ramut**

Pinag-utka maysa nga aldaw
Nagtudo ti tallo nga aldaw;
Nawarwar ti bantay a kasla kawar.

**Ugat**

Binunot kita 'sang araw,|
umulan nang tatlong araw,
nakalas ang mga bundok
na pawang isang kadena.

Maraming maaaring interpretasyon ang ugat pero anuman ang maging konsepto nito, ipinakikita ng tula ang lalim ng ugat na makagugupo ng mga bundok at makakakalas ng mga kadena. May rebolusyong nagaganap sa ilalim ng lupa dahil sa malalim na pinag-ugatan.

"Mga Eksena Tuwing Umaga" ang pamagat ng koleksiyon ng tula ni **Dave Babon**. Sa koleksiyong ito, binigyan ng tinig at karakter ni Babon ang mga isinagilid sa lipunan, ang mga inapi o nabuburyong dahil sa mga eksena sa umaga na tila naging siklo na ng buhay. Halimbawa, nabuburyong na ang persona sa tulang "Tabi" dahil sa mga pangyayaring hindi naman talaga isyu ngunit ginagawang isyu ng persona. Kapansin-pansin ito lalo na sa mga taludtod na tila nanghahamon ang persona sa lahat ng nakikita ngunit may himig din naman ng pagpapatawa:

> Sa mga tsismosang tumatambay sa tindahan ni Mama
> Tabi!
> Sa mga mababagal maglakad
> Tabi!
> Sa mga nag-iinuman sa umaga
> Tabi!
> Sa mga batang nagkakandarapang mauna sa comshop
> Sa mga nagbi-videoke kahit sintunado naman
> Pa-request nga ng My Way! Tabi!

Sa mga asong nag-aanuhan

Tabi?

Sa unang basa, parang nakakulong ang persona sa sariling mga isyu sa buhay na di naikakawing sa mas malawak na lipunan. Ngunit masusuma ang mga isyu ng persona sa tatlong maiikling haiku na mala-tanaga at mala-dalit. Sa haikung "liwayway," tila ayaw na ng persona na gumising dahil sa kapal ng mutang nakakapit sa kanyang mga mata:

matang napagal

hindi na makadilat

parang ginawgaw

Maiisip na ang gayong kondisyon ng persona na ayaw gumising ay may pinanggalingang dahilan. Lagi at lagi naman itong may kinalaman sa danas sa lipunan. Sa dalit naman na "Orasan," bilanggo ang persona ng oras na tila oras ang siya niyang panginoon at siya ang alipin nito:

walang tigil ang pagkaway

kanyang kamay na bulinggit

kung huhumpay, walang saysay

sa sirkulong siya'y piit

Sa tulang “silog,” na mala-tanaga ngunit hindi (dahil tatlo lamang ang taludtod) at hindi rin naman haiku, ipinakikita ang hinagpis ng persona sa kakaunting pera na di makabili ng sapat na pagkain. Babasahin pa rin ang tulang ito ayon sa nagaganap na inflation at kawalan ng kakayahan ng mga mamamayang makabili ng sapat na pagkain,

"Sulit ang singkuwenta
may kanin at ulam na."
Eh ngayon, kasya pa ba?

Sa koleksiyon ng mga tula ni **Ralph Vinze Agarcio**, ginamit niya sa maraming mga tula ang sukat at tugma upang magsagawa ng interogasyon ng mga may kasalanan sa isang tiwaling lipunan. Hindi matapos-tapos ang usapin ng korapsiyon, kahirapan at EJK ngunit namamayaning tunay ang danas ng kasalatan ng karaniwang tao. Pinamagatan ni Agarcio ang kanyang mga tula na “Sa Kwartong Pinasok_Koleksyon ng mga Tulang Isinilid sa Higaan” upang mandi’y papasukin tayo sa silid ng kamalayan ng makata upang mabasa ang kalagayan ng lipunan. Kumuha man sa tradisyon ang pagtula, ang pabalat ay sukat at tugma, lumalaban naman ang laman nito upang ipaalala na marami pang dapat na baguhin sa lipunang kinasasadlakan.

Sa silid na ito, maraming pigura
sa apat na kanto'y may mahal at mura,
hinagkan ng agiw maging ng pintura
ngunit gunita dito'y walang kapára.

Kapansin-pansin ang tonong tila tinakasan ng pag-asa at nalulunod na sa kahungkagan ang mga persona sa "Aparador at iba pang tula" ni **Jerwin Bilale.** Makikita ito laluna sa tulang "Sa Sementeryo:"

kagyat na lumiit ang tanawin
ng sementeryo mula sa sinasakyang bus,
pinagmasdan ko sa bintana ang unti-unting
paglalaho ng maputlang pader,
iniisip ang mga bitak ng sarili;
walang halaman ni bulaklak.

Masinsin ang paggamit ni Bilale sa metapora ng "bitak" na ginamit niya sa unang saknong at babalik na tutukoy sa persona ng tula. Hindi kataka-taka ang ganitong mga tono ng tula dahil dumaan ang mundo sa matinding pagdaluyong ng Covid 19, at kung gayo'y masasalamin ito sa mga tagpuang may kinalaman sa kamatayan.

Nag-iisa sa tula ang may tonong pakikipaglaban para sa minamahal. Sa tulang "Babala sa mga Ipis," naipamalas ang

gwardiyadong pag-ibig ng persona sa natutulog na sinta nang gambalain ito ng isang ipis.  Sabi ng persona:

> itinapon sa basurahan ang napisak na katawan
> ng peste at muling bumalik sa pagtanod.

Saka ito tatapusin sa babala:

> dadaan muna sila sa ibabaw ng aking bangkay,
> bago makadapo sa iyong katawan.

Sa babala man natapos ang tula, mahusay ang paggamit ng palasak na linya upang ipakita ang tono ng pagpapatawa ngunit may halong kaseryosohan upang ipadama ang natatanging pagtatangi ng persona.

Natatangi ang koleksiyon ng mga tulang "Kung Paano Tinalo ni Mang Turing ang AI" ni **Lance Romulus Dayrit** dahil sa pagiging eksperimental nito.  Binulaga ng binary code ang mambabasa sa tulang "Barya ni Bayani R:"

> 01000111 01100001 01100001 01101110 01101111
> 00100000 01101011 01100001 01101100 01100001
> 01111001 01101111 00100000 01100001 01101110
> 01100111 00100000 01110000 01100001 01100111
> 01101001 01110100 01100001 01101110 00100000
> 01101110 01100111 00100000 01101001 01110011

01100001 00100000 00001010 01110011 01100001
00100000 01110111 01100001 01101100 01100001
00111111 00100000 01010100 01101001

Kinailangan ko ng tutorial sa Youtube kung paano i-convert ang mga koda sa titik o teksto. Nakita ko ang "How to Read Text in Binary" ni Tom Scott. Minano-mano ko ang mga koda bago nakuha ang kumbersiyon nito sa teksto.

Gaano kalayo ang pagitan ng isa
sa wala? Titigan itong tula:
Dalawang numero ngunit
kayang lumikha ng
kalawakan ng kahulugan
at magkaloob ng kahulugan
sa kalawakan.

Hindi ko ibibigay ang buong salin ng tula sa Romanong alpabeto dahil bahagi ng paglalaro ni Dayrit maging ang pagtuklas ng mambabasa sa kahulugan. Maaari namang hindi mano-mano ang kumbersiyon nito. May mga app na nagko-convert ng binary code tulad ng Binary To Text (Binary Code Translator). Makakukuha tayo ng hiwatig sa pagsipi ni Dayrit sa mathematician na si Turing. Kahit wala tayong alam sa binary codes, sumisigaw ang numerong "0" sa teksto. Ang

mahalagang makita rito, nauubos na nang lubos ang barya na ramdam na ramdam ng karaniwang Pilipino. Pag-iisipin nito ang mambabasa kung wala na rin bang halaga ang pagkabayani ni R.

Sa "DE[(KONSTRAK)SYON] DERR(I2)D(A1)," gumamit ng estilong pagbubura o erasure poetry o black out poetry si Dayrit upang makalikha ng mga bagong kahulugan sa tulang nilikha ng AI. Maiuugnay din sa nangyaring pagbabayad ng mga makapangyarihang politiko sa keyboard warriors upang baliktarin ang kasaysayan. Sa pamamagitan ng pagbubura, dinekonstrak ang binuong kapangyarihan upang itanghal ang pagiging makabayan.

Naitanghal naman ang kakitiran ng pang-unawa ng mga nasa awtoridad laban sa mga nagtatag ng mga community pantry sa tulang "Pooh lease pat toll ah." Nakatutuwa ang paglalaro ng salita na tila nagsasalitang banyaga ng wikang Filipino:

"Bee knew wag knee yeah
A god a god, wall lung Ca
A bog a bog eat tongue Am Ming
Come you knee tea pan tree."

Mapaglaro ang lahat ng mga tula ni Dayrit ngunit babawiin ito sa huli upang idiin ang seryosong usapin ng wika, talinghaga at pagkatao.

May dalawang kuwentong pambata sa koleksiyong ito na nagpakita ng katangian ng mga protagonistang bata—ang kanilang pagiging aktibo at pagiging matalino.

Kakikitaan ng tradisyonal na katangian ang kuwentong pambatang "Ang Pulang Lebrita ni Lolo" ni **Hannah A. Leceña.** Nagpapakilala ang kuwento ng payak na buhay sa probinsiya na kung saan kinikilala ang kahalagahan ng makabagong katalonan o babaylan na kinatawan ng lolo ni Buboy. Ang tradisyonal na panggagamot ay kinikilala ng komunidad at naririnig ng protagonistang si Buboy ang halaga ng anting-anting ni Lolo at ang kanyang pulang lebrita na labis na pinagtatakhan ng bata. Matalino, mausisa at adbenturoso ang batang si Buboy ngunit ipinahahayag rin niya ang halaga ng paggalang sa matanda at pagmamahal sa pamilya. Mahalagang katangian ng akda ang pagtuklas ng bata sa sariling kakayahan at sa mayamang haraya nang hindi kinakailangang pisubo sa kanya ng nakatatanda ang mga konsepto. Kinikilala ito ng akda lalo na sa huling bahagi:

> Nakita ko ang pulang lebrita sa kamay ni Lolo. Palaki nang palaki. Hanggang sa nagsayaw ang mga titik sa hangin. Hanggang sa lumulutang sila at nangusap sa

akin habang lumalamlam ang ilaw sa aming gasera.
Nababasa ko na sila!

Ang katangiang ito ng akda ni Lecena na paghulagpos ng imahinasyon ay isang batayan ng masining na kuwentong pambata.

Taglay ng akda ni **Arthur David San Juan** na "Si Isabel at ang Pangarap sa Pusod ng Bundok" ang estilo ng paglikha sa panitikang pambata na taglay ang siste at talino ng batang protagonista. Upang makaligtas sa inaakalang paglamon sa kanya ng kapre, ito ang sinabi ng karakter na si Isabel:

> "H-hindi ako masarap," ang tanging naisagot ni Isabel sa pagkabigla.
> Napakurap ang higante sa narinig.
> "Patpatin ako't buto-buto," pagpapatuloy ni Isabel, "Wala 'kong kasusta-sustansya."

Malay si San Juan sa tradisyon at estilo ng pagsulat ng kuwentong pambata, lalo na yaong hango sa mga kuwentong bayan. Ngunit walang tradisyonal sa kuwentong ito kung tema ng akda ang pag-uusapan. Ang tunggalian ay ukol sa naglahong ama ni Isabel (maraming haka-haka ukol sa paglalahong ito na kesyo namatanda, naengkanto o sumama sa mga rebelde) at uugnayan ito ng isyu ng pagkasira ng

kabundukan ng Sierra Madre. Pantasya ang ginamit na paraan upang mapatingkad ang isyu ng pagkasira ng kapaligiran at ang dahilan ng pamumundok ng karaniwang mamamayan. Sa kabila ng pangungulila ni Isabel sa ama, bibigyan siya ng pag-asa ng kapre na laging may pag-asa ang pagbabalik ng kanyang ama. Ayon sa kapre na Elias ang pangalan:

> "Hangga't nariyan kayong nananahan sa kabundukan," tugon ni Elias, "hangga't nariyan ang Sierra Madre, laging mayroong uuwian ang iyong Tatang."

Elias ang ipinangalan sa kapreng nagbigay ng aral kay Isabel ukol sa kahalagahan ng kalikasan at ang pagkasira nito. Sa kuwentong ito, makikita ang pagtutol ng kapreng si Elias sa development aggression, at nakatira rin siya sa gubat kasama ng mga taong naisagilid. Mapag-iisipang kaugnay si Elias ng taong nanandata laban sa pamahalaang Kastila sa nobelang Noli Me Tangere. Sa kuwento naman ni Ave Perez Jacob na "Ang Pagdating ni Elias Plaridel," ang tauhang si Elias ay isang rebolusyonaryo at organisador ng kilusang lihim na lumalaban sa estado.

Bahagi ng tinatawag na "sick lit," isang sub-genre ng literaturang YA o Young Adult ang kuwentong "Sina Hope at Faith" ni **Louise Nazir A. Banzuela**. Paglalaro rin ang "sick lit" ng "chick lit," termino namang tumutukoy sa popular

na panitikang target ang mga babae. Karaniwang tema ng anyong ito ng panitikan ang mga romantikong relasyon at maging ang mga isyung kinakaharap ng mga babae sa trabaho at sa eskuwelahan.

Masasabing ilan sa pinakapopular na halimbawa nito ang nobela ni John Green na The Fault in Our Stars (2014) at maging ang nobelang Perks of Being a Wallflower (1999) ni Stephen Chbosky. Parehong naging pelikula ang mga nobelang ito. Ayon kay Elman sa artikulong "Nothing Feels as Real: Teen Sick-Lit, Sadness, and the Condition of Adolescence," ang sick-lit ay:

> a genre of adolescent fiction that fused illness and romance narrative to reinforce the interdependent norms of able-bodiedness, heteronormativity, emotional management, and maturity among American youth" (175). (sipi ni Peters, 2021)

Bagaman kwestiyonable para sa akin ang paggamit ni Elman ng "heteronormativity" na tinututulan halimbawa sa The Perks of Being A Wallflower, mahalagang kilalanin ang depinisyong ito na nagdiriin sa kakayahang emosyonal at pisikal ng isang tinedyer. Naimpluwensiyahan ng mga ganitong uri ng babasahin ang akda ni Banzuela.

Ipinakilala sa atin ni Banzuela sa kaniyang akda ang magiging mabuting magkaibigan na sina Hope at Faith, parehong may problema sa kalusugan ngunit magkaiba ang punto-de-bista kung paano haharapin ang suliraning ito. Ang pagkakaibigang ito ang magbibigay ng lakas sa magkaibigan upang patuloy na mabuhay. Sa pangalan pa nga lamang nila ay talinghaga nang nagpapahiwatig ng positibong wakas:

> May dalawa akong baunan at parehas itong may laman ng kanin at teriyaki. Sa isang plastik na lalagyan ay ang brownies na hinanda ni Mama para kay Faith. At sa ilalim ng palumpong ng Bougainvillea, kumain akong mag-isa.

Dalawa sa mga sanaysay ang nagmuni rin ukol sa sakit. Ang isa ay dahil sa idinulot ng pandemya at ang ikalawa'y sa sakit na autism. Ang ikatlong sanaysay ay ukol sa metapora ng buhay. Ang ikaapat ay pagkilala sa identidad at kasarian. Ang huling sanaysay ay may malalim na pagsusuri sa relasyon ng Amerika at Pilipinas.

Ipinakilala ni **Heleana R. Caballes** ang isang taong may autism na malapit sa kanya sa "Ang Espesyal na Biyahe sa Brgy. Cumba." Nagsimula siya sa paglalarawan ng suot nito hanggang sa palalimin ang pagpapakilala sa kanyang Kuya Pao:

> May suot din siyang ear defenders habang nasa biyahe dahil hypersensitive siya sa mga ingay sa paligid. Si Kuya Pao kasi ay isang indibidwal na may autism spectrum disorder. Ayon kay Tita Amy, dalawang taong gulang lang ito nang mapansin niyang may kakaiba rito. Sapagkat sa edad na dalawang taon, dapat kahit kaunti ay nakakapagsalita na ito. Ngunit hindi pa rin ito natutong magsalita. Napansin din ni Tita Amy ang kawalan ng pokus ni Kuya Pao at ang maikli nitong attention span.

Ibinahagi ni Caballes ang mababaw pang pagkilala ng lipunan sa mga may autism. Dahil sa overstimulation ng senses ng taong may autism, nagkakaroon ng "explosive reactions" tulad ng pagsigaw, pag-iyak o pagpapakita ng agresibong kilos. Sa mga ganitong pangyayari, nakita niya ang reaksiyon ng mga taong nakapaligid sa kanila at kung paanong pagtawanan si Kuya Pao:

> Habang pinakakalma si Kuya Pao, napatingin ako sa mesa sa aking gilid. May apat na kabataang nagpipigil ng tawa habang nakatingin kay Kuya Pao. Sa isang mahinang boses, sinabi ng isa sa kanila ang katagang nagpainit sa aking tainga, "Parang si Boyet." Sabay bungisngis nito.

Sa kabila ng mga negatibong pangyayari, natutunan ng awtor na unawain ang kalagayan ng kanyang kuya, palalimin ang pag-unawa at ang pagmamahal sa taong iba ang kalagayan kaysa sa kanya.

Hindi kataka-takang may magmuni ukol sa bueong o gamot sa panahon ng COVID 19. Ito ang ginawa ni **Lari Sabangan** sa "Kon Makabueong Gid Man sa Gihapon: Ang Bueong ng mga Ati sa Aklan." Sa kanyang pakikipanayam sa mga Ati, ang dating pangingilag sa kanila ng may-akda ay napalitan ng malalim na pang-unawa. Ito kasi ang panahong ang lahat ng mamamayan ay naghahanap ng gamot na mabisa at walang side effects kaya't samu't sari ang naririnig ukol sa iba't ibang gamot sa Covid. May kakatwa at nakakatawa. Dulot ito ng hindi maayos na tugon ng estado sa kalagayan ng bayan. Ang kakatwa naman sa may-akda ay napalitan ng pag-unawa sa Ati at sa kanilang kaalaman sa panggagamot. Inilarawan niya ang nakita niya sa pagtitinda ng mga Ati at ang reaksiyon ng mga tao rito:

> Kapansin-pansin ang umpukan ng ilang mga tao sa mga bangketa ng mga Ati. Kani-kaniyang latag ng kailangan at tila lahat nag-uunahan na makuha ang nais. Nakahilera kasi ang iba't ibang panindang gamot ng mga Ati tulad ng banyos, langis, carmen, panaming, sinamak at iba't iba pang mga bato-bato, kahoy at kung ano-anong halaman, damo at nilalang pandagat.

Ang danas sa pandemya, ang paghahanap ng lunas, bueong o medisina ang naging daan ni Sabangan upang unawain ang kultura ng panggagamot ng mga Ati ng Aklan.

Ang pag-angkop sa buhay din ang tatalakayin sa akdang "Debut" ni **Karl Montemayor.** Ang metapora ng sayaw ang pinagmumunian sa kanyang sanaysay at kung paano siyang kinabahan bago pa ang debut ng kanyang kaibigan. Ganito niyang ilalarawan ang kanilang sayaw:

> Una ang bow, pangalawa ang rosas. Nag-hello siya sa akin at pinilit kong ngumiti sa harap ng kaba. Sa kanan, hawak ang kamay niya at ang rosas. Sa kaliwa, ang baywang. Kinailangan pa niyang hatakin, masyadong mababa ang hawak ko sa baywang niya. Tingin sa kanya, tingin sa camera. Huwag kalimutan ang camera. Apak sa kanan. Apak sa kaliwa.

May bilang ang mga step o hakbang sa sayaw pero naiisip din ng tagapagsalaysay ang halaga ng kung paano talaga sasayaw sa tunay na buhay dulot ng realisasyon na "hindi ka na bata." Sa huli, uunawain niya ang kahulugan ng buhay na hindi minadali upang magkaroon ng pinagkataandaan.

Sa unang basa, parang nakatuon sa personal na buhay ang sanaysay na "Wanted: Jowa" ni **Hazelle Catena**. Mapagpatawa ang tono ukol sa karanasang hindi pa nagkaka-

jowa sa tanang buhay ang may-akda. Mababanaag sa pagpapatuloy ng sanaysay ang pagiging malay ng awtor na di pumasok sa relasyon dahil sa tinatawag niyang "materyalismo ng isang relasyon"—ang realisasyon na kailangan mo ng pera upang pumasok sa relasyon. Sabi nga niya:

> Hindi rin kasi kaya ng pride ko ang maging pabigat sakaling makipagrelasyon. Naiisip ko pa lang ang gastusin para sa isang nasa relasyon, para na akong magkaka-Vertigo. Huwag na lang (muna) uy!

Inilatag din niya sa kanyang walang hanggang pananaliksik ang magiging "scope and limitation" ng mapipiling romatikong karelasyon:

Isa talagang on-going research ito, alam naman natin ang objectives kaya ihahain ko na lang din ang scope at delimitations:

1. Pwede kahit anong gender.

2. Bawal ang alipin ng patriyarka (dito kasi madalas nag-uugat ang pagiging abusado sa kahit anong aspeto).

3. May layunin at tungkulin sa buhay.

4. Yung pisikal na katangian, kayang-kaya naman bali-baliktarin dahil ilang beses na 'ko na-attract sa versatile population.

Maaaring sabihing ang sanaysay ay nagpapatawa lamang ukol sa paghahanap ng makakarelasyon, pero hindi ito nagtatapos lamang sa romantikong pagtingin sa pakikipagrelasyon dahil malay ito na nagmumuni sa kalagayan ng pagiging babae sa isang patriyarkal na lipunan at kung paano niya ito iigpawan bilang isang bidang babaeng hindi naghihintay ng kanyang knight in shining armor.

Kung mayroon mang higit na patunay na kumawala ang mga akdang narito sa paglulunoy sa drama ng sarili, ito ay ang sanaysay na "Little Miss America" ni **Ericka Mae Cruz**. Nagsimula ang sanaysay sa tila simpleng "pagtulong" ng kapitbahay na Kano ng tagapagsalaysay nang bumaha sa Olongapo City noong bata pa siya. Sa tonong napakasarkastiko, sasaysayin ng akda ang naging kasaysayan sa pagitan ng US at Pilipinas na tila nasa isang beauty pageant. Sinimulan ang talakay sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil ito ang ugat ng pagkakaroon ng US military bases:

> Ayon sa record ng Avalon Project, ang alok noon ni Ms. U.S Congeniality ay package deal ng kalayaan, rehabilitation fund, Bell Trade Act, suporta sa militar, at mga base militar na may kapalit na lease. Kung hihindi raw ang Pilipinas ay huwag daw mag-alala sapagkat bibigyan naman daw tayo ng 500 dollars

> consolation prize. Siyempre, agad namang niyakap ng gobyerno ng Pilipinas ang package deal. Ang sikat na sikat na Bell Trade act ay itinatag sa konstitusyon ng Pilipinas– hinayaan nito ang paggamit at pagnenegosyo ng mga Amerikano sa mga likas na yaman at public utilities ng bansa (mga kasaganahang may restriksiyon sa mga Pilipino). Ang Military Bases Agreement naman ay isinabatas noong ika-14 ng Marso, 1947.

Sarkastiko, may galit, may pait ang pagsasalaysay na ito ni Cruz dahil naugat niya ang puno't dulo ng ugnayan ng US at Pilipinas na lagi na lamang may kapalit ang "pagtulong" ng una. Napunto ng sanaysay ang pagtukoy sa kasaysayan hindi pantay na ugnayan ng ating bayan at Amerika. May galit at may pait ang tono dahil sa hirap na danas ng mamamayang Pilipino dulot ng hindi pantay na ugnayang pang-ekonomiya. Nagawa ng sanaysay na umigpaw mula sa personal na danas tungo sa politikal na pagtataya kung bakit nasasagilid ang kalakhan ng mamamayan sa ating bayan.

Maraming mga lumabas na akda sa panahon ng Covid at post-pandemic na nalulugami sa personal na danas ng kalungkutan. Ngunit sa koleksiyon ng mga akdang naririto, lumabas ng silid ng paglulunoy sa kalungkutan ang mga akda upang makisangkot sa talaban ng loob at labas ng silid. Sa ganitong mga akda maaaring magbigay ng prediksiyon

pagdating ng panahon. Hindi laging madilim o makulimlim ang panahon. Kapag bumabalikwas ang teksto, mag-aabang tayo ng pagbabago. Maaliwalas ang langit.

## Sanggunian


"*Binary To Text (Binary Code Translator).*" https://binarytotext.net/. Naakses 30 Oct 23.

Chbosky Stephen. *The Perks of Being a Wallflower*. Pocket Books: 1999.

Elman, Julie Passanante. "Nothing Feels as Real: Teen Sick-Lit, Sadness, and the Condition of Adolescence." *Journal of Literary & Cultural Disability Studies,* vol. 6, no. 2, June 2012, pp. 175–191.

Green, John. *The Fault in Our Stars.* Penguin Books, 2014.

Jacob, Ave Perez. "Ang Pagdating ni Elias Plaridel." *Kamao*. Cultural Center of the Philippines, 2002, p. 21-44.

Peters, Ally Caroline. "*Examining Mental Illness in Young Adult Literature*: Sick-Lit, Authenticity, and Reader Influence" (2021). Undergraduate Theses and Capstone Projects. 15. https://dc.suffolk.edu/undergrad/15

Reyes, Soledad, editor. *Ang Silid na Mahiwaga: Kalipunan ng Kuwento't Tula ng mga Babaeng Manunulat.* Anvil, 1994.

Rizal, Jose. *Noli Me Tangere*. Salin ni Soledad Lacson-Locsin. Bookmark, 1997.

Scott, Tom. "How to Read Text in Binary." *Youtube*. 19 Aug 2014. https://www.youtube.com/watch?v=wCQSIub_g7M&t=192s. Naakses 15 Oct 23.

Woolf, Virginia. *Ang Sariling Silid.* Salin ni Pauline Mari Hernando. UST Press, 2023.

# Halagahan: Ilang tala sa prosa at transmutasyong alkemikal

*Tilde Acuña*

Salamangka nga ba o agham ang alkemiya kung ambisyon nitong gawing ginto ang tingga? Paano naman ang panitikang tila laging nagtatangkang (at pumapalyang) isilid ang Real sa ordeng Simboliko – sa teritoryo ng wika at naratibo?

Sa manga na *Fullmetal Alchemist* (2001-2010; FMA) ni Hiromu Arakawa, transmutasyon ang tawag sa akto ng sayantipikong pag-unawa sa estruktura ng bagay, pagtilad nito, at muling pagbuo upang maging ibang bagay na may parehong komposisyon. Walang galing sa wala. Kung mayroon man, wala iyon. Kaya ipinagbabawal ang "human transmutation," dahil kahit mabibili sa suking tindahan ang mga sangkap ng ating mga katawan, manggagaling kung saang hindi natin alam ang kaluluwa o espirito.

Sa FMA, mananagot ang sinumang mangahas na sumubok sa aroganteng transgresyong umastang diyos at lumikha ng tao. Upang makasamang muli ang kanilang nanay, sinubukan ng magkapatid na Edward "Ed" Elric at Alphonse "Al" Elric na buhayin ito sa pamamagitan ng transmutasyong alkemikal. Sakto ang panghalip na "ito," dahil matapos ang ritualistikong experimento ay bumungad sa mga protagonista at mambabasa ang isang monstrosidad na hindi na nila makilala. Dahil sa paglabag ng magkapatid sa batas ng alkemiya, hindi lang sila walang napala. Hindi na nga nila nakapiling ang nanay nila, nawalan pa ng katawan si Al. Kahit natapyasan ng hita at binti ang kuya niyang si Ed, agaran nitong inilipat ang diwa ng kapatid sa baluti. Sa kalaunan, mekanikal na prostetikong tinatawag na "automail" ang humalili sa hita at binti ni Ed na makikilala sa sabi-sabi bilang mala-alamat na "fullmetal alchemist," pero dahil wala namang TV, madalas aakalaing si Al ang "fullmetal" dahil bakal ang kabuuang external niya, at hungkag ang internal.

Sub-larangan ng bio-alkemiya ang pananaliksik hinggil sa mga kimera, mga nilalang na sintesis ng iba't ibang organismo. Pero muli, labag sa batas ang pag-experimento sa tao. Sa nakakikilabot na kabanata, si Shou Tucker, tanyag sa naturang sub-larangan, ay nangahas magsagawa ng "human transmutation" (isang taboo sa alkemiya) upang mapanatili ang sertipikasyon bilang "state alchemist" na dapat taunang magkaroon ng "breakthrough" sa kanilang pananaliksik.

Nakalikha siya ng nagsasalitang kimera nang pagsamahin niya ang kanyang batang anak na si Nina at aso nilang si Alexander. Banggit sa *The Sleep of Reason? On Practices of Reading Shonen Manga* ni LA Gallacher na pagiging bukas sa mga halimaw ang pagbabasa ng manga (2011, 21) dahil imperatibong unawain ang buong pahina, tilarin ang bawat panel, at itirintas (cf Groensteen 2007, 17-21) ang una (kabuuan) sa huli (mga bahagi).

Sa klasikong panitikan, kanonikal ang *Frankenstein; or The Modern Prometheus* (1818/1831) ni Mary Shelley. Tulad ng magkapatid na Elric, dalamhati sa pagkamatay ng ina sa sakit ang nagtulak sa protagonistang si Dr. Victor Frankenstein na magtampisaw sa pagdiskubre at paglikha ng buhay. Ang humanoid na pinalayawang Nilikha (The Creature) sa nobela ay may taglay na dunong at damdamin (sapient at sentient); tila tao ang Nilikha kung si Frankenstein ang diyos. Kung kombinasyon ng mga bahagi ng katawan ng iba't ibang organismo ang komposisyon ng Nilikha, relatibong mapagkumbaba si Dr. Lino Romasanta, protagonista sa *Ang Puso ni Matilde* (1959), seryalisadong nobela ni Nemesio E. Caravana, puso lang ang pinalitan niya sa operasyon tungong resureksyon (xenotransplantation) ng sinta niyang si Angela na namatay sa atake sa (saan pa kundi) puso. Sino kung gayon si Matilde? Alagang aso ito ni Romasanta, kung kaya naging mabangis si Angela. Sangkot sa mga praktikang hindi etikal sina Tucker, Romasanta, at Frankenstein, pero dahil nga

experimento, iba-iba ang resulta: kimerang pinagsanib na bata at aso (Nina at Alexander), likantropikong babae (Angela), at humanoid (Ang Nilalang). Sa kabila ng mga kaibhang ito, hindi inosente ang mga doktor. Malay sila sa kanilang ginagawa, alam nila ang kakalasin sa kanilang mga espesimen, batid nila hindi lang ang mga posibilidad kundi maging ang potensiyal na reaksyon ng makababalita sa kanilang "breakthrough."

May pagkakatulad ang pagsusulat: kailangan ng komprehensyon sa materyal na daigdig, dekonstruksyon ng realidad, at rekonstruksyon ng mga ito sa pahina bilang mga salita; sa pagbabasa naman, ang mismong akda—anuman ang anyong pampanitikan nito—ang nagiging materyal na uunawain, titilad-tilarin sa mga yunit, at muling bubuuin sa proseso ng interpretasyon. Magkaiba ang motibasyon ng magkapatid na Elric at ni Tucker ngunit kapwa malay at lubusang nakauunawa sa kanilang ginagawa. May komprehensyon. Heto ang dekonstruksyon at rekonstruksyon: Sa pagbuhay sa kanilang nanay, ordinaryong mga sangkap ang kinalap ng magkapatid upang makabuo ng natatanging indibidwal, samantalang sa paghahangad na makalikha ng espesimen sa ngalan daw ng agham, isinakripisyo ni Tucker ang mga bulnerableng dependyente sa kanya. May etikal na kwestiyon dito hinggil sa pahintulot (consent) na baka mailalapat natin sa produksyon at sirkulasyong pampanitikan. Nakonsulta ba ang nanay ng magkapatid na Elric kung nais niyang bumalik sa mundo? Malay ba si Nina at Alexander sa

kahihinatnan nila? Ang mga monstrosidad bang iyon ay ang nanay ng magkapatid na Elric, at ang kimera bang iyon ay ang anak at ang alaga ni Tucker? Retorikal ang lahat ng tanong. Malamang hindi ang sagot.

Sanaysay, lalo ang "creative nonfiction," ang may tendensiyang magkasangkapan ng danas ng iba sa kanilang mga proyektong pampanitikan. Pumoposturang "totoo" ang mga kuwento ng mga may-akda ng sanaysay, dahil saksi sila sa mga pangyayari, gayong ang mata tulad ng kamera ay may pinagmumulang punto kung saan ito sumisipat. Kaya dapat maging maingat sa "dokumentasyon," dahil hindi ito pawang pagtala o pag-record lamang. Pinipili ang isasali at hindi, tulad sa transmutasyon na pinipili ang mga komponente at mga modipikasyong isasagawa sa mga atomo o molekula sa proseso ng rekonstruksyon. Ang ganitong pagkaselektibo ay mekanismo sa pagproseso ng subject sa realidad na kahit papaano'y mapanghahawakan nito, kumpara sa mailap na Real.

Sa teorya ng tatlong rehistro ni Lacan, integrasyon ng Imahinaryo at Simboliko ang bumubuo sa ating realidad na hindi dapat maipagkamali sa *Real*, na maaaring maaninag pero hindi makikita, maaaring mapatungkulan pero hindi maisasagisag o maipapaliwanag. Ikaw, mambabasa, ang Imahinaryong malay sa iyong sarili at sa iba (other) at itong textong iyong binabasa ang Simbolikong sinusunod mo batay sa batas ng literasiya, at ang Real ang hindi

kailanman mabibihag o maipipirmi ng ilanmang salita. Para sa introduktoryong sanaysay na ito, makasasapat na marahil sabihing ang ating realidad ang pantasya kung saan tayo tumatakas mula sa Real; pero minsa'y singtotoo ng naturang realidad-pantasya ang binabasa nating prosa, piksyon man o sanaysay. Minsan nga'y mas may pake ka pa sa tauhan sa nobela o sa tagapagsalaysay ng memoir na biktima ng karahasan kaysa kapitbahay mong nalason sa lambanog, o mas may pake pa ako sa kaligtasan ni Alison sa *Bangin sa Ilalim ng Ating mga Paa* (2021) kaysa sa mga estudyante ko.

Tuluyang teksto lang ba ang may esensya ng realidad? Wala bang parehong danas sa pagbasa ng tula? Kapwa may sariling tradisyong pampanitikan naman ang berso at prosa, pero tila mas nalilimitahan ng balarila ang huli. Hindi kailangang may kuwento ang tula, pero mas interesante ang tagapagsalaysay – piksyonal man o auto/biograpikal – na nananalinghaga. Nasa ordeng Simboliko ang gramatika bilang tuntuning estruktural ng wika, na siyang de factong gobyerno ng panitikan; sa ganitong analohiya, mabuting mamamayan ang kuwento at pugante ang tula.

Iba't iba ang dahilan kung bakit sinusunod ang patakaran: una, may mga patakarang nakasanayan na, pero kaya nating dumistansya sa mga ito at maging malay sa mga operasyong nakaiimpluwensiya ng tila awtomatiko nating pagkamasunurin, tulad ng batas ng gramatikang mas

nakakapamahala sa prosa; ikalawa, may mga patakarang hindi natin batid ang pinagbubukalan ng awtoridad at ipapalagay na lamang nating tulak o kabig ng unconscious, tulad ng talinghaga ng bersong bago para sa atin; at ikatlo, may mga patakarang batid natin ngunit hindi natin nais na malaman ng iba na alam natin upang mapanatili ang ating dignidad, tulad marahil ng mga *taboo* (cf Zizek 2006, 9). Kung tutuusin, hindi praktikal kung sa bawat pangungusap gamit ang mga wikang Europeo ay ididiskurso ang pagiging "gendered"ng mga ito. Walang kombersasyong mangyayari kung perpetuwal na pagtatalunan sa bawat kataga ang mismong mga patakaran ng lenggwahe.

Sa ganang ito, mas madaling "kausap" ang prosa. Kadalasan, sumusunod ito sa awtoridad ng ordeng Simboliko, kumpara sa berso, na okasyonal na sumusuway rito. Dagdag pa, sinisikap pumirmi sa realidad ng mga kuwento, samantalang baka hindi kalabisang sabihing nahahalina at nasisindak sa gayunding realidad ang tula, kaya asimtotiko ang paglapit nito at paglayo sa Real. Kaya tinakasan ng introng ito ang mga tula sa antolohiya, at ipinaubaya sa co-editor. Mas mahirap "kausap" ang tula at mga bata. Kaya hanga ako sa mga makata at awtor ng panitikang pambata. Ang hinahangaan, minsan kailangang ilagan. Sakaling iminente ang maluwalhating bulalakaw, tititigan ko ba ito hanggang tuluyan akong tamaan at tapusin? Ewan. Basta, ngayon ang tiyak ko: Kaysa Real na iniiwasan ngunit sinisikap sulyapan at gagapin dahil sa kabila ng

absence ay dama ang presence nito, mas pinili kong suungin sa introduksyong ito ang salimuot ng realidad ng mga kuwento, piksyonal man o "totoo:"

Narito sa mismong sanaysay at maging sa mga sanaysay na kabilang sa antolohiya ang bakas ng Real, pero ang magagagap lang natin kahit papaano ay ang realidad. Sa "Ang Espesyal na Biyahe sa Brgy. Cumba" ni Heleana R. Caballes at "Kon Makabueong Gid Man sa Gihapon: Ang Bueong ng mga Ati sa Aklan" ni Lari Sabangan, ipininasilip sa atin ng mga awtor ang mga usaping pangkalusugan (mental at pisyolohikal) ng mga indibidwal at pangkat na nakadaranas ng diskriminasyon. Repleksyong personal naman ang isinalaysay ni Karl Montemayor sa "Debut" at ni Hazelle Catena sa "Wanted: Jowa." Kung may sinseridad sa unang dalawa at may siste sa huling dalawang nabanggit, may kritikang sistemikong ihinain si Ericka Mae C. Cruz sa "Little Ms. America." Umaalagwa ang mga piyesa sa seksyong ito mula sa personal tungo sa kapwa, mula sa lipunang Pilipino tungong kalakarang pandaigdig – tulad ng iba pang akdang ipinakilala sa kabilang introduksyon.

Ang pagtukoy sa pampanitikang anyo bilang "sanaysay" ay deklarasyon na batay ito sa "tunay" na mga pangyayari. Kung may "true story,"mayroon bang "false story?" Sabi ng bida sa *V for Vendetta* (1990) ni Alan Moore, "Artists use lies to tell the truth. Yes I created a lie. But because you believed it, you found something true about yourself." Iba

ang "fake news" sa piksyon dahil ang mga pakana ng huli ay tungo sa realisasyon ng katotohanan. Halimbawa, kahit walang aktuwal na "Malaika," mapangwasak ang Estados Unidos sa komiks na "We, Malaika. I the People" (2021) ni Emiliana Kampilan. Sa realidad na ating kinaiiralan, walang pakundangan sa sangkatauhan at sa daigdig ang military industrial complex kaya kapanipaniwala sa atin ang ibinubuyangyang na karahasang estruktural ng imperyalismo (na siya ring naipamalas ni Cruz) sa kabila ng tabing ng "greenwashing," at iba pang katulad na smokescreen.

~

Siyempre, hindi magkatumbas at hindi eksakto ang transmutasyon ng isinasabuhay nating realidad tungong diegetikong mga daigdig ng kuwento. Kung mamimilosopo, hindi naman nakapapatay ang amunisyon ng mga pasistang umiiral lamang sa mga pahina, kumpara sa mga Zionistang ikinakasa at ihinahasik sa Gaza strip at West Bank ang tangkang henosidyo sa mga Palestino sa kasalukuyan. Kung pumapatungkol (o signifier) ang *Palestine + 100: Stories from a Century after the Nakba* (2019) ano ang pinatutungkulan (o signified) nito kung wala pa sa realidad at hindi pa tiyak, bagaman umaasa ang mundo, na maipupundar muli ng mga Palestino ang kanilang bayan? Malamang na may antas ng paglabag sa saligang "equivalent exchange" ng alkemiya ang mga pagkatha. Ang batayang prinsipyo lang naman, anyo ang

maaaring ibahin sa isang bagay – hindi ang komposisyon. Makatutulong ang matagumpay na transmutasyon pero may pinsalang matatamo ang drastiko at labis na pagdaragdag at/o pagbabawas.

Suliranin din ito ng pagsasalin, na madalas ipalagay na gawaing imposible, sa kabila ng pagbibigay-pugay at pagdurugtong-buhay sa orihinal na kailangang unawain, kalasin, muling buuin sa ibang wika. Kaya may dalawang antas ng transmutasyon sa "Throw Coin" ni Ericka Mae C. Cruz, "Manambalan" ni Hannah Leceña, at "Tano" ni Catherine Dalon. Una, ang napatungkulan nang pag-aaral sa lipunan, pagsalansan ng mga natipong hilaw na materyales ng realidad, at rekonstruksyon nito bilang piksyonal na naratibo. Ikalawa, ang pagsasalin upang maitawid ang nais ipahiwatig ng mga karakter at ng awtor. Sa "Throw Coin," mas mga bidang bata ang nagsasalin upang ipakilala sa mga dayong Amerikano ang "laro," samantalang sa "Manambalan" at "Tano" naman, mas awtor ang nagsasalin upang balansehin ang pagpapanatili ng awtentisidad ng mga dayalogo at ang pagkonsidera sa mambabasang karamiha'y Filipino ang alam na wika.

Bagaman malinaw ang posisyonalidad ni Cruz sa kuwento, gabay na palaisipan sa pagtalakay nito kung ang naghahagis ba ng barya o ang pumupulot nito ang nababawasan o nagkakaroon, lalo kung ihahapag muli natin ang nosyon ng "equivalent exchange." Ganito rin ang

mahihiwatigan sa mga tampok na "scam" sa mga dagli ni RC Placido. Sa pamagat pa lang, alam na nating panggagantso ang paksa ng "Likha Para sa Wala." Imahinaryong intimasiya at kabayaran nito ang pinatungkulan sa "Honey." Tampok sa "Kapeng Ina" ang pagyaman ng naglalako ng pantasya tungong mabilis na pagyaman at nalulugmok ang napaglakuan.

Lugi ang lahat ng pangunahing tauhan sa mga dagli ni Placido, kung gastos at insentibo ang pag-uusapan – o "return of investment." Tumaya sila sa sugal ng buhay. Depende sa interpretasyon kung tunay bang natalo o nanalo kahit papaano, kung ipapalagay ba bilang pampalubag-loob na ang nabawas sa kanilang salapi ay nadagdag naman sa kanilang karanasan. Hamon sa dagli ang pagkakaroon ng "investment" na emosyonal sa tauhang saglit lamang nakilala, kung kaya baka mas obhetibo ang mambabasa sa datos na iprinesenta sa kanya ng awtor. Sa maikling kuwento, inisyal na pumupusta ang mambabasa, saan pa, kundi sa protagonista; sa nobela, depende dahil minsan, may mga sekundaryo o tersaryo o ikailanmang mga karakter na mas interesante para sa partikular na mga mambabasa.

Tila talunan din ang protagonista sa "Penitensya" ni Kyrios Concordia. Labis ang dusa sa sentensya para sa kasalanang hindi naman ginawa ng tauhan. Kung nakapirmi at nakapook ang danas ng mga bata nina Dalon at Cruz, malikot ang "bata" ni Concordia: hindi lang pumaparoon at pumaparito

(horizontal), akyat-panaog din (bertikal). Nagkukrus ang landas ng mortalidad at dibinidad, ng kasalanan at kapatawaran.

Ngalan-ng-Ama ang madalas ihalimbawa upang ipaliwanag ang Simboliko. Hindi ang mismong ama kundi ang awtoridad nito sa anak at ng Imahinaryo nito. Parehong may espesipikong penitensya ang mga tatay sa kuwento ni Concordia at sa "Bote" ni AJ Cancejo; nakulong sa piitan ang tatay sa "Penitensya" habang napiit naman sa bahay ang tatay sa "Bote" matapos mawalan ng trabaho. Sanhi ng tensyon ang kawalang-awtoridad ng Ama na nagtatakda ng mga alituntunin. Kung wala nang asendansiya dulot ng kawalan ng ekonomikong kapangyarihan, natransporma ang tatay mula pigurang aktibo sa esperong publiko ng anumang industriya tungong tambay sa domestikong espasyo.

Kung itinuloy ng antolohiyang ito ang kategorisasyong "tradisyonal" at "experimental," marahil makokonsidera sa huli ang natalakay nang "Penitensya," "Kung Umaamo ang Gabi" ni Holland Loyola, at "Limang Aporismo ng Kontrabida" ni Yuangelo de Guzman. Kombinasyon ng kombensiyonal at hindi ang kay Loyola: alanganing dagli at alanganing maikling kuwento ang haba, at may implisitong tatayaan ng mambabasa sa bungad: A, B, C, o wala sa tatlo ang mangyayari? Malinaw na agad sa pamagat ni de Guzman na magiging tungkol sa maikling kuwento ang maikling kwento dahil sa susing salitang "kontrabida" na inaasahang itatampok bilang "bida." Hayaan

na nating mambabasa ang makabuo ng kani-kanya nilang kimera ng interpretasyon sa mga piyesang ito.

Masalimuot ang proseso ng pagkolekta ng mga akda dahil sa ilang mga salik. Una, ang kakulangan sa kantidad ng mga submisyon. Humantong kami sa pagpapalawig ng deadline, at sa pagbibigay ng insentibo sa mga mag-aaral na mailalathala, lalo at journal naman ito ng mga estudyante ng (MP) at maging ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Ikalawa, ang kakapusan ng lahok sa kategorisasyong "experimental." Pinagpasyahan naming ihanay ang mga akda ayon sa nakagisnan nang mga anyong pampanitikan. At ikatlo, ang proseso ng ebalwasyon. Imbis na maghanap ng external na taga-rebyu, mga kapwa guro namin sa MP ang nag-referee ng mga lahok.  Hinati rin namin ng aking co-editor ang genre, kaya dalawa ang introduksyong nakabatay sa aming mga kadalubhasaan.

Mula rito, nais naming hikayatin ang mga mag-aaral ng MP sa antas AA, BA, MA, at PhD na magsumite pa rin sa susunod na isyu ng *Manlilikha*, natanggap man kayo sa pagkakataong ito o hindi. Tandaan ding kung hindi kayo pinalad, ilang tao lang naman ang nagpalagay na hindi pa handa ang inyong akda; gayundin, tandaang kung kasama kayo sa ilathala, ilang tao lang din ang nag-akalang publishable na ang inyong akda. Dagdag espekulasyon hinggil sa bakit walang

gaanong nagpasa ng "experimental:" dahil sa intimidasyon sa mga rekisito kabilang na ang 300-salitang abstrak, at/o dahil maging ang "tradisyonal" ay akto rin ng experimento sa kung ano ang gagana at kung ano ang hindi.

Gaya ng kasalukuyang isyu ng journal na ito na nagtangkang kumawala sa sinundang isyu pero nabigo, umaangkla ang "experimental" sa kombensiyon. Kung wala itong aangklahang tradisyong at kasaysayang pampanitikan, tila imposible itong mahanapan ng katuturan sa espero ng mga letra.

Ang pagbuo ng *Manlilikha* 2 ay maituturing na ehersisyo sa transmutasyong alkemikal: kailangan ng komprehensiyon sa mga isinumiteng materyales; dekonstruksyon ng mga ito na isinagawa sa seleksiyon ng mga maisasama sa publikasyon at diskusyon sa mga kritikal na introduksyon; at rekonstruksyon ng mga piyesang asemblahe ng kabuuang proyektong antolohiya. Kung monstrosidad ang ibinunga ng aming pamamalagi sa metaporikal na laboratoryo, kanino pa ba ipauubaya kundi sa inyo? Alalahaning hilaw nang materyales ang nasa kamay ninyo ngayong uulit sa proseso ng komprehensiyon, dekonstruksyon, at rekonstruksyon ng sarili ninyong halimaw o kimera.

.

## Sanggunian


Arakawa, Hiromu. *Fullmetal Alchemist*. Viz media, 2001-2010

Caravana, Nemesio E. Ang Puso ni Matilde. Aliwan magazine, 1959

Gallacher, Lesely-Anne. *The Sleep of Reason? On Practices of Reading Shonen Manga*. Tesis. U ng Edinburgh, 2011

Ghalayini, Basma (ed). *Palestine + 100 Stories from a Century after the Nakba*. Comma Press, 2019

Groensteen, Thierry. *The System of Comics*. U ng Mississippi, 2007.

Kampilan, Emiliana. We, Malaika. I, The People. 10 Years to Save the World. 2021. https://www.10yearstosavetheworld.com/comics/emiliana-kampilan. inakses, 30 Nobyembre 2023.

Lacan, Jacques. *Ecrits: The First Complete Edition in English*. Salin ni Bruce Fink. W. W. Norton, 2007.

Moore, Alan. *V for Vendetta*. Vertigo, 1990.

Ocampo, Victor Fernando R. "A Short and Incomplete History of Philippine Science Fiction." 5 Mayo 2014 https://vrocampo.com/2014/05/05/a-short-and-incomplete-history-of-philippine-science-fiction/ inakses noong 4 Disyembre 2023

Shelley, Mary. *Frankenstein: The 1818 Text*. Penguin Classics, 1818/2018.

—. *Frankenstein, or, The Modern Prometheus*. Penguin Books, 1831/2003.

Tsuchiya, Graphics, manunulat. Fullmetal Alchemist: Brotherhood. Season 1, episode 4, "An Alchemist's Anguish." Sa direksyon ni Kiyomitsu Satō, storyboard ni Hitoshi Nanba, batay sa manga ni Hiromu Arakawa. Inere noong Marso 7, 2010, Adult Swim

Vivo, Ronaldo Soledad, Jr. *Ang Bangin sa Ilalim ng Ating mga Paa*. Ungaz Press, 2021.

Zizek, Slavoj. *How to Read Lacan*. W. W. Norton, 2006.

# Tula

# RAMUT
## ken dadduma pay a daniw
# UGAT
## at iba pang tula

*R.B. Abiva*

# Ramut

Binag-utka maysa nga aldaw
Nagtudo ti tallo nga aldaw;
Nawarwar ti bantay a kasla kawar.

# Ugat

Binunot kita ’sang araw,
umulan nang tatlong araw,
nakalas ang mga bundok
na pawang isang kadena.

# Bato

Innalaka sanak nagtugaw
Iti igid ti kaldero ken apoy;
Lima a sakada ti nabsog.

# Bato

Dinampot kita at ako'y
umupo sa tabi ng 'sang
kaldero sa apoy. Limang
sakada ang nangabusog.

# Pitak

Impulagidka iti bagik
Sanak nagpakleb;
Maysa a Hapon ti nadaleb.

# Putik

Ipinahid kita dito
sa aking buong katawan,
at nang ako ay dumapa,
isang Hapon ang natumba.

# Danum

Dua a karag napan nagkararag
Limmagto ti maysa,
"Napukawen ti tikag!"

# Tubig

Dalawang palaka, dagling
umusal ng dalangin; nang
biglang tumalon ang isa,
"Wala na nga ang tagtuyot!"

## Kayo

Nagbagyo, natumbaka
Idi gimmangoka, kinitikitanka
Idi Dominggo, nagungarka.

## Kahoy

Bumagyo, ika'y natumba;
nang ikaw nga ay matuyo,
maingat kitang inukit:
noong Linggo, nabuhay ka.

# Ruot

Sukayen ken puoran
Tapno agtubbog dagiti suso
Ken agbiag ti kagimongan.

# Damo

Linisin saka sunugin
upang sa gayo'y bumukal
ang di mabilang na dibdib:
upang mabuhay ang bayan.

# MGA EKSENA TUWING UMAGA

*Dave Babon*

# Liwayway

matang napagal

hindi na makadilat

parang ginawgaw

# Orasan

walang tigil ang pagkaway
kanyang kamay na bulinggit
kung huhumpay, walang saysay
sa sirkulong siya'y piit

# Silog

"Sulit ang singkuwenta
may kanin at ulam na."
Eh ngayon, kasya pa ba?

# Sa Jeep ni Manong

Kuya

"Ano?"

Patugtog naman ng radyo

"Si Sarah G, gusto mo?"

Ge lang ho. Hay,

sobrang trapik sa Recto

Gaano kahaba—

♪ kilome-kilome-kilometrong layo, layo, layo… ♪

Lintiasan!

# Tabi!

Sa kapatid kong nakadantay sa binti ko
Tabi!
Sa mga kalat at aligasgas ng sahig
Tabi!
Sa kahong nakaharang sa aking aparador
Tabi!
Sa mga damit na natatabunan ang pang-awra ko ngayon
Tabi!
Sa aming ref na katabi ng kusina na katabi naman ng kubeta
Tabi!
Sa timbang nakaharang sa mismong pintuan ng CR
Tabi!
Sa pusa naming sumasabit sa tuwalya kong tapis
Tabi muna, Mingming

Sa mga tsismosang tumatambay sa tindahan ni Mama
Tabi!
Sa mga mabagal maglakad
Tabi!

Sa mga nag-iinuman sa umaga
Tabi!
Sa mga batang nagkakandarapang mauna sa comshop
Maligo muna kayo! Tabi!
Sa mga nagbi-videoke kahit sintunado naman
Pa-request nga ng My Way! Tabi!
Sa mga asong nag-aanuhan
Tabi?

Sa mga nakaparadang sasakyan sa kalsada
Tabi!
Sa mga hindi tumatawid sa Ped Xing
Kasama pala ako do'n
Sa mga sasakyang huminto habang dumadaan ako
Tabi po muna
Sa mga sumisingit sa pila ng estasyon
Tabi!
At lalo na kayong mga nagyoyosi
'Asan na yung inhaler ko? TABI!

Sa mga hindi nag-aabot ng bayad sa jeep
Sa mga sasakyang nagka-counterflow
Sa mga sasakyang biglang pumepreno
Sa mga katabi kong biglang pumapara

Sa mga katapat kong malakas tumalak
Sa mga batang naglalaro sa highway
Sa mga burgis na may tig-iisang kotseng sakay
Sa mga kawatang bantay-salakay
Sa mga tumatawid sa maling tawiran
Sa mga pasaway
Ay nalimutan ko nang sabihin
TABE!
(Mga kotse ng burgis na paulit-ulit na bumubusina)
Ang sabi ko TABEEEEEEEEEEEE

# That time (I/you/they) reincarnated as an ipis

I.

Natatandaan mo ang lugar na 'to?
kung saan naroon ang lubid
na iyong pinag-alpasan?
naroon ang munting sisidlan
kung saan ka mabubuhay muli
o siya, lumabas ka na
Tsaran!
isa ka nang ipis
ngayon, mamamangha ka
sa kung gaano kasahol ang itsura mo
hindi ka nakakapagsalita
pero makakalipad ka naman
so go fly like a butterfly!

II.

Ilang saglit matapos ang 'yong pagsilang
paunti-unti silang bumabalik
mga alaala
masasamang alaala

ng mga lumapastangan sa ,yo
sulitin ang isaandaang araw
na buhay ng iyong bagong katawan
bisitahin mo sila
at sigurahing maririnig nila
ang kaluskos ng pag-apak mo
ang pagaspas ng mga pakpak mo
ang kilabot sa bawat kapit mo
sa kanilang balahibo. ,Tsaka ano—
kagatin mo rin ang singit nila
nang maramdaman nila ang hapdi
at maganda ang gising nila sa umaga.

III.

Matutuwa ka
makikita mo silang iika-ika
ngunit kalauna'y malilimutan din nila
ang hapdi, ang maga, ang marka
matatanto mo
na hindi sapat ang maging ipis
ang maging salot
para maibalik ang sugat na tumimo
at tumagos sa puso mo
manghihinayang ka

dahil maiisip mo kung gaano kaliit
ang epekto mo sa buhay nila
magsisisi ka
na hindi ka lumaban sa takot
na hindi ka pumalag sa pang-aabuso
na pinaglaanan mo ang natitirang oras
ang natitirang pagkakataon
para sa paghihiganti
hindi sa sarili mong kaligayahan.

IV.

Magigising ka sa bangungot na ito
hahagulgol hanggang mahapo
Ngayon,
mabubuhay ka pa ba bilang isang salot?
aalipinin mo ba ang iyong oras para sa iba?
makikiisa ka pa ba sa kapighatian nila?
huwag nang maniwala pa sa gaba
walang karma-karma
sa kamaong humihiyaw ng hustisya.

# Sana pinasukan na lang ako ng lamig

sa tuwing ang kalooban ko ay binibinat ng pighati
sana lamig na lang itong pumasok sa akin
para mapahiran ko ito ng manzanilla
para madaan sa Lola Remedios
ang sakit ng aking pagkasawi
para masapawan ng anghang ng Betet
ang pusong nag-aalboroto sa galit
para matabunan ng sebo de macho
ang peklat ng mapait na nakaraan
para matapalan ng Band-Aid
ang mga marka ng katawang
sinagad, napudpod

hindi sumasapat ang paglimot
upang haraping muli ang bangungot
sa tuwing ididilat ko ang aking mga mata

kung nais gumaling

huwag na lang
baka matuluyan lang ako
sa buhol-buhol na linyang sinulat ng doktor
at sa nakalululang numero sa reseta

mahirap dahil mahal
mahal dahil mahirap
lang ako.

# Baon

Sa muling pagtahak ko sa 'king destinasyon
sa lunang pinangyarihan ng **lahat**
hindi na nila maaabot pa
ang dala kong uraro.

# SA KUWARTONG PINÁSOK:
# Koleksiyon ng mga Tulang Isinilid sa Higaan

*Ralph Agarcio*

# Tuloy po Kayo!

Masdan ang pintong tila segunda máno,
busól na pinilakan nang sobrang pino,
‘pag pinihit-pihit, walang ano-ano,
tatambad ang lahat p’wera sa talyáno.

Sa may-aring tunay, ang aking pasensya,
layunin kasing kuwento’y ipagkasya
sa ilang tulang ibinunga ng grasya
kaya ‘di pinaalám ang aking pasya.

Sa silid na ito, maraming pigura
sa apat na kanto’y may mahal at mura,
hinagkan ng agiw maging ng pintura
ngunit gunita dito’y walang kapára.

P’yesa’y tapos na sa kanilang pagdating,
walang mananakaw kahit masasaling
dahil alaala – tanging iisiping,
laman ng panaginip hanggang paggising.

# Sa Sto. Niñong Nakatanghal sa Altar

Naninikluhod sa Iyo,
binubunying Sto. Niño
na sa mundo'y may disenyo,
bayan ko, kaawaan N'yo.

Imahen Mo'y naririto,
binibitbit ng deboto.
"Viva!" rinig sa pulpito.
"Nanlaban!" sabi sa kanto.

Sa araw, unipormádo,
sumasayaw ng pandanggo.
Sa gabi'y mga berdugo,
iniiwa'y buto't abo.

Kung sina Meldy at Ápo,
ninakaw ang aming pondo,
Sila'y ipakong Kalbaryo,
baka kamta'y paraiso.
"Galangin sila," papa'no?

katapata'y sinisino
bawat sálang binabato,
dumudulas sa husgado.

Aral Mo'y mga totoo,
katwiran ang sumasálo.
Isip nami'y 'wag pasilò,
sa fake news at alamano.

Ang proteksyo'y tanging sa 'Yo,
'di sa itinayong kulto
ng lider na sinasantó
o ng aliping kongreso.

Gagamitin ang tinig Mo,
walang bubusalang tao
'pagkat 'di kami berdugo
na hayók din sa gatilyo.

'Wag pahintulot sa tukso
na 'pag wala nang masúso,
kakainin ang prinsipyo
na parang bente per kilo.

# Doon sa Higaan

Hunyo 24, 202X

Hindi nila alintana ang katigásan,
ang umusling pako‘t salubsob ng kahoy
na nagpupunyagi sa papag na higáan.
Marahil dahil sa komporter, sa kumot
sa kapók na tinipo‘t ipinalaman sa unan.

Sa pagdantay ng napagod nilang likod,
lalagutok ang buto‘t tutugon ang papag,
hudyat ng pagpawi sa manhid at kirot
ng lumulutong nilang kasukasuan,
sabay ipapahid ang sampaguitang maanghang
saka lalamasin ang balat na nilamigan;
parang karneng palalambutin sa palayok,
tumitindi ang init dahil ilalakas ang pag-ihip.

Sa paggising sa lamig ng hamog at ambon,
bubuksan ang radyo– ‘siete, siete, kuwatro’
aawit sina Rey Valera, Elvis, at VST

hanggang ikumpas ang talampakan,
iunat ang tuhod at ipitik ang mga daliri,
saka katawa'y sasama sa sayawan;
parang otap na isasawsaw sa kapeng mainit,
matigas ang bikas ngunit 'di birong marupok,
patatapangin sa paglahók at diwa'y gigisingin.

Muli silang papagurin ng pagbánat ng buto,
hindi sa paglakad sa nanlilimahid na pasilyo
habang inilalako ang kakaning Malolenyo
kundi sa gawain ng isang retirádo—
maninindáhan sa bayan, iilaw sa Birhen,
hihimayi't isusubo ang biyang ibinabad sa sukà
kaharap si Coco at ibang mga soap opera
saka magsasalo sa namumuting arinola.

Tutupdin nila ang bagong panunumpa—
ang muling makilala't masuyo ang isa't isa
sa bingit ng pag-uulyanin,
sa iisang pahingahan,
sa inaanay na higaan.

# Arinola

Gayon ang pagkahápit
sa papag na marikit
ng sisidlang maliit.

Arinola ang sambit,
pag-ihi'y siyang gamit,
nabubuhat ang singit.

Tronong walang kapalit,
sa plastik nayayari't
may dibuhong pang-akit.

Pag-upo'y lumilimit
tuwing gabi'y sasapit,
sa nginig magsasalít.

Ihing tuyô sa init
sa loob dumarapit,
pinong asi'y dirikit.

Minsa'y tanda ng sakít
kung pantog ay marumi't
puson – namimilipit.

Isang insensong pílit
na hangi'y pinipitpit
ng panghing pumipihit.

# Leksikograpi ng Wifi Parasites

Pangngalan (png)

Ka (Pangalan ng May-ari),
Connection, Password, Facebook,
Ivana, Toni Gonzaga, Toni Fowler,
Tatay Digs, Mga momshie, Sara D., Cardi B.,
SMNI, Nobita, Skusta, Komunista

Pandiwa (pnd)

Respetuhin, bardahin,
Na-share, na-like, na-mine,
Magkaisa, magmahalan, move on na,
I-post, pusuan, suportahan,
Pautang, bayaran, patawarin, kalimutan

Pang-abay (pnb)

Mamaya na, bukas pa,

Dito, doon, sa bahay nila,

nang paspasan, nang dahan-dahan,

Totoo, yata, siguro, hindi, pala,

Kasi, parang, kung, kapag

Pang-uri (pnr)

Lovely, great, nice

Pinklawan, reglawan, lutang,

Ube, lodicakes, golden, maharlika,

Gutom, sarap, united, lagapak,

Angat, taob, tru, dacrb

# Nahilaw na Pábulá

Sa silid, may patinterong animálya,
sangkot ang butiki't dagang walang palyá.
Lamig ang dulot ,pag nadikit sa una,
sakít at bahò, hatid ng ikalawa.

Timpalák sa liksi't bilis ng pagkampay,
umiiwas sa walis na lumalatay.
Matira matibay, ang tamaan – patay!
katawa'y aalisi't diretsong hukay.

Sa gitna ng laro, sila'y nagtatálo,
gúnam-gúnam marahil sa matatálo;
kabaita'y wari nilang kinikilo,
inaalam kung daratnan pa ang dulo.

Saan ang tungo ng bawat kaluluwá?
Sabi ng butiki, "Sa langit ng Ama,
hindi kailanman kay Hades mapupunta
kasi'y sa taas ng kisame sumigla."

Turan agad ng nagngangalit na daga,
“Ikaw itong tingin sa ‘mi’y mabababâ,
akala mo’y may búting nakagigitlá,
ako ang banal dahil altar ang lunggâ.“

Nagwika agad ang butiking nilisyâ.
“Ikaw itong may dulot ng pamumutlâ,
ang puno’t dulo ng peste’t mga sumpa,
agarang dasal sa santó‘y magagawa.

‚Di nagpatinag ang dagang ibinabâ,
s’yang pagtutol at sumargo ang bunganga,
“Sa iyong paghuni, ano’ng mapapalâ?
Pawang ingay sa sitwasyong lumalalâ.”

Bago masaid, mga laway sa bibig,
haginit ng langaw, agad na narinig;
mula sa sulok, kanilang ikakabig,
sa butiki’y dila, sa bubwit ang bisig

Habang hinahabol, walang nakaisip,
sa babâ ng papag, bitag ang sisílip.
Tuo’y sa langaw—katas nais masipsip
Palibhasa’y gutom at handang mandakip.

Anong gulat ng dalawang hayop na ‘to,
nang sasakmalin na ang langaw na pilyo,
biglang hinabol ang daga ng pambambó;
butiki’y kumaripas din sa pagtakbo.

Lilim ng papag, agad nilang tinungo,
wala ngang napisâ ang tambong pamalò,
ngunit mga katawa’y biglang nasilò
ng dikit ng pambitag— anong siphayo!

Paglaya‘t pag-igpaw, walang katiyakan,
daratnan nila, pait ng kamatayan
dahil kap’wa hinabol ang kagutuman,
debate ngayo‘y mayro‘n nang kasagutan.

# Sa Mas Marami Pang Eksena

Iluluwal pa ang maraming salita
tulad sa santong nakaluklok sa altar,
sa arinolang saksi sa panlalatá,
o sa higaang sa pagod ay napundar.

At magduduwal ng mga talinghagâ
dahil metapora ang siyang bumusóg
para maaló yaong nangungulila
sa gunita ng sinta n'yang binabantog.

Saka lalaruin itong mga porma
mula gitling, kudlit, at mga espasyo
laging tayá ang wikang isinasáma,
walang bubód hanggang taludtod sa dulo.

At siyang sa mga tao'y ihaharap,
walang pag-oyayi sa gagawing payo
na may kasamang arnibal na masarap
'pagkat sa pagpuna, pagbuti ang sámo.

Ngunit ang nagkatha'y hindi mawawasak,
hanggang dala niya, ubod ng pagsulat,
'pagkat dito'y tinta lamang ang titigmak,
muling pagbuong mayroong paglalapat.

# APARADOR AT IBA PANG TULA

*Jerwin Bilale*

## Sa Sementeryo

pinamahayan ng mga gumagapang
na halaman at bulaklak ang mga
bitak ng abuhing pader: malalago,
sala-salabat na dahong nakakapit sa isa't isa.

di alintana ang pagmamadali ng siyudad,
ang ritwal na paglisan ng mga nagdaraang
sasakyan, maging ang kamanhiran
ng maalinsangang hapon.

kagyat na lumiit ang tanawin
ng sementeryo mula sa sinasakyang bus,
pinagmasdan ko sa bintana ang unti-unting
paglalaho ng maputlang pader,

iniisip ang mga bitak ng sarili;
walang halaman ni bulaklak.

# Latak

nakakapit, namumuo
ang nalalabing krema
sa loob ng iyong tasa
nagmamarka, tila ba sinasabing
hindi sapat ang paglagok pagkat
hindi lahat ay nahahatak
ng grabidad sa pagtungga;
nananatili.

pabilog na lumiligid
hanggang sa matuyo at akuin
ang maliliit na espasyo
ng babasaging lalagyan
bago muling hugasan at gamitin,
bago ka muling ipagtimpla,
sa iyong pagbabalik.

gaya ng dati, nakaugalian ko
nang tingnan ang mga latak
hindi lamang sa loob ng tasa

kundi maging sa mga pagitan
kung saan dumampi
ang iyong labi,
animo'y munting mga luha
na napatda sa pagdaloy:
sa ganuong paraan
naaapula ang
pangungulila.

# Aparador

kung nais mong usisain
ang laman ng aking aparador, marahil una
mong makikita ang mga basag ng malabong
pabilog na salamin sa harapan.

bunga iyon ng di na mabilang na pagkakamali,
pagkahumaling sa sariling repleksiyon:
mga inosenteng kuryosidad ng kamusmusan.

sa loob, madadatnan mo ang aking
mga partisyon: tiniklop na mga damit,
naninilaw na mga manuskrito,
mga liham/lihim na nakagoma
sa isang sulok, siksikang mga aklat
kadikit ng latang alkansiya.

sikreto: sa gawing itaas, kapag
pinagmasdan mo nang mabuti
ang mga nakahigang pluma sa ibabaw
ng mga itim na pantalon, makikita mo sa likod

ang kupas na larawan ng isang musmos
sa itaas ng kawayang hagdanan:
nakabuka ang bibig, naniningkit na mga mata,
sa gilid niya, naroon ang kaniyang
lolo, walang pagsidlan ang ngiti sa
paborito niyang apo.

# Babala Sa Mga Ipis

tahimik kong pinakikinggan ang iyong hilik,
habang yakap mo ang walang pundang unan,
sinusuklay ng kamay ang sanga-sangang
buhok na maghapong lantad sa liwanag,
iniisip ang mga paparating pang araw.

nang walang anu-ano'y isang ipis ang lumitaw
sa gilid ng kama, marahang gumagapang papalapit
sa 'yong makalyong paa. dahan-dahan kong inabot
sa ilalim ang pudpod na tsinelas, matamang nag-abang,
naghintay ng tamang pagkakataon hanggang sa pak!
dumako ang peste sa pader: isang malutong na
hampas,
wala ni isang pagsigaw o pagpiglas.

nilinis ko ang pinangyarihan ng laban
gamit ang alkolhol at basahan.
itinapon sa basurahan ang napisak na katawan
ng peste at muling bumalik sa pagtanod.
mahigpit ang pagkakahawak sa pudpod na tsinelas,

naghihintay sa pagdating ng iba pa
na balak istorbohin ang iyong panaginip.

dadaan muna sila sa ibabaw ng aking bangkay,
bago makadapo sa iyong katawan.

# Sa Makiling

1.

katapat ng mismong rest house
na pansamantalang tinutuluyan,
nakadungaw ang misteryosong bundok.
pagal ang katawan ng lahat bunga
ng magdamag na aktibidad.
pinahintulutan kaming
bigyang layaw ang sarili,
tinugunan ko ng ngiti
ang bawat paanyaya ng serbesa.

2.

suot ang kupasing berdeng jacket,
mag-isa kong tinalunton ang malawak
na kaparangan hanggang sa makahanap
ng kumportableng espasyo upang
pagmasdan ang nahihimbing
niyang larawan.

3.

sa banayad na pag-ihip ng hangin,
sa likod ng kumpol ng maninipis na ulap,
hubad na retrato ang kanyang
tahimik na pag-iisa.

4.
matama kong tinitigan
ang kanyang kalungkutan.

5.
dahan-dahan kong binaybay
ang daan pabalik, dala-dala
ang isang rebelasyon:

lumuluha pa rin
ang bundok makiling.

# Sa Dyip

pirming nakatitig
sa kahel na ilaw ang mga
mugtong mata ng inang
nakaupo sa bandang gitna
ng dyip, kalong-kalong
ang kaniyang anak, di alintana
ang bitbit na bag na umaapaw
sa mga gusot na damit,
bakas ang mga ubeng marka
sa magkabilang braso.

akmang itataas
ng paslit ang kaniyang
kamay, pinipitas gamit
ang kaliwa't kanang palad
ang mga dumaraang sasakyan,
imahinaryong hinuhuli
sa munting mga daliri,
sabay isusubo sa bibig
na tila lumulunok ng

paboritong pagkain.

hindi ko alam kung
ano‘ng unang hihinto:
ang luha ng ina,
o ang pagkaubos
ng mga sasakyan sa lungsod.

# Isang Putol na Elehiya

hindi ka lumingon
pabalik,
at sa puntong iyon,
alam ko na.
ni hindi tumigil ang
ang paggalaw ng mga tao
ni hindi napatda sa pagsigaw
ang barker ng dyip na nagpapasok
sa ‘yo sa gawing harapan.
mahilig kang mauna,
sa tuwing lalakarin natin
ang kahabaan ng avenida;
kaya siguro ganuon, marahil
nagsawa ka na sa paglalakad.
hindi ka lumingon pabalik,
at habang dahan-dahan kang
naging tuldok kasama ng mga
sasakyang nagmamadali
batid ko na;
hindi na ito kailanman
magiging madali.

# Sa Pag-iisa

sa iba-ibang panahon tayo
inaabutan ng pag-iisa.

sa mga mapalad,
maaga itong magpapakilala,
kaibigang matalik na dadalaw
sa panahon ng ligalig.

ngunit sa kasalukuyan,
isa itong di inaasahang balita
mula sa di inaasahang bisita:
pandemya.

mga di inaasahang pagluluksa,
mga di madaluhang pagluluksa.
mga kapos na pamamaalam.

huli na'ng lahat,
laging huli na'ng lahat.

# KUNG PAANO TINALO NI MANG TURING ANG AI

*Lance Romulus Dayrit*

*"A computer would deserve to be called intelligent if it could deceive a human into believing that it was human."*

*-Alan Turing*

# Barya ni Bayani R

01000111 01100001 01100001 01101110 01101111 00100000 01101011 01100001 01101100 01100001 01111001 01101111 00100000 01100001 01101110 01100111 00100000 01110000 01100001 01100111 01101001 01110100 01100001 01101110 00100000 01101110 01100111 00100000 01101001 01110011 01100001 00100000 00001010 01110011 01100001 00100000 01110111 01100001 01101100 01100001 00111111 00100000 01010100 01101001 01110100 01101001 01100111 01100001 01101110 00100000 01101001 01110100 01101111 01101110 01100111 00100000 01110100 01110101 01101100 01100001 00111010 00001010 01000100 01100001 01101100 01100001 01110111 01100001 01101110 01100111 00100000 01101110 01110101 01101101 01100101 01110010 01101111 00100000 01101110 01100111 01110101 01101110 01101001 01110100 00100000 00001010 01101011 01100001 01111001

01100001 01101110 01100111 00100000 01101100 01110101 01101101 01101001 01101011 01101000 01100001 00100000 01101110 01100111 00100000 00001010 01101011 01100001 01101100 01100001 01110111 01100001 01101011 01100001 01101110 00100000 01101110 01100111 00100000 01101011 01100001 01101000 01110101 01101100 01110101 01100111 01100001 01101110 00100000 00001010 01100001 01110100 00100000 01101101 01100001 01100111 01101011 01100001 01101100 01101111 01101111 01100010 00100000 01101110 01100111 00100000 01101011 01100001 01101000 01110101 01101100 01110101 01100111 01100001 01101110 00100000 00001010 01110011 01100001 00100000 01101011 01100001 01101100 01100001 01110111 01100001 01101011 01100001 01101110 00101110 00001010

01000111 01100001 01100001 01101110 01101111 00100000 01101011 01100001 01101100 01100001 01110000 01101001 01110100 00100000 01100001 01101110 01100111 00100000 01100111 01110101 01110111 01100001 01101110 01100111 00001010 01110011 01100001 00100000 01101100 01101111 01101111 **01100010** 00100000 01101110 01100111 00100000 01100010 01101001 01101100 01101111 01100111 00100000 01100001 01110100 00100000 01110100 01101001 01101101 01100010 01110101 01101100 01101111 01100111 00001010 01100010 01100001 01100111 01101111 00100000 01101101 **01100001** 01100111 01101011 01100001 01110010

01101111 01101111 01101110  00100000 01101110 01100111 00100000 00001010 01100010 01101001 01100111 01100001 01110100 00100000 01101110 01100001 00100000 01101011 01100001 **01111001** 01100001 01101110 01100111 00100000 01100100 01100001 01101011 01110101 01110100 01101001 01101110 00001010 01110011 01100001 00100000 01110000 01100001 01101100 01100001 01100100 00100000 01110101 01110000 01100001 **01101110** 01100111 00100000 01101011 01100001 01101001 01110000 01100001 01101100 01100001 00011001 01111001 00001010 01110100 01101001 01101101 01100010 01100001 01101110 01100111 01101001 01101110 00100000 **01100001** 01101110 01100111  00100000 01101000 01100001 01101100 01100001 01100111 01100001 00111111 00001010

01000111 01100001 01100001 01101110 01101111 00100000 01101011 01100001 01101100 01100001 01110000 01101001 01110100 00100000 01100001 01101110 01100111 00100000 01110111 01100001 01101100 01100001 00001010 01110011 01100001 00100000 01101101 01100101 **01110010** 01101111 01101110 00111111 00100000 01000001 01101110 01100111 00100000 01101101 01100101 01110010 01101111 01101110 00100000 01110011 01100001 00100000 00001010 01110111 01100001 01101100 01100001 00111111 00100000 01001011 01100001 **01101001** 01101100 01100001 01101110

00100000 01100010 01100001 00100000 01101101 01100101
01110010 01101111 01101110 00100000 01100001 01101110
01100111 00001010 01101101 01100101 01110010 01101111
01101110 00100000 01100001 01110100 00100000 01110111
01100001 01101100 01100001 00100000 01100001 01101110
01100111 00100000 01110111 01100001 01101100 01100001
00111111 00001010 01001011 01100001 01101001 01101100
01100001 01101110 00100000 01101110 01100111 01100001
00100000 01100010 01100001 00100000 00001010 01101101
01100101 01110010 01101111 01101110 00100000 01100001
01101110 01100111 00100000 01110111 01100001 01101100
01100001 00001010 01100001 01110100 00100000 01110111
01100001 01101100 01100001 00100000 01100001 01101110
01100111 00100000 01101101 01100101 01110010 01101111
01101110 00111111 00001010 00001010

# DE[(KONSTRAK)SYON] DERR(I2) D(A1)

LA

Gumawa ng tulang may sukat at tugma tungkol kay Bongbong Marcos

Bongbong Marcos ay isang lider,
Na nagmamahal sa kanyang bayan at mga kababayan,
Ipinapakita niya ang kanyang dedikasyon,
Sa pamamagitan ng paglilingkod sa sambayanang Pilipino.

Mayroon siyang mga pangarap at adhikain,
Para sa pag-unlad ng bansa at pagkakaisa ng lahat,
Sa kabila ng mga pagsubok at hamon,
Siya'y patuloy na lumalaban at nagbibigay ng inspirasyon.

Marami ang naninira at kumokontra,
Sa kanyang mga hakbang at pagkilos,
Ngunit hindi siya nagpapatinag,
At nananatiling matatag sa kanyang mga desisyon.

Kahit na minsan ay may mga pagkakamali,
Hindi ito naging hadlang sa kanyang paglilingkod,
Dahil patuloy pa rin siyang nagmamahal,
Sa bansang kanyang kinabibilangan at sa bawat Pilipino.

Kaya't sa kabila ng mga pagkakaiba-iba,
Nawa'y magkaisa tayo para sa bansa,
At patuloy na magtulungan para sa pag-unlad,
At pagkakaisa ng ating bayan, Pilipinas.

Bongbong Marcos ay [redacted]
[redacted] nagmamahal sa ka[redacted] b[redacted]an [redacted]
[redacted]ng [redacted]
[redacted]bayan[redacted]

May[redacted] mga pangarap at adhikain,
Para sa pag-unlad ng bansa at pagkakaisa ng lahat,
Sa kabila ng mga pagsubok at hamon,
[redacted]patuloy na lumalaban at nagbibigay ng inspirasyon.

[redacted] ang [redacted]kumokontra,
Sa kanyang mga hakbang at pagkilos,
[redacted] hindi [redacted]nagpapatinag,
At nananatiling matatag sa [redacted] desisyon.

Kahit na minsan ay may mga pagkakamali
Hindi ito [redacted]hadlang sa [redacted]paglilingkod,
Dahil patuloy pa rin [redacted]nagmamahal,
Sa bansa[redacted]ang [redacted] bawat Pilipino.

Kaya't sa kabila ng mga pagkakaiba-iba,
Nawa'y magkaisa tayo [redacted]

At patuloy na magtulungan para [redacted] ating bayan, Pilipinas.

# Pooh lease pat toll ah

"Eat tea gill neo yang
Kay young manga
Commune knees thaw!"
Sea gown knee yeah.

Ill league gal yawn
Ion saw butt ass manga
sal lot Kay yow! Bull yow
Knee yeah saw amen.

Maya on tea, see nah bee knee yeah
some men dee knee yeah come me
Saw suck tan bust thaw loom I ass
Come me. Nag come Mali pal lah a coo.

Who wag pow, who wag pooh,
Ma awe waugh KO, ma man
pooh lease. Pack key ooze sap coo
sock Kenya, Peru par rah see young
Wall lung nah ree rein egg.

Bee knew wag knee yeah
A god a god, wall lung Ca
A bog a bog eat tongue Am Ming
Come you knee tea pan tree.

# Algo(ritmo) ng Social Media

#include <iostream>
**using namespace** std;

**int** main ()
{

**cout** << “May ritmo ang algoritmo:” << **endl**;
**cout** << “Nasa takatak at tikatik ng ilang oras” << **endl**;
**cout** << “Na pagtipa sa keyboard o screen.” << **endl**;
**cout** << “Iyong suriin, kapag may viral scene,” << **endl**;
**cout** << “Hihilahin ang iyong pansin” << **endl**;
**cout** << “Pilit ipipihit ang pag-iisip— “ << **endl**;
**cout** << “Pahinga ka lang muna:” << **endl**;
**cout** << “Scroll, [click] like, [click] share,” << **endl**;
**cout** << “[click] comment, [click] subscribe.” << **endl**;
**cout** << “Tulad ko ngayon, habang nagsusulat” << **endl**;

**cout** << “Nitong tula madalas tulala” << **endl**;

**cout** << “Di tulad noon merong musa” << **endl**;

**cout** << “O Ginebra ang manunulat” << **endl**;

**cout** << “Para makalikha ng katha. Gaya ni” << **endl**;

**cout** << “Hemingway, by the way, ngayon” << **endl**;

**cout** << “Tiktok lang lango na ‘ko maghapon.” << **endl**;

**cout** << “Di tulad ng alak na pampaidlip” << **endl**;

**cout** << “Kahit saglit. Ginigising ako ng socmed” << **endl**;

**cout** << “Na waring kapeng nilalagok” << **endl**;

**cout** << “O damong hinihithit. Oo,” << **endl**;

**cout** << “Ako na nagsusulat. Hindi” << **endl**;

**cout** << “Ang persona ng tula. Lintek! Sino ba ang” << **endl**;

**cout** << “Nagsabing may persona ang tula? „ << **endl**;

**cout** << „Nakikinig ako sa tiempo ng berso“ << **endl**;

**cout** << “Kahit palyado, kahit sintunado.” << **endl**;

**cout** << “May pulso ang algoritmo —” << **endl**;

**cout** << “Di mo ba narinig? Tik-tok, tik-tok” << **endl**;

**cout** << “Pumitik na pala ang kamay ng oras” <<

**endl**;

**cout** << “At hindi ikaw ang kumumpas.” << **endl**;

**return** 0**;**

}

# Kung Paano Tinalo ni Mang Turing ang Ai

Ginawaran mo ang makina ng pangalan:
Ito ang unang hakbang bago
siya magsanilalang.
Pinagkalooban mo ng sariling wika
upang languyin ang lawas ng umiiral na kaalaman
at sisirin ang himpilan ng dambuhalang corpora
upang kapagdaka'y mamalakaya ng karunungan
mula sa laot ng impormasyong nilikha ng tao.

Tinuruan mo ito ng batayang bilnuran:
Kung paano magbilang
ng numero, koda, at letra.
Sinanay mo rin sa salimuot ng mga problema
sa palatangkasan, sukgisan, tatsihaan,
tayahang tingirin, tayahang laumin, at palautatan.

Tinuruan mo ito kung paano maghabi
ng mga salita at maglubid ng kasinungalingan.
Giniya mo kung paano tumula

nang simbilis ng hagibis ng mga
palaso at punglo subalit
hindi nito matudla ang damdamin
gamit ang mga kinakalawang nitong tayutay.

Sapagkat hindi sa dila nagmumula
ang talim ng talinghagang iniluluwa
ng makina kung kaya hindi
sumusugat sa balat, hindi
pumupunit sa kalamnan, hindi
nag-iiwan ng pilat, at hindi
lumalatay sa himaymay ng kamalayan
ang nginig ng lamig, ang hapdi ng init,
ang silakbo ng galit, ang sakit ng hibik
ang paggaralgal ng tinig, at pagkabasag ng himig

Dahil gaano man kahusay ang makina,
paano nito malalambat sa tula
ang winiwika ng katahimikan?

# Kuwentong Pambata

# Ang Pulang Lebrita ni Lolo

*Hannah A. Leceña*

Lagi kong inaasam-asam na makita at mabasa ang pulang lebrita ni Lolo. Kilalang albolaryo si Lolo sa aming baryo. Lahat ng uri sakit ay nagagamot niya.

"Kanina pa iyak nang iyak, Lolo," sabi ng isang babaeng akay-akay ang kanyang anak. Hinaplos ni Lolo ang ulo ng bata at umusal ng dasal. Pagkatapos no'n ay tumigil na ito sa kakaiyak.

Noong dumami ang nagkasakit dahil sa virus, dumami rin ang nagpagamot kay Lolo.

"Naku! Lolo, nagsusuka ang aking apo," nag-aalalang sabi ni Aling Bebang. Agad naman itong tiningnan ni Lolo at umusal ng dasal na di ko maunawaan. Mabilis ang bigkas ni Lolo, at pabulong ito. Pagkatapos ng ilang araw ay bumalik sina Aleng Bebang, nagbigay ng prutas bilang pasasalamat.

Sabi ni Ate Fema, may anting-anting daw si Lolo kaya napapagaling niya ang anumang sakit ng mga tagarito. Nanggagaling ito sa kanyang pulang lebrita.  Pero ayaw daw ni Lolo na pinapakialaman ito ng kahit na sino, kahit pa si Lola. Dito daw kasi nakapaloob ang kanyang mga orasyon.

"Ate, ano'ng orasyon?"  tanong ko sa aking kapatid.

"Yan ang powers ni Lolo!" aniya.

Hindi ko alam kung ano ang orasyon pero ang alam ko, nakasulat iyon sa isang maliit na libro na kulay pula. Hindi lang 'yon. Narinig ko ring pinag-uusapan nina Lola at Ate ang laman ng librong 'yon no'ng isang gabing walang ilaw sa amin. Nasa lebrita daw na iyon ang orasyon para patayin ang mga malignong pagala-gala sa aming lugar tuwing gabi. Maraming kayang gawin ang lebrita. Ilang beses na daw itong nagamit ni Lolo laban sa mga aswang. Nagpapagaling din ito ng mga sakit mula sa mga diwata at sa mga naengkanto! Natatakot daw ang mga sigbin at tikbalang sa orasyon ni Lolo.

"Lola, gusto ko po mabasa ang librong 'yon!" pangungulit ko kay Lola.

"Haynaku Apo, mababaliw ang makakabasa no'n!" tugon sa akin ni Lola.

"Pero Lola, hindi naman po marunong magbasa si Buboy," kantiyaw ni Ate Fema sa akin.

"Anong hindi?!" bulalas ko.

Grade 4 na ako. Kayang-kaya ko nang magbasa. Gusto ko makita ang pulang lebrita ni Lolo na nagbibigay sa kanya ng powers. Gusto ko matuto ng orasyon! Gusto ko itong ipagmalaki sa mga kalaro ko para bumilib sila sa akin! Gusto ko ring tawagin ang mga engkanto o kalabanin ang mga aswang at agta!

Kaya pilit kong inalam kung saan tinago ni Lolo ang pulang lebrita.  Narinig kong sinabi ni Lola kay Ate na nakasabit daw ito sa isang basket sa kisame ng kuwarto nila. Mukhang mahihirapan akong kunin 'yon. Kailangan ko pa yatang umakyat sa kisame para maabot 'yon. Pero kailangan kong makuha ang pulang lebrita at dalhin ito sa eskwelahan namin!

Isang araw pagkatapos ng klase, agad kong tinungo ang silid nina Lolo at Lola. Tamang-tama! Abala sila sa pagpapainom ng tubig sa mga alagang baka sa parang. Tumuntong ako sa bangkito upang maabot ang pintong kinabitan ng kandado. Hindi naman nakasara kaya agad kong nabuksan ang pinto ng kanilang kuwarto!

Sa ibabaw ng altar, nakita ko ang rebulto ni San Vicente Ferrer, 'yong may hawak na aklat na may pakpak, kasama si Mama Mary, si Baby Jesus at Papa Joseph. Nakita ko

rin doon ang iba't ibang mga garapon na punong-puno ng mga langis, sisidlan ng maliliit na ugat ng puno. Nakakamangha!

Nagpalinga-linga ako, pagtingala ko. nakita ko agad ang basket kung saan nakalagay ang pulang lebrita ni Lolo. Bumilis ang tibok ng puso ko. Ipinatong ko ang aking paa sa dingding upang umangat ang aking katawan, inunat ko ang aking kamay para maabot ang basket ni Lolo.

Konti na lang.

Di nagtagal, nasa kamay ko na nga ang basket. Yes! Bulong ko sa sarili nang biglang bumakas ang pinto ng kuwarto ni Lolo. Nabigla ako at nahulog sa sahig.

Blaggggg!

"Aray!" sigaw ko habang namimilipit sa sakit.

"Naku! Bakit kasi hindi ka nag-iingat apo!?" saklolo ni Lolo.

Mangiyak-ngiyak ako. Kasabay ng aking paglagapak ang pagbagsak ng basket sa aking tabi. Bigla akong natahimik nang makita ko ang pulang lebrita sa sahig. Lumang-luma na ito. Kasinlaki lang ng aking palad.

"Lolo," malungkot kong sambit.

Tinulungan ako ni Lolo na bumangon. Hinilot ni Lolo ang aking hita. Pagkatapos ay dinampot niya ang pulang lebrita at pinakita ang laman nito.

Nanlaki ang aking mga mata sa natuklasan. Walang nakasulat sa pulang lebrita ni Lolo!

Hinimas ni Lolo ang aking ulo.

"Balang araw Buboy, mababasa mo rin ang nakasulat diyan," sabi ni Lolo.

"Sa ngayon, ang kailangan mo lang ay magpakabait," wika niya sa akin. "Tulad ng pagtulong sa mga tao o pagkain ng mga masustansyang pagkain," dagdag pa ni Lolo.

Kinabukasan, may nagpagamot ulit kay Lolo. Kailangan kong magpakabait para mabasa ang lebrita niya. Kaya naman agad kong sinalubong nang magiliw ang mga tao. Pinaupo ko sila sa silya. Binigyan ko ng tubig ang mga nauuhaw na lolo at lola. Tumulong din ako kay Ate sa pag-igib kanina. Nakipaglaro rin ako sa mga batang mas maliit pa sa akin. Nagwalis din ako sa loob at labas ng bahay nang umalis na ang mga tao.  Iniabot sa akin ni Aling Timay ang isang basket na puno ng mga prutas. Ang sabi niya gumaling daw ang sakit niya dahil kay Lolo.

Noong sumunod na araw naman, tumulong ako sa pagpapakain ng mga alagang manok ni Lola. Nakakakiliti pala

ang tuka ng mga manok sa kamay. Pagkatapos, pumunta kami sa parang upang painumin ang mga alagang baka. Parang may kinakausap din sa Lolo sa mga puno at damuhan. Ginaya ko rin ang sinabi niya,

"Tabi tabi po!"

Tanda raw ng paggalang sa mga engkanto. Sabi pa ni Lolo hindi lang daw kami ang nakatira sa mundong ito kaya dapat na igalang namin ang iba kahit hindi sila nakikita.

Tinuruan din ako ni Lolo kung paano manguha ng halamang malalapad at berde ang dahon para sa sakit ng ngipin, panghugas ng sugat at para sa ubo.

Noong hapon din na iyon, pagkauwi namin ni Lolo, nadatnan namin si Lola na naghahanda ng mga gulay upang sabawan. Tinulungan ko si Lola sa paghiwa sa mga gulay tulad ng kalabasa, talong, sitaw at iba pang sangkap.

"Aba! Buboy, ang sipag mo na ngayon a!" wika sa akin ni Ate Fema.

"Ganyan ang bata!" wika ni Lola.

"Para mabasa ko na ang nakasulat sa lebrita," bulong ko sa sarili habang tinitingnan si Lolo na nagpapahinga habang nakikinig ng awitin sa kanyang lumang radyo.

Kinagabihan, pinagsaluhan nga namin ang mainit at masarap na sabaw nang biglang nawalan kami ng koryente!

"Hindi 'yan problema!" wika sa amin ni Ate.

Agad na kumuha ng gasera at posporo si Ate. Sinindihan niya ang gasera. Nagsindi rin ng kandila si Lola. Agad naming iniligpit ang pinagkainan at naghugas ng plato. Alam na namin ang susunod na mangyayari. Sabik na rin kami ni Ate na muling pakinggan ang mga kuwento ni Lolo tungkol sa sigbin, santelmo at aswang tuwing walang koryente.

Nakaupo kami ni Ate habang pinagmamasdan ang ilaw sa gasera. Kuliglig lamang ang aming naririnig. Pagkatapos magdasal ni Lolo sa altar, lumabas siya, hawak-hawak niya ang pulang lebrita.

Nanabik ako! Magkukuwento kaya si Lolo tungkol sa nakasulat sa libro? Mababasa ko na kaya ang pulang lebrita? Pareho kami ni Ate at ni Lola na sabik sa gagawin ni Lolo. Lumapit si Lolo sa gasera at saka nagwika,

"Sagrado ang lebritang ito, Buboy. Pamana ito sa akin ng Lolo at Lola ko," wika ni Lolo sa malumanay na boses. Nakikita ko ang malaki niyang anino at ang anino ng pulang lebrita. Lumalaki ang anino nito.

"Hindi ito puwedeng paglaruan ng mga bata," wika ni Lolo.

Nalungkot ako. Hindi ako makapaniwala. Kahit pala magpakabait ako, hindi ko pa rin mababasa ang pulang lebrita.

"Pero dahil gumawa ka ng kabutihan, magkukuwento ako sa iyo," dagdag ni Lolo.

Saka niya iniabot sa akin ang pulang lebrita na kasing laki lang ng aking palad. Ito ay magaspang, marumi at maalikabok.

"Hawakan mo muna at pakiramdaman," wika sa akin ni Lolo.

Hinawakan ko ito at ipinikit ko ang aking mata.

"Sa iyo ang lebritang ito, sa tamang panahon," wika ni Lolo.

Tumango ako. Ngumiti rin si Lola at si Ate sa akin.

"Magkuwento na lang po kayo Lolo kung paano ninyo nagamit ang lebrita laban sa mga aswang," wika ni Ate kay Lolo.

Muling hinawakan ni Lolo ang lebrita. Nag-ayos siya ng pagkakaupo. At agad niyang ibinuka ang kanyang bibig.

"Noong unang panahon, may batang ang pangalan ay Tito. Gustong-gusto niya ring basahin ang pulang lebrita dahil sa powers nito! Ginamit ito ng kanyang Lolo laban sa mga

aswang at masasamang espirito," nagsimula nang magkuwento si Lolo.

Patuloy na nagkuwento si Lolo sa amin ni Ate habang kuliglig lamang ang naririnig sa katahimikan ng gabi. Nakita ko ang pulang lebrita sa kamay ni Lolo. Palaki nang palaki. Hanggang sa nagsayaw ang mga titik sa hangin. Hanggang sa lumulutang sila at nangusap sa akin habang lumalamlam ang ilaw sa aming gasera. Nababasa ko na sila! Nababasa ko na sila! Gumagapang ang mga letra sa kamay ni Lolo. Pumunta ito sa kanyang mukha. At pumasok sa kanyang bibig! Binigkas ito ng kanyang dila. Si Lolo at ang lebrita, sila ay iisa! Iisa!

# Si Isabel at ang Pangarap sa Pusod ng Bundok

*Arthur David San Juan*

Hawak ni Isabel ang apoy sa kanyang kamay. Matamlay itong gumuguhit sa bituka ng hatinggabi, kinakain ang ulo ng posporong pitpit ng maninipis niyang daliri.

Palapit na nang palapit ang init sa kalagitnaan ng palito. Nagdadalawang-isip pa si Isabel sa nais gawin: kung susunugin ang hawak na manikang papel, o kung pupuslit pabalik sa loob ng tinitirhang dampa. Alinman ang pilii'y paniguradong pagagalitan siya ng kanyang Inang.

Habang nagmumuni, naalala ni Isabel ang likhang-awit ng kanyang Tatang tuwing bababa ng Sierra Madre.

*"Paalam na, aking sinta. Landas mo ay laya…"*

Kasabay ng himig ng kuliglig, hindi maiwasang bigkasin ni Isabel ang mga salita sa huni ng kinalakhang kanta.

*"Ipaubaya'y tadhana. Hanggang sa muli, aking sinta…"*

Isang buntonghininga. Kailangan na niyang magdesisyon.

Ngunit bago pa man mabuo ang kanyang loob, binasag ng kaylalim na tinig ang kapayapaang bumabalot sa dilim.

"Iangat mo ang apoy," bulong nito.

Nababahalang nilibot ni Isabel ang mga mata niya. Bakas ang takot na nanuot sa namumutla na niyang mukha. Marahil dahil ngayon niya napagtanto na baka totoo nga ang laging sinasabi ng Inang—nangunguha ng mga batang pagala-gala ang mga laman-lupa!

"Psst!" ani muli ng boses. "Nandito ako sa itaas."

Sinundan ni Isabel ang pinanggalingan ng tunog. Sa harap niya nakatindig ang matandang Balete. Mula sa mauugat nitong laman, inakyat ng kanyang paningin ang matitikas na sanga ng punongkahoy.

Doon, natagpuan niyang nakaupo ang isang higante.

"Huwag kang matakot." Mahinahong hinawi ng higante ang kumpol ng mga dahong nakatakip sa dambuhala nitong katawan. "Hindi kita sasaktan."

Tulalang pinanuod ni Isabel na dumungaw ang nasabing nilalang. Nagbalik na lamang siya sa katinuan nang

muling magwika ang higante: “Maaari mo bang sindihan ang tabako ko?”

“H-hindi ako masarap,” ang tanging naisagot ni Isabel sa pagkabigla.

Napakurap ang higante sa narinig.

“Patpatin ako’t buto-buto,” pagpapatuloy ni Isabel, “Wala akong kasusta-sustansya.”

Sumunod ang kawalang-imik.

Maya-maya pa, humagikgik ang higante. Ilang segundo ang lumakad at ang hagikgik ay naging bungisngis, at ang bungisngis ay naging hagalpak. Nanginig ang mga balikat ng matandang Balete. Tingi-tinging bumagsak ang mga tuyong dahon sa ulo ni Isabel.

Subalit imbes na mayanig sa biglaang bulalas na nasaksihan, pumailanlang ang pinaghalong kaba’t inis ni Isabel nang siya’y pagtawanan.

“Totoo!” giit ni Isabel, lukot na ang noo’t namumula sa kahihiyan. “Wala ka talagang mahihita kung kakainin mo ‘ko!”

Napahilamos ng kamay ang higante sa pagpipilit pigilan ang sariling halakhak. “Ano bang klase ng halimaw ang tingin mo sa akin?” tanong ng higante habang nagkakamot ng tiyan.

"Kapre, di ba?"

"Tumpak, ngunit hindi ako kumakain ng tao. Sa lahing aswang iyon."

"Eh, sabi ng Tatang, mahihilig daw kayo sa mga batang babae!"

"Ay, hindi nagkakamali ang Tatang mo," tugon ng kapre. "Ngunit hindi dahil gusto ko silang lapain. Gusto ko laang silang dalhin sa aming kaharian."

"Kaharian?" Lumitaw ang kuryosidad ni Isabel sa huling binitiwan ng kapre. "Ano'ng kaharian?"

Hindi nakalampas sa kapre ang pagliko ng tono sa pananalita ni Isabel. Pirmi nitong iniayos ang sariling postura sa kinalulugarang pwesto. Sunod na hinagod ang namumuti na nitong balbas.

"Isisiwalat ko ang kwento ng lupang ninuno," saad ng kapre matapos hugutin ang binilot na dahon sa tagiliran ng kanyang bahag, "sa loob ng dalawang kundisyon."

Napalunok si Isabel. Dama niya ang agarang pagbara ng kanyang lalamunan. Nagsisisi na siya sa pagiging likas na mausisa.

"Sindihan mo ito…" Idinuro ng kapre ang tabako kay Isabel. "At ibigay mo sa akin ang iyong pangalan."

Natigilan si Isabel. "'Yun lang?"

"Iyon laang." Nangalumbaba ang higante. "May dapat pa ba akong idagdag?"

Muling namutla ang mukha ni Isabel. Humagalpak ang kapre't nanginig na naman ang mga balikat ng matandang Balete. Tuloy-tuloy na naglaglagan ang mga tuyong dahon sa pisngi ng daigdig. Ang ila'y makulit na nangalabit sa likuran ni Isabel, inaayang pagbigyan ang higante sa dalawang nitong kahilingan.

Huminga nang malalim si Isabel. Humugot siya ng katiting na tapang sa manikang papel bago niya ito ibulsa.  Saka siya humakbang papalapit sa kausap.

Kahit maiikli ang braso, pilit na itinaas ni Isabel ang lumiliit nang ningas ng posporo sa abot ng kanyang makakaya. Ngunit nang tingalain niya ang kaylaking anino, hindi naiwasan ni Isabel na mapapikit sa labis na pangamba.

May kumaluskos sa uluhan niya. Ginapang siya ng matinding panlalamig sa dibdib. Papaano pala kung pain lamang ito para sa masamang balak ng nilalang? Baka nakaamba na ang higante upang hablutin ang kanyang mga braso. Matalas pa naman ang biyak nitong mga kuko. Malalaki ang nanlilimahid na mga palad. Sa brusko nitong mga bisig, tiyak na matatangay siya nang walang kahirap-hirap.

Gusto na niyang umuwi. Siguro'y mas mabuti kung nagkulong na lamang siya sa kwarto. Malamang hinahanap na siya ng kanyang Inang. Naririnig niya ang nag-aalala nitong boses. At napuno ang loob niya ng mga iyak ng saklolo. *Tatang…iligtas mo 'ko, Tatang!*

"Huwag kang matakot, Isabel."

Huminto ang pangangatog ng mga tuhod ni Isabel. Marahang-marahan siyang dumilat. May tumpok ng upos ng tabako sa lupa. Tupok na rin ang palitong hawak niya.

Ngunit hindi rito napukol ang pansin ni Isabel. Natuon siya sa mga tutuldok na liwanag na tila nagkandalagas sa dibdib ng matandang Balete. Mga ginintuang butil na kumukuti-kutitap. Umaangat, bumubulusok. Sinubukan niya itong hawakan, subalit kagyat din itong nawala.

Ibinuga ng kapre ang inipong usok sa lalamunan. "Dahil pinaunlakan mo ako ng iyong kabutihan," saad nito, "pahihintulutan kitang tawagin ako sa aking pangalang Elias."

Tinaktak ni Elias ang upos nang bahagi ng tabako sa tabi. Sa dulo nito, isa-isang isinilang ang kumpol ng alitaptap. "Ikaw, ano'ng ibig mong itawag ko sa iyo?"

"Isabel," aniya nang humupa na ang hilakbot sa kalamnan. "Isabel ang itawag sa 'kin."

Lumamlam ang itsura ni Elias. “Bakit ka naparito sa pusod ng bundok, Isabel?” tanong nito. “Mukhang hindi ka naman nagnanasang makipagbuno ng lakas sa akin.”

Kumuyom ang mga palad ni Isabel. Akmang magpapaliwanag na sana siya nang sumara ang kanyang bibig, ibininbin ang una niya dapat sasabihin. “Siguro,” ani Isabel, “pagsasabihan mo rin akong isip-bata ‘pag sinabi ko sa ‘yo.”

“Ay, ano namang masama sa pagiging isip-bata?” usisa ni Elias.

“Makitid daw ang unawa’t bang tigas ng ulo,” sagot ni Isabel. “‘Yun ang kadalasang sermon ng Inang. Buti pa ang Tatang…” Kinagat niya ang ibabang labi sa nasambit. “Hindi. Masama rin ang loob ko kay Tatang.”

“Kaya ka dumine sa bakuran ng isang higante nang walang pasabi?”

Nangamatis ang magkabilang pisngi ni Isabel. “Di ko naman alam na dito ka pala nakatira!”

Natawa si Elias sa pagkaaligaga ng bata. “E, saan ba nagsuot ang iyong Tatang?” Muling humithit ng tabako ang kapre. “Malay natin, baka nagtago laang din tulad mo.”

“Ewan.” Nagsalubong ang mga kilay ni Isabel. “Huli niyang sinabi, pupunta raw siyang bayan para samahan ang mga

kaibigang pinalalayas din dito sa bundok. Kukuha ng titulo. Kaso ayaw pumayag ng Inang. Masyadong delikado.

"Pero umalis pa rin ang Tatang. Binida pa nga niya sa 'min ang dala niyang anting-anting." Inilabas ni Isabel ang manikang papel sa kanyang bulsa. "Nangako siya. Pasasalubungan niya ako ng bagong laruan. Pero hanggang ngayon, di pa rin siya nauwi…"

Pinakawalan ni Elias ang isang buntonghininga. "Wala bang makakapagturo sa kinaroroonan ng iyong Tatang?"

Umiling si Isabel. "Wala ni isang nakakita na nakababa ang Tatang sa bayan," Humigpit ang kanyang kapit sa manikang papel. "Anila, baka raw tinambangan ng mga tulisan. O dinakip ng militar. Nagalit ang Inang. Uuwi raw ang Tatang, panigurado. Naligaw lang siguro." Suminghot si Isabel at pinahid ang nangingilid nang mga luha. "Pero alam ko, kahit ano'ng sikot, kabisado ng Tatang ang bundok. Eh, baka raw naengkanto. Pero di n'yo naman kinuha ang Tatang, di ba, Elias?"

Tinitigan ni Isabel ang kapre sa lalim ng mga mata nito. Hinanap niya sa mapupulang sirkulo ang katotohanan, subalit imbes na bigyang-kalinawan ang alinlangan ni Isabel, muling humithit si Elias.

Sumirit ang usok sa siwang ng bunganga ng kapre. Mabilis itong kumumot sa paligid. Tahimik nitong niyakap ang kabuuan ni Isabel bago tuluyang naglaho.

Lumayo ang tanaw ni Elias. "Alam mo bang sa pusod ng bundok," panimula ni Elias makaraan ng ilang saglit, "naglalagi ang buntot ng bahaghari matapos ang ulan?" Ngumiti ang kapre kay Isabel. "Doon matatagpuan ang ginintuang palasyo."

Hinipan ni Elias ang nagbabagang puwitan ng tabako. Muling namuo ang usok. Tumalsik ang maliliit na alab sa abuhing ulap at iminapa nito ang itsura ng isang kastilyo.

"Sa loob ng ilang daantaon, hindi mabilang na henerasyon ng tao ang nagtangkang tuntunin ang lupang ninuno," malumanay na salaysay ni Elias. "Mga helikopter ng negosyante, trak ng militar—tuloy-tuloy ang kanilang pagsalakay gamit ang mga bomba't bulldozer sa Sierra Madre."

Tinaktak ni Elias ang upos ng tabako. Nagpanibagong-hubog ang linya ng baga upang lumikha ng panibagong larawan. Mas marahas, mas mahapdi sa paningin.

"Walang habas nilang kinalbo ang kagubatan. Tinungkab ang kalupaan. Binutas ang kabundukan sa pag-asang madatnan ang inaakalang yaman. Ang hindi nila naisip, ang kalikasan ang yaman." Nagpanibagong-hubog ang mga imahen sa palibot ni Isabel. "Kaya wala kaming nagawa kundi lumikas,"

napasandal si Elias sa katawan ng matandang Balete. "Tumakas nang tapak-tapakan ng traktora ang nuno sa punso, barilin ng mga mangangaso ang pagala-galang tikbalang."

"Di kita maintindihan, Elias," naguguluhang putol ni Isabel sa kapre. "Anong kinalaman ng Tatang sa lahat ng ito?"

"Ang ibig ko laang sabihin," paliwanag Elias, "matanda na ako, Isabel." Tila naghahabol ng hininga ang kapre sa pagsasalita. "Masyado nang makitid ang aking unawa't matigas ang ulo upang magpalukso-lukso ng tahanan, magkubli sa kalupitan ng tao. Siglo na mula noong huli kong nahagip ang awit ng mga diwata. At marahil, ganoon din ang Tatang mo."

Humalik ang simoy ng madaling-araw sa kanilang balat. Pinanuod ni Isabel si Elias nang simutin nito ang natitirang baga ng tabako sa pudpod nitong hintuturo. Sunod-sunod na umubo ang kapre. Naalala ni Isabel kung papaano manigarilyo ang kanyang Tatang sa likuran ng dampa, na madalas niyang pagalitan kada pagkakataong nahuhuli niya ito.

"Umalis ang iyong Tatang upang protektahan ang mga naiwan niya rito. Upang hindi matapyas ang anit ng Sierra Madre."

Minasdan ni Isabel ang mukha ni Elias. Higit itong luminaw nang gumapang na ang umaga sa kalangitan.

Napayuko si Isabel. "Gusto ko nang makita ang Tatang," ani Isabel. "Gusto ko na ulit siyang mayakap at makasama."

Dahan-dahang tumungo ang kapre upang abutin si Isabel. "Kapagka pinanghihinaan ka ng loob," sabi nito bago pigtasin ang isang hibla ng buhok sa sariling ulo, "itali mo ito sa iyong pulso. At ipahihiram ko sa iyo ang isa sa mga ugat ng lakas ko."

Naluluhang tumango si Isabel bago ito abutin. Manaka-nakang susimilip ang bukang-liwayway sa Sierra Madre. Hindi namalayan ni Isabel ang bilis ng takbo ng oras sa pakikipag-usap sa kapre. Tinanaw niya ang paparating na liwanag. Nakakasilaw. Nakakabulag. Ngunit napako roon ang kanyang mga mata.

"Babalik pa kaya ang Tatang, Elias?"

Umalon ang damuhan. Lumipad ang mga ibon patungo sa hiwagang nasaksihan.

"Hangga't nariyan kayong nananahan sa kabundukan," tugon ni Elias, "hangga't nariyan ang Sierra Madre, laging mayroong uuwian ang iyong Tatang."

Tumuntong ang araw sa dakong silangan. Kumalat ang dilim. Naulinigan ni Isabel ang pamilyar na himig ng kanyang Tatang. At nang muli siyang tumingin sa mga balikat

ng matandang Balete, wala na siyang natagpuang bakas ng ano mang kapre maliban sa hibla ng buhok na nakatali sa kanyang pulso.

# Sina Hope at Faith

*Louise Nazir A. Banzuela*

**Unang Araw**

*Hindi pa nagsisimula ang araw, pagod na ako.*

Wala nang tumatakbo sa utak ko kundi mas masarap humiga sa kama, mas masarap maramdaman ang pagyakap sa akin ng kumot at kutson imbis ang ngalay sa likod. Pero, 'pag nasa kama naman ako, gusto kong maglakad. Wala sa kwarto ang isip ko, dumadayo siya nang napakalayo pero hindi naman sinasama katawan ko.

Ganito ako, hindi mapakali. Hindi ako makapili kung ano ba talagang gagawin kaya ngayon nandito ako, nakaupo sa *classroom ng mga mas bata sa akin. Abala sila sa sari-sariling grupo, nagtataasan ang mga boses* dahil kami-kami pa lang ang nasa *room.* Iyong iba, palihim na kumakain ng mga chichirya na pinuslit sa mga jacket. Paalam ay CR, pagbalik may pagkain.

Napangiti ako nang kaunti. Isang taon lang naman ang aking *delay pero bakit parang ang layo ng mundo ko sa kanila? Siguro ganito lang talaga mga estudyante rito sa Pilipinas. I was born in America, sa Bronx, at doon ako tumira hanggang sa nagkasakit ako, Anorexia. Lumala ito hanggang sa punto na halos lumabas na ang buto sa balat ko. Sabi ni Mama, kailangan ko ng bagong environment, kaya minabuti niya na isama ako sa pag-uwi sa Pilipinas. Dito* niya ako ipinasok sa paaralang ito at nasama ako sa *batch na* mas bata sa akin ng isa hanggang dalawang taon. Ang mga *lesson na* inaaral nila, madalas alam ko na dahil sa mga nababasa kong libro.

Parang hangin, hinahayaan ko lamang na lagpasan ako ng mga salita ng teacher. Hindi ko talaga ma-*absorb ngayon kung paano magiging RNA ang DNA. GCTA? RCTA? Nakakahilo talaga. Hindi pa tumutunog ang bell halos nakalutang na ang pwet ng mga* kaklase ko. Tumayo sila sa unang segundo ng pag-alingawngaw nito at nagmamadaling lumabas. Parehas ang ideya ng mga nasa ibang seksyon kaya sa huli, nagkumpulan sila sa *hallway.* Pinanood kong maghalo ang kulay ng aming puting *uniform at ang matitingkad na kulay ng jacket, nakatupi na hanggang siko. Inaabangan na nila ang dampi ng mainit na simoy ng hangin mula sa canteen.*

*Iyong ilan* na matatalino - o 'di kaya nagtitipid - ay nanatiling nakaupo at nilabas ang mga baunan. Naghalo naman ang amoy ng sarsa, de lata, sawsawan, at *cologne na naiwan sa ere.*

*Naglaway ako at nakaramdam ng hilo, binilisan ko ang hakbang para walang mailabas na masama sa sahig ng aming room.*

*Wala nang tao sa hallway, lahat ng ingay sa classroom ay lumipat na sa canteen. May ilan na nagbibilad sa initan, pinagpasapasahan ang volleyball, halos magkasugat sa pagsalo. Hindi ko maintindihan kung saan nila nakuha ang energy para gawin ito.*

*Pinasok ko sa bulsa ang sariling mga kamay at nagsimula nang maglakad patungo sa aking* espasyo. Humina ang ingay at niyakap na ako ng katahimikan ng hardin ng aming paaralan. Madalas pinagbabawalan kaming tumambay dito, siguro iniisip nila na masisira ang mga nakapasong halaman kapag may presensiya ng estudyante. *I always find a way naman.*

*Inilatag ko ang panyo sa batong upuan sa ilalim ng palumpong ng Bougainvillea. Dito, natatakpan ako kahit bahagya kung sakaling may dumaang teacher. Inilabas ko ang kalahating tinapay na baon ko ngayong araw. Peanut butter ang palaman, tinanggal ang crust kaya't mas lumiit pa ito. Nakipagtitigan ako rito na parang siya yung kakain sa akin at hindi iyong* kabaligtaran.

Nararamdaman ko ang kalam ng sikmura, sinusuntok na niya ako na kumagat sa tinapay. Natunaw na raw ang kinain kong kalahating tasa ng Oatmeal kaninang umaga. Pero sumisigaw ang utak ko, huwag ko raw kainin ang maliit na *Peanut Butter sandwich na ito. Dadagdag daw ang bigat ng timbang ko, masisira ang scale sa pag-apak ng isang paa.*

"'Yan lang baon mo?" *I looked to my left to see where the voice was coming from*. Nakatingin sa akin ang isang babae, nakakunot ang noo niya. Ngumiti sa akin, parang nagbibiro. „Nabubusog ka na diyan?"

Naramdaman ko uminit ang mukha ko sa kaunting pagkahiya. Tiningnan ko lamang ang *sandwich na nasa ziplock bag na nakapahinga sa mga palad ko. "Hindi ah, pabusog na rin ako kaya may natira."*

Lumipat ang atensyon niya sa hawak ko bago niya imbitahin ang sarili niyang umupo sa tabi ko. Wala siyang dalang panyo para hindi marumihan ang puting palda ng aming *uniform pero parang wala naman siyang pake.*

*"Kumakain ka rin pala,* 'no."

Sumimangot ako ng bahagya, "Oo naman? Ano ba akala mo sa akin?"

"Eh kasi!" Ngumuso siya at tiningnan niya ang mga mata ko. Agad kong napansin ang mga *freckles sa* pisngi niya. "Ngayon lang kitang nakitang kumain, 'kala ko nga robot ka eh."

Robot? Ano pinagsasabi mo?" Pinanood kong buksan niya ang dala-dala niyang chichirya. *Roadhouse Barbecue. Mahilig siguro siya sa* maanghang.

"*Charge lang,* ganoon." Alam kong dapat akong mainis o mayamot kahit kaunti sa mga sinasabi niya pero sa laki ng ngiti niya, halatang nantritrip lang.

"Kaya siguro palagi kang tulog sa *vacant-" "Ha? Pa'no mo alam?"*

*Lumaki ang mga mata niya at tinulak ako, mahina pero sapat lang para mabitawan ko* ang Peanut Butter *sandwich na naka ziplock bag. "Grabe siya! Kaklase mo kaya ako, Hope Santos!"*

*"Aba,* buong-buo pangalan ah." Hindi ko namalayan na unti-unti nang tumataas ang gilid ng mga labi ko. "Siga ka pala eh."

"Siga ako pero suplada ka." Natatawa siya habang pinulot ang *ziplock bag mula* sa naging higaan niyang mga *petal ng Bougainvillea. Malaki ang ngiti niya nang inabot niya ito sa akin.*

*"Faith, nga pala. Faith Bautista at your* service!"

**Ikalawang Araw**

*Faith Bautista.*

Isa rin pala siya sa mga bagong lipat sa *batch na ito.* Hindi ko masyadong binigyan ng pansin ang *introduction niya* noong unang araw ng pasukan. Kung ano ang pagkaputi ng *uniform namin, ayun ang pagkapula ng buhok niya. Hindi pwedeng hindi* mo siya makita sa hallway. Sa tingkad ba naman ng buhok.

Nakakaintriga paano niya napatagal ang pagdala ng kulay na iyon. Bawal kasi ang ganoon sa isang *Catholic school, exclusive pa.*

*Hindi ko matandaan kung nag-usap ba kami bago ang tanghaling iyon sa ilalim ng palumpong ng Bougainvillea. Hindi naman kasi nababaling ang atensyon ko sa kaniya. Palagi siyang pinapalibutan ng mga kaklase namin. Maririnig ang hagikhik at intriga nila kung bakit lumipat si Faith. Napapansin ko ganoon palagi ang nagiging sitwasyon; siguro kahit mapaanong batch* ka.

"Dito ka talaga kumakain eh, 'no?"

Nasira ang aking *train of thought at* tumingala mula sa ginuguhit ko. Nakatali na ngayon ang buhok ni Faith, may isang malaking *ribbon na kakulay ng collar namin na navy blue. May dala-dala siyang baunan at nilapag ito katabi ng sketchpad. Yumuko siya nang bahagya at sinilip kung ano ang pinagkakaabalahan ko.*

*"Aba! Drawer ka* pala!"

"Anong drawer?" Tanong ko sa kaniya, bahagya kong tinatakpan ang *sketchpad.*

"Drawer!" Inikot niya kamay niya nang paulit-ulit, hinahanap ang mga salita sa dulo ng dila niya, "Magaling mag-drawing-"

"*Artist* tawag do'n."

"Eh! Gusto ko drawer! Ba't ba?!" Napamewang si Faith at pinilit magkunwaring galit pero napapangiti siya. Napangiti na rin ako.

"Gutom lang 'yan, kumain ka na." Natawa ako nang kaunti nang inirapan ako ni Faith.

"Oo na, hindi ko kinaya ang pa-Pesto mo ngayon." Tiningnan ko ang natirang kalahati ng baon ko, nahihirapan ako ubusin ito pero pangako ko sa sarili na magagawa ko rin.

*Unti-unti. Hindi naman kailangang pilitin.*

"Ano ba baon mo?" Tanong ko sa kaniya.

"Aba! Delicacy kaya 'to ng Pampanga!" Tinambol ni Faith ang baunan na dahan-dahan niyang nilabas. "Tocino!"

"Jusko, 'kala ko naman Sisig."

"Next time na 'yun, tatalunin ko Pesto mo." Lumaki lalo ngiti niya at inupakan na nga ang kanin at tocino. Naiwan akong abala sa pagguhit at bago pa tumunog ang bell, naubos na ang baon kong Pesto.

*Hindi na pula ang buhok ni Faith ngayon.*

**Ikalimang Araw**

Dahil sa aking *nutrition plan, unti-unti kong sinasanay ang sarili sa pagkain. Dapat* talaga mas mabigat ang mga binabaon ko. Pero tuwing hinahandaan ako ni Mama, namumuo ang mga luha sa aking mata. Kaya napagkasunduan namin na magsisimula kami sa kaunting pagkain muna. Hindi ko pa talaga kayang gawin ito sa ngayon. Bumabalik ang boses, sinasabi niyang paulit-ulit na 'wag ako kumain, 'wag ko na raw tangkain pa.

Ngayong araw, nagluto si Mama ng paborito kong *teriyaki chicken. Inilagay niya ito sa maliit na tupperware. Nanuot ang makapal na sarsa nito sa kalahating takal na kanin.*

*"Wow! Ngayon lang kitang nakitang kumain ng kanin." Ang laki ng ngiti ni Faith, naghugis puso ang kaniyang mga mata sa pagtitig sa baunan ko. Nag-akma siyang kukunin ito kaya't pinalo ko kamay niya at sumimangot naman siya sa akin. "Suplada!"*

*"May baon ka rin, kainin mo 'yun." Binuksan ko ang water bottle ko at hinayaan kong humagod ang laman nitong tubig sa* lalamunan ko. Nagmamaktol pa rin si Faith pero kumain na rin siya. Kaldereta ang baon niya ngayon, nakakatakam na Kaldereta na may kaunting anghang.

Unti-unti na akong nasasanay na kumain nang marami. At sa pagdaan ng mga araw, nasanay na rin ako na may kasabay kumain. Palagi akong sinusundan ni Faith kahit gaano

kabilis kong piliting tumakas mula sa *room. Tumatakbo siya 'pag napapalayo na ako nang masyado.*

*Sa classroom, nakaupo siya sa parte na malapit sa pintuan at ako naman malapit sa bintana na nakatanaw sa quadrangle. Sanay akong* nakatitig sa labas, lumilipad ang isip ko kung saan-saan basta hindi tungkol sa paksang tinatalakay dahil mababalikan ko naman 'to sa libro. Pero tuwing *vacant,* inookyupa ni Faith ang upuan sa harapan ko 'tas magsisimula ng napakahabang kwento.

Madalas niyang kwinekwento ang mga nangyari sa kaniyang araw. Mula sa kaniyang pagkatapilok noong bumalik siya mula sa CR hanggang sa pagtanggal ng kawit ng bra *niya nakwekwento niya sa akin. Lahat na lang ng pwedeng maichika, nachichika niya bago bumalik ang teacher.*

*Pero sa napapansin ko sa klase, hindi naman siya napag-iiwanan. Inaasahan ko siguro na mahihirapan siya kahit kaunti dahil galing siya sa ibang school at iba siguro ang pamamaraan ng pagtuturo doon. Madalas, siya pa nga nauuna sa pagpapadaloy sa klase. Saan ba niya nakukuha ang confidence na ito?*

*"Bakit ka nakatitig sa akin?" Nabaling tingin ko kay Faith. Pinuno niya ng pagkain ang kaniyang bibig, may naiwan pang butil ng kanin sa labi.*

*"Weird* ka kasi-"

"Ang sama mo naman?!" Nakasimangot siya pero hindi naman galit. Medyo sanay na ako sa ugali ni Faith. Pinalibutan kami ng katahimikan, ang maririnig lamang ay ang pagdaan ng hangin sa pagitan ng mga dahon ng Bougainvillea. Ipinikit ko ang aking mga mata at huminga nang malalim.

"Hope."

"Ano?" Tumingin ako sa kaniya.

"Pwede ba akong magtanong?" Seryoso ang pagkakasabi niya nito kaya medyo nabahala ako. Hindi ko pa siyang nakitang nag-iingat sa sasabihin. Tumango ako at hinintay siya.

"Bakit hindi ka sumasabay sa mga kaklase natin?"

Mula sa segundo na hinayaan niyang lumutang sa ere ang tanong, nanlamig ako. Siguro naramdaman ito ni Faith kaya mabilis niyang dinagdagan, "Ah, kasi tinanong ko sila kanina kung bakit parang *shy type ka 'tas sabi nila-"*

"*Delayed* kasi ako."

Napatigil siya, kumurap nang mabilis ang mga mata niya na para bang hindi siya makapaniwala sa sinasabi ko. Sumubo ako ng isang kutsarang kanin at ulam, nginuya ko ito nang mayroong kaunting kabagalan. Pinanood lamang ako ni Faith, sabik sa sasabihin o ipapaliwanag ko.

"*Delayed kasi may kailangan akong asikasuhin." Tumingin ulit ako sa* kaniya. "Hindi ko kilala ang mga kaklase ko. Nahihiya akong lumapit sa kanila, ang hirap din pala kapag bago ka 'no?"

Nararamdaman ko ang pamumuo ng luha sa aking mga mata pero pinigilan ko ito sa pagngiti. "'Wag ka syadong mag-alala, sanay naman na ako-"

"Hindi mo naman kailangan masanay eh."

Napatigil ako. "Ano?"

Uminom muna si Faith mula sa bote ng *iced tea bago* siya sumagot. "Hindi mo kailangang masanay na hindi lumapit sa kanila. Ano naman kung *delayed ka?* At least *you're making an effort to try again." Ngumiti siya* sa akin pagkatapos sabihin ito. Naramdaman kong bahagyang gumaan ang pasan-pasan ng aking mga balikat pero hindi pa rin nawawala ang aking pagkabagabag.

"Hindi ko alam ang rason kung bakit ka *delayed at* hindi mo naman kailangang sabihin sa akin. Basta 'yun na 'yun." Hinarap niya ang *pointing finger niya* sa akin, para bang pinipili ako. "Mag-pipicnic tayo nang ganito araw-araw!"

"Picnic?" Kumunot ang noo ko sa pinagsasabi niya. 'Kala ko ba magseseryoso na tayo ngayon?

"Oo! Tingnan mo o! Dami-dami nating baon ngayon!" Binuksan niya ang mga braso niya na parang may

prinepresenta. Nakalatag sa mga batong upuan na nasa ilalim ng Bougainvillea ang mga baunan namin. Paubos na ang Teriyaki at kanin ko, ganoon din ang kaniyang Kaldereta. Nakalabas ang water bottle ko at *iced tea niya,* mayroon pa siyang nakatabing brownies. Nalalasahan ko na ang tsokolate sa aking dila, kung paano ito matunaw sa init ng aking bibig. Mangangati ang lalamunan sa tamis pero nagdadala naman ng kasiyahan sa puso. *Na-miss ko nang kumain ng brownies.*

*"Dapat palaging ganito ang* lunchtime natin! Napaka-aesthetic tingnan." Napapalakpak siya sa tuwa at inayos ang panyo na pinagpapatungan ng mga baon namin. Napapaisip ako kung bakit iyong mga pagkain niya may sapin pero iyong palda niyang puti wala. Nakaka-stress siyang panoorin na umupo sa mga batong upuan na walang sapin.

"Hope, dapat ganito palagi ah? Promise mo 'yan."

Nilabas ni Faith ang kaniyang *pinky finger,* malaki ang kaniyang mga mata habang nakatingin sa akin. Hinihintay niya akong sumagot.

Bumalik ang pamilyar na pagsikip ng aking dibdib sa takot at kaba sa ideya na kailangan kong magdala ng mas maraming pagkain. Hindi lamang dalhin, kundi kainin ito. Kailangan kong ubusin ang mga binaon ko. Kasama ng pagsikip ng dibdib ay ang luha na gustong kumawala kaya't pinikit ko ang aking mga mata. Huminga ako nang malalim.

Hinintay na lumagpas ang ilang segundo bago ikabit ang *pinky ko sa kaniya.*

Halatang natuwa si Faith sa ginawa ko.

"Promise."

*Kakain ako para sa sarili ko, hindi para tanggapin ng iba.*

**Ikalabindalawang Araw**

Hindi ba kayo naiinis na kapag sobrang init ng panahon, doon kayo naglalaro sa labas? Pikon na pikon ako na ngayon pa pinili ng teacher ko magpantintero ang klase sa *quadrangle ng aming school.* Hindi ba niya alam hapon na klase namin?

Masakit ang halik ng sinag ng araw sa balat kahit may sunscreen. Namumuo ang mga butil ng pawis sa noo ko at dumidikit sa balat ang tela ng aming PE *uniform. Nakakunot ang noo ko at wala akong pake kung may manakita nito. Mabuti na lang magka-team kami ni Faith.*

*"Sabi na nga ba* dapat umabsent ako eh," sabi ko kay Faith habang pinapanood ang ibang grupo maglaro. Nakakrus ang mga braso ko at niyayakap ang sarili.

Nang hindi sumagot si Faith, tiningnan ko siya at doon ko lang napansin ang mabilis na paglanghap niya ng hangin. Nakahawak sa mga tuhod at bahagyang nakayuko, tumutulo sa

semento ng *quadrangle* ang pawis niya. Maputla na ang kaniyang natural na rosas na labi at parang tuliro ang mga mata.

"Hoy, okay ka lang ba?" Pinatong ko ang aking kamay sa kaniyang basang likod.

Tumango lang siya at pinikit ang mga mata. Humigpit ang hawak niya sa kaniyang tuhod, nanginginig.

Hindi na ako nagdalawang isip pa na magpaalam na pupunta kami sa *clinic. Hinayaan kong akbayan niya ako habang naglalakad, nakayakap ang isa kong braso sa bewang niya* kung sakaling matumba siya. Halos sumandal na siya sa akin, nararamdaman ko ang malalim niyang paghinga. Nang dumating kami sa *clinic, binitawan ko siya para hayaang makaupo.*

*Nanlaki mata ko sa lagapak ng balat sa mga tiles. Umaalingawngaw ito at nakuha ang atensyon ng lahat na nasa loob ng clinic. Sa iilang araw kong pagkakakilala kay Faith at sa nakikita kong kilos niya sa aming* klase, maliksi siya. *Quick on her feet*, ika nga ng guro namin sa PE. Pero ngayon, nakahalik ang mga palad niya sa sahig at nakayuko pa rin ilang segundo pagkatapos ng kaniyang pagkatumba. Lumuhod na ako sa tabi niya at dahan-dahang hinawi ang buhok niya.

"Faith… Ayos ka lang ba? Kumain ka ba ngayon?" Pagtango lamang ang sagot niya sa akin, abala sa paghabol sa sariling hininga. Nanlalamig ang mga braso niya nang hinawakan ko ito.

Lumapit sa aming ang nars ng *clinic at sinamahan si Faith sa kung nasaan ang mga higaan. Bago pa siya mawala sa aking paningin, humarap si Faith sa akin at kumaway nang* bahagya.

**Ikalabimpitong Araw**

Magmula noong araw na iyon sa PE, bumaba ang *energy level ni Faith. Tuwing may vacant kami, hindi na siya lumilipat sa tapat ng mesa ko. Nanatili na lamang siya at gagawing unan ang mga braso niya, umiidlip. Hinahayaan ko lamang siya pero kahapon, hindi na ako nakatiis. Lumipat ako sa upuan sa harap niya. Inangat niya ang ulo nang marinig niya ang paghila ng upuan, halatang maga ang mga mata mula sa tulog. Halos kakulay na niya ang aking intermediate paper.*

*“Ano’ng ginagawa mo rito?” Mahina ang boses niya, muntikan pa itong malunod sa ingay* ng mga kaklase namin.

“Tumatambay lang, bakit? Ikaw lang ba pwede lumipat-lipat?”

“Ang suplada talaga nito, ang daming pinagsasabi.” Tumawa siya pero hindi ito kasing lakas ng bell ng nagbebenta ng *ice cream. Ganoon ang tawa ni Faith para sa akin. Kapag maririnig mo, kahit mula sa malayo, alam mong siya iyon. Kahit hindi mo pa siya nakikita, mapapangiti ka niya sa dala niyang saya. Ganoon si Faith para sa akin.*

*Kahapon, nanatili lang ako sa bakanteng upuan sa harapan niya. Umabsent kasi ang nakaupo rito kaya kahit habang nagkaklase,*

*dito na ako nag-stay. Nagsilbi na rin sigurong pantakip* ang mahaba kong buhok kay Faith na nakayuko pa rin. Unti-unting kumulo ang pag-aalala ko sa kaniya pero isinantabi ko muna. Masyado na siyang problemado sa kung ano ang nangyayari sa kaniya.

Pero kahit ganoon ang nararamdaman niya, ang laki pa rin ng ngiti niya nang ipinakita ko ang baon kong pritong isda, kanin, at isang *Chocolate Chip Cookie. Biro pa niya nga na dapat dalhan ko raw siya ng ulam sa susunod. Umirap lang* ako pero napaisip din naman ako kung ano ang paborito niyang isda. Hindi ko ito naitanong kinabukasan kasi 'di siya pumasok. Sabi ng adviser namin, tumawag daw ang Mama ni Faith na hindi muna siya makakapasok. Dito namuo ang kaba at pagtataka. Ganoon ba kalala?

Kumain ako mag-isa sa ilalim ng Bougainvillea nang *lunch time* na. *Excited* pa naman akong ipakita ang baon kong pritong talong. Ang dami ko pa naman ding dalang kwento para sa kaniya, pagtatawanan niya sigurado na hindi ko gusto ang lasa ng talong pero sasabayan pa rin niya akong kainin ito. Kumain ako mag-isa pero hindi ako nabusog noong araw na iyon.

**Ikadalawampu't Dalawang Araw**

Lunes na noong bumalik si Faith at hindi niya sinasabi sa akin ano'ng nangyari sa kaniya.

"Hindi ba ang mahalaga *I'm alive, awake, and enthusiastic?" Pabiro niyang sabi noong kinulit ko na naman siya. Bumalik nang kaunti ang pagkarosas ng mga labi ni Faith pero may* putla pa rin. Napansin ko na pagewang-gewang na siya sa paglalakad, madalas nahuhuli at minsan ay natatapilok. Masyado akong nakapokus doon kaya hindi ko na napansin kung paano unti-unting kumukuba si Faith.

"Lasing ka ba?" Nakasimangot ako pero sa totoo lang, mahigpit kong hinahawakan ang braso niya para hindi na maulit ang nangyari sa *clinic*.

*"Sus! Ano ka ba?" Nakangiti si* Faith habang inaalalayan ko sa hagdan. Baka nanghihina na ang tuhod nito sa kakatakbo. Mabilis ang paghabol niya sa paghinga, namumutla na naman nang kaunti ang mga labi.

Masyadong mainit umupo ngayon sa ilalim ng palumpong ng Bougainvillea kaya umupo muna kami sa bangko sa labas ng gym. Nilatag na naman ni Faith ang kaniyang panyo para protektahan ang kaniyang baunan pero hindi ang palda niyang puti.

"Hindi ka ba nagtataka sa akin?"

"Tungkol naman saan?" Kumunot ang noo ni Faith at tumingin sa akin. Ang baon niya ngayon ay adobong tuyo, kinakabahan ako na baka mamantsahan ang *uniform niya.*

*"Kung bakit kaunti lang* ako kumain," nagkibit-balikat ako at pinilit 'wag pakinggan ang mabilis na tibok ng aking puso. Hindi talaga madali para sa akin na pag-usapan kung bakit ako nagkaganito, pero nagtaka ako bakit ni minsan hindi niya ito naitanong sa akin.

"Hindi ba *trip mo lang? Diet ganern?"* Ang inosente ng tanong niyang ito pero naibalik niya ako sa mga unang taon ng hayskul. Nalalasahan kong muli sa dila ko ang paglalaway dahil sa halos magdadalawang araw na hindi pagkain. Bumalik na naman sa alaala ko ang pagtitig sa salamin, hinahanapan ng pagkakamali ang nakikitang repleksyon. Nakikita ko muli ang nakakabit na *dextrose sa akin at ang mga buto na* nakikita na kahit nasa ilalim pa rin ito ng balat at laman.

*Nagsimula ito bilang diet pero nauwi ako sa ganito.*

"Dati diet lang," mabagal ang paglabas ng mga salita sa labi at inayos muna nila ang sarili sa dila bago kumatok sa ngipin para makawala. "Pero, along the way, nahirapan ako at nagkasakit."

Tumango si Faith. Tumigil muna siya sa pagkain, ramdam ko ang buong atensyon niya sa akin. Huminga ako nang malalim. "Nagkaroon ako ng *Anorexia Nervosa, isa siyang eating disorder.*"

Isang segundo ang lumipas. Dalawa. Limang segundo pero hindi pa rin nagsasalita si Faith. Tumingin ako sa kaniya at nakita ko na hindi pa rin siya kumakain.

"Nahihirapan ka pa ba sa ngayon?"

Agad namuo ang mga luha sa mata ko sa tanong niya. Tumango ako at tiningnan ang baon ko para sa araw na'to. Spaghetti at garlic bread, paborito ko ito noong bata ako, lalo na kung may kasamang fried chicken. Pero hindi ko pa magawang makain ito sa ngayon.

"Mahirap pa rin kumain para sa akin. Kaya na-*delay ako* sa pagpasok kasi nagpa-doctor ako." Hinanda ko sarili ko sa mga tanong niya pero wala naman siyang itinanong sa akin. Nanatiling tahimik si Faith ng ilang segundo ulit at tumango.

"Naiintidihan ko na, *thank you for telling me. It must have been hard for you."*

*And just like that, tuluyan nang tumulo ang luha ko. Bumagsak ito sa aking palda* at nag-iwan ng mga basang bilog. Tinakpan ko ang mukha ko at sinalo ng mga palad ang hikbi na tumakas sa labi. Naramdaman ko ang kamay ni Faith sa likod ko, dahan-dahan niya akong tinatapik. Sapat at higit pa para sa akin sa pagkakataon na ito ang presensya ng isang kaibigan.

Hindi namantsahan ang *uniform ni Faith at naubos ko ang baon ko na spaghetti at garlic bread. Maniniwala ka ba na naghanap pa ako ng round two nito? Hindi rin ako makapaniwala eh.*

**Ikadalawampu't Limang Araw**

Mabilis na lumipas ang mga buwan, hindi ko namalayan na *Christmas break na pala namin. Tuwing mga ganitong okasyon, pinapayagan kami magdala ng selpon at sinasabi ko sa inyo, sinulit ni Faith ang pagkakataon para kumuha ng maraming letrato. Kung anu-anong anggulo ang pinaggagawa niya sa akin. Siguro mapupuno ng mukha ko ang storage niya kung palagi niya itong dala.*

Nakakagaan sa loob na walang pinakitang pagbabago ng pakikitungo sa akin si Faith. Iyon ang isa sa pinakamalaki kong takot kapag pinag-uusapan ang *eating disorder ko. Hindi ko kasi gusto na makita na para bang nag-iingat masyado ang mga tao sa paligid ko. Mas nararamdaman ko ang epekto ng sakit ko sa akin at sa mga mahal ko sa buhay kapag ganito.*

*Kanina, noong nagsasalo-salo na ang klase sa mga dalang pagkain, nanatili si Faith sa* tabi ko. Tuwing matatakam ang mga mata sa nakikita ko, siya na mismo ang kumukuha para sa akin. Tinatanong niya kung sobra o kulang ba ito at uupo na kami sa isang sulok ng *classroom. Hanggang ngayon nararamdaman ko pa rin ang pagkapuno ng biko, paghetti, at cookies sa tiyan ko. Wala akong pagsisisi sa pagkakataon na ito.*

*"Ayos! Bigyan kita ng kopya nito!" Masiglang sabi ni Faith sa akin na halos tumalon sa tuwa. Bahagyang nakakulot ang buhok niya at ang dress na suot ni Faith ay kakulay ng buhok niya noong unang araw niya sa klase. Pula, matingkad, tawag atensyon. Bagay na bagay ang kulay na ito kay Faith.*

*"Dapat next year, mas marami pa ang mga maging picture natin ah! Promise mo 'yan!" Pabirong turo niya sa akin at natawa ako sa pinaggagawa niya. Tumango ako at ramdam na ramdam ko ang laki ng ngiti sa mga labi ko.*

Ngayon lang ulit ako nag-enjoy sa *Christmas party*. Sana palaging ganito.

**Ikalawang Linggo Ng Enero**

Nanatili kaming *in contact ni Faith hanggang mag-Bagong Taon. Pagkatapos no'n* naging madalang na aming pagmemensahe. Nauunawaan ko naman ito, baka abala rin siya sa mga ganap at *reunion! Noong pagpasok ng Pasko, pinapadalhan niya ako sa social media ng mga letrato ng kinakain nila.*



**weirdo:**

**weirdo**:

**weirdo: mainggit ka, may ham ako ikaw wala bleh** :P

Naririnig ko ang boses ni Faith sa pagbabasa ng mga biro na ipinapadala niya.

Napapangiti ako ng husto. Excited na akong makita siya ulit sa *school.*

**supalada: Faith! Sabay tayo ulit** today ah! See you!

Pinadala ko ito sa aming chat noong umaga ng unang araw ng pagbalik sa *school. May dala akong extra na brownies para sa kaniya. Gawa ito ng nanay ko dahil natuto* siya mag-*bake noong bakasyon. Dalhan ko raw mga kaklase ko pero ang* pinaghandaan ko

lang ay ang nag-iisa kong matalik na kaibigan. Nakalagay ito sa isang plastik na lalagyan at nakatali ng isang pulang *ribbon*.

Maingay ang klasrum pagdating ko. Puno ng kumustahan ng mga nangyari noong bakasyon. Ilan sa mga kaklase ko ay pinagkaguluhan pa kasi nagpa-*rebond pala sila. Nabaling agad ang atensyon ko sa upuan ni Faith at nagulat ako na wala siya ro'n. Late kaya siya gumising? Or may dinaanan lang at maya-maya ay darating na rin siya?*

*Napatigil ako sa malalim na pag-iisip at pati na rin ang ingay ng klase pagpasok ng adviser namin. Masiyahin ang teacher namin, madalas siyang nakangiti kaya't gustong-gusto* siya ng mga kaklase ko. Kaya't nakakapagtaka na hindi niya kaming binati ngayon nang masaya. Hinayaan niya muna kaming umupo at pinalipas ang ilang segundo ng katahimikan. Nabahala rin sigurado ang mga kaklase ko kasi hinintay namin siyang magsalita. Tiningnan niya kami isa-isa sabay huminga ng malalim si Ma'am.

"Good morning, class! Nakatanggap ako ng tawag mula sa Mama ni Faith kanina. Naaalala ba ninyo na nagkasakit siya last year?" Mabagal ang pagbitaw niya ng mga salita, pinagmamasdan kami. Bakas sa kaniyang mga mata ang namumuong luha ngunit may pagpipigil sa nanginginig na labi. "Sinugod si Faith sa ospital kagabi at sa hindi inaasahang pagkakataon ay agad siyang binawian ng buhay."

Hindi na nagproseso sa utak ko ang mga sunod na sinabi ni Ma'am. Nabingi na ako at nararamdaman ko ang biglang paglamig ng *room. Manhid ang buong katawan ko pero walang tigil na gumulong ang luha. Paano nangyari? Kailan nangyari? Bakit* nangyari? Hindi ako pumunta sa ilalim ng palumpong ng Bougainvillea nang *lunch time na iyon* Hindi ko rin kinain ang baon ko.

Pag uwi ko, hindi ko pinansin ang nag-aalalang pagsalubong sa akin ni Mama. Siguradong alam na rin niya ang nangyari. Dumiretso ako sa kwarto at binuksan ang selpon, nag-*back read ako sa mga huling mensahe niya sa akin. Pinipilit kong hanapin kung nasabi niya ba ito, kung may binigay ba siyang hint na hindi ko agad nakita, pero wala talaga.*

*Hindi na napigilan ng katawan kong bumigay sa sahig, pinakawalan* ng lalamunan ko ang sigaw na iniipit mula pa kaninang umaga. Pumasok si Mama sa kwarto ko at niyakap ako nang mahigpit habang humahagulgol sa pagkawala ng aking matalik na kaibigan.

January 5 - 9:30 P.M

**weirdo: Uy! may pasok na next week** diba?

**weirdo: miss you na suplada! see you soon** □

Nakita Ko Siya Muli

*Friedreich's Ataxia*, ayun daw ang pangalan ng kumuha kay Faith. Sabi ni Mama, namamana raw ito at mga *nerves* ng tao ang inaatake. *Genetic mutation* daw sabi ni Ma'am. Ang naiisip ko lang noong sinabi nila iyon ay ang komplikado ng mga pangalan ng nagpapahirap sa amin ni Faith. *Friedreich's Ataxia. Anorexia Nervosa.* Magkatunog pa.

Nag-*search ako. Nagsisimula raw ito sa hirap sa paglalakad, madalas na pagkatapilok, pag-curve ng spine, at* nabubulol sa pagsasalita. Nahihirapan na ba si Faith noong hiningal siya sa PE? Masakit na ba ang katawan niya? Sa tingin ko, kung sakaling nakita kong kinakain na niya ang mga salita niya, maluluha ako. Hindi ko ma-*imagine* na ang kaibigan kong nagdadala ng mga kwento at kaligayahan sa buhay ko ay mahirapang magsalita. Masyado masakit para sa akin na bumalik sa nakatagong hardin ng aming paaralan. Ang dating espasyo ko ay naging espasyo *namin*. Ang rason ko noon para matuwa sa *lunch time ang siyang rason ngayon ng hindi ko pagbalik doon.*

*"Ang daya-daya* mo rin, 'no?" May halong inis ang tono ko pero kung naririnig man ako ni Faith, alam kong alam niya na hindi talaga ako naiinis. Nasasaktan ako. "Ang daya-daya mo, hindi mo sinabi sa akin na ganito pala. Sana tinulungan kita." Patuloy na dumadaloy ang luha ko. "Ang daya-daya mo."

Ang tanging tagasalo ng mga salita ko ay ang puntod ni Faith. Wala nang mang-aasar sa akin pabalik, wala nang

magtatangkang agawin ang baon ko. Wala na akong Faith Bautista na makakasama sa pagkain. Wala na ang aking matalik na kaibigan.

Tinitigan ko ang mga detalye ng buhay niya sa puntod. "Ang dami ko pang hindi alam tungkol sa iyo, Faith." Huminga ako nang malalim at nilatag ang panyo ko sa lapag. "Pero pangako ko sa iyo ay magkakaroon tayo ng *picnic."*

*May dalawa akong baunan at parehas itong may laman ng kanin at teriyaki. Sa isang plastik na lalagyan ay ang brownies na hinanda ni Mama para kay Faith. At sa ilalim ng palumpong ng Bougainvillea, kumain akong mag-isa.*

# Sanaysay

# Ang Espesyal na Biyahe sa Brgy. Cumba

*Heleana R. Caballes*

Tatlong beses lamang sa isang taon ang pagbiyahe ng aming pamilya patungo sa Lipa, Batangas. Una, kapag pupunta kami sa sementeryo para dalawin ang mga namayapang mahal sa buhay. Ikalawa, tuwing Mahal na Araw upang mag-*Station of the Cross* sa Padre Pio Shrine. At ikatlo, tuwing bibisita kami sa mga kamag-anak sa Brgy. Cumba. Kung ako ang tatanungin, hindi na bago sa akin ang bawat biyahe namin pa-Batangas. Paslit pa lamang ako ay pumupunta na kami rito. Ngunit para sa pinsan kong si Kuya Pao, ang bawat biyahe namin patungong Brgy. Cumba ang pinakaespesyal sa lahat.

Eksaktong alas singko ng umaga, lumarga na kaming pamilya patungong Batangas. Sa araw na ito, layon namin ang bumisita sa mga kamag-anak sa Brgy. Cumba sa Lipa. Nakasakay kami sa Revo ni Tita Nida. Ang mga nakatatandang miyembro ng pamilya ay nakaupo sa gitna at unahang bahagi

ng Revo. Habang ang mga nakababatang miyembro, tulad ko at ng pinsan kong si Kuya Pao, ay sa likuran ng sasakyan nakaupo. Katabi niya ang kanyang ina na si Tita Amy. Magkaharap ang upuan namin ni Kuya Pao kaya kita ko ang bawat galaw niya. Ang kaliwang kamay ni Kuya Pao ay mabilis at paulit-ulit niyang iwinawagayway na parang pamaypay. Panay din ang yugyog niya sa kaniyang kinauupuan. Ang kanyang paningin ay hindi kailanman nagpirmi sa isang bagay. Suot niya ang paboritong *cotton shirt, tokong shorts* at isang sombrero na may *Superman design*. Kung titingnan ang paborito nitong *outfit,* aakalain mo na isang bata ang may suot nito. Ngunit si Kuya Pao ay bente-tres anyos na.

May suot din siyang *ear defenders* habang nasa biyahe dahil *hypersensitive* siya sa mga ingay sa paligid. Si Kuya Pao kasi ay may autism spectrum disorder. Ayon kay Tita Amy, dalawang taong gulang lang ito nang mapansin niyang may kakaiba rito. Sapagkat sa edad na dalawang taon, dapat kahit kaunti ay nakakapagsalita na ito. Ngunit hindi pa rin ito natutong magsalita. Napansin din ni Tita Amy ang kawalan ng pokus ni Kuya Pao at ang maikli nitong *attention span*.

Kakikitaan din si Kuya Pao ng pagkahumaling sa anumang bagay na bilog o umiikot tulad ng bola at electric fan. Sumagi sa alaala ko ang nangyari noong limang taong gulang pa lamang ako at siyam na taon naman si Kuya Pao. Isang hapon, habang nakasakay ako sa aking munting *twist car*, bigla

akong nabuwal mula sa aking kinauupuan. Mabilis ang naging pangyayari, nakita ko na lamang si Kuya Pao na nakasakay ang aking twist car at tuwang-tuwa habang pinaiikot ang manibela nito. May natamo akong kaunting galos ngunit hindi ako umiyak o nainis. Napangiti na lamang ako nang makitang tumatawa si Kuya Pao habang sakay ng twist car. Sa murang edad, hindi ko lubos na maunawaan ang kalagayan ni Kuya Pao at kung bakit "special child" ang tawag sa kaniya. Basta ang alam ko, may espesyal siyang puwang sa aking puso at kailanma'y hindi ko magagawang magalit sa kanya.

Hirap din si Kuya Pao na makipag-*eye contact* at sensitibo ang kanyang pandinig sa mga ingay, tulad ng tunog ng motor at kahol ng mga aso. Kaya komunsulta noon sina Tita Amy sa isang developmental pediatrician tungkol sa kondisyon ng anak. Doon niya nalaman na may *mild autism with ADHD* si Kuya Pao. Ang isang may mild autism with ADHD ay hirap makapagpokus sa isang bagay. Kadalasan ay hirap din sila sa *social skills*, *settling down* at *impulsivity*. Ang mga may mild autism with ADHD ay madalas din na *hyperactive,* at maaaring maging *extra sensitive* lalo na sa *texture* ng kanilang mga damit. Kaya tanging *cotton shirt* lamang ang gustong sinusuot ni Kuya Pao.

Matagal bago tuluyang natanggap ni Tita Amy ang kondisyon ng anak. Ayon pa nga sa kaniya, nang unang beses na malaman niya ang diagnosis kay Kuya Pao, para raw siyang pinagbagsakan ng langit at lupa. Hindi rin niya naiwasang

magtanong, hindi lamang sa mga doktor kundi pati sa Diyos kung paano ito nangyari gayong regular naman ang pagpapa-*check-up* niya noong ipinagbubuntis si Kuya Pao.

Dama ko sa kwento ni Tita Amy ang pinaghalong siphayo at takot ng isang ina na walang ibang hangarin kundi ang nakabubuti sa kaniyang anak. Nanuot ang hapdi sa aking dibdib, lalo na nang ikuwento niya kung paanong kinuwestiyon niya ang Panginoon kung bakit siya ang pinili nitong maging ina ni Kuya Pao. Marahil dulot na rin ng takot at pangamba dahil wala namang ina ang handa para sa ganitong hamon.

Habang lumalaki si Kuya Pao, nagpatuloy din ang proseso ng pagtanggap ni Tita Amy sa kondisyon ng anak. Sinuportahan niya ang pagpapa-physical therapy ni Kuya Pao at inalam ang tamang pag-aaruga sa mga tulad niyang may autism. Ini-*enroll* ni Tita Amy si Kuya Pao sa mga *public special education school*. Ang mga institusyon na ito ay ang Bahay Kalinga at Project 3 Elementary School sa SPED department upang makatulong sa kaniyang *therapy*. Kaya araw-araw na bumibiyahe noon ang mag-ina mula Cainta hanggang Quezon City. Sa pagpasok ni Kuya Pao sa *SPED school*, nakita ni Tita Amy ang iba't ibang mga bata, na tulad ni Kuya Pao ay differently-abled din. Nakilala rin ni Tita Amy ang mga magulang ng mga batang ito, at kalauna'y naging mga kaibigan niya. Sa Bahay Kalinga, nakadama si Tita Amy na hindi siya nag-iisa, na marami ang tulad niyang ina na nagpapakatatag din sa iba't ibang hamon sa

pagkakaroon ng anak na may autism. Kaya hindi nagtagal ay tuluyan na niyang natanggap ang kondisyon ni Kuya Pao.

Halos isang oras na naming tinatahak ang mahabang daan ng *SLEX*. Mayroon pa kaming isa't kalahating oras bago makarating sa Lipa, Batangas. Nakatulog na ang iba naming kasama sa haba ng biyahe. Ang iba naman ay tahimik na nagmumuni-muni habang minamasdan ang mga puno at malawak na kabukirang tanaw mula sa bintana ng sasakyan. Ang tunog lamang na maririnig sa loob ng sasakyan ay ang kanta mula sa mahinang *car stereo*, ang ingay mula sa pagkuyakoy ni Kuya Pao at ang tunog na binubuo niya mula sa pag-*vo*-vocal stimming.

Kadalasang ginagawa ng isang indibidwal na may autism with ADHD ang vocal stimming. Ito ang mga tunog tulad ng *humming, shrieking* at *verbal noises.* Isa kasi itong paraan upang pakalmahin nila ang kanilang sarili mula sa mga *stressors* sa kanilang paligid, o kaya'y kapag nakakaramdam sila ng labis na emosyon tulad ng pagkasabik.

Mula sa ikinikilos at sa madalas na pagngiti ni Kuya Pao habang nasa biyahe, makikita ang hindi nito maitagong saya at pagkasabik sa muli naming pagbisita sa Brgy. Cumba. Isang palaisipan pa rin sa akin kung bakit sabik na sabik si Kuya Pao kapag kami ay pupunta doon. Siguro'y dahil payapa ang lugar na iyon at malayo sa nakabubulahaw na ingay ng mga motor, pati na rin sa tila koro ng mga asong sabay-sabay

ang tahol. O pwedeng dahil rin sa masasarap na pagkaing inihahanda sa amin ng mga kamag-anak tuwing kami ay bibisita sa Brgy. Cumba.

Habang nagpapatuloy ang aming biyahe, dinalaw na ng gutom si Kuya Pao. Kumuha siya ng isang egg sandwich na inihanda ni Tita Nida para may baon kami sa biyahe. Matapos nitong mabilisang lantakan ang egg sandwich, kinuha naman ni Kuya Pao ang isang *cheese ball* na sitsirya. Habang pinapanood ko siyang kumain, sinubukan kong humingi sa kaniya ng cheese ball. Hinuli ko pa ang mailap niyang mga mata habang nakalahad ang aking palad sa harapan niya. Ilang segundo kong hinintay ang kaniyang reaksiyon.

Dalawa lang ang pwedeng mangyari, maaaring hawiin niya ang kamay ko palayo o bigyan niya ako ng isang pirasong cheese ball. Ngunit nangyari ang unang hula ko. Pagkatapos ay dumakot siya ng tatlong cheese ball na agad niyang sinubo. Natawa na lamang ako sa nangyari. Pero sinubukan ko ulit ang suwerte ko. Sa pangalawang pagkakataon, inilahad ko ang palad ko sa kaniyang harapan. Ganoon na lang ang gulat ko nang bigyan ako ni Kuya Pao ng isang pirasong cheese ball! Daig ko pa ang tumama ng *EZ2* sa Lotto.

Hindi naman madamot si Kuya Pao, sadyang ang mga tulad niyang may autism ay hirap magproseso ng *social information*. Maaaring para sa atin, ang paglalahad ng palad ay isang simpleng paraan upang manghingi sa isang tao. Ngunit

para sa mga tulad ni Kuya Pao, maaaring hindi nila agad ito maintindihan. Kaya nang bigyan niya ako ng cheese ball, talagang natuwa ako dahil naunawaan niya ang paghingi ko!

Sa kalagitnaan ng biyahe, napagdesisyunan namin na mag-*stopover* muna sa isang gasolinahan para gumamit ng palikuran. Naisip rin namin na dito na mag-aagahan sa isang restoran bago kami magpatuloy sa biyahe. Napili namin ang restoran na ito dahil paborito ni Kuya Pao ang mga pagkain dito, lalong-lalo na ang pritong manok at spaghetti. Sa pagpasok namin sa restoran, sinalubong kami ng malamig na aircon, katakam-takam na amoy ng prinitong manok at ilang matang sinusundan ng tingin si Kuya Pao. Akala mo'y nakakita ng sikat na artistang pumasok sa restoran. Ang sarap sanang isipin na na-starstruck lamang ang mga ito kay Kuya Pao. Ngunit pagtataka ang ipinipinta ng kanilang mga mukha't mata habang pinagmamasdan ang bawat kilos ni Kuya Pao.

Hindi ko maiwasang isipin ang mga tanong na maaaring tumatakbo sa kanilang isipan. *Bakit kaya niya iwinawagayway ang kayang kaliwang kamay? Bakit kaya siya lumulundag-lundag? Bakit kaya siya may suot na pantakip sa tenga?* Sa loob ng ilang taon naming pagkain sa iba't ibang restoran kasama si Kuya Pao, ganito palagi ang sumasalubong sa amin. At nakapanlulumong isipin na tila hindi naman nabawasan ang mga matang nakatingin. Hindi nabawasan ang pagtataka sa mga kilos ni Kuya Pao.

Sa isang mahabang mesa kami naghintay ng aming *order*. Si Kuya Pao naman ay *behave* lamang sa kaniyang upuan habang patuloy na iwinawagayway ang kamay. Katabi niya ang kanyang ina na si Tita Amy, at ang kanyang ama na si Tito Mike. At dahil malapit ang mesa namin sa *glass wall* ng restoran, kita at rinig namin ang mga nangyayari sa labas. Sa aming paghihintay, may isang *big bike motor* na humarurot sa labas ng restoran. Binalot ng napakalakas na tunog ng makina ang aming pandinig. Si Kuya Pao ay napahawak sa kaniyang tainga upang takpan ito kahit na may suot siyang *ear defenders*. Bigla rin itong tumayo at galit na humiyaw dahil sa iniwang ingay ng motor. Napatingin ang halos lahat ng kumakain sa restoran kay Kuya Pao. Habang kami nina Tita Amy ay pilit na pinahihinahon si Kuya Pao mula sa meltdown na nararanasan nito.

Madalas talagang mangyari ang *autistic meltdown* kay Kuya Pao kapag na-o-*overstimulate* ang *sensory* nito, lalong-lalo na ang kaniyang pandinig. Kaya nagkakaroon ito ng *explosive reactions* tulad ng pagsigaw, pag-iyak, o pagpapakita ng agresibong kilos.

Habang pinakakalma si Kuya Pao, napatingin ako sa mesa sa aking gilid. May apat na kabataang nagpipigil ng tawa habang nakatingin kay Kuya Pao. Sa isang mahinang boses, sinabi ng isa sa kanila ang katagang nagpainit sa aking tainga, "Parang si Boyet." Sabay bungisngis nito.

Sa puntong iyon, nangibabaw ang siphayo sa akin kaysa sa galit. Pagkat paano ko ba ipapaliwanag sa mga taong ito ang kondisyon ni Kuya Pao. Paano ko ipapaliwanag ang pakiramdam ni Kuya Pao, na parang sasabog ang ulo nito sa tuwing nakakarinig ng malakas na harurot ng motor?

Mula sa nangyari, napagtanto kong marami pa rin ang hindi malay sa ASD o Autism Spectrum Disorder. At hanggang ngayon, katawa-tawa ito para sa kanila, tulad ng paglaybel kay Kuya Pao na Boyet. Kahit may pagtatangka na ang midya na buksan ang kamalayan ng mga Pilipino tungkol sa mga *neurodivergent individuals*, hindi naging matagumpay ang ilang representasyon nito katulad ng karakter ni Boyet. Tulad ni Kuya Pao, may *mild autism* din si Boyet.

Kamakailan lang ay kinondena ng Autism Society Philippines ang *#BoyetChallenge* na kumalat sa *social media*. Layon kasi ng challenge na magpatawa, sa pamamagitan ng panggagaya sa paraan ng pagsasalita ng karakter ni Boyet sa teleseryeng My Special Tatay. Ayon sa Autism Society Philippines, dahil sa pagkalat ng challenge na ito, ginagamit na ang terminong "Boyet" bilang isang *euphemistic insult* sa mga indibidwal na may *autism* at *intellectual disability* tulad ni Kuya Pao.

Mula rito, makikita na sa paggawa ng ganitong palabas ay mahalagang magkaroon ng *extensive research* ang mga manunulat tungkol sa iba't ibang *exceptionalities* lalo na

kung ang layunin ay bigyang boses ang mga indibidwal na may *autism spectrum disorder*. Sapagkat kahit magkatulad ang diagnosis ng ilang may autism, at maaaring may pagkakapareho sila, mayroon pa ring pagkakaiba sa sintomas. Ito'y dahil magkakaiba ang kaso ng bawat may *autism*. Bagaman maganda ang hangarin ng mga palabas na ito, nangangailangan ito ng masusing pananaliksik at malalim na pagkilala sa autism upang mas epektibong maipakita sa manonood ang adbokasiya.

Sa wakas ay nakarating din kami sa Brgy. Cumba sa Lipa. Payapa at malayo sa anumang ingay ang maliit na barangay na ito. Napakasarap langhapin ang sariwang hangin dito. Siguro'y dahil na rin sa dami ng mga puno at halaman. Mainit din ang pagsalubong sa amin ng mga kamag-anak, lalong-lalo na kay Kuya Pao. Kinakamusta siya ng halos lahat ng mga tiyuhin at tiyahin namin. Binibigyan pa ng mga paborito niya pagkain.

Sa naging biyahe naming ito patungo sa Brgy. Cumba, napagtanto ko kung bakit espesyal ang bawat biyahe para kay Kuya Pao. Ito ay dahil malaya siya ritong magagawa ang gusto niyang gawin. Malaya siya sa mga ingay. Malaya rin niyang naiwawagayway ang kaniyang kamay, lumundag-lundag dahil sa saya at mag-voice stimming nang walang matang humuhusga sa kaniya.

# Kon Makabueong Gid Man sa Gihapon: Ang Bueong ng mga Ati sa Aklan

*Lari Sabangan*

Hindi pa man nakatitilaok ang mga manok, nakahanda na sa pag-alis ang mag- inang Ati na sina Bangge at Stephanie Jane. Tangan ang mga bueong o gamot upang ilatag sa sidewalk sa may Cathedral. Tangan ang mga nilikhang bueong upang maging lunas ng mga parokyanong mamimili. Kani-kaniyang pili ang mga nakikipagsapalaran. Kani-kaniyang usisa sa paggamit at kani-kaniyang tawad din.

*Maninindang pamilya ng Ati sa isang puwesto sa gilid ng kalsada sa Kalibo, Aklan na naghihintay ng mga mamimili ng kanilang ginawang mga bueong (gamot).*



Kakatuwang masdan na ang mga puwesto ng mga Ati ay nasa mismong harap ng mga botika. Tila nanghahamon kung alin ang mas pipiliin at kung alin ang mas nakagagaling. Ngunit may binibigay na laya sa pagpili kung ano ang tatangkilikin. Ang ipinapahid mga tradisyunal na sangkap mula sa mataas at masukal na bahagi ng bundok at kailaliman ng dagat o ang mula sa mga ekspertong bumuno ng karunungan upang makalikha ng mabisa, ligtas at siguradong gamot. Isang malaking katibayan ng kabisaan nito ang pagparoo't parito ng mga tao.

Gayon na lamang ang pagpapakita ng tiwala ng mga mamimili na ikagagaling nila ang bawat pagpahid at pag-inom o pagsukbit ng mga bueong na ito. Buo ang pananalig nila na kahit ang COVID- 19, Delta man o Omicron, ay walang magiging lugar .

Hanggang ngayon ay sariwa pa rin ang takot at pangamba kahit saang sulok igala ang paningin. Sa pakiwari ko, kahit papaano ay naibsan na ang pananabik na muling mailagay ang kanang kamay sa dibdib at muling awitin ang Lupang Hinirang nang buong tapang at walang takot at alinlangan. Hindi takot na muling maihimig ang "...ang mamatay ng dahil sa 'yo" dahil sa pagbabalik sa hindi gaanong "normal." Sa banta ng pandemya, buhay ang naging prayoridad ng lahat at walang sinuman ang magnanais na dagling mabawian ng buhay dahil lang sa karamdaman. Naalala ko ang ilang bigkas ni Simoun sa "*El Filibusterismo*. "Walang halaga ang buhay na hindi iniukol sa dakilang layon" (Kabatana 7 - Si Simoun, p. 65). Sa kasalukuyang kaganapan sa paligid, mas lalong tumingkad ang pagpapahalaga sa buhay. Lunas ang inaapuhap ng lahat upang maibalik ang dating sistema't disposisyon sa buhay. Muling paghilom ng mga alaalang nawakasan, mga karanasang mistulang nakitil ng pagkakataon at mga oras at panahon na ibinaon lamang nang panandalian. Naghahangad na magamot ang minsang pagkalugmok ng isipan at makalaya sa mga kalabang hindi makita saan man bumaling at kahit na maihanda pa ang pinakamainam na mga baluti.

Lunas ang kailangan, hindi paniniil. Ilan ito sa sinisigaw ng nakararami. Mga tsuper na natigil ang pasada, mga maninindang napilitang magsara ng puwesto, mga manggagawang napaalis sa pinapasukan at lalo na ang mga namatayan ng mahal sa buhay. Sino at ano kaya ang makapagbibigay ng paghilom. Naghihintay kaya tayo sa wala at umaasa lamang sa kawalan. Sa pagtahi-tahi ng mga pagtinging ito ay hindi maiiwasang bumalik sa kasalukuyang realidad. Matulog nang may pangamba at muling gumising nang may takot sa lahat. Maging ako ay nangangailang ng lunas. Ng paghilom.

**Kalibutan/**Kabatiran

"Lintik na Paracetamol 'yan!" Sino ba naman ang hindi matataranta at maiinis kung ang dating binabalewalang gamot noon,  instant celebrity na ngayon. Nitong mga nakaraang araw,  marami ang muling nakaramdam ng hilo hindi lamang dahil dulot ng sintomas ng bagong variant na Omicron, nahilo rin ang mga tao sa kakahanap ng paracetamol dahil halos karamihan ay sabay-sabay na trinangkaso. Mula sa maliliit hanggang sa malalaking botika, mapa-branded man o generic ay nagkaubusan.

Mula sana sa pababang kaso ng mga positibo ay humigit pa sa triple ang nilundag nito sa bilang. Ang bagong variant ang naghari sa buong kapuluan, napanis naman ang Delta. Muli ring nabahala ang buong bayan kaya humigpit na

naman mula sa dating maluwag na paghihigpit. Samantalang nadagdagdagan naman ang mga binakunahan at nagpa-booster shot. Malamang sa takot. Takot sa gobyerno at takot sa sakit.

Nagmistula ring virus sa bilis ng pagkalat ang sunod-sunod na mga rekomendasyon, suhestiyon at lunas kuno na galing sa mainit pang diskusyon sa twitter, facebook at tiktok ng mga marites, ng mga pakialamero't pakialamera at nagmamagaling na mga indibidwal at grupo ukol sa pagsugpo sa pandemya.

Nariyang kumain ka lang daw ng isang piling ng saging, ngumuya ka ng luya o 'di kaya ay magmumog ng alak, ligtas ka na sa "veerus." Sa unang sipa ng pandemya ay nagkaroon na rin agad ng "panic buying." Ngunit ang iilan sa taumbayan ay panic lang, hindi man lang maka-buy. Bunga ng halos pagkaubos ng alcohol, disinfectant spray, face mask at face shield kaya ang ilan din sa ating mga kababayan ay kaniya-kaniyang diskarte ng D.I.Y. na mga PPE para sa  frontliners. Nariyang gawa sa plastik, sa container ng tubig, at kahit nga indigenous materials ay pinatos na rin. Mayroon ding nagmistulang chemist dahil sa pinaghahalu-halo ang mga kemikal upang maging alternatibo daw ng alcohol. May mga hindi rin nakuntento sa simpleng face mask lang. Kinulayan, dinikitan at pinatungan pa ng kung ano-ano para maging "in" pa rin daw sa fashion trend kahit na isakripisyo pa ang wastong paghinga.

Ngunit dahil sa kakulangan ng mga gamot at hindi kasiguraduhan sa ganap na kabisaan ng bakuna, isa sa mga naging solusyon ng iilan ang muling bumalik sa tradisyunal na medisina. Ang herbal medicine. Noong 2019, naidokumentaryo na sa *Kapuso Mo Jessica Soho* ang ilan sa mga diumano'y mga damo na nakapagpapagaling sa anumang uri ng sakit at lalo na sa COVID-19. Nariyan aniya ang Paragis na isang uri ng damong dinadaanan at tinatapak-tapakan lang ngunit nakapagpapahaba pala ng buhay. Hindi rin mawawala ang Bangkal na hugis at kahawig ng COVID-19 na tinitingnan siyang puno't dulo ng virus. Tila mga epiko at mito na lumaganap sa kapuluan ang mga kuwento-kuwentong ito. Maituturing na hindi lamang buhay na alamat sapagkat halos lahat ay naranasan at maisasaling-dila sa iba't ibang henerasyon.

Ayon sa ginawang pag-aaral ni Lua (2016) sa ilang pangkat dito sa Pilipinas gaya ng Kankanay, isang malaking usapin ang pagkakaroon ng sakit sa pamilya. Ayon sa mga tala sa mga kuwento, maaaring maitakwil ng pamilya o hindi matatanggap sa bayan ang magkaroon ng anumang sakit o karamdaman. Bahagya itong iba sa mga popular na epiko tungkol sa mga pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan laban sa mga halimaw at mga kakaibang nilalang gaya ng nasa "Indarapatra at Sulayman," "Biag ni Lam-ang," at "Hinilawod." Kaya naman sa panahon ngayon, survival matter ang gumaling sa sakit. Sa pag-aaral sa mito ng mga Kankana-ey,

sakit o karamdaman ang isa sa mga balakid ng mga tao upang makapagpatuloy sa kanilang buhay. (Lua, 2016)


Hindi ang mga tungkol sa pakikipagsapalaran ang iniikutan ng kuwento, sa halip ay ang pagtatamo ng matagumpay at payapang pamumuhay. Kaya naman paghahanap ng lunas ang pinakakailangan ng tao lalo na sa panahon ngayon. Ipinakikita nito na buhay ng tao ang pinakamahalaga. Malaking biyaya kung mapagtagumpayan ang sakit o humaba pa ang buhay.

Mapapansing mabigat na hinahangad ng mga salaysayin nila ang pagkakaroon ng maayos na disposisyon ng kalusugan at isa sa mga dapat matamo ay ang kagalingan. Malaking hadlang ang pagkakaroon ng karamdaman sa pagpapatuloy na mabuhay at mapatunayan ang pagiging kabilang sa komunidad. Marahil ito din ang umuugnay sa mga paniniwala ukol sa mga faith healer, babaylan, manugbutbot, mangkukulam, mambabarang, albularyo at iba pa. Dahil sa kagustuhang mapanatili ang maayos na kalusugan, nag-aasam ang bawat isa ng kagalingan kaya naman ginagawa, ginagamit o sinasampalatayanan ang kahit na anong kaparaan o paniniwala. Ang ritwal na isa sa mga paraang sinasaad, ayon kay Lua (2016), na mahalaga at kailangan ay ang pakikipag-ugnay sa mystical power na hindi makukuha sa pakikipag-ugnayan sa kapwa tao.Hindi maitatangging mayroon tayong mga kababayan na nagbabakasakali sa mga albularyo, hilot at  halamang gamot. Higit na talamak pa rin ang pagtangkilik sa mga diumano'y

makapagpapagaling sa mga sakit na galing sa mga albularyo o manugbueong o manugbutbot.

**Rong Sugid sa Pamueong/***Mga Kuwento Sa Panggagamot*

*Mag-asawang Ati na manininda ng mga bueong (gamot) sa Kalibo, Aklan*



Madalas silang dinadaanan, hindi pinapansin at minsan pa nga'y nilalayuan. Karaniwang tampulan sila ng tukso lalo na mula sa mga bata dahil sa kanilang maiitim na balat, kulot na buhok at may kakaibang punto at paraan ng pananalita. Sila ang mga Ati.

Hindi lang maiinit na mani at balut ang humahalina sa kahabaan ng kalsada sa shopping centre sa harap ng Cathedral sa Kalibo, Aklan, kumakaway din ang pumaparadang mga tiangge ng damit, hilera ng mga prutas at tinapay. Tampok din

ang iba't ibang kulay, hugis at laki ng mga gamot. Kapansin-pansin ang umpukan ng mga tao sa mga bangketang inookupa ng mga Ati. Nakahilera sa bangketa ang iba't ibang panindang gamot ng mga Ati tulad ng banyos, langis, carmen, panaming, sinamak at iba't ibang mga bato-bato, kahoy at kung ano-anong halaman, damo at nilalang pandagat. Tila lahat nag-uunahan ang lahat na makuha ang nais at kailangan nila.

*Ang iba't ibang bueong ng mga Ati sa Aklan*



Ito ang mga bueong o medisina ng mga Ati. Gamot ang ibig sabihin ng salitang bueong. Bulong sa Hiligaynon at agas naman sa Ilokano na kapwa, na gamot din ang ibig sabihin.

Katunggali ng busina ng mga tricycle sa kahabaan ng kalsada ang alok ng mga tinderang Ati. Mga manlilikha ng

mga bueong. Mga manlilikha ng lunas para sa mga umaasa ng kagalingan.

**Si Banggerahan**

Kakaiba ang unang araw ng aming outreach program sa Bulwang, Numancia, Aklan, isang Ati community. Bukod sa bigayan ng mga regalo at palaro sa mga bata, may higit na nakaagaw sa aking atensiyon – ang pangalang Banggerahan. Bangge o Angge na mula sa buong pangalang Banggerahan. Noong una kong narinig ang pangalan ng ale, inaamin kong natawa ako ngunit sa pagiging mausisa ko ay naitanong ko ang pinagmulan ng pangalan niya. Banggerahan na ang ibig sabihin ay lababo o hugasan o tapunan ng tubig sa paghuhugas. Nanay si Banggerahan sa tatlo niyang anak at lola naman sa apat niyang apo. Lahat sila ay purong Ati bagaman ang ilan sa kaniyang mga kamag-anak ay nahaluan na ng hindi Ati. Ito aniya ang ipinangalan ng kaniyang ina noong ipinanganak ito. Nasa tradisyon kasi ng pagpapangalan sa kanila na kung saan sila ipanganak ay iyon ang magiging pangalan nila. Ngunit hindi na ngayon, Stephanie Jane, Wilbert, Angie at Noben ang pangalan ng kaniyang mga anak. At ganoon na rin ang naisalin sa mga apo. Ayon sa kaniya, unti-unti nang napapalitan ang nakasanayang pamamaraan ng pagpapangalan. Ngunit hindi sa mga pamueong nila.

Isang beses sa isang buwan o kung mamalasin ay isang beses sa isang kwarter ng taon kung makapunta sa Madya-as ang pinakamatanda nilang lider sa grupo upang kumuha ng mga bato at sangang matatagpuan sa masukal na gubat sa bundok. Ayon sa matatandang Ati, pinoprotektahan ng mga makapangyarihang nilalang ang mga sangkap ng kanilang bueong. Ito ang nagbibigay ng lunas sa bawat pagpahid, pag-inom, pagsukbit o pagsabit.












Madyas-as. Pinakamataas na bundok sa buong isla ng Panay. Itinuturing bilang kalipunan ng likas na yaman at misteryo. Ganito ito kahalaga sa pagkakabanggit nito sa epikong Hinilawod (Jocano, 1955) bilang lunan ng mga makapangyarihang nilalang at lugar na mahiwaga para sa mga tauhan ng epiko. Higit na mamamalas ang ganda at tarik ng bundok sa lalawigan ng Antique at Iloilo. Isa rin itong perpektong lugar para sa mga hiker na nagnananais ng kakaibang pakikipagsapalaran sa kalikasan. Ginamit na rin sa iba pang mga salaysayin, kuwentong bayan at mito ang Madya-as bilang tagpuan. Tahanan ng mga diyos at diyosa, mga anito, maging ng mga babaylan o/at iba pang makapangyarihang nilalang.

Ang mga makukuhang sanga mula sa punong galing sa Madya-as at ang mga batong may kakaibang hugis at kinis ay agad na binabalot ng tela. Ginagamit ang mga ito bilang pangunahing sangkap sa mga bueong. Mayroon ding mga buto ng tanim at bunga. Ito yaong mga inilalagay sa langis at ang iba naman ay tinatalian upang maging kuwintas. Komplikado ang paghahanda ng mga bueong mula sa pagpili ng mga sangkap hanggang sa paglikha nito.

Mga kababaihang Ati ang gumaganap bilang mga manugbaligya o tagatinda ng mga bueong. Sa kanila rin nakasalalay ang pagtuturo ng paggamit ng mga bueong upang maging mabisa. Sila ang tagalatag sa mga mamimili ng bisa,

proseso at kasaysayan ng mga bueong. Sila din ang tagalahad ng kuwento kung paano tinutulungan ng mga makapangyarihang nilalang ang mga may sakit. Iniisa-isa rin nila ang mga sakit na maaaring mapagaling ng mga bueong. Nariyan ang mga sakit sa tiyan, pagtatae, sakit sa bato at atay, mayroon ding para sa puso, ang mga sakit sa balat, hilo, pagsusuka, at mayroon ding para sa malalalang sakit gaya ng kanser, diabetes o pneumonia, at hindi mawawala ang para sa mga sanggol bilang proteksyon. At ang pinakapalasak sa lahat ay ang para sa usog. Usog ang pinakakilalang karamdaman na ang misteryo ay nasa mismong mga Ati rin. Ang sinuman na gutom at nakipag-usap o nakisalamuha sa mga Ati ay maaari nilang mausog. Ang paniniwalang ito ay malaon nang laman ng mga debate kung gaano nga ba katotoo ang bisa ng usog o may kung totoo nga bang may usog. Mayroon pa ring panggigiit lalo na sa kasalukuyan sa ganitong pagtingin. Hindi aniya usog ang dahilan ng pagsakit ng tiyan, ito ay dahil sa gutom. Ngunit nananatiling matibay ang tindig ng mga Ati sa paniniwalac nilang ito na pinatutunayan diumano ng kanilang mga bueong. Mamimilipit sa sakit ng tiyan ng isang tao at ang tanging lunas ay laway ng isang Ati o di kaya ay ang mismong mga bueong nila. Kung gayun, isa ring paraan para bumili ng mga bueong sa kanila.

Mababasa sa aklat na *Ang Katipunan sa Aklan* ang kasaysayan ng mga babaylan sa panahon ng Katipunan bilang sanggunian ng martir na Aklan na siyang itinuturing na mga

makapangyarihang babaylan gamit ang mga anting-anting o panaming na likha ng mga sinaunang mga Ati. (Barrios, 2019)

Makagahum kung tawagin aniya ang mga matanda at makapangyarihang ninuno nila. Magpahanggang ngayon ay matibay pa rin ang pananalig ng mga Ati sa bisa ng mga bueong.

**Pagbueong sa akong panan-awon/***Paggamot sa aking pananaw*

Sa tuwing mapapadako ako sa Kalibo, hindi maaaring hindi ako mapalingon sa umpukan ng mga taong nasa bangketa, sa lugar kung saan dumadaan ang mga sasakyan at abalang paa ng mga tao. Narito ang mga puwesto ng mga Ati na abala rin sa paglalako ng kanilang mga paninda. May pagkakataong iniiwasan ko ang mga Ati sa daan sa personal na dahilan. May bulung-bulungan na sasakit ang tiyan kapag natinitigan ka nila. Hangga't maaari ay sa ibang daan ako bumabaktas para makaiwas. Natuldukan ang pag-iwas na ito nang dumating ang isang outreach program ng aming organisasyon sa eskuwelahan. Kailangan naming kapanayamin, kailangan naming makihalubilo, makipaglaro sa mga batang Ati, at kailangan naming pasayahin ang kanilang Bagong Taon.

Maaga pa lang ng Enero 5 ng taong 2019 ay hinanda na namin ang lahat ng kailangan at pinuntahan ang Bulwang, Kalibo, tangan ang mga lobo, pagkain, at higit sa lahat, ang mga regalo. Hindi naging madali sa simula ang pagtatawag sa kanila dahil likas silang mahiyain. Kailangan pa silang piliting

matipon-tipon. Kinailangan pang magalit ang lider ng kanilang komunidad bago sila pumunta sa lugar kung saan magaganap ang kasiyahan.

Nagkasiyahan, nagtawanan, nagkantahan, kumain at nagbigayan ng regalo. Natapos ang programa at umuwi kaming masaya ngunit may baong pagtataka. Hindi naman sumakit ang tiyan ko. Wala akong masamang naramdaman. Hindi totoo ang bulung-bulungan. Hindi totoo ang paninira sa kanila. At naalala ko rin noon sa bahay naming, kasama pa ang aming lola, na sa tuwing may lalagnatin akong pinsan, may pinapahid siyang lana (langis) na nakalagay sa botelya. May kasamang mga mga kahoy, batong maliliit, dahon ang lana. Kinaumagahan, wala na silang sakit. Kasabay na naming naglalaro at nalalakwatsa.

Hindi ko mawari kung anong mahika ang mayroon sa obserbasyong iyon. Inuugnay ko ito sa karanasan sa outreach, na sila ay naghahanapbuhay lang din at tumutulong na magbigay-ginhawa sa may karamdaman habang unti-unti ring binibigay ang ginhawa para sa kanilang sariling pamilya.

**Makabueong Ro Pamueong it mga Inati/***Nakagagamot na mga gamot ng mga Ati*

Hindi lamang kilala ang Aklan sa tanyag na isla ng Boracay at magaganda nitong pasyalan at tanawin. Marami pang dahilan upang taas noong ipagmalaki ng mga Aklanon ang probinsya. Bukod sa pangunahing hanapbuhay na paghahabi ng pinya, pagsasaka at pangingisda ay mas

lalong pinatitingkad ang lalawigan dahil sa angkin nitong pagpapahalagang kultural kaya naman binansagan itong "Mother of all festivals," ang Sto. Niño Ati-Atihan. Bukod dito, itinutring din ang Aklan bilang pinakamatandang probinsya sa buong bansa. Ito ay isa sa tatlong sakop na bumubuo sa isla ng Panay (Alcedo, 2010).

*Ilang mga gamot na lana (langis) ng mga Ati sa Aklan*




Isa sa mga ikinabubuhay ng mga Ati ang panggagamot o mas kilala sa tawag na "pamueong" bilang alternatibong lunas sa mga karamdaman ng katawan, pangontra sa masasamang elemento at iba pang uri nito. Nasa iba't ibang anyo at uri ang mga bueong gaya ng karmen na naglalaman ng maliliit na bato mula sa bundok ng Madyaas, isinasabit ito sa sanggol bilang proteksiyon sa masasamang elemento, ang sinamak ay isang uri ng langis na ipinapahid sa masasakit na bahagi ng katawan, at ang panaming na maaring mula sa bala o isang uri ng bato,

ginagamit ito bilang panlaban sa malas o sa masasamang espiritu. Pinaniniwalaang mabisang lunas ito sa lahat nang mga karamdaman ng tao at/o mabisa ring pangontra sa masamang elemento.

Umuugat ang mga bueong sa hitik na panitikan ng mga Ati. Mula sa kanilang mga kuwento ukol sa pagpapagaling ng mga makapangyarihang elemento at sa pagbibigay ng mga sangkap sa tuwing isinasagawa ang angkop na pagsamba. Maliban pa riyan, ang prosesong pinagdadaanan ng mga bueong. Higit na nakaaakit ang mga tila palamuti sa katawang ito. Mas matingkad, mas malaki at mas maraming laman ay mas mainam, mas mabisa.





Walang dadaang hindi hihipo. Walang hindi hihinto upang salatin ang mga kakaibang bagay na ito. Ang mga bueong na hindi hihindian ng mga may pananampalatayang gagaling. Gaya ng nabanggit, ang mga ito'y maaaring isabit sa kasuotan at ipahid sa mga masasakit na bahagi ng katawan. Dumadaan sa kakaibang proeso ang paglikha nila ng "bueong" na nagmula pa ang mga sangkap sa masusukal na kagubatan sa kabundukan at sa kailaliman ng karagatan. Binusising mabuti ang mga dapat at hindi dapat ilahok sa paghahanda. Pinakamainam din ang nararapat at inihihiwalay ang mga may kapintasang sangkap. Kailangang ganap at buo ang buoeng. Ang ilan dito'y dumaan sa mga orasyon o ritwal. Inihanda nang lubusan upang maging pinakamabisang lunas. Kung susuyurin pa, ang pinakamasidhing proseso ng paglikha ng mga bueong na ito'y kaakibat ang malalim na pag-uugat sa kultura at paniniwala ng bawat gumagawa. Ang mga bueong ay ang mismong mga Ati. Ang mismong mga manlilikha. Manlilikhang sa bawat paggagamot ay lumilikha rin ng pag-asa at pananampalataya kaya naman minsan ay may magbabago sa kanilang buhay. Dagdag inspirasyon upang magpatuloy at madugtungan ang hinaharap.

Sa kasalakuyan sa pagitan ng tunggalian ng kontemporanyo at tradisyunal na panggagamot, marahil ay kapwa nagtutulungan ang dalawang henerasyon upang matugunan ang ultimatum na kailangan ng tao. Lalo na sa panahon ng pandemia, sakit ang pinakanakatatakot na kalaban.

Ika nga nila, "wala namang mawawala" na subukan ang mga halamang gamot o mga banyos, higit na malaking kawalan kung hindi sumubok at ang hindi nananampalataya sa paggaling.

Naitampok na sa maraming mga pag-aaral ang tungkol sa mga halamang gamot at mga tradisyunal na pamamaraan ng panggagamot mula sa iba't ibang pangkat etniko sa bansa. Maituturing silang mga tagong yaman ng kulturang Filipino dahil sa Malaki nilang ambag sa larangan ng medisina, lalo na sa kontemporaneong panggagamot. Mga manlilikha ng lunas. Mga makapangyarihang manlilikha. Mga manugbueong.

Lahat tayo ay may personal na pagtingin sa usapin ng kalusugan lalo na sa kalunasan sa mga sakit, at isa lang ang sigurado ako, gagawin natin ang lahat madugtungan lang ang ating buhay at matamo ang kagalingan ng katawan. Ikalawang taon ako sa high school nang naoperahan dahil sa appendicitis. Kaliwa't kanan ang mga opinyon sa pinag-ugatan ng sakit. Nariyan ang nanuno dahil sa kakalaro sa kakahuyan, may kumulam na matanda, nakuha ang pananakit ng tiyan dahil sa pagpapagutom. Ilang araw ko ding tiniis ang pananakit ng tiyan, tanging ginhawa ko lang noon ang pagpahid ng langis, pag-inom ng kung ano-anong katas ng prutas, at pagtapal ng mga dahon. Isang bagay rin ang naalala ko habang dinadala na ako sa ospital para operahan bago pa pumutok ang aking appendix at bago kumalat ang lason sa loob ng katawan, ang

panaming. Isang uri ng bato at kahoy na nababalutan ng tela at nakasukbit sa damit.

Sa mga sandaling iyon, higit sa panaming ay kumapit ako sa panalangin na gagaling ako. Sandamakmak na gamot ang pinainom sa akin pagkatapos ng operasyon. At sa wakas, nalampasan ko ang kamatayan. Sa puntong iyon, maaaring ang panaming o ang gamot ang nagpahilom sa akin ngunit sigurado akong dahil iyon sa panalangin. Sa huli, pinagtagpo ang magkaibang pananaw, ang magkaibang paniniwala ngunit higit sa lahat, nasubok ang pananampalatayang gagaling anuman o alinman ang maging kaparaanan o gamot.



## Sanggunian


"Akeanon Phrasebook." *Wiki Voyage*, 29 January 2010, https://en.wikivoyage.org/wiki/Akeanon_phrasebook. Accessed 11 Dec. 2021.

Alcedo, Patrick. "Ati-Atihan: Mother of Philippine Festival." *InTensions | Performance, Revolution, Pedagogy: Theatre and Its Objects,* No. 4.0, York University, 2010, Canada, https://intensions.journals.yorku.ca/index.php/intensions/article/view/37357/1814. Accessed 11 Dec. 2021.

Headland, Thomas. "Agta Negrits of the Philippines."*Cultural Survival Publications*, 17 Feb. 2010, https://www.culturalsurvival.org/publications/cultural-survival-quarterly/agta-negritos-philippines. Accessed 12 Dec. 2021.

*Hinilawod: Adventures of Humadapnon*, Chanted by Hugan-an, nirekord at isinalin sa Ingles ni Jocano, F.L., E-Book, Metro Manila, Punlad Research House Inc., 2000.

GMA Public Affairs. "Katas ng paragis: Gamot sa Malulubhang Sakit." *Kapuso Mo, Jessica Soho Youtube*, 4 September 2017, www.youtube.com/watch?v=RSWhCO8hQsw.

Lua, Norma. *Myth in Traditional Kankanay Society*, Vol. 37, No. 2 (Second Quarter 1989), Quezon City, Ateneo De Manila University Press, 2016, pp. 145-173.

Malbas, Banggerahan. Panayam. Pinanayam ni Larry Boy Sabangan. 11 December 2021.

Malbas, Stephanie Jane. Panayam. Pinanayam ni Larry Boy Sabangan. 11 December 2021.

Mariano, Patricio. *Ang El Filibusterismo*, Kiyapo Maynila, I.R. Morales Publishing, 1911.

"The Mother of all Philippine Festivals: Ati-atihan." *Philippine Primer: The Expats' Guide to Philippine Lifestyle*, Primer Media Inc., 17 January 2016, Makati City, https://primer.com.ph/tips-guides/2016/01/17/the-mother-of-all-philippine-festivals-ati-atihan/. Accessed 11 December 2021.

# Debut

*Karl Montemayor*

Sa Pilipinas, 18 ang magic number. Pero para sa maraming mga Filipina, magical lang ito dahil sa kanilang debut.

Huli kong nakita si Nicole noong Marso ng 2020. Abalang-abala kami noon sa proyekto sa Science, dala-dala ang mga index card at nagtitimpla ng kape para mapainom sa mga guro (solvents and mixtures daw kasi). Dala ng quarantine, hindi na kami nagkita matapos ang araw na iyon. Minsan, masasalubong sa Discord, pero nahalintulad ko na ang aming koneksyon sa tipikal na pangyayari pagkatapos ng hayskul: napakatahimik at dahan-dahang lumalayo; nababatak. Numinipis nang numinipis hanggang tuluyan nang maputol. Ganoon talaga ang paglaki, batid ko, may nakamamatay man na virus o wala. Ngunit matapos ang dalawang taon, nagulat na lang ako nang imbitahan ako ni Nicole sa kanyang debut.

**Ano pala ang Debut?**

Doon ko lang unang nalaman ang kahulugan ng debut. "Birthday, but grander," sabi sa akin ng kaibigan kong si Jet. Inalala ko ang pagtungtong ko sa 18. Simple lang. Cake at bati lang ng mga kaibigan, kontento na ako. Napakagarbo pala ng bersyon ng mga babae. Pangkasalan ang venue, coat and tie pa ang dress code. Kung 'di ko maorganisa ni pakain sa kapitbahay, paano pa ito? "Ang unfair naman!" sabi ko. "Bakit kaming mga lalaki, walang selebrasyong kasinggarbo nito!" reklamo ko, bago kami magkasundo na 'di naman din kami magdedebut kung sakali. Nakakatamad. Mahal pa. 'Di naman kami mahilig magpabida, 'di tulad ni Nicole.

Hindi ko rin naman masasabing malapit na kaibigan ko si Nicole. Mas malapit pa siya kay Jet. Pumasok sila sa iisang paaralan sa Senior High. Kaibigan ng kaibigan ang mas turing ko kay Nicole, na kahit marami man kaming mga mutual friends, kami mismo, hindi ganoon kalapit sa isa't isa. Ngunit dala ng kabaitan at ng fear of missing out, napagpasiyahan ko na ring dumalo. FOMO siguro, dahil nasayang ang huling dalawang taon ng buhay ko; dahil natapos ang hayskul na walang pamamaalam sa mga kaklase ko. Kahit papaano, kahit sa isang gabi lang, ninais ko rin sigurong mabawi ang mga oras na nawala sa akin. Send-off. Ani nga: "Every new beginning comes from some other beginning's end."

Iba-iba naman ang magic number sa buong mundo. 15 sa Latin America, 16 sa US, 11 o 12 pa nga sa ibang kultura. Samu't sari din ang paraan ng paggunita. Ang Timog Amerika, siyempre, halos kahawig lang ng atin, 'yun lang, Quinceañera ang tawag sa kanila. Para sa Malaysia, mga Hudyo at Apache, kaakibat ng pagsapit sa tamang gulang ang malalim na pagdarasal at panunumpa. Sa mga taga-Ethiopia, isang baka naman ang simbolo ng pagkabata, na tatalunan nila para "malampasan." Litaw sa kalalakihan ang mga pagsubok ng tapang at tatag, gaya ng pagsuot ng mga kamay sa gloves na puno ng bullet ants para sa mga Satere-Mawe ng Amazon. Literal naman sa mga Vanuatu ang pagtalon sa katandaan: magba-bungee jump sila mula sa itaas ng isang 98 talampakan na tore nahawak lamang sa mga halamang baging. Isang mensahe ang nanginigbaw sa lahat, sa baka, sa tore, sa sayaw at pagdiriwang, wumawasak sa pader ng kultura nang marating ang mga tainga ng kabataan: "Hindi ka na bata. Handa ka nang harapin ang tungkulin mo sa mundo."

**Pangamba**

Masuwerte tayong hindi pagsubok ang tradisyong atin. Walang panel of judges. Hindi pupunta si Kapitan o si Mayor para manghusga kung sapat ka nang maging ganap na miyembro ng komunidad, o manonood ang nanay at tatay, nagdarasal na hindi sana madungisan ng kanilang mga anak ang mga pangalan nila. Hindi ka gigisahin kung may nagpasyang hindi ka pasok sa mga "pamantayan sa paglaki," sabihin na

lang natin na mayroong ganoon. Sa halip, nagdiriwang tayo. Pinagdiriwang natin ang katapusan ng kabataan na kaakibat ng pagsisimula ng buhay bilang mayor-de-edad, ang yugto ng pagsasarili. Atlis, ayun sana ang intensyon, na bunga ng kultura nating positibo at sadyang mapagmahal; bibihira ang mga magulang na kayang itakwil ang anak.

Ngunit mabuti man ang intensiyon, alam kong hindi pa rin nito maiibsan ang pag-aalala. Nariyan pa rin ito, anong lugar o kultura man ang kinalakihan mo. Palaging nariyan ang takot ng mga kabataan. Sa kaso natin, nakukubli ang mga hindi lantarang takot na ito sa likod ng kasiyahan at pananabik, ng sayawan at kantahan. Nakita ko ito kay Jet nang isinali siya sa 18 Roses, sa aking sarili, at sigurado akong pinagdaraanan din ito ng mga kabataang sumasampa sa magic number.

Mapapaisip ka na lang din kung mas malala ba ito sa mga taong nagde-debut. Paano mo man kasi tingnan, ang paglaki ay isang katotohanan na sadyang nakakatakot. Puno ng hinayang ang kinabukasan, lalo na't sa unang pagkakataon, inaasahang alam mo na ang dapat mong gawin. Marunong ka na dapat pumili ng tamang desisyon, pumili ng tatahakin mo sa buhay, dalhin ang sarili sa paraang makapagbabalik sa mga tao at lugar na pinagmulan mo. Ang bawat sambit ng "Handa ka na," ay may katumbas na "Handa na ba ako?" Sisiksik ang mga ito sa araw-araw na pagpapasya, at nakikisabay ang pag-

aalala mo tungkol sa kinabukasan, hinaharap mo ang lahat sa kasalukayan.

Siguro nga iyon ang iniisip ko noon kaya hindi ko agad napansin na nagpipigil ng tawa si Jet. May text si Nicole. Nanlamig ang mga kamay ko, at nagdasal ako sa loob-loob na hindi ngumingiti at tumatawa si Jet dahil sa iniisip kong rason. Tinanong ko siya, tumingin siya sa akin. "'Di raw makakapunta si Lester. 18 Roses ka na." Napamura ata ako, at humalakhak nang humalakhak si Jet sa pagkabalisang idinulot sa akin ng balita.

Moderno na ang debut kaya wala naman nang nagko-cotillion, sayang lang na hindi ako sinuwerteng matanggal sa tradisyon. 18 Roses para sa mga lalaki at 18 Candles para sa mga babae. Ito ang istandard. Mula rito ay maaring magdagdag ng 18 kung ano-ano pa. 18 Cupcakes, 18 Sparklers, 18 Gifts, 18 Shoes.

Sa 18 Roses, labingwalong lalaki ang mag-aalay ng rosas at isasayaw si Nicole. Mag-aalay naman ang 18 Candles ng maikling speech. Nakita ko sa imbitasyon ang iba pang mga 18 somethings: 18 Treasures na magbibigay ng regalo at 18 Blue Bills na magbibigay ng tig-isang libo. Mas pipiliin ko pa sanang maging 18 na kahit ano, o kahit 18 Everything, huwag lang 18 Roses. Mas pipiliin ko pang magbigay ng regalo, ng mensahe at ng sanlibong piso kaysa sumayaw. "Trauma" siguro ang dahilan kung bakit. Dalawang taon na kasi ang

nakaraan nang huli akong sumayaw, at sa JS Prom pa iyon. Ramdam sa kahoy na dancefloor ang alog ng pagtalon ng mga ka-batchmates ko, halos sinisigaw ang mga liriko sa "Huling Sayaw." Napaka-dramatic sana pero sa isang sandali, naisasayaw mo na si crush, at sa kasunod na sandali, umiiyak ka na. Unang heartbreak. Binalik-balikan ko ang buong araw na iyon at hindi mapigilang ikumpara sa bulwagang kinatatayuan ko ngayon. Hindi ito gaanong malaki, ngunit kahit papaano'y naging sapat sa mahigit kumulang na apatnapung katao. Mga kamag-anak, kaibigan, kakilala ng magulang. Ma-imagine mo: ganito karami ang naniniwala sa iyo, naniniwalang handa ka na at bibiyayaan ka ng kanilang basbas. 'Di pa natatapos doon. Hinalungkat ko pa ang asul na pantalon, long sleeves at coat mula rin sa JS. Wala naman na kasi akong masusuot pang iba. Dalawang taon nang nakatambak ang coat sa kabinet, hindi pa nalabahan mula noon. Pahirapan pa rin ang pagsuot sa sobrang pangit ng pagkakatahi ng kanang manggas. Masyadong mahaba pa rin ang necktie na nanggaling pa sa lolo ko, at kinailangan ko pa ng tulong nina Jet para maitali. Déjà vu tuloy ang naging dating sa akin, mula sa nakaraang pormal na selebrasyon patungo sa ngayon.

Mahilig nga talaga sa spotlight si Nicole, buong-buong ipinagdiriwang ang mga nakamit sa loob ng 18 taon ng pagkabuhay, samantalang iniisip ko na hinding-hindi ko pa rin ito magagawa kung ako ang nasa lugar niya. Selos ba ang tawag rito? Selos ba nang matanong ko sa sarili kung may tao

nga bang pupunta para ipagdiwang ang lahat ng nakamit ko? Na kung magkakaroon ako ng sariling debut, sapat nga ba ang mga tagumpay ko para pagpiyestahan? Kakayanin ko ba ang ginagawa ni Nicole ngayon na tila handang-handa sa lahat nang inaasahan sa mga nagmamayorya?

Silver ang suot niya, kumikinang nang kumikinang sa dami ng glitters, malumanay ang paggalaw sa harap ng mga camera, tila naaayon sa dahan-dahang pagpapalit-kulay ng mga ilaw. Hinintay ko ang senyas na umakyat sa entablado, inaalala ang mga ginawa ng mga naunang roses. Una ang bow, pangalawa ang rosas. Nag-hello siya sa akin. Pinilit kong ngumiti kahit kinakabahan. Sa kanan, hawak ang kamay niya at ang rosas. Sa kaliwa, ang baywang. Kinailangan pa niyang hatakin, masyadong mababa ang hawak ko sa baywang niya. Tingin sa kanya, tingin sa camera. Huwag kalimutan ang camera. Apak sa kanan. Apak sa kaliwa. Panandaliang kumustahan. Tiniyak lang ni Nicole na hindi na talaga ako tutuloy sa UST, kung saan siya nag-aaral. Hindi na, sabi ko, natanggap na kasi ako sa UP. Mabagal man ang piano, mabilis lang ang isang sayaw. Parang karaniwang araw lang ng hayskul. Parang isang gabi lang ng JS Prom. Matigas pa rin ang katawan ko. Para lang din noong JS, ninais ko lang na hindi madapa o makaapak. Naisip ko na salamin din ng pamumuhay ko ang disposisyon ko sa pagsayaw, hindi ko pa rin talaga ito magamay kahit lumipas na ang dalawang taon. Karaniwang maikli lang ang isang kanta, isang pagtatanghal, isang kabanata. Kailangang

pag-aralan, kailangang masanay nang makagalaw ayon sa musika at masabayan ang katuwang. Mga dalawang minuto at natapos na ang sayaw. Nang mapanood ko ang sarili ko sa video, doon ko lang nalaman na hindi pala diretso ang tayo ko. Para ata akong penguin, pagewang-gewang sa liit ng mga hakbang ko. Kinalungkot ko na hindi pala ako masyadong nagbago kumpara sa huli naming pagkikita. Hindi pa rin talaga ako marunong sumayaw.

**"Inuman"**

Mas mahaba pa pala ang dalawang taon. Gaya ng inasahan ko, maraming mukha ang nakita ko muli. Sa Benilde na pala si John, Architecture, medyo gulo-gulo lang ang buhok at walang necktie. Si Mae, Business sa NU. Hindi basketbolista si Bien na six-footer, Minecraft ang naging nickname sa napaka-defined na jawline at halos square na mukha. Medyo bumilog kaya hindi na pwede. Nag-aaral maging piloto sa PSCA, mas asul pa ang kasuotan kaysa sa akin. Masagana ang naging pag-uusap. Sa kolehiyo, sa hayskul, kay Nicole. Sa hirap ni Bien sa araw-araw na pag-uwi, kung kaibigan pa rin ba ni John ang ibang mga kaklase. Napag-usapan din ang ibang wala roon, naglaro ng matching type na expectation vs. reality. Si Ray, halimbawa, engineer na engineer, ninakawan pa ang Top 1 namin ng Best in Mathematics. Sinong mag-aakala na mapapadpad siya sa College of Education ng UST?

Kanya-kanya din kami sa pandedemonyo sa kinakabahang mga kapwa 18 Roses at 18 Candles. Kabadong-kabado si Mae nang ilang beses na hindi matawag ang pangalan. May photobooth at buffet, iskrin sa harap at mga umiikot-ikot na cameraman na gumagawa ng film. Nagulat na nga lang kami na mayroon nang finished product bago pa matapos ang programa samantalang kani-kanina lang ay kumukuha lang sila ng footage. Dalawang beses din nagpalit ng gown si Nicole bilang pagmamarka ng bagong segment ng programa, isang puti at isang itim. Ang pangalawang gown, dinaig pa ang mga Disney princess kung makasayad sa sobrang haba. "'Di pa raw siya ready sa lagay na 'yan," uyam ni Mae. Pinasaya ang mga bisita, pinarampa ang mga tita sa 18 Treasures habang naglalakad sa entablado. Nakakabuhat-damdamin din nang kumanta si Nicole ng "Can't Help Falling in Love" habang sinasayaw ang ikalabingwalo sa 18 Roses, ang kaniyang ama. May intermission pa na song number ng kanyang ina at dance performance mula sa nakababatang kapatid. Pumila naman kaming mga Roses at Candles sa cocktail bar.

Hindi pa ako nakainom sa buong buhay ko. 'Di ko naman din ito pinangarap at hinintay. Ni hindi ko pa nga nalaman na may alkohol pala ang mga cocktail hanggang matanong kay Mae. Ngunit darating at darating din ang oras na iinom ng alak ang isang tao, kaya't banggit ko sa sarili, "Bakit hindi ngayon?" at sumabak sa roleta ng eeny-meeny-miney-mo.

Wala akong alam sa mga pangalan na nakita ko kaya nagdasal na lang ako na hindi sana malasing kung sakali. Habang pumipili, ala-takure si John at ang kasama niyang si David sa pagpipigil ng tawa. Tinuturo nila ang nasa ilalim ng menu. Gusto raw nila ng "Blow Job." Halatang hindi pa rin nakainom ang mga ito, nagdalawang-isip ako kung mahihiya ba ako para sa kanila o hindi. Lumapag ang paningin ko sa Mango Mojito. Mahilig kasi ako sa mangga. Inalog-alog ng bartender ang mga kasangkapan. Ganoon pala makipag-cheers hawak ang tunay na alkohol at hindi lang juice tuwing may mga pagsasalu-salo sa pamilya. Hindi nga lang gaanong kalaki ang baso, at parang mango juice na nilagyan ng Mentos ang lasa. Hindi naman sinuwerte sa roleta si Jet. Nahihilo na daw, halos di pa nga nakalahati ang Gin Calamansi. May onting pagmamalaki sa ako sa loob-looban na kinaya kong ubusin ang isang baso na iyon. Hindi ko na kinailangang pilitin pa ang sarili. Senyales ba ito na kahit papaano'y handa na ako sa buhay pangmatanda? Na handa na akong tahakin ito? Kahit kaunti lang? Maya-maya'y nalaman ko na sinuwerte lang pala ako. Hindi pala matapang ang Mojito. Samantalang itong si Mae, nakatatlong balikan ata para sa Gin Calamansi.

**Paglaki**

Medyo OA o cliche na tawaging panaginip ang huling dalawang taon. Parang hindi nangyari. Parang hindi totoo. Parang natulog lang ako noong huling araw na iyon ng hayskul sa pagod kakamadaling ipasa ang mga proyekto,

nagising na lang muli ngayon sa bagong reyalidad na hindi ko pa rin magamay. Kilalang-kilala ko pa rin ang mga mukha nina Bien, Nicole, John at David. Ngunit pagkatapos nila, mga frankenstein na ang mga nakilala kong kamag-aral, guro at karanasan. Frankenstein na pinagtagpi-tagpi ng utak ko mula sa alaala nila. Pamilyar, siguradong naramdaman ngunit dagliang nawawala at walang iniiwan. Mananatiling palaisipan kung anong klaseng buhay ba ang mayroon ako ngayon kung naging iba ang mga sitwasyon. Marahil, grumadweyt ako sa ibang paaralan. Siguro, mas naging kalapit ko pa sila Jet at Nicole kung naging kaklase ko sila. Siguro iba ang mga sanaysay na maisusulat ko o baka nama'y mas malalaking problema ang haharapin ko ngayon, at iyon ang mga maisasaletra ko. Habang kausap ang mga dati kong kaibigan at kaklase, natanong kong muli sa sarili kung ganoon din ba ang iniisip nila. Hindi ko ginusto ang kawalan ng pagbabago sa buhay ko, pero napansin ko rin kalaunan na sa pagkalayo-layo man ng aming mga landas, sila mismo parang hindi rin nagbago. Hindi ko ito inasahan. Muli kong nilaro ang expectations vs. reality matching type para sa mga naririto ngayon. Malakas ang loob at mahilig makipag-usap si Nicole, si John at David na mukhang matalino sa tikas at galaw, pero masiga pa rin sa loob-looban. Si Bien na matangkad ngunit mahiyain, si Mae na minsa'y mapang-asar, minsa'y masarap asarin, si Jet na malas. Ako na matigas ang katawan. Halos tugma lahat, mula sa huli kong pagkakatanda sa kanila hanggang sa ngayon.

Iniisip din siguro nila kung bakit tila walang nagbago, o nakikipagtalastasan sa mga palaisipan na bersyon ng kanilang mga sarili kung hindi nanakaw ang huling dalawang taon ng pagkabata nila. O baka naman hindi. Siguradong hindi inisip nina John at David ang pagiging adult nang pigil na pigil sila sa pagtawa dahil sa Blow Job, o nang tumawa sila sa harap mismo ng bartender nang magbuhos ito ng puting likido sa paggawa ng cocktail. O nang mag-agawan sina Jet at Mae para ma-delete ang video ng nakakahiya niyang 18 Candles speech. Malamang hindi rin ako nag-isip nang sumama ako kila Jet sa pagsuot ng shades sa lahat ng litrato na kasama si Nicole. Ayun, nagmukhang bodyguard tuloy kami. Marahil mayroon ding mga bagay na hindi magbabago, o kahit papaano, hindi muna magbabago.

Tulad ko rin siguro sila, nawalan ng dalawang huling taon ng pagkabata. Marahil ang kawalan ng pagbabago sa mga ugali namin, ang pagmimistula naming mga bata at tanga, ang sarili naming pagpupumiglas sa reyalidad na iyon. Hindi namin natapos ang pagkabata kahapon kaya tatapusin namin lahat ngayon.  O siguro'y hindi. Baka wala lang talaga silang pakialam sa mga pangamba at takot na kaakibat ng paglaki, o sa mga pagkakataon na nagpapaalala sa kanila na "Hindi ka na bata." Baka wala naman din silang planong baguhin ang sarili para maituring na mas adult. Alinman sa dalawa, parang hindi lang talaga kami nag-isip ngayong gabi. Parang kabalintunaan na

ganito kami kumilos sa seremonya dapat ng pagmamayorya, ng paglaki at pagtanggap ng mga tungkulin.

Subalit ang pagtatapos, kasingbilis lang din ng biglaang pag-imbita sa akin. Hindi matulain ang pamamaalam kundi mga simpleng pahayag lang. "Bounce na ako, guys," "Oy, pakamusta kay Joseph ah!" at umalis na si John. "Ingat ah!" at humiwalay na sa amin si Bien sa lobby.  Siyempre nanatili si Nicole sa venue, kinakausap pa ang mga panauhin.  Sumakay si David sa kanilang sasakyan sa parking lot,  sumabay ako kila Jet at Mae pauwi. Tapos na. Babalik na kami sa karaniwang mundo, sa kanya-kanya naming mga klase at dedlayn. Una akong naihatid kaya naudlot ang pag-uusap namin tungkol sa susunod na pagsasama. "Sa Pasko ah!" sabi nila. Makasisigurado ako na makikita ko muli ang dalawang ito at si Nicole. Ngunit si Bien at si John, hindi ko na alam kung ilang taon muli ang lilipas.

Narinig kong muli ang mga boses. "Hindi ka na bata." Bumalik ang mga pangamba. Sapat na ba ang nakamit ko? Kailan ko pa ba matatanggap na tapos na ang kabataan ko? Natatakot pa rin ako sa paglaki. Naalala ko na hindi pa rin ako marunong sumayaw, isipin na lang natin na ang buhay sana ang ritmo, at napag-iiwanan na ako ng ibang ka-edaran ko. Hindi pa rin ako umiinom, at lalong hindi ko pa rin alam ang landas na tatahakin ko. May bersiyon siguro ng sarili ko na nagagawa na ang lahat nang ito, at hindi ko mapipigilang habulin sana siya at tanungin: Paano maging ikaw? Ngunit naalala ko rin ang mga

naging resulta ng expectations vs. reality, ang pagmungkahi ko sa ideya ng pagsuot ng shades sa mga litrato at ang kagustuhan kong tumawa rin sa BlowJob, ang lahat ng kalokohan na ginawa namin sa debut. May tumugon sa mga boses, mahina ngunit nagpagaan kahit papaano sa pakiramdam ko. "Ayos lang. Wala ring natututong tumatanda sa loob lang ng isang gabi."

# Ms. Little Amerika

*Ericka Mae C. Cruz*

Kahit pa siksik na siksik na ang napakaraming Vulcaseal noon sa mga butas sa lapag ng bahay namin at nagdakot kami nang nagdakot ng maruming tubig, umabot pa rin hanggang sa leeg nang baha noong sumalanta ang malakas na habagat noong 2013. Pagpatak ng tag-ulan tuwing may bagyo, talagang binabaha ang Barrio Barretto. Matatagpuan kasi ito sa norteng dulo ng Olongapo City, isang siyudad sa Zambales na isang probinsya naman na katabi ng West Philippine Sea. Gayunman, hindi ko nakakalimutan ang baha nang araw na iyon sapagkat dahil doon ay natiwas lahat ang mga laruan at libro namin, pati na rin ang lahat ng mga paninda ng Lola ko. Bago iyon, agad kaming lumikas nang maging hanggang bewang na ang taas tubig. Una, tumuloy kami sa mas mataas na bungalow ng kapitbahay namin. Labinlimang minuto kaming naupo roon hanggang sa pati sa kanila ay nagsimula na ring bumaha – umabot hanggang sa tuhod. Naalala ko noong pasigaw na nag-uusap ang Lola ko, ang kapitbahay

naming buntis (na nakatira sa tinutuluyan namin), at ang isa pang kapitbahay naming lalaki (na nakatira naman sa kabilang dulo ng bakuran). Pinag-uusapan nila noon kung paano kami itatawid sa kabilang bakod upang lumikas sa 2nd floor na bahay na nirerentahan ng kapitbahay naming Kano bago pa umabot sa leeg ang baha. Literal kaming iniakyat sa bakod. Hindi ko na maalala kung ilan ba kami, basta ang natatandaan ko ay inuna kaming maliliit. Ako, ang kapatid ko, at ang mga kapitbahay namin.

Nang marating ko noon ang huling hagdan ng second floor, doon lamang ako nakahinga nang maluwag. Takot na takot pa naman akong magkaroon ng leptospirosis o kaya naman ay makagat ng ipis na palangoy-langoy sa baha. Iyon nga lang, dahil nga Kano ang may-ari ng tinuluyan namin, iba ang naging warm welcome niya. Warm enough na iyong pinapasok niya kami sa bahay niya. Hindi naman sa nagrereklamo ako, sadyang dahil na rin siguro sa cultural differences kaya hindi man lamang kami hinainan ng biskwit, kape, o gatas. Siyempre hindi na rin nakagugulat – wala ring naging pa-lugaw o kung ano man. Ang isa pang hindi nangyari ay kamustahan. Naalala ko noong makapasok kami sa bahay, nakangiti lamang siyang tumango at agad na isinarado ang pinto ng kwarto niya matapos siyang pumasok sa loob nito. Ang isang mas batang Filipinang kasama niya sa bahay, na unang beses ko lamang nakita, ang panandaliang nangamusta sa amin.

Matagal na naming kapitbahay ang Kano na iyon. Tawagin na lamang natin siyang John. Kahit napalilibutan ng mga Pilipino, sa totoo lang ay hindi siya kakaiba sapagkat mayroon naman talagang mga Amerikano sa Barretto, Olongapo City. Normal lamang iyon. Iyon ay dahil na rin sa lapit ng mini city na ito sa Subic Bay U.S Naval Base na matatagpuan din sa Olongapo City, Zambales. Mas kilala na ng  mga taga-Zambales ang lumang base militar ngayon bilang Subic Bay Metropolitan Authority o SBMA. Sa mga taga-labas naman, mas kilala ito bilang Subic. Kung taga-labas ang magtatanong sa mga taga-Zambales kung saan ang Subic, tiyak na magkakalituhan. Ang tunay na Subic kasi sa Zambales ay isang municipality, katabi ng Barretto. Ito rin ang kasunod na bayan ng Olongapo. Balwarte ang ng mga Khonghun ang Subic Town – ang pamilyang kinabibilangan ng nobyo ng artistang si Aiko Melendez. Sa Subic Bay o sa SBMA naman matatagpuan ang base militar ng mga Amerikano. Kabilang din ang SBMA sa pamamahala ng Olongapo City na tanyag din bilang dating balwarte ng pamilya ni Dick Gordon (hanggang sa tuluyan silang tinalo ng mga Paulino).

Bukod sa pagiging lungsod na pinanggalingan ng nag-iisang Pilipina na nanalo sa Miss World, pinakakilala rin ang Olongapo dahil sa mga Amerikano. Ang kahabaan ng kalsada ng barrio ay hanay ng sunod-sunod na mga bar, clubs, at beach resort na madalas ay puro Amerikano ang mga suki. Maraming-maraming Amerikano sa Barretto. Madalas ay makikita mo

silang bumibili ng limang balot ng Gardenia White Bread at mga alak sa mga grocery store na may aircon. Madalas, tatay din sila ng mayayaman kong kaklase. Madalas din ay asawa sila ng mga kapitbahay namin. Gayunman, karamihan sa kanila ay paminsan-minsan lamang pumupunta sa Pilipinas. Si John nga lang ang naiiba – retired navy at pensyonado na kasi siya noon kaya doon na siya nakatira. Para naman sa ibang mga pamilya sa kalye namin, alam na alam ko agad tuwing mayroong uuwing asawang Kano ang mga kapitbahay namin. Nagsisimula kasi ang tsismisan nila sa tindahan ng Lola ko.

Madalas na sinasabi ng mga tindera sa amin na paborito raw talaga nilang mamimili iyong mga kapitbahay namin na may mga asawang Amerikano. Sila raw kasi ang tunay na may mga pera. Kahit daw umuutang ang mga ito ay agad din namang nagbabayad kapag nagpadala na ang kanilang asawa. Hindi raw tulad ng iba na kapag nangutang ay hindi na nila mahulaan kung kailan muling magpapakita ng mukha. Malakas daw ang tindahan kapag maraming Kano dahil malaki ang palit ng dolyar kumpara sa halaga ng mga itinitinda nila. Kaya naman maramihan daw kung mamili ang mga ito.

Malaking-malaki ang pasasalamat ng negosyante sa mga Amerikanong nasa Barretto. Ayon sa Lola ko, maraming may pera noong may base militar pa sa Subic Bay. Umabot ang perang ito sa maliit niyang tindahan at malaki ang naitulong habang pinapaaral niya sa kolehiyo ang Tito ko. Kaya naman

labis daw ang naging bwisit niya noong umalis ang mga Amerikano sa base at ginawa na lamang merchant port ang SBMA.

**Introduce Yourself Portion**

Nang matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig, super-duper friendly ang muling pagpapakilala ng mga Kano. Doon pa mas lalong pinaigting ng Amerika ang dapat na matagal nang itinigil na "pag-aalaga" sa Pilipinas. Ang lungsod ng Maynila ang naging pinaka-devastated na lungsod sa buong kasaysayan ng WW2, kasunod lamang ng Warsaw sa Poland (Farolan). Ang Olongapo City naman ay nasunog gaya ng iba pang nasirang mga bayan sa Pilipinas (Bamboo Project). Ayon sa record ng Avalon Project, ang alok noon ni Ms. U.S Congeniality ay package deal ng kalayaan, rehabilitation fund, Bell Trade Act, suporta sa militar at mga base militar na may kapalit na lease. Kung hihindi raw ang Pilipinas ay huwag daw mag-alala sapagkat bibigyan naman daw tayo ng 500 dollars consolation prize. Siyempre agad namang niyakap ng gobyerno ng Pilipinas ang package deal. Ang sikat na sikat na Bell Trade Act ay itinatag sa konstitusyon ng Pilipinas – hinayaan nito ang paggamit at pagnenegosyo ng mga Amerikano sa mga likas na yaman at public utilities ng bansa (mga kasaganahang may restriksiyon sa mga Pilipino). Ang Military Bases Agreement naman ay isinabatas noong ika-14 ng Marso, 1947 (*Message of President Roxas to the Senate on the Agreement Concerning American Military Bases in the Philippines*). Bukod sa pagiging friendly,

tila naging committed-type din pala si U.S dahil ang kontrata para sa MBA ay pang-99 na taon (noong unang beses na mapirmahan ito). Kasama sa agreement ang pagbubukas ng Clark Air Base at ng Subic Naval Base – ang pinakamalaking base militar ng Amerika sa labas ng kanilang bansa.

Itinala sa MBA na walang maaaring ipataw na restriksiyon ang Pilipinas sa Amerika pagdating sa mga base militar. Malaya ang Amerika na gamitin ang mga base militar sa kahit anong paraan. Malaya rin silang maglagay at mag-deploy ng kahit anong uri ng mga armas doon. Bukod pa roon, sila raw ang may jurisdiction sa mga krimeng magagawa ng mga Amerikano sa loob ng base militar.

Pagdating naman sa mga lokal na mineral resources, hindi raw maaaring ipagalaw ng mga Pilipino ang mga ito sa mga third party nang walang permiso ng U.S.A. "Friendly" man ang pakilala ni U.S, tila siya naman iyong tipong ng Regina George na kaibigan. Binago man noong 1961 ang katapusan ng agreement at inilipat sa 1991, itinuring pa ring mahalaga ang mga base militar sa Clark at Subic. Ayon kay Shalom, nakilala ang Pilipinas bilang springboard ng Amerika para sa kanilang mga Asian interventions. Sa kanila na mismo nanggaling na sa buong mundo, sa mga base militar sa Pilipinas sila pinakamalayang gumamit at gumawa ng kahit anong gusto nila.

Noong 1951, pinirmahan din ng Pilipinas at Amerika ang Mutual Defense Treaty – isa na namang pact of friendship

ng militar ng dalawang bansa na magagamit daw kung biglang magkaroon ng panibagong gyera (Avalon Project).

Hindi rin natin malilimutan ang paboritong bestie ng Amerika, ang diktador na si Marcos Sr. Noong Martial Law, naging magkabalikat si Mr. President at ang Amerika (Chapman). Magkabalikat sa pagpapatuloy at pagpapatindi ng pasismo at imperyalismo. Lumawig noon ang pang-aabuso ng mga Amerikano mula sa mga base militar laban sa mga karaniwang mamamayang Pilipino. Malayang-malaya kasi ang mga Kano, kaya naman, halimbawa, kung makagawa man sila ng krimen laban sa mga Pilipino at makauwi sa U.S bago pa man sila makasuhan, malaki ang tiyansang walang mangyayari sa kaso dahil sa kakulangan ng jurisdiction ng mga lokal na korte. Isinapelikula ang isyung ito noong 1976 sa "Minsa'y Isang Gamu-Gamo" kung saan nanggaling ang sikat na sikat na linya ni Nora Aunor na "My brother is not a pig!" na isinigaw niya sa mga kanong nanghihingi ng patawad sa karakter niya. Sa kuwento kasi, binaril ng mga tropang Kano mula sa base militar ang kapatid ng karakter dahil akala raw nila ay baboy ramo lamang ito.

Noong 1979, nagkaroon ng strike ang 20,000 na manggagawa sa Subic Bay dahil sa retirement pay demands (Haberman). Naitala ito bilang pinakamalaking strike sa buong kasaysayan ng bansa sa panahong iyon. Ginawa mang ilegal ni Marcos ang strike noon, nagmobilisa pa rin ang mga tabahador

sa loob ng Subic Bay dahil hindi naging malinaw kung sakop ba ng batas ng Pilipinas ang loob ng mga base militar. Natigil ang mga operasyon sa shipyard dahil ang mga mangagawa ay Pilipino (na siya namang kinasakit ng ulo ng mga Kano). Gayunpaman, sa linggo ring iyon, ipinarating ni Marcos ang hangarin niyang maging kaalyado ng U.S. Iyon ay dahil kasagsagan noon ng Vietnam War at paglaganap komunismo. Kaya naman, agad niyang ipinatagil ang strike sa pamamagitan ng pakikiusap (Chapman). Kailangan na naman daw natin muli ang Amerika. Maigi raw na tigilan na ang pang-aabala sa daloy ng Naval Base dahil kaibigan at kakampi daw natin ang mga ito.

Lumala ang mga isyung kinaharap ng mga mamamayang Pilipinong nakatira sa paligid nito, kabilang na ang sexual exploitation. Ayon sa Preda Foundation, isang charity NGO na naka-base sa Olongapo, naging laganap ang sexual exploitation ng mga US servicemen sa mga babae at bata (mula siyam na taon). Ibinalita ni Father Shay Cullen (founder ng Preda Foundation) ang mga kalakalang ito sa press. Ikinagalit ng lokal na pamahalan ang expose. Kinasuhan nila ng libel ang pari at nagbukas pa sila ng petisyon upang ipa-deport ito. Muntik na rin nilang ipasara ang foundation (na ligtas at tahimik na rehabilitation space). Hindi natuloy ang mga kaso at deportation ng pari at pagpapasara ng charity dahil sa suporta ng mga lokal at internasyunal na grupo.

Bukod sa militarisasyon at kalakip na mga abuso, nagkaroon din ng katuwaan ang mga Amerikano at mga taga-Olongapo noon. Ang Tatay ko mismo ay naging saksi riyan. Noong mga bata pa raw sila ng mga kaibigan niya, nagpupunta sila sa hanay ng beach sa Barretto at saka naghahanap ng mga Kano. Lalapitan daw nila ang mga ito at sisigaw sila ng "Throw coin! Throw coin!" Kung mapagbigay raw ang Kanong nilapitan nila, dudukot daw ito ng isang tansong quarter na dolyar mula sa kanyang bulsa at ihahagis sa dagat. Ang mga bata naman, kabilang ang Tatay ko, ay galak na galak na sisisid sa tubig hanggang sa mahanap nila ang barya. Tinanong ko noon kung bakit hindi na lamang binigay ng mga Amerikano ang barya sa kanila. Ang sagot ng tatay ko, "parang katuwaan lang naman." Hanggang ngayon naman ay hindi ko mawari kung ano ang nakakatuwa sa mga batang sumisisid nang sumisisid habang nakadilat hanggang sa mamula ang mga mata para lamang sa isang piraso ng barya. Siguro ay isa na naman itong "cultural difference" mula sa mga Amerikano.

**First Elimination Round**

Nang mapalayas ang mga Marcos sa Pilipinas (matapos siyang itakwil at sunduin din muli ng best friend niyang si U.S.A), sumakto ang administrasyong Aquino sa expiration date ng MBA. Ang hirit ng Pilipinas noon para sa renewal nito ay taasan ang halaga ng lease ng mga base at gawin itong 825M dollars taon-taon sa loob ng pitong taon, kontra sa gustong ibayad ng Amerika na 360M dollars taon-taon sa

loob ng sampung taon (Olson). Hindi rin umano nangako ang Amerika na hindi sila maglalagay ng mga nuclear na armas at weapon sa loob ng base. Dahil doon, sa unang pagkakataon, na-eliminate ang pwersa ng Amerika sa Pilipinas. Ni-reject ng administrasyong Aquino ang ratipikasyon ng treaty. Nang ibaba ang bandila ng Amerika sa Subic Naval Base noong ika-24 ng Nobyembre, 1992 (Branigin), sa unang pagkakaton, mula pa noong sinakop tayo ng mga Espanyol, lumaya ang Pilipinas mula sa kahit anong banyagang militar. Doon na rin nagsimula ang one-sided-beef ng Lola ko kay Ms. Aquino.

**Beauty Portion**

Nang umalis ang mga Amerikano sa Subic Naval Base, nag-iwan sila ng mga kalat na nakalalason, gaya ng mga pesticide, asbestos, at PCB, sa karagatan at lupa, na siyang pinagkagastusan pa ng 40M dollars para malinis nang tuluyan (Barber).

Ayon sa Subic Bay Metropolitan Authority, ang ama ni Dick Gordon na si Richard Gordon, alkalde ng Olongapo City noon, ang namuno sa conversion ng Subic Bay Naval Base sa pagiging isang ganap na Freeport Zone. Freeport zone ang tawag dito dahil ang mga negosyo at kalakal dito ay may tax incentives. Dagdag pa nila, maraming Olongapeño ang nag-volunteer upang mapreserba at muling buhayin ang lumang base militar para sa pagbabalik ng lokal na ekonomiya.

Noong ika-24 ng Nobyembre, 1996, sa ikaapat na anibersaryo ng Subic Bay Freeport Zone, naging host ang Subic Bay ng Fourth Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) Leaders' Summit. Dahil doon, nakaakit ng port ang maraming Asyano at iba pang mga banyagang negosyo at investments, gaya ng Federal Express (*Statement: President Ramos on his arrival at Subic Bay, Olongapo*).

Nagbukas ang mga shipping yard at factory na pagmamay-ari ng mga banyaga. Ang mga trabahador naman ay mga Pilipino, ilan sa kanila ay kumita ng minimum wage. Sa isang textile factory na pagmamay-ari ng isang Taiwanese nagkakilala ang mga magulang ko. Bukod sa kanila, ang iba pa naming mga kapamilya, kaibigan at kapitbahay ay nagtrabaho rin sa SBFZ bilang mga storeman sa mas maliliit na mga negosyo. Iyong iba naman ay naging mga taga-kumpuni ng mga barko.

Isinilang ako noong ika-24 ng Nobyembre, 2002, dalawang dekada matapos ang paglisan ng mga Amerikano sa Subic Naval Base. Gayunman, hindi ko rin nalasap ang panandaliang military independence ng bansa. Namulat ako sa mundo na may Kano sa kahit anong kalye sa Barretto. Namulat ako na normal na maraming Kano sa buong Olongapo. Namulat ako sa isang siyudad na pinakakilala pa rin dahil sa mga Kano. Noong 1998 kasi, upang mapanatili ang Mutual Defense Treaty, pinirmahan ng Pilipinas ang Visiting Forces

Agreement (VFA) kasama ang Amerika. Bahagi ng VFA ang pagbisita ng mga tropang Amerikano sa mga port sa Pilipinas, kabilang na ang Subic Bay, at ang paglulunsad ng taunang Balikatan Exercises o military training ng mga Pilipino at Amerikanong sundalo (Bueza).

Kaya naman, kahit pa hindi na hawak ng mga Amerikano ang base militar ng Subic Bay, malaking bahagi pa rin sila sa buhay ng mga taga-Olongapo. Dahil sa dami ng mga Amerikano at mga interracial na pamilya sa lungsod, masasabing nagkaroon ng Amerikanong kultura sa loob ng SBMA. Bukod sa mga steakhouse at diner na pang-Kano ang menu, ang mga tahanan sa loob ng SBMA ay maihahalintulad sa mga suburban na komunidad sa Amerika. Ang mga residential areas na ito ay matatagpuan sa Kalayaan at sa Cubi – parehong lugar na magubat ang paligid at layu-layo ang mga bahay. Tahimik din ang mga komunidad – wala kang makikitang mga tambay o mga batang naglalaro sa kalsada, at wala ring mga tindahan o kahit anong uri ng maliliit na negosyo. Makikita rin ang Americanized transportation sa loob ng SBMA dahil walang mga jeep o tricycle sa loob nito – ang meron lamang ay mga taxi at exclusive transport system na ngayon daw ay binabayaran na gamit ang Beep card. Kaya naman halos lahat ng mga naninirahan sa Kalayaan at Cubi ay may sariling mga kotse. Hindi na rin ito nakapagtataka dahil halos lahat naman ng nakatira roon ay mayayaman o kaya naman ay mga pamilya ng Amerikano. Kung lalabas ka sa

SBMA gate at lilibutin mo ang Olongapo City, na siyang isang pangkaraniwang lungsod, iisipin mong para ka na ring lumipad sa ibang bansa.

Dahil sa mga preserved na kagubatan at karagatan ng Subic Bay, sikat din ito bilang tourist spot. Andyan ang Zoobic Safari, Ocean Adventure, Camayan Beach Resort, ACEA Beach Resort, at kung ano-ano pang mga resort na dinadayo ng mga lokal at banyagang turista. Isa sa mga paborito kong atraksyon ang Subic Bay Yacht Club. Tuwing napapadaan ako roon, naiisip ko na para akong nasa Greece dahil sa dami ng iba't-ibang uri ng mga yate na naka-dock sa pantalan. Mayroong maliliit na vintage at mayroon ding mga moderno na ang porma. Gayunman, kahit pa sikat na sikat ang mga tourist spots na ito, ako mismo na taga-Olongapo ay hindi pa nakakapunta sa kahit alin sa mga ito. Mahal kasi ang entrance o booking fee. Sabihin na nating kalahati ng isang buwang sweldo ng Tatay ko para isang gabi. "So close, yet so far," ika nga.

Naging pang-araw-araw na parte rin ng buhay ko ang SBMA nang pumasok ako sa science high school. Nasa loob ng SBMA ang paaralan ko, sa linya ng Kalayaan residence, at nasa tuktok ng bundok at napapalibutan ng mga kagubatan. Nakakabighani naman talaga ang paaralan na iyon dahil napakapresko at walang kahit anong uri ng polusyon. Ang mga building ng paaralan ay dating mga American School. Mukha

tuloy pribadong paaralan ang mga silid-aralan kahit pa isa itong pampublikong hayskul.

Dalawa ang pinagmamalaki ng science high school na iyon. Una, doon nag-aral sa loob ng tatlong taon ang kaisa-isahang Miss World mula sa Pilipinas na si Megan Young. Pangalawa, labis din nilang ipinagmamalaki ang mga estudyanteng nalilinang sa agham at matematika. Ang mga kaklase ko roon ay kasalukuyang nag-aaral ng medisina at engineering sa mga prestihiyosong unibersidad sa Pilipinas. Iyon din ang dahilan kung bakit gumapang ang mga magulang ko para lamang mapag-aral ako roon – kahit pa napakamahal ng transport service at mga bilihin sa cafeteria. Ninais nilang magkaroon ako ng mataas na kalidad ng edukasyon. Sa pananatili ko roon, hindi lamang ako natuto kung paano gumawa ng walang katapusang research at mabuhay araw-araw nang limang oras lamang ang tulog, natuto rin akong mangarap na maging mayaman kagaya ng mga kaklase ko. Halos lahat ng mga nag-aaral doon ay anak ng mga negosyante, doktor, o mga pulitiko. Sila iyong mga suki ng Camayan Beach Resort at Yacht Club at mga residente ng Kalayaan at Cubi. Iyong mga nag-Ja-Japan o Europe tuwing bakasyon. Hindi na rin nakakagulat dahil ang pinakaprestihiyosong pampublikong paaralan sa buong Olongapo ay nakatayo sa tuktok ng bundok. At kagaya ng iba pang mga prestihiyosong lugar sa loob ng SBMA, nakareserba lamang ito para sa may mga pribilehiyo.

Sa huling taon ko sa hayksul noong 2020, muli kong narinig sa balita ang kaso ng pagpasalang kay Jennifer Laude. Naganap ito sa Olongapo noong 2014 (Abad). Pinaslang ni Lance Corporal Joseph Scott Pemberton ng United States Marine Corps sa Olongapo City ang transgender woman na si Jennifer Laude. Nangyari ito anim na buwan matapos pirmahan ang Enhanced Defense Cooperation Agreement o EDCA. Layunin ng EDCA na mas lalo pang pagtibayin ang relasyong militar ng Pilipinas at Amerika (Thayer). Pinahihintulutan ng agreement na ito ang extended stay ng mga tropa at hinahayaan din ang Amerika na magtayo at magkontrol ng mga pasilidad sa loob ng base. Kasama din sa agreement ang disaster relief mula sa Amerika.

Naging mainit noon sa mga taga-Olongapo ang kaso ni Laude. Iyon ang unang beses na halos araw-araw kong naririnig na nasa balita ang aming lungsod. Bata pa lamang ako noon ngunit sariwa pa sa aking isipan ang kasuklaman ng krimen at ang mga naging reaksyon ng iba't ibang mga grupo. Inisip ko noon ang mga kapitbahay naming babae na may mga asawang Kano. Inisip ko kung magiging ayos lamang ba si Wendy na kilala sa masarap niyang spaghetti at fried chicken tuwing birthday ng anak niya. O kung magiging ayos lamang ba si Lina na isang napakalambing na ina at mamimili sa tindahan. Siguro iyon ang mga unang pumasok sa musmos na isipan ko dahil iyon ang unang beses na nakarinig ako ng brutal na kaso ng pagpatay ng isang tropang Kano sa isang Filipina.

Sa huli, guilty of homicide lamang ang naging verdict kay Pemberton imbis na guilty of murder, at hinatulan ng sampung taong pagkakakulong. Muling uminit ang kaso ni Laude nang pinalaya ni President Rodrigo Duterte si Pemberton sa ilalim ng absolute pardon noong 2020 (Amnesty International). Iyon ay kahit pa halos anim na taon pa lamang siyang nakulong kontra sa sampung taon na desisyon ng korte. Hanggang sa parusa para sa brutal na pagpaslang, pinili pa rin ng gobyerno ng Pilipinas na kampihan ang kaibigan niyang Amerikano kaysa ang biktimang Pilipino.

**Question and Answer Portion**

Matapos ang desisyon ni Duterte na pirmahan muli ang pagpapatuloy ng VFA, kahit pa noong una ay nagpakipot pa siya, nitong Nobyembre lamang ay nagkita si Pangulong Marcos Jr. at U.S Vice President Kamala Harris (ABC News). Ito ay upang paigtingin ang relasyon ng Amerika at ng kanyang "little sibling." "Longest standing Asian-American relationship," ika nga. At syempre, saktong-sakto naman sa pagiging "friendly" ang demeanor ni Mrs. Harris na laging nakatawa nang malakas. Napakamasayahing tao ni Mrs. Harris. Kung susubaybayan mo ang mga interviews niya sa U.S at pati na rin ang outtakes ng pagbisita niya sa Pilipinas, mapagtatanto mo na para kang nanonood ng sitcom. Meron iyong video kung saan nasa plaza siya habang sinasayawan ng folk dance ng mga elementary students (na mukhang sumasayaw lamang para sa grades sa MAPEH), at iyong video kung saang binabati

niya ng hello, iyong isang buong linya ng mga mangingisdang may sunong-sunong na batsa sa katanghaliang-tapat. Sa sobrang friendly ni U.S V.P, halos malimutan ko na nandito pala siya para sa plano ng Amerika na magbukas muli ng mga karagdagang base militar sa Pilipinas. Minumungkahi nila ang gobyerno ng Pilipinas sa deal na ito, una, dahil tumataas ang tensyon sa West Philippine Sea, kaugnay sa territorial conflict at pang-aabuso ng Tsina sa mga mangingisdang Pilipino. Hindi raw maari na militar lamang ng Tsina ang rarampa at magpapasabog – dapat sila rin. Ang problema, best friend din ng gobyerno ng Pilipinas ang gobyerno ng Tsina. Sa sobrang close ay may personal na Mandarin greeting pa nga ang lokal na V.P kay Xi Jinping. Kung ang Amerika ay si Regina George, si Gretchen Wieners naman ang Pilipinas – hindi mo mawari kung kanino nga ba talaga kakampi (pero panigurado, hindi sa sarili niyang ikakabuti). Pangalawa, minumungkahi rin ng Amerika ang Pilipinas sa deal dahil may kapalit itong 100M dollars na foreign military aid (Reuters). Pondong tiyak namang magpapalakas sa AFP at sa administrasyong Marcos-Duterte. Nangyari ang U.S visit para sa isang q&a portion kung saan gobyerno ng Pilipinas ang contestant at ang tanong ay "yes or no" Tanong na matagal na ring tinatanong ng Amerika sa Pilipinas, at madalas ay "yes" lang naman ang nagiging sagot.

Para dito sa amin sa Olongapo, sabi nga ni SBMA chairman Rolen Paulino Sr., magugulat daw siya kung hindi muling bubuksan ang Subic Military Base, sakaling matutuloy

ang panibagong agreement ng U.S at Pilipinas (Kyodo News). Kung titingnan, maaring idagdag pa rito ang stratehikong lokasyon ng Subic Bay – ang pinakamalapit na base militar sa WPS. Tiyak na matutuwa na naman ang Lola ko dahil ayon sa kanya, mula raw noong naupo si Duterte ay wala nang pera pambili sa tindahan ang mga tao. Sa kabuuan, mukhang matutuwa rin ang mga negosyanteng Olongapeño kay Marcos.

**Crowning Portion**

Ako mismo ay manghang-mangha sa mga Amerikano noong bata pa ako. Naniwala ako sa lokal na ideolohiyang napakaswerte ko dahil naninirahan ako kung saan maraming Amerikanong namimili gamit ang dolyar. Gayunman, habang may presensya ang tropang Amerikano sa Pilipinas, patuloy na malalagay sa panganib ang pamumuhay ng mga Pilipinong nakatira malapit sa mga base militar. Higit sa lahat, patuloy rin na nababastos ang soberanya ng ating bansa.

Maraming katanungan ang sumasagi sa isipan ko. Patuloy pa rin ba na iaangat nang iaangat ng mga Amerikano ang kanilang mga sarili habang patuloy nilang nilulubog nang nilulubog ang mga Pilipino sa sarili nilang bansa? Kung sasaklolohan naman nila tayo matapos nila tayong lunurin, patuloy pa rin ba natin silang pasasalamatan? At ngayong naririto na ang ikatlong contestant na si Ms. Tsina, ano na lamang ang magiging premyo ni Ms. Little Amerika?

## Sanggunian

Abad, Michelle. "TIMELINE: The Killing of Jennifer Laude and Release of Joseph Scott Pemberton." *RAPPLER*, 11 Oct. 2022, www.rappler.com/newsbreak/iq/timeline-jennifer-laude-killing-joseph-scott-pemberton-release.

ABC News. "US Vice-President Kamala Harris Visits the Philippines as the US Seeks to Expand Its Military Presence." *ABC News*, 21 Nov. 2022, www.abc.net.au/news/2022-11-21/us-to-expand-military-presence-in-philippines/101681000.

"Absolute Pardon Granted to Pemberton an Act of Impunity." *Amnesty International Australia*, 10 Sept. 2020, www.amnesty.org.au/philippines-absolute-pardon-granted-to-pemberton-an-act-of-impunity.

*Agreement Between the Government of the Republic of the Philippines and the Government of the United States of America Regarding the Treatment of United States Armed Forces Visiting the Philippines*. Accessed 4 July 2023.

Barber, Ben. "Two Decades on, Philippines Struggles With U.S. Base Cleanup." *The American Legion*, Sept. 2012, p. 64.

http://www.mysubicbay.com.ph/about-us/brief-history

Branigin, William. "U.S. MILITARY ENDS ROLE IN PHILIPPINES." *Washington Post*, 24 Nov. 1992, www.washingtonpost.com/archive/politics/1992/11/24/us-military-ends-role-in-philippines/a1be8c14-0681-44ab-b869-a6ee439727b7.

Bueza, Michael. "EXPLAINER: Visiting Forces Agreement." *RAPPLER*, 31 Jan. 2020, www.rappler.com/newsbreak/iq/250406-explainer-visiting-forces-agreement.

Chapman, William. "Marcos Supports Alliance With U.S." *Washington Post*, 2 Apr. 1979, www.washingtonpost.com/archive/politics/1979/04/02/marcos-supports-alliance-with-us/dc7cba32-1998-413a-bb21-38551a6327ca.

Corning, Gregory P. "The Philippine Bases and U. S. Pacific Strategy." *Pacific Affairs*, vol. 63, no. 1, University of British Columbia, Jan. 1990, p. 6. https://doi.org/10.2307/2759811.

Farolan, Ramon. "The Agony of a City: Manila 70 Years Ago | Inquirer Opinion." *INQUIRER.net*, 9 Feb. 2015, opinion.inquirer.net/82409/the-agony-of-a-city-manila-70-years-ago.

Haberman, Clyde. "PHILIPPINE BASES SEE a LONG STRIKE." *New York Times*, 29 Mar. 1986.

Kyodo News. "US Military Poised to Return to Subic Bay." *ABS-CBN News*, 24 Nov. 2022, news.abs-cbn.com/news/11/24/22/us-military-poised-to-return-to-subic-bay.

*Message of President Roxas to the Senate on the Agreement Concerning American Military Bases in the Philippines*. https://www.officialgazette.gov.ph/1947/03/17/message-of-president-roxas-to-the-senate-on-the-agreement-concerning-american-military-bases-in-the-philippines/. Accessed 4 July 2023.

"Mutual Defense Treaty Between the United States and the Republic of the Philippines." *Avalon Project*, 30 Aug. 1951, avalon.law.yale.edu/20th_century/phil001.asp.

Olson, Wyatt. "Recounting US Military's Last Days in the Philippines." *Stars and Stripes*, 29 June 2013, www.stripes.com/recounting-us-military-s-last-days-in-the-philippines-1.228182#.WT-h0Yewe75.

*R.A. 5186*. lawphil.net/statutes/repacts/ra1967/ra_5186_1967.html. Accessed 4 July 2023.

Reuters. "U.S. Grants Philippines $100 Million in Foreign Military Financing." *Reuters*, 14 Oct. 2022, www.reuters.com/world/us-grants-philippines-100-million-foreign-military-financing-2022-10-14.

Shalom, Stephen. "Bases by Another Name: U.S. Military Access in the Philippines." *Bulletin of Concerned Asian Scholars*, vol. 29, no. 4, 196AD.

*Statement: President Ramos on His Arrival at Subic Bay, Olongapo*. https://www.officialgazette.gov.ph/1993/11/24/statement-president-ramos-on-his-arrival-at-subic-bay-olongapo/. Accessed 4 July 2023.

Subic Bay Metropolitan Authority. "Brief History." *www.mysubicbay.com.ph*, www.mysubicbay.com.ph/about-us/brief-history. Accessed 4 July 2023.

Thayer, Carl. "Analyzing the US-Philippines Enhanced Defense Cooperation Agreement." *The Diplomat*, 2 May 2014, thediplomat.com/2014/05/analyzing-the-us-philippines-enhanced-defense-cooperation-agreement.

"The History of the Work of Preda | Preda Foundation, Inc." *Preda Foundation, Inc. - Defenders of Children's Rights*, 13 Oct. 2021, www.preda.org/about-preda-foundation/preda-history.

"THE OLONGAPO STORY." *Bamboo Breeze*, vol. 6, no. 3, July 1953.

# Maikling Kuwento

# THROW COIN

*Ericka Mae C. Cruz*

Sa hanay ng mga nagtatangkaran at naglalakihang Kano sa kahera ng Johnny's Grocery Store, may batang lalaki na pilit na isinisiksik ang sarili upang makarating sa harap ng pila. Hindi siya napansin ng mga machong puti dahil hindi lalagpas sa bewang nila ang tangkad ni Juan Marcus. Iyon ay hanggang sa sumampal sa mukha niya ang paper bag na may lamang bread loaf.

"Watch out! My fucking bread!" sigaw ng Amerikanong customer na may hawak na shopping bag. Napatigil si JM nang dinuro siya ng Kanong nakaputing sando. Tinitigan lamang ito ng bata. Sinundan niya ng tingin hanggang sa binuksan nito ang babasaging pintuan palabas ng grocery store. Pinapikit ng araw ng tanghaling-tapat ang mga mata niya.

Napaikot tuloy siya ng posisyon. Nang kaharap na niya muli ang kaha, doon niya lamang naalala ang pinunta niya.

Sa harap ng kaha, mayroong stack ng mga tsokolate na iba-iba ang laki at tatak. Imported lahat mula sa Amerika. Isa lamang ang matagal na niyang minamata – ang Liberty's American Chocolate. Pula ang balot nito at mayroong bughaw na tatak sa gitna. Kursunada ni JM ang tsokolate sapagkat iyon ang pinakamalaki. Iyon nga lang, iyon din ang pinakamahal sa lahat, nagkakahalaga ng 25 cents.

"Hoy! Ano na namang ginagawa mo rito? Bibili ka ba? Inabala mo pa 'yung customer!" nakaupong bulyaw ni Trinidad, ang matandang may-ari ng grocery store.

"June 4 daw ako bibilihan ng Liberty's. Ngayon 'yun," sagot ni JM, hindi inaalis ang tingin mula sa tsokolate.

Nag-iba ng posisyon sa kinauupuan ang matandang babae. "Bakit, binigyan ka na ba ni Sir Reagie ng dollars?" tanong ni Trinidad habang kinokopya ang dollar exchange rates mula sa dyaryo.

Noon lamang nilingon ng bata ang may-ari. Kinagat niya ang itaas niyang labi. "Wala na 'yun. Umalis na ata."

"Saan nagpunta?"

"'Di ko alam…"

Inabot ni Trinidad ang kalbong ulo ni JM at tinapik ito gamit ng bolpen. "Pwes paano ka bibili? Umalis ka na rito!"

Nilakad ng batang kalbo ang main highway ng Barrio Barretto. Una, sa kaliwang bahagi kung saan nakahanay ang Johnny's Grocery Store. Naaninag niya ang repleksyon ng sarili sa babasaging pader ng Evette's Deli. Hindi niya mawari kung nasusuka ba siya o natatakam sa sariwang amoy ng mga karneng naka-steak cut.

Pilit niyang binibilang kung magkano nga ba ang halaga ng piso o dolyar na kakailanganin niya para sa Liberty's American Chocolate. Gayunman, hindi niya lubos na maintindihan ang matematika. Dumaan siya sa May's Money Exchange, kinawayan niya ang nagbabantay na sekyu. Hindi naman ito kumibo. Napakamot tuloy si JM sa ulo. Naintindihan niyang hindi siya pwedeng pumasok sa loob. Sa Lori's Sari-Sari Store naman, mayroong nakasabit na karatulang may nakasulat na Money XCHANGE sa kulay pulang tinta. Doon sana gustong magtanong ni JM. Wala naman kasing guard sa maliit na tindahan, ngunit napakahaba ng pila. Naghalo-halo ang mga shipyard workers, mga babaeng bata at matanda, at mga Kano.

Sa kanang kalsada naman, bago ang beach, nakahanay ang mga bar at club na kasalukuyang nakasarado. Sa 2nd floor o tabi ng bawat bar o club ay mga hotel, motel, o kaya naman inn. Sa hilera, naroon ang Lily's Club na mayroong pinakamalaking sign board na kulay lila. Naroon din ang

Dick's Beers Pub na mayroong dalawang upuan at mesa sa labas. Katabi rin nila ang Maria Nightclub na kilala sa malaki nitong glass doors. Sa kaliwa nito ay ang Primrose Bar, Hyacinth Bar, Kara Club, Smithson Pub, Lily's Party Club, na tanyag sa higante nilang door girl, at ang Love's Nightclub na pinakapamilyar kay JM. Doon nagtatrabaho ang nanay niya, isang waitress, kasama ang mga kaibigang sina Rita at Josie. Marami siyang naririnig na kwento ukol rito tuwing nakikinig siya sa chismisan nila. Gayunman, hindi siya kailanman pinapayagang pumasok doon. Sa Love's Nightclub din nagkakilala sina Rose at Reagie.

"Basta, 'lam ko 'yung kailangan ko 'yung may nakasulat din na Liberty na barya," bulong ng bata sa sarili.

Habang patuloy siyang naglalakad sa kahabaan ng main road, sinundot ni JM ang bulsa niya. Walang laman kung hindi mga tastas ng tela.

Napatalon ang musmos sa nakaririnding busina ng isang pulang Ford Escort. Hindi namalayan ng bata na nasa intersection na pala siya ng main road at Rizal Street, sa gilid ng The Coffee Shop, kung saan liliko paloob ng barrio ang sasakyan. Umatras ang bata. Pinanood niyang lumampas ang kotse sa maliliit na mga tindahan sa kahabaan ng Rizal.

Sa gitna ng Rizal St. naroon ang intersection ng Dagupan St. na mayroong kaliwa at kanan. Sa kanang kanto

na ito matatagpuan ang maliit na sementadong bahay nina JM. Bukas ang pinto. Iniwan niya ang tsinelas sa labas at saka dahan-dahang isinuot ang bago niyang tsinelas na panloob. Bili iyon ni Reagie sa kanya—itim at malambot ang strap at swelas. Mamahalin na para sa kanya, kaya naman dahan-dahan siya kung maglakad tuwing sinusuot niya ito sa loob ng bahay.

"'Nay!" sabi ni JM habang humakbang nang pagkaliit-liit.

"Diyos ko!" sagot ni Rose. "Nan…nandito ka na naman!"

Pagkabasag ng bote ang kasunod na narinig ni JM mula sa kwarto. Sinundan pa ito ni Rose ng "putanginang… yan... oo, babayaran na naman 'yan... puta!" Sa sandaling iyon, narating na ng mababagal na paa ni JM ang kwarto. Nang silipin ito, bumulaga ang nanay niyang lasing na nakahiga sa lapag, sa tabi ng mga bubog at nalaglag na kumot. Sa kanang kamay nito ay hawak pa rin niya ang bote.

Napalunok ang bata. Isang linggo nang ganito si Rose. Nagsimula ang lahat noong huling beses niyang nakita si Reagie. Bago iyon, nag-away ang dalawa. Nagsigawan sila sa Ingles kaya naman hindi lubos na naunawaan ni JM. Ang alam niya lang ay nagbangayan ang dalawa, paulit-ulit na nagmakaawa ang nanay niya, lumuhod maraming beses habang

nagsasabi ng please, ngunit sa huli ay umalis din naman si Reagie.

Nanlaki ang mapupulang mata ni Rose nang makita niya si JM. Sinubukan muli nitong maupo. Piniga niya ang kumot sa lapag gamit ang bakante niya kamay.

"Reagie! You look for Reagie! Hanapin mo!" natatawa nitong sigaw. "Go!"

Napakamot na lamang sa ulo ang paslit. Muli niyang pinagmasdan si Rose. Ang magulo nitong buhok, tumutulong laway, sipon, at luha, at ang paa niyang malapit nang matusok ng isang malaking bubog.

"Nanay…" mahina nitong pagtawag. "Mommy… mom…mama…what's happen?" mahinang wika ni JM habang nakahawak sa pinto ng kwarto.

Tumigil sa pagtawa si Rose. Bagkus, nanlisik ang mga mata nito, nagsalubong ang mga kilay at mas lalong humigpit ang pagkapit niya sa bote. Mabilisang tinanggal ni JM ang suot-suot niyang tsinelas at biglang kumaripas ng takbo papalayo mula sa pinto. Itinabi niya sa gilid ang panloob niyang tsinelas bago siya lumabas ng bahay. Alam na ni JM na hindi siya makakakuha ng Liberty coin o American Chocolate mula kay Rose.

Tumakbo si JM hanggang sa kanto ng Dagupan St., at Rizal St. Nakasulubong niya sa kaliwang kanto ng intersection ang kaibigan niyang si Renren. Kinawayan siya nito bago tumawid papunta sa kanya.

Nagtawanan ang dalawang bata. "Saan ka?" tanong ni Renren.

"Nagsisisigaw 'yung nanay ko, tinakbuhan ko nga!" humalakhak muli ang kaibigan ni JM.

"Ikaw ba, sa'n ka?"

"Maglalaro kami! Kasama 'yung sila Tres tsaka 'yung ibang mga taga-Dagupan. Diyan sa Driftwood!"

"Anong laro?"

"'Yung Throw Coin! Sabi ko sa yu, 'yung nagbabato 'yung mga Kano ng barya sa dagat tapos paunahan. Sisisirin."

"Barya?!" Nanlaki sa tuwa ang mga mata ni JM. "'Nanalo ka na ba noon dati?"

"Oo! Meron 'yung piso tsaka 'yung American coin! Pinapalit ko ro'n sa Lori's," sagot ni Renren habang hinihila-hila ang suot niyang damit.

Tumango si JM. "Pautangin mo nga ako!"

"Ha?! Eh, ubos na 'yung dati kong napanalunan. Sali ka na lang kaya? Marami namang nagpapalaro."

Muling napakamot sa ulo si JM. Mas matangkad sa kanya si Renren. Hanggang sa mapapayat na braso lamang nito ang abot niya. Mas matanda rin siya ng apat na taon, at higit sa lahat, mas magaling lumangoy.

"Hindi naman ako marunong lumangoy, eh…" paalala ni JM sa kaibigan.

"Hindi! 'Di naman gaanong malayo, do'n lang din sa malapit sa… buhangin."

Ibinaling ni JM ang katawan niya sa kaliwa, sa kahabaan ng Rizal St., sa tawiran sa intersection ng main road, at sa abot-tanaw na Driftwood Beach. "O, sige! Basta tulungan mo ako ha!"

Naroon na ang ibang mga kaibigan ni Renren, ang mga batang taga-Dagupan, nang marating ng dalawa ang open beach. Lahat ay nakasando at shorts, maliban na lamang kay Tres na inihagis na ang pantaas sa buhangin. Sabay-sabay huminto sa kanilang kulitan ang mga bata nang lumapit sila Renren at JM.

"Uy, sasali ba 'yang si JJ?' tanong ni Tres habang minamata si JM, na kasing-tangkad niya lamang.

"JM!" sagot ni Renren. "Oo, sali raw siya, di ba?"

Tumango naman si JM bilang tugon.

"'Yan na sila!" Naputol ang maliit na usapan nang itinuro ng isang bata ang paparating na mga Amerikano. Nakasando at t-shirt. May nakasabit na futah sa mga balikat nila at may bitbit ding mga de-latang soda.

"Throw coi—" kinotongan ni Renren si Tres bago pa nito matapos ang balak niyang isigaw. "Hintayin mo munang makaupo!" pagtutol ni Renren.

"Tsk…" ipinalibot ni Tres ang braso niya sa balikat ng mas matangkad na kaibigan. "Bakit kasi nagdagdag ka pa ng bata rito. Pinarami mo pa 'yung kalaban!" naiinis na bulong ni Tres.

Hindi mawari ni JM kung sinasadya nga ba ni Tres na marinig niya ang mga pinagsasabi nito. Ano naman ba ang pakialam niya? Naroon siya dahil inaasahan niyang manalo—susubukan niyang manalo para sa Liberty Chocolate.

"Throw coin! Throw Coin!" sigaw ni Renren sa mga Kano. "Throw coin! Throw coin!" sumapi na rin sa paghiyaw ang ibang bata, kabilang na si Tres. Maya-maya pa ay nakigaya na rin si JM.

Napangiti naman ang dalawang Amerikano habang nakaupo sa futah. Iyong isa ay nakaberdeng t-shirt, 'yung isa naman ay naka-light blue na sando. Parehas silang naka-

Hawaiian shorts. Naglakihan ang ngisi ng mga bata nang inilabas ng nakaberde ang kanyang pitaka. Humagikgik ang mga bata sa bawat pagkuliling nang talukip—maliban na lamang kay JM na bumuka ang bibig dahil hindi mapigilan ang pagkabog ng dibdib. Nilapitan niya ang bumubungisngis na si Renren.

"'Uy, 'di ako marunong lumangoy," bulong ni JM sa kaibigang hindi inaalis ang tingin mula sa mga Amerikano.

"Okay lang 'yan!" sagot ni Renren. "Diyan lang 'yun sa mababaw—"

Kling!

Naputol ang pag-uusap ng dalawang bata nang tuluyang ibato ng Kano ang barya sa dagat. Agad na nagsigawan at nag-unahan ang mga bata habang lumulusong sa tubig-alat.

Hindi gaanong malayo ang pinaghulugan ng unang barya. Mga sampung hakbang lamang ang itinakbo ng pinakamabibilis na sila Renren at Tres. Tuluyan nilang natagpuan ang twenty-five pesos cents sa mababaw na linya ng buhangin.

"Akin 'yan!" sigaw ni Renren.

Mas lalo namang binilisan ni Tres ang pagluhod sa tubig. "Hindi pwede!"

Sinubukan ng iba na habulin ang dalawa—umaasang makukuha pa nila ang barya laban sa mas mabibilis na bata. Nahuhuli naman si JM, na hindi marunong lumangoy o sumisid. Una niyang iniapak ang hinlalaki sa tubig-alat. Maligamgam ito sa talampakan. Mainit din ang simoy ng hangin—tila magaan na pagyakap sa kanyang kinakabahang dibdib. Ang maliliit na alon ay nakakakiliti sa kanyang mga binti. Tila minamasahe ng malambot na buhangin ng dagat ang kanyang mga paa.

Naghiyawan ang mga bata nang magtatalon sa tubig si Renren. Sa tabi niya, ang nakabusangot na si Tres. Itinaas ni Renren ang braso at ipinakita ang maliit na barya na hawak-hawak. Nagtawanan ang ibang mga bata. Sinubukan naman siyang lapitan ng iba, kabilang na si JM.

Ibinilog niya ang gilid ng mga palad sa kanyang bunganga. "Magkano nakuha mo?" malakas na sigaw ng bata dahil pinuputol ng hangin ang kanilang mga salita.

"Ben'singko!" sagot ni Renren, na hanggang ngayon ay abot tenga pa rin ang ngiti.

"Woah!" sabay-sabay na naghiyawaan ang mga bata, maliban na lamang kay Tres na nakapamewang na sa inggit.

Muling itinaas ni JM ang boses niya upang magtanong. "Dollars?"

Umiling si Renren. “Hindi!” Ginaya niya ang pagbilog ng gilid ng mga palad sa bunganga. “Pesos lang!”

Itinaas ni Tres ang mga braso niya at iwinagayway ito sa mga Kano. “Throw coin! Throw Coin!” Sinabayan na rin siya ng ibang mga bata. “Throw coin, Sir! Throw coin!”

Muli naman nilang naagaw ang atensyon ng dalawa. Tumayo ang nakaberdeng t-shirt habang dinudutdot ang pitaka. Pumalakpak naman sa tuwa ang kasama niya. Samantala, sinubukan naman ng mga bata na hanapin ang kani-kanilang mga posisyon. Nanatili si Renren sa hanay, ngunit gumilid palayo nang kaunti si Tres. Ang ibang mga bata naman ay naglakad o gumapang sa bandang gitna. Pinisil ng iilan ang kanilang mga ilong. Ang iba naman ay huminga ng malalim at nag-ipon ng hininga dahil nag-aakmang sumisid. Nilakad naman ni JM ang linya ng mga buhangin, patungo sa bahagi ng dagat na abot na hanggang sa binti. Mas nakukuha na niya ang laro.

“Throw coin!” patuloy na sigaw ng mga bata. Bumuwelo pa ng maraming beses ang Kano. Paulit-ulit niyang ininat ang kanyang braso bago kunyaring ibinato ang barya. Nataranta naman ang mga bata.

“Saan ba nahulog?”

“Doon na-shoot!”

“Ha? Saan?”

“Nandito yata! Nandito yata!” sigaw ng isang bata, kaya naman nagkumpulan doon sa isang gilid ang iba pa. Si JM, Renren, at Tres lamang ang nakapansin na wala namang inihagis na barya. Hinanap nila ang mga mata ng isa’t isa sapagkat sila lamang ang hindi gumalaw sa kanilang mga kinatatayuan. Nang mapagtanto nila ang sitwasyon, tahimik na nagbungisngisan ang tatlo.

“Oo, nandyan nga! Nahanap niyo na ba?” bati ni Tres sa mga bata na nagkumpulan na sa isa’t isa.

“Dali! Dali! Sino kayang mauuna?” dagdag pa ni Renren habang paulit-ulit na sinusuntok kunwari ang hangin. Nakisakay na rin si JM, “bilisan niyo! Kunin niyo na ‘yung barya! Baka tangayin ng alon!”

Nagtawanan na rin ang dalawang Amerikanong nagpapalaro. Binigyan din nila ng thumbs-up ang tatlong bata dahil hindi sila nagpa-uto. Habang patuloy na nag-aagawan ang ibang mga bata sa imahinaryong barya, patuloy nang ibinato ng Kano ang tunay na pilak sa dagat. Sinundan ng ulo ng mga bata ang lumilipad na barya na parang isang nahuhulog na bulalakaw mula sa langit. Gumana ang panlilinlang ng mga Kano, ni Renren, Tres, at JM sa iba dahil walang ibang nakapansin na nalaglag ang ibinatong barya sa gitna ni Renren, Tres, at JM, kung hindi silang tatlo lang din. Hindi pa nga

agad na nakagalaw si JM dahil sa sobrang pagkagulat sa maliit na tilamsik ng pilak sa harap niya. Maiba naman si Renren at Tres, na matuturingang MVP sa kahit anong palaro dahil sa presensya ng kanilang pag-iisip. Agad na nagkarera ang dalawa patungo sa premyo. Sinubukang tumakbo ni Tres, gumapang naman si Renren. Nanatiling tahimik ang tatlong bata at hindi nagsalita dahil sa tensyon ng laro. Ang malalakas na talsik ng alon na nagawa ng paggalaw nila sa tubig ang umalarma sa ibang manlalaro.

"Huy, nandoon pala ata eh!" sigaw ng isa. Matapos noon ay patuloy nilang kinuyog ang posisyon nila Renren at Tres na parang mga marinero sa gyera. Gayunpaman, kahit isa sa kanila ay hindi nahawakan ang barya dahil muli itong itinaas ni Renren sa kanyang kamay. Sa pagkakataon nga lang na iyon, siya lang ang humiyaw sa tuwa. Nginitian siya ni JM. Iling nang iling naman ang muling nakasibangot na si Tres. Ang iba bata naman ay nagrereklamo ng "Boo! Boo!"

"Eh, magkano naman yan?" tanong ni Tres, ngunit ayaw niyang lapitan si Renren.

Pinorma ni Renren pabilog ang mga daliri niya at pinaikot ito sa barya. "Piso!" sagot niya habang mapang-asar na nakadila.

"Throw Coin!" naagaw ang pansin ng nagkakainitang grupo nang marinig nila si JM. Kung kanina ay tahimik

at nahihiya pa ito, ngayon, siya naman ang kumakaway ng kanyang mga braso. Tumayo ang nakabughaw na Kano at siya naman ang naglabas ng pitaka. Labas ngipin ang ngiti nito habang naghahanap ng papremyo sa mga bata. Dumukot pa nga ito ng 10 dollar bill at saka iwinagayway sa hangin. Nanlaki at kuminang ang mga mata ng bata, ngunit napanganga naman sila nang tangkain itong ihagis ng Kano sa dagat. Iwinagayway ng mga bata ang kanilang mga braso at sumenyas ng "Huwag!" Lumapit pa nga si Tres sa hampulan upang magreklamo ng "No!"

Rinig na rinig ang paghalakhak ng mga Kano sa malayo. Sa huli, ibinalik niya ang Alexander Hamilton sa loob ng pitaka at dumukot ng isang barya. Ipinakita niya muna ito sa mga bata na parang isang pari na itinataas ang hostiya sa misa. Matapos, hinalikan niya ito at saka ibinato sa dagat.

Hindi naman kalayuan ang narating nito dahil sa gitna ni JM at Tres ito lumapag. Nang makita ito ni JM, tila bumagal ang lahat sa loob ng maikling panahon. Ang tilian ng mga papalapit na kumpol ng bata ay naging malalayong bulungan. Ang palakpak ng mga nagpapalarong Kano ay naging malalalim na kulog sa kanyang likuran. Ngunit, sa unang pagkakataon, tila kusang gumalaw ang mga paa niya sa tubig-- kagaya kung paano siya tumakbo sa kalsada ng Barrio Baretto. Gayunman, sa harap niya ay si Tres, isang kalaban na mas malaki sa kanya, mas mabilis, at nakakunot ang mga kilay.

"Aray!" At noong abot-kamay na nilang parehas ang barya, biglang napasigaw si Tres at natumba ito sa buhangin ng tubig-alat. Gayunman, pati ang insidenteng ay tila malayo mula kay JM. Hindi siya tumigil hanggang sa tuluyan na niyang pinulot ang kanyang premyo.

Isang pilak na barya, may side profile na mukha ni George Washington, nakalagay na taong "1970," at linyang "IN GOD WE TRUST." Higit sa lahat, ang pinakahinahanap ni JM na salitang "LIBERTY." Sa panahong iyon, naamoy na niya ang American Chocolate na matagal-tagal na niyang inaasam—ang tsokolateng matagal nang ipinangako sa kanya ay tuluyan na niyang matitikman.

"Yes! Yes! Wooh! Sa wakas!" Walang tigil na pagdiriwang ni JM habang hinahampas-hampas pa ang nakapalibot na tubig sa sobrang tuwa. "Thank you, Sir! Thank you!" paulit-ulit niyang kinawayan ang dalawang Kano sa dalampasigan. Pinapalakpakan naman siya ng mga ito.

"Ano, wala na ba? Ayos na ba?

Muli nang narinig ni JM ang paligid niya. Napansin niyang pinalilibutan ng mga bata si Tres.

"Grabi, nanigas 'yung paa ko bigla!" reklamo ng bata.

"Baka pinulikot ka, Tres!" sagot ng isang kalaro.

"Baliw! Pulikat 'yung tawag do'n!" pagtama ni Renren.

Sumimangot namang muli si Tres. "Sayang, di ko nakuha! Muntik na!" sabay turo niya kay JM. Nagulat naman ang mas maliit na bata at napayakap sa barya niya.

Umiling ito. "Uuwi na ako! Ba'bye!" at mabilis na tumakbo palabas ng dagat si JM.

Hinalik-halikan niya ang napanalunang Liberty coin. Nagtatatalon siya habang naglalakad papunta sa Johnny's Grocery Store. "Here I come!" sigaw nito. Muntikan pa nga siyang madulas nang maapakan niya ang tulo ng tubig mula sa kanyang shorts.

Hindi nagsayang ng oras ang bata at dumiretso agad sa loob ng grocery store. Nakatakbo pa siyang ng mga walong hakbang ngunit bigla siyang pinigilan ng nakapamewang na si Trinidad.

"Kakalinis lang namin! Dinugyot mo na naman 'yung lapag! Kita mong basang-basa 'yang damit mo tapos papasok ka rito? Umuwi ka na ro'n! Wala ka namang bibilhin!" Bulyaw ng matanda.

"Bibili ako! 'Yung chocolate!" Binuksan niya ang palad upang ipakita ang barya. Samantala, may pumasok namang limang Amerikanong customer sa pintuan. Agad na kinurot ni Trinidad ang braso ni JM. "Umuwi ka ro'n! Magpalit ka tsaka ka bumili rito! Nakakahiya," nanggigigil na pagbulong nito sa bata.

Hinila ni Trinidad si JM. Hinila niya nang hinila ang bata hanggang sa labas ng pintuan. Sinubukang pumiglas ni JM laban sa matanda ngunit himala at mas malakas pa rin ito.

"You go home! Change clothes!" huling utos ng tindera bago niya isinarado sa mukha ng bata ang pinto. Pinilit pang itulak ni JM ang glass doors ngunit hindi niya na ito mabuksan. Tinignan ng bata ang kanyang sarili sa repleksyon ng salamin. Basang-basa nga siya, mula tuhod hanggang paa. Sa sobrang tuwa, hindi na niya namalayan na maalat pa pala ang kanyang labi.

Kumaripas ng takbo pauwi si JM. May mga nabangga siyang iilang tao na agad namang nandiri sa basang katawan ng paslit. Gayunman, hindi sila pinansin ni JM. Hanggang sa marating niya ang intersection ng Dagupan at Rizal kung nasaan ang bahay niya, hindi siya huminto. Nang marating niya ito, hindi na siya nagpalit ng tsinelas papasok ng bahay. Dali-dali siyang tumakbo sa sementong lapag, kaya naman bigla na lamang siyang nadulas at nasalampak sa kanyang puwit. Nabitawan niya tuloy ang barya at saka gumulong ito sa ilalim ng hapag-kainan. Hindi nag-aksaya ng oras si JM sa kaunting sakit natamo. Agad siyang bumangon at pinulot ang Liberty coin mula sa ilalim.

Marahan niya itong pinunasan. "Dito ka na nga lang," ani niya nang inilapag niya ito sa ibabaw ng hapag-kainain. Dumiretso si JM sa kanyang kwarto at nanguha ng twalya.

Napatigil siya ng saglit nang marinig niyang umuubo ang nanay niya. Gayunman, nagpatuloy pa rin siya papunta ng banyo at naligo. Masasabing nagbanlaw lamang ang bata dahil sa bilis nitong magsabon. Dali-dali niyang pinunasan ang basang katawan at muling bumalik sa kwarto kung saan siya nagbihis.

"Go!" natatawang bulong ng bata sa sarili. Tumungo siya muli sa mesa upang kunin ang iniwan niyang barya. Laking gulat niya nang makitang wala na roon ang Liberty coin.

"Hala! Nasaan na?!" muli niyang tinignan ang ilalim ng mesa, pati ang paligid ng lapag, ngunit wala siyang nakita. Bumalik siya sa banyo at kinapkap ang mga basa niyang damit ngunit wala rin doon ang barya. Gayundin sa kanyang kwarto at sa ginamit niyang twalya.

"Ang alam ko pinatong ko 'yun dito eh!" Paulit-ulit niyang hinanap ang barya sa ilalim ng mesa. Kinapa niya nang kinapa ang ibabaw nito kahit pa wala naman itong ibang laman. Walang senyales ng barya kahit saan. Nagsimulang mabasa ang mga mata ni JM. Paulit-ulit niyang sinabi ang "Nasaan na!" Palakas nang palakas. Patuloy na nataranta ang bata hanggang sa naalala niya ang kwarto ni Rose. Nilingon niya iyon. Subalit bago pa man niya marating ito, nakarinig siya ng paghahabag ng mga paa sa tapat ng bahay. Kararating lamang ng nanay niya. Sa kanang kaliwang kamay nito ay bayong at sa kanan naman ay bote ng alak.

"Nay…" nag-aalangang pagtawag ni JM. "Nakita mo ba 'yung barya dito sa mesa kanina? 'Yung silver na Liberty?' tanong niya.

Humalakhak si Rose. Mapula pa rin ang mga mata niya, mabilisan ang pagkatali ng buhok, at bahagyang paika-ika ang lakad.

"Ayan!" Inilapag niya ang maliit na bayong sa mesa. Agad na hinalughog ito ni JM, umaasang matatagpuan ang maliit na barya, ngunit walang ibang laman ang bayong kung hindi lutong kanin at adobo.

"Tsaka eto!" itinaas ni Rose ang dalang bote ng alak.

Nagsimulang tumulo ang luha at sipon ng bata mula sa namumula nitong mga ilong at mata. "Ano ba 'yan! Barya ko 'yun eh!" pagsigaw nito. "Akin 'yun eh! Akin 'yun!" dagdag pa niya habang kinakalampag ang mesa. "Akin 'yun eh!"

Hindi agad nakasagot si Rose. Nandilim ang mata niya sa imahen ng anak na ayaw magpatalo. Bago pa man siya makasagot nang mas malakas ay tuluyan nang tumakbo palabas ang bata.

Hindi alam ni JM kung saan siya tutungo ngunit tumakbo siya nang tumakbo palabas ng Rizal St. at patungo sa main road. Basta na lamang siyang tumawid-- hindi nilingon ang kanyang paligid. Hindi niya pinunasan ang pawis,

luha, at sipon niya. Hinayaan lamang niya itong tumulo. Napagtanto lamang niya na narating na muli ng mga paa niya ang Driftwood Beach nang lumamig na ang simoy ng hangin sa balat niya. Mas malamig kaysa kanina—iba ang simoy ng hangin ng hapon. Sa pagod sa katatakbo, natumba na si JM sa buhangin. Nahiga siya roon at tinignan ang ulap. May araw pa. Nakasisilaw pa nga. Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Muntik na niya sanang mabili ang tsokolate. Ang tagal na niya itong inaasam. Matagal na ring ipinangako sa kanya iyon ni Reagie. Ang sabi niya, ngayong araw siya bibilhan. Ngunit wala naman na si Reagie. Kahit pa ang kinita niyang barya ay agad namang ipinagpalit sa kanin, adobo, at alak. Mayroong ganoon, pero ang simpleng tsokolate na napakatagal na niyang dinarasal ay hindi pa rin natitikman ng dila niya.

Unti-unting dumilat si JM nang makarinig siya ng boses na nag-i-Ingles.

"Oh yeah!" ani ng Kano na inilalatag ang maliit na upuang dala-dala niya. Doon pa lamang pinagmasdan ni JM ang beach. Mayroon pa ring mga tao ngunit malayo ang iba mula sa kanilang dalawa. Higit sa lahat, wala na ring ibang mga bata.

Inilabas ng kano ang tinapay at mga bote ng alak. Inihanay niya ito sa buhangin at napansin ni JM na ubos na ang laman ng dalawang bote. Napalunok si JM at pinagmasdan ang lasing na Kano. Nilalasap nito ang tinapay na walang palaman

at saka pinangmumumog ang alak. "This is life!" sabi nito sa gitna ng bawat pagnguya.

"Sir…" tumayo si JM sa kanyang pagkahiga at ipinagpag ang mga buhangin sa damit. Kinlaro niya ang kanyang lalamunan. Nilapitan niya ang Kano. "Throw coin!" ani ng paslit.

Hindi siya narinig agad ng Kano kaya inulit niya pa nang mas malakas. "Throw coin!" paglapit niya rito.

Tila hinanap pa ng lasing na Kano kung saan galing ang boses. Tumaas ang kilay nito.

"What?"

"Throw coin!" napakamot si JM sa batok niya. "You throw coin in the water, I swim it. I find it!"

Muntik nang mabulunan ang Kano sa pagtawa. "Oh, man!" Dinukot niya mula sa bulsa niya ang isang Liberty coin. Hindi kagaya kanina, malinaw at agad nakita ni JM ang itsura ng premyo. Mas makinang pa ito kaysa sa napanalunan niya. Mukhang mas bago. Malinis na malinis.

"You want it?" tanong ng Kano. Hindi naalis ang tingin ng bata rito at tumango siya ng dalawang beses.

"Then get it!" malakas na inihagis ng lalaki ang barya sa dagat at saka humalakhak ito. "Go get it, kid!" Itinaas pa niya ang bote ng alak bago ito muling itinungga.

Mabuti na lamang at sinundan ng mata ni JM ang direksyon na pinuntahan ng barya. Sa bandang kanan, ngunit masasabing sa bandang tapat pa rin nila. Gayunman, may kalayuan ito kumpara sa nilaro nila nina Renren kanina. Kumaripas siya ng takbo patungo sa dagat ngunit napigilan siya ng lamig nito. Tirik ang araw ngunit halos manginig siya sa lamig. Tumaas ang mga balahibo niya habang kinakapa ng mga kamay niya ang tubig alat. Parang mas mahapdi rin ito kumpara kanina.

Dahan-dahang nilapitan ni JM ang direksyon na pinagbagsakan ng Liberty coin. Mula sa maliliit na hakbang hanggang sa palaki nang palaki. Umabot naman ang taas ng tubig sa dibdib ng bata. Sa ikatatlumpo niyang hakbang, mga limang hakbang ang layo mula sa pinaghihinalaang lokasyon ng barya, nakaramdam siya ng kirot sa kanyang kanang binti. Para itong pinipisil nang mahigpit na mahigpit. Unti-unti rin itong kumalat at bumalot sa kanyang paa. Pumulupot sa sakit si JM. Ginusto niyang umupo o maglakad pabalik ngunit limang hakbang na lamang ang natitira at gumagana pa naman ang kaliwa niyang paa. Sinubukan niyang lumukso gamit ito, ngunit humampas sa kanya ang mas malaking alon—mas malaki kumpara sa kahit anong alon sa araw na iyon. Tuluyang

natumba ang bata—papunta sa malamig na dagat, kung saan madilim, walang nakaririnig, at walang kumikinang na barya.

Nang lumipas ang mga oras at dumilim ang paligid, dumating si Rose sa Driftwood Beach. Pilit na sumisigaw gamit ang gasgas niyang lalamunan,

"JM! Hoy, JM! Nasaan ka na, ha?" Sa kanang kamay niya ay bote ng alak. Sa kaliwa naman ay isang tsinelas. "Lumabas ka at malinlintikan ka nang tuluyan sa akin. Anong 'kala mo, ha!" Paika-ika rin nitong tinatahak ang buhangin ng dagat.

"Phhhwwt!" pagsipol ng bagong gising at lasing rin na Kano kay Rose nang magkasalubong sila. Nanlaki naman ang mapupulang mga mata ni Rose. Sa harapan niya ay matangkad na Kanong nakangisi. Amoy alak din ito, kagaya niya. May sinasabi ang lalaki ngunit walang marinig si Rose kung hindi ang matinis na pagkulingling sa mga tenga niya. Mas dumilim pa sa takipsilim ang mga mata niya. Tinangka niyang itaas ang bote ng alak upang ipangsampal, ngunit masyado na itong mabigat. Subalit, ibahin naman ang tsinelas sa kaliwang kamay niya. Mabilis niya itong ibinato sa mukha ng Kano.

"Hayop ka!" sigaw ng ina.

# Manambalan

*Hannah A. Leceña*

Mag-aalas-tres na ng hapon nang nakarating si Josua sa kanila, sakay ng *bus*. Makalipas ang anim na taon, nagbalik si Josua sa kanilang baryo pero hindi para magtagal. Pansamantala lamang, habang inaayos niya ang mga papeles para sa pagpapa-ranggo sa isang paaralan sa lungsod. Hindi pa rin nagbabago ang kanilang bayan. Napailing na lamang siya pagsadsad ng kanyang sapatos sa espalto ng kalsada. Tila hindi naabot ng sibilisasyon ang kanilang nayon. Ang mga ito ang naibulong niya sa sarili habang pinapagpag sa lupa ang sapatos na *nike*.

Ilang minuto rin niyang binagtas ang papasok sa kanila. Matataas na talahib ang kumaway sa kanya. Pakiramdam niya parehong mga bato pa rin ang naapakan ng kanyang paa. Pagtingala niya, nakatunghay sa kanya ang mga puno ng niyog,

Yakal, Gemilina, Durian at iba pang puno na matagal na niyang nakalimutan ang amoy ngunit naroroon pa rin, matatag na nakatayo, tulad ng tradisyon ng kanyang pamilya. Hindi pa rin ito napuputol o natitibag. Nakaugat na marahil sa kaibuturan ng lupa. Napabuntong-hininga siya. May mga bagay talagang mahirap ikaila o takasan, tulad ng katotohanang manambalan[1] ang kanyang lolo at ang lolo naman ng kanyang lolo ay isang mambabarang[2] at ang lolo ng lolo ng kanyang lolo ay isang gerilya na marunong ding gumamit ng oracion at anting-anting kaya umabot ng isang daan ang edad bago namatay. Natatandaan pa niya ang kuwento ng kanyang Angkol na dati raw silang miyembro ng Ilagâ, isang grupo ng mga armadong lalaki na tumutugis sa mga moro sa Mindanao. Ito ang nasa guni-guni niya habang pinagmamasdan ang paligid.

Hindi naluluma ang mga kuwento, sa isip ni Josua. Kahit pa napansin niyang lalo lang pinatanda ng panahon ang mga taong dati ay kasa-kasama niya sa kanyang kabataan. Halos hindi na niya makilala si Aleng Nene na tindera dati sa kanilang kantina dahil puti na ang buhok nito, naglalako na lang ito ng *budbud*[3] ngayon. Ang tatay ng kanyang kaibigang si James naman, halos makuba na sa pag-aararo sa bukirin samantala ang kanyang kaklaseng si Lilia ay mayroon nang dalawang anak, at kaninang pagbaba niya sa *waiting shed* ng kanilang

*1 manggagamot, albularyo*
*2 Mangkukulam*
*3 isang uri ng kakanin*

barangay, nakita niyang pinapasuso nito ang isa pa. Naisip niya, paano kaya nakakatagal ang mga taong ito sa kanilang bayan? Isang bayang hindi umuunlad dahil may mga kurakot na opisyales at sangguniang kabataan at isang bayang hindi kailanman napaganda ang simbahan, palengke, health center at paaralan. Napailing siyang muli. Kung hindi lang niya naiwan ang kanyang birth certificate, hindi na siya aapak sa lupaing ito, hindi na kahit kailan. Kung natatandaan lang sana ng kanyang ina kung saan ito nakalagay. Nagiging makakalimutin na rin ito dahil hindi na alam kung saang aparador naitago ang mahahalagang papeles nilang mag-ina o baka nagmaang-maangan lang ito upang makauwi siya. Naisip niya, ang birth certificate niya ang makakapagpatunay ng kanyang pagkatao. Ni hindi niya kilalang-kilala ang kanyang Tatay. Hindi niya alam kung sino ang kanyang mga pinsan, tiya o tiyo na kamag-anak ng kanyang ama na taga-Bicol. Pero ano ba ang pakialam niya sa kanyang pinagmulan? Ang mahalaga sa kanya ay ang kanyang patutunguhan. Ang kailangan niya ay ang kanyang birth certificate na kokompleto sa mga dokumentong hinihingi ng DepEd. Ang dami-dami rin kasing papeles na kailangang ihanda. Matindi rin ang kompetisyon lalo pa at marami na ring grumaduate. Minsan nakakawala na rin ng gana. Pero sa tuwing naiisip ni Josua ang kalagayan ng kanyang mga kabaryo, nasabi niya sa sarili na mas okay nang maging bagger o packer siya sa isang mall kaysa mangisda o magsaka sa probinsya. Ayaw ni Josua isipin ang mga negatibong bagay na ito pero

hindi niya mapigilang mapraning. Ang pinakamatinding naisip ni Josua, baka nginatngat na ng daga o pinagpistahan ng mga ipis ang kapirasong papel na iyon na magtatakda ng kanyang kinabukasan. Kung bakit ba kasi kailangan ng orihinal na birth certificate, kinailangan niya tuloy umuwi nang wala sa panahon at sa plano.

Nagpatuloy siya sa paglakad. Pakiramdam ni Josua lahat ng mata nakatingin sa kanya. Parang sinusubaybayan ang bawat hakbang niya. Ganoon ang pakiramdam ng isang bagong salta. Sa di kalayuan, tanaw niya ang kanilang munting tahanan na kalapit lamang ng bahay ng kanyang Lolo Aniceto. Hindi niya mapigil ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Hindi niya alam kung dahil ba sa kaba, sa lungkot o sa pangungulila. Hindi niya batid. Masaya siya sa syudad at ni minsan hindi niya naisipang umuwi sa kanila kahit Pasko, Bagong Taon o Semana Santa. Kaya tuloy naguguluhan siya kung bakit ganoon ang kanyang naramdaman. Siguro totoo ang lukso ng dugo. Paglingon niya, nakita niya ang kanyang mga kamag-anak na nag-uumpukan sa labas ng kani-kanilang tahanan. Ngumiti sa kanya ang kanyang Ante Neneng na noon ay kinukutuhan ang kanyang pamangking si Bebe. Kinawayan siya ng pinsang si Balong na nagbubungkal ng mga tanim na gulay sa sariling hardin. Pare-pareho talaga sila ng hugis ng ilong - sarat, kulot at maliliit, kayumangging-kayumanggi ang balat. Nakita niya ang napakaraming bata. Parang Do Re Mi Fa So La Ti Do. At mukhang ang isa roon ay anak ng kanyang pinsan na si

Jenny na pinopost nito sa Facebook. Sa social media niya lang nakikita ang ilang kamag-anak. Ibang-iba pala ang hitsura nito sa personal. Binilisan niya ang lakad. Pagkaraan, mas lalong lumalaki ang larawan ng kanilang bahay. Natambad sa kanya ang butuhang mukha ng ina habang may hawak na walis. Agad nitong nabitiwan ang walis tingting at sinalubong siya ng yakap.

"Wang!" wika nito sa madamdaming boses. Hindi niya mapigilang maluha habang niyayakap ang ina. Narinig niya ulit ang kanyang palayaw na ibinaon niya na rin sa limot.

"Kumusta ka naman?" usisa nito habang tinitingnan ang anak mula ulo hanggang paa. Tila may sinisiyasat. Ngumiti lamang si Josua.

"Na! Kuyawa na nimo oy! Pogi naman kaayo ka!" dagdag na wika ng kanyang ina at nagpahid ng luha. Napangiti ito at muli siyang niyakap.

Nagpahid ng luha si Josua. Ayaw niyang umiyak. Kusa na lang umagos ang luha sa kanyang mata. Gimingaw[4] din siguro siya sa ina. Mukhang ito lang ang tanging alaala niya sa kanilang banwa[5]. Papasok na sana siya sa kanilang tahanan nang makita niya ang tahanan ng kanyang Lolo Aniceto at Lola Pilang. Kaydaming tao. Ayaw pa niyang magtanong. Ayaw niyang balikan ang nakaraan o maungkat ang nakalipas.

---

*4 nangungulila*
*5 bayan o nayon*

Hindi na siya taga-roon. Matagal na siyang lumisan. Marami nang nangyari at ayaw na niyang makialam pa. Baka nga nagdaramdam pa rin siya hanggang ngayon. Kung bakit namatay ang kanyang Tatay Joselito. Kung isinugod lamang sana ito agad sa ospital sa halip na ipaalbolaryo sa kanyang Lolo, baka buhay pa sana ang kanyang Tatay.

"Anak? Masama ang hindi tumuloy agad sa bahay! Lalo pa at may buntis," wika ng kanyang ina sa mahinang boses.

"Ho?" usisa ni Josua. Nagsalubong ang kilay niya sa narinig.

Agad siyang pumasok at natambad nga sa kanya ang isang babaeng bilog na bilog ang tiyan, ang kanya palang Tiya Ferliza. Nagmano siya sa utos na rin ng kanyang ina bilang tanda raw ng paggalang sa nakatatanda. Napansin niyang tila hindi tumatanda ang kanyang Tiya. Pero sa isip niya, parang hindi tamang magluwal ulit ng sanggol sa dami ng mga batang naroroon.

"Aba e ang laki na pala nitong pamangkin ko e!" wika ng babae habang hinimas-himas ang tiyan.

"Buyag! Aba, oo naman! At LPT na 'yan!" wika ng kanyang ina.

"O, maya-maya ay umuwi ka na rin, masamang gabihin ang buntis sa daan, baka ka aswangin," dagdag pa ng kanyang ina habang binabaling ang tingin sa kanyang tiya.

"Naku, ang aswang ang matatakot sa langis ko haha!" tugon ng kanyang Tiya Ferliza.

Napailing si Josua. May naniniwala pa ba sa aswang? Bulong niya sa sarili.

Pumasok na siya sa kanyang maliit at masikip na kuwarto. Ganoon pa rin ang kanyang pamilya. Marami pa ring pinaniniwalaan. Lahat ay binibigyan ng kahulugan, itim na pusa, itim na aso, itim na paruparo, itim na ibon. Halos lahat na yata ng maaaring paniwalaan ay paniniwalaan. Kaya rin umalis si Josua sa kanila. Ayaw niyang matulad sa kanila. Mas namulat siya sa katotohanan ng buhay sa syudad, sa mga siyentipikong paraan ng pagtingin sa mga bagay-bagay, sa mga kalkuladong kilos at pasya. Mas malaki pa pala ang mundo kaysa inaasahan at inaakala. At ang mundong ito ay nagbabago bawat segundo, minu-minuto, oras-oras. Kahit ang trending ngayong Linggo, sa balita, sa *spotify*, sa *twitter*, nag-iiba, paiba-iba, ang *stockmarket*, ang panahon, ang mga uso, ang buhay, ang pag-ibig, ang mga pinaniniwalaan. Bato lang ang hindi lumalaki, hindi nagbabago.

Inilapag niya ang kanyang katawan sa kama nang biglang may kumatok sa kanyang pinto. Malakas na mga katok.

"Pauwi na ang Tiyang mo, magpalaway ka na!" wika ng kanyang ina. Nagitla si Josua sa narinig. Matagal na niyang hindi ginagawa iyon! Napabalikwas siya sa kama.

"Pero inay, alam naman ninyong nagbago na ako!" sigaw niya mula sa loob. Ayaw niyang magdamdam ang ina ngunit kailangan na rin niyang magpakatotoo. Hindi na siya bahagi ng isang makalumang oryentasyon at walang kabuluhang tradisyon ng kanyang mga kaanak.

"Josua! Anak! Alam mong mauusog ka kapag di mo ginawa iyan!" diin ng kanyang ina.

Bumalik si Josua sa pagkakahiga at tumalikod. Maririnig sa kanyang Tiya ang sermon bago ito tuluyang umalis. Walang panahon si Josua para makinig sa mga gano'ng litaniya. 2023 na. May naniniwala pa ba sa *buyag*[6]? Para sa kanya, ang tradisyon ay bunga ng paniniwala ng mga ninuno na maaaring sundin o hindi. Mas nais niyang maging malaya sa kanyang mga desisyon sa buhay. Ayaw na niyang sumunod sa mga bagay na hindi niya nauunawaan o na hindi naman ipinaunawa sa kanya. Mga bagay na walang basehan. Para sa'n pa ang pag-aaral niya kung hindi niya gagamitin ang isip?

Tumihaya ulit siya. Nagpabaling-baling. Napatingin siya sa paligid ng kanyang kuwarto. Wala pa ring ipinagbago. Masikip pa rin. Maraming libro at kuwaderno. May bahay ng

---

*6 usog*

gagamba. Mga agiw. Nakita niya ang mga sinulat niya noong haiskul. Nakasabit din doon ang kanyang mga medalya at sertipiko sa pagkamit ng mga gantimpala sa larangan ng pagsusulat. Pati mga kapirasong papel na sertipiko niya sa pagkapanalo sa chess tournament. Kinakain na rin ng anay ang lumang larawan nila ng kanyang magulang, kung saan nagsayaw siya sa street dancing noong pista.

Napabalikwas siyang muli sa kama at sa halip na isipin ang nakaraan, hinanap niya sa lumang aparador ang kanyang birth certificate na kailangan niya upang maproseso ang mga requirement sa inaaplayan. Sigurado siyang kasama 'yon sa mga certificate niya sa bautismo at kumpirmasyon at pagiging katekista sa kanilang simbahan noong Flores de Mayo.

Maririnig pa rin mula sa kanyang kuwarto ang komusyon ng mga tao sa tahanan ng kanyang lolo. Umabot sa tapat ng kanilang bahay ang pila ng mga tao. May mga nag-iiyakan, may mga marites na nag-uusap. Napabuntong hininga si Josua. Alam niyang dahil na rin sa kahirapan kaya umaasa sa mga albularyo ang mga tao sa kanila. Dahil na rin sa mahal na gamot at konsultasyon sa doktor maging sa pagpapaospital. Hindi naka-focus si Josua sa gagawin dahil sa ingay na nagmumula sa mga tao sa bahay ng kanyang Lolo at ilang bulungan sa loob ng kanilang bahay, marahil mga pinsan niya na gusto siyang makita. Sa labas naman, may mga batang nag-aaway, mga batang nagtitiktok at ang iba ay naroon para

maghayag ng hinaing sa gobyerno o pag-usapan ang kani-kanilang mga asawang nagtaksil sa kanila.

"Akala ko pa naman makakapagrelax ako," wika niya sa kanyang sarili saka tinigil ang paghahanap sa birth certificate. Pinilit niyang matulog ngunit tanging pagpikit lamang ang kanyang nagawa. There is no place like home wika ng iba pero para kay Josua, hindi ito ang kanyang tahanan. Para bang hindi siya nabibilang sa kanyang komunidad kaya hindi rin siya nakatulog. Parang namamahay. Hindi siya nahihimbing.

Naalala niyang may kailangan pala siyang sabihin sa ina. Itinapat niya muna ang tenga sa pintong gawa sa kahoy upang tiktikan kung naroroon pa ba ang mga bulungan ng kanyang mga pinsan. Lumabas siya sa kanyang silid nang malamang umuwi na rin ito. Paglabas niya nandoon pa rin ang kanyang ina na nananahi ng butas-butas at punit-punit na damit.

"Buti gising ka na, masamang matulog kapag takipsilim na," wika ng kanyang ina.

"May mga kakanin diyan, dala ng mga taga-poblacion na nagpagamot sa Lolo mo, kung tapos ka nang magpahinga, magpakita ka naman sa mga ig-agaw[7] mo, pati sa mga iyong apuhan[8]."

---

*7 pinsan*
*8 lolo at lola*

“Nay, naiwala ko ang kargada,” bulalas ng binata. Noon pa niya dapat inamin. Noong pagkarating niya. Hindi itong para siyang naghagis ng dinamita sa dagat.

“Ano? Ang natitirang langis ng iyong lolo!?” bulalas ng kanyang ina na natigil sa pananahi.

“Paanong nangyari? Ha? Saan? Kailan?!” tanong nito at tuluyan na ngang binitawan ang karayom at sinulid.

Hindi masagot ni Josua ang mga tanong dahil kahit siya, hindi niya alam kung saan, kailan paano at bakit niya naiwala ang kanyang kargada. Isang maliit na garapon ito ng langis na may mga ugat, pinaniniwalaang nagpoprotekta sa kanila laban sa aksidente, masamang tao at mga lamang-lupa. Kaya nitong pagalingin lahat nang sugat at kagat kahit pa tuklaw ng pinakamakamandag na hayop sa buong mundo. Dinadasalan ito ng kanyang Lolo tuwing Biyernes. Bigay ito sa kanya ng kanyang ina noong siya ay umalis sa kanila upang mag-aral sa lungsod. Hindi niya alam kung paano sasabihin sa kanyang ina, lolo at kamag-anak na hindi na siya naniniwala sa kanilang mga pinaniniwalaan kaya marahil naiwala niya ito. Baka naiwan niya sa CR ng dormitoryo o nalaglag sa kanyang bulsa. Hindi niya alam kung sino ba ang unang humiwalay, siya ba o ang kargada.

"Huwag mong sabihin sa Lolo mo 'yan. Buti pa magpakita ka na sa kanya," wika pa nito. Tila nag-uutos. Tila pilit kinakalimutan ang nangyari. Pinagtatakpan siya.

Alam ni Josua na ang kargadang iyon ay mula sa kasamahan ng kanyang Lolo. Espesyal ang langis na iyon dahil may tela mula sa kapa ng Sto. Nino. Mula ito sa pinuno ng kanyang lolo na nakipaglaban sa mga Kastila noong unang panahon gamit lamang ang *oracion* at hurim-hurim. Mga dasal. Mula pa sa mga katipunerong kasapi sa KKK ni Bonifacio hanggang sa grupo ng mga Ilaga mula sa Timog Cotabato. Sinasabing inoorasyunan ng mga kasapi nila ang mga bolo, itak at iba pang sandata laban sa mga Kastila. Pati mga unipormeng hindi tinatamaan ng bala. Nagbibigay raw ito ng kung anong kapangyarihan. Ilang beses daw silang iniligtas kahit pa noong panahon ng mga Hapon at Amerikano. Katulad ng Lapiang Malaya. Pero lumipas ang panahon, mas pinili raw ng kanyang lolo ang manggamot.

Nang mamataan ni Josua na nagsipag-uwian na ang mga tao, agad siyang pumunta sa kanyang lolo. May kung ano talaga sa mga nakasanayan, lagi nating ginagawa kahit ayaw natin o kahit labag sa ating kalooban. Nainis siya sa sarili. Sinapit nga niya ang bahay ng kanyang Lolo, naroroon pa rin ang lahat. Ang *kris* na mula sa isang kliyenteng T'boli, ang mga sungay ng kalabaw at usa na nakadikit sa dingding, mga larawan ng santo at isang rosaryo na nakasabit sa pinto at

isang binihisang Santo Niño na nakalagay sa lumang mesa. Di nagtagal ay nakita niya ang isang matandang lalong lumiit sa kanyang paningin. Nangangayayat ang kanyang lolo. Tulad ng dati, nakaipit pa rin sa labi nito ang tabako kahit inuubo-ubo na. Ang kanyang lola naman ay naririnig niyang kumakanta mula sa kusina. Naririnig niya ang kalampagan ng mga kaldero. Mukhang nagluluto. Lumabas ito upang salubungin siya.

"Kaawaan ka ng Diyos, buti dumating ka!" bati ng kanyang lola na may nakaipit ding sigarilyo sa labi. Gusto sanang sabihin ni Josua na tama na ang paninigarilyo dahil masama ito sa kalusugan ngunit mas gusto niyang pagmasdan ang dalawang matanda. Nagmano siya sa kanyang lolo. Bumuga ito ng usok mula sa hinihithit na tabako. Bahagi na ng buhay ng kanyang lolo ang pananabako. Noong unang panahon daw ay isa ito sa mga libangan ng kanyang mga ninuno, ang paninigarilyo na nagpapainit at nagpapalusog sa katawan. Ngunit hindi malusog ang katawan ng kanyang lolo ngayon. Sa isip ni Josua, hindi pa rin sila nagbabago, nagkakasya pa rin sila sa payak na pamumuhay.

"Kanus-a lang ka niabot Wang?" tanong ng kanyang lola matapos siyang yakapin. Inusisa kung kailan lang siya dumating.

"Kaganiha ra La," wika ni Josua at sinabing kanina lang. Inilabas ng kanyang lola ang tasa na may kasamang kape at asukal, pati diyaryo. Binasa nito ang diyaryo.

"Adunay tinapay diha!" wika ng kanyang Lolo Aniceto.

"Kagabie Lo, nagdamgo ko nga nakadaug kuno kog lotto! Haha!" wika ng kanyang lola. Napailing si Josua. Gusto niyang itanong sa kanyang mga apuhan kung bakit hanggang ngayon ay naniniwala pa rin sila sa panaginip gayong bunga lamang ito ng chemical reaction na nangyayari sa utak ng tao sa tuwing siya ay tulog.

"Kung may gahum[9] si Lolo, bakit hindi na lang niya hulaan kung ano ang lalabas sa lotto para naman tumama na kayo," wika niya sa dalawang matanda.

Natawa ang kanyang Lola Pilang sa narinig.

"Apo, hindi manghuhula ang Lolo mo, manambalan siya!" wika nito saka bumalik sa pagbabasa.

"Aba e kung kaya kong hulaan ang mga naririyan e matagal na tayong milyonaryo!" wika ng kanyang lolo at humagalpak sa tawa.

Nakatingin lang sa kanila si Josua. Tila nangingilala. Ngunit mas nakanakaw ng pansin sa kanya ang pulang librita[10] ng kanyang lolo na nasa basket. Natatandaan niya na noong araw, ito ang maliit na libro na nais niyang basahin.

---

*9 kapangyarihan*

*10 maliit na librong kulay pula, nakasulat dito ang mga oracion na inuusal ng mga manggagamot*

Sa naalala niya, pumuslit siya no'ng hapon ding iyon habang nagpapa-inom ng mga alagang kalabaw at baka sa parang ang kanyang lolo at lola. Agad siyang pumunta sa kuwarto sa may altar upang hanapin iyon sa pag-aakalang may super powers ito. Ngunit nadismaya siya nang malamang walang nakasulat sa mga pahina nito. Wala siyang nababasa. Naalala niya nadatnan siya ng kanyang Lola Pilang, kinuha nito ang librita at sinabing mababaliw siya kapag pinilit niya pang maunawaan ang lahat. Noong araw na iyon, naisip niyang hindi totoo ang librita. Noong nagkolehiyo siya, naisip niyang wala itong kapangyarihan. Nakasanayan lamang mula sa kanilang mga ninuno. Ngayon ay alam niyang isa lamang iyong dasal sa wikang Latin na inuusal ng kanyang Lolo. Hindi naman siya nabaliw nang malaman niya ang katotohanan.

Sinipat muli ni Josua ang kanyang mga apuhan mula ulo hanggang paa. Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman, maaawa ba o magagalit dahil sa uri ng kanilang pamumuhay. O manunumbat sa nangyari sa kanyang Tatay. Hindi nagtagal ay muling nagkuwento ang kanyang lolo tungkol sa kanyang kabataan. Memoryado na ito ni Josua. Nasaulo niya yata ang sugilanon ng kanyang lolo noong bata pa ito. Na dumayo ito sa Mindanao upang makahanap ng suwerte, o ng lupang masasaka. Nakipagsapalaran ito mula sa Samar at nakilala ang kanyang lola na mula sa Carcar, Cebu, na naglayas din upang makipagsapalaran sa Mindanao. Nagtagpo sila ng kanyang Lolo sa Sarangani Province at nagpakasal, nabuo ang

kanyang ina. Pagkatapos nito, alam niyang dadako ang lolo niya sa kuwento nito sa kanyang haiskul layf, kung paano itong nanguna sa klase at lumabis pa ang katalinuhan sa kanilang guro, hanggang sa makarating ang kuwento sa kung paano nito nasagupa ang mga mangkukulam at aswang mula sa Abuyog, Leyte o kung paano nito kinaibigan ang santelmo at nakisindi pa ito ng sigarilyo sa bolang apoy. Paulit-ulit lamang at parang isang sirang plaka na pinapatugtog at pinapakinggan naman niya nang paulit-ulit.

"Ang librita ay nakuha ng Manong ko sa isang matandang manggagamot sa Leyte," wika ng kanyang Lolo habang nakatanaw sa malayo.

"Ang Nanay at Tatay at ang mga ninuno nila ay hindi nagpabawtismo sa mga kalahi ni Magellan kahit pa sinunog nila ang ating mga dasal. Kaya gumawa ng kuwento-kuwento ang simbahan na aswang ang mga babaylan at manambalan," dagdag pa nito.

Tumango si Josua at tumahimik. Hindi na siya nagsalita dahil baka humaba pa ang usapan. Matagal na siyang walang pakialam sa kasaysayan. Araw-araw siyang nakikipagsapalaran sa lungsod, malamang sa malamang, wala siyang panahon upang ungkatin at unawain ang mga bagay na nakalipas na. Para sa kanya, hindi iyon makakatulong para umusad. Inubo ang kanyang lolo pagkatapos magkuwento. Garalgal at malala. Inayos nito ang laman ng mga basket at saka

tumungo sa kuwarto upang itago ang mga gamit. Dahan-dahan ito sa paglalakad.

"Kailan ho ba magpapagamot si lolo sa ospital, La?" tanong ni Josua habang inihahatid ng tingin ang kanyang lolo.

"Naku e, bakit naman siya magpapagamot sa mga doktor e manggagamot ang lolo mo?"

"Pero hindi totoong doktor si Lolo. May mga gamot po na kailangang inumin para sa partikular na sakit," giit ni Josua, tila may inis na sa kanyang boses. Muntik na niyang makalimutan na matanda ang kausap niya. Pero sa isip niya bakit? Wala bang karapatang magbahagi ng ideya ang mga bata?  Kailan pa naging mali ang pangangatuwiran? Kapag ba sumagot ay masama na agad? Malaki na agad ang ulo? Bastos? At walang utang na loob?

"Pananampalataya ang nakakapagpagaling sa tao apo," sagot ng kanyang lola. Nagkuwento ito tungkol sa isang babae sa kanyang panahon na gumaling dahil sa pag-inom ng halamang gamot. Kahit nga raw sugat o kagat ay napapagaling ng mga halamang tumutubo sa palibot.

"Madadala ba ng santong dasalan ang kanser? Diabetes? Acute appendicitis o pagkabulag?" patuyang tanong ni Josua na noon nga ay nakalimutang gumamit ng po at opo.

“Naku, Wang, ang mga doktor kasi, kung ano-ano lang ang itatawag sa sakit mo, tapos wala palang lunas. Kaya ayaw ng Papang magpadoktor,” wika ng kanyang ina na naroroon na pala. May dalang isang bandihadong saging at kamote.

“At isa pa, kaya maraming pumupunta rito ay dahil gumagaan ang pakiramdam nila. Hindi kami nagpapabayad, ang mga tao mismo ang nagbibigay. Gusto nila ng himala, ng sagot mula sa Diyos o paliwanag sa kanilang mga karamdaman,” sagot nito.

“Noong bata ka pa, iyak ka nang iyak, dinala kita sa Lolo mo at tumahan ka. May kalaro ka palang tagulilong[11] dati. Buti hindi ka dinala sa mundo ng mga engkanto, kung hindi ay baka hindi ka na umabot sa edad na iyan,” dagdag pa nito.

Hindi nakapagsalita si Josua. Muling maririnig ang katahimikan.

“Hindi naman lahat ng tao rito gumagaling, pero kahit papa’no nabibigyan sila ng pag-asa,” dagdag pa ng kanyang ina.

“Naku! ‘Kaw talagang bata ka, napunta ka lang sa syudad!” pabirong tuya ng kanyang Lola Pilang saka ibinuga ang usok mula sa tabako.

---

*11 engkanto, mga nilalang na hindi nakikita*

"At matanda na ang lolo mo Wang, kailangan na niyang maipasa sa kanyang apo ang kanyang tuntunin at sinumpaang papel na ginampanan magmula pa noong unang panahon," dagdag ng kanyang Lola, mas seryoso ang tono nito.

"Ano ang ibig mong sabihin, La?" usisa ni Josua.

"Kailangang may magmana o magpatuloy sa legasiya ng panggagagamot niya. Hindi puwedeng walang manggagamot sa ating angkan," dagdag ng kanyang Lola Pilang sabay tingin sa abo ng sigarilyong nahulog sa sahig.

"Tulumanon[12] kasi iyon, kailangang ipasa," wika ng kanyang ina. Saka nagkuwento ito tungkol sa tradisyon ng panggagamot ng kanyang Lolo. Kung sino na ang napagaling nito kahit pa sinabi ng doktor bilang na lang ang mga araw nito sa mundo.

Nagitla at namutla si Josua sa narinig. Hindi siya. Hindi puwedeng siya ang tagapagmana. Sa lahat ng puwedeng manahin bakit hindi yaman? Bakit ito pa? Guguho ang kanyang mundo pag nagkataon! Gusto niyang maging titser sa lungsod. Gusto niyang tumira sa subdivision at makapangasawa ng taga-syudad. Gusto rin niyang yumaman. Gusto niyang makapunta sa Japan at makita ang pamumulaklak ng sakura. Gusto niya magkaroon ng anak na mahusay mag-Ingles at nasa pribadong paaralan na ihahatid niya gamit ang sariling kotse araw-araw.

---

*12 tradisyon*

Hindi puwede! Hindi naman siya bumalik. Umuwi lang siya sa kanila para sa isang kapirasong papel!

Tiningnan siya ng kanyang Lola at Nanay nababakas nila ang malaking pagtutol na nakaguhit sa kanyang noo.

~

Kinagabihan, sa hindi maipaliwanag na dahilan, inapoy ng lagnat si Josua. Pabaling-baling siya sa kanyang kama. Pagkaraan ay bumangon. Pasuray-suray niyang tinungo ang kusina upang uminom ng tubig, hilong-hilo siya. Pakiramdam niya umiikot ang buong mundo. Binuksan niya ang mga kabinet upang maghanap ng gamot ngunit wala siyang nakapa. Napamura siya. Kung bakit naman kasi wala sa pamilya nila ang mahilig uminom ng mga gamot. Ang pamilya niya na lang yata ang umiinom ng halamang gamot para sa mga sakit at sakit-sakit kahit pa pamamaga o sakit ng ulo. Herbal. Kahit sa sakit ng ngipin ang paraan lang nila ay pagsisipilyo gamit ang tangkay ng dahon ng bayabas o pagmumumog ng asin. Nasa bakuran lang nila. Wala siyang napala kaya bumalik na lang siya sa higaan at pinilit matulog. Alas kuwatro ng madaling araw nang maramdaman niya ang napakalamig na kamay na dumampi sa kanyang noo.

"Diyos ko! Nilalagnat ka!" bulalas ng isang boses.

Pagdilat niya nalantad sa kanyang mukha ang nag-aalalang mukha ng kanyang ina. Kinumutan siya nito. Nanginginig na pala siya sa lamig.

"Sinabi ko na nga ba e! Dapat nga nagpalaway ka sa Tiya Ferliza mo! Matalas talaga ang dila ng mga buntis! Lalo na ang tiya mo na minana ang usog ni Nanay Ganay!" wika pa nito.

Rinding-rindi na si Josua na marinig ang mga ganoong paliwanag. Ni hindi nga niya kilala ang pangalang binanggit ng kanyang ina. Sigurado si Josua na hindi iyon nakatala sa kanyang birth certificate. Ngunit wala siyang lakas upang magsalita, mangatuwiran o makipagtalo. Tila dinadaganan siya ng libo-libong mga pader, hallowblocks o sako ng bigas. Masakit ang kanyang katawan, tila nasusuka siya at pinapanawan ng lakas ang tuhod. Hindi niya alam kung ano ang nangyayari sa kanyang sariling katawan.

"Hintay ka diyan," wika ng kanyang ina.

Di nagtagal ay bumalik ito, may dalang isang tasang mainit na tubig.

"Inumin mo," wika nito sa kanya, nag-uutos kaysa nakikiusap.

Bumangon bahagya si Josua at uminom. Bigla siyang naduwal sa mapaklang inumin na iniabot sa kanya ng ina.

"Ano na naman 'to Nay?" tanong ni Josua sa nanginginig na boses.

"Pinakuluang dahon ng gabon at tisa. Mainam 'yan para sa lagnat at panghihina. Baka naman kasi kung napa'no ka. Kung usog 'yan hamo at mamaya ay ipapatingin kita agad sa Papang. Kailangan mong magpatayhop[13] sa lolo mo!" wika nito.

Nagsalubong ang kilay ni Josua nang wala sa oras. Inisip niya, kung hindi siya mamamatay sa sakit baka mamatay siya dahil sa pagkalason, at sa sama ng loob! Dapat ngayon ay pinapatingin na siya sa health center o nilalapatan ng paunang lunas o kinukuha ang kanyang temperatura. Muli, minura niya ulit ang sariling sitwasyon, kung bakit pa siya bumalik sa lugar na iyon at kung bakit pa siya pinanganak sa isang pamilyang hindi niya maintindihan! Tila lahi ng mangkukulam na manggagamot na kayraming tradisyon at pinaniniwalaan sa mundo! Tila mga aswang na napakahaba ng buhay pero tila mga kulto rin na kayraming mga librita at babasahin sa wikang Latin! Minsan parang mga pagano na may anito! Ngunit noong mga panahong iyon ay mas lalo niyang ininda ang kanyang katawan. Hindi niya maunawaan ang bigat at sakit na nararamdaman. Nahihirapan siyang huminga. Pinahiran siya ng langis at hinilot ng kanyang ina. Pinisil ang kanyang kamay

---

*13 isang rituwal kung saan hihipan at dadasalan ang ulo ng may sakit*

at mga daliri sa paa. Napasigaw siya sa sakit. Pagkaraan ay kumalma siya. Pinagpawisan at agad ding nakatulog.

Kinabukasan ay nagising siyang may itlog at lugaw sa kanyang tabi at isang piraso ng saging. Nasa noo niya pa rin ang towalyang may suka. Sinisipsip nito ang init mula sa kanyang katawan kaya bumaba ang kanyang lagnat. Ngunit wala pa ring gamot na biogesic o bioflu o paracetamol. Napailing ulit siya. Ayaw niyang magmura. Tumikim siya ng ilang subo saka bumalik sa pagkakahiga. Wala siyang gana. Wala siyang panlasa. Wala pang-amoy. Ni hindi niya alam kung ano ang nangyayari. Hindi niya maramdaman ang sariling katawan. Ang naririnig niya lang ay ang pagwawalis ng mga bata sa kanilang bakuran.

Agad namang may kumatok sa kanyang silid. Binuksan nito ang pinto.

"Anak," wika ng kanyang ina.

Nanlaki ang mata ni Josua no'ng makitang nasa likod nito ang kanyang Tiya Ferliza na napakalapad ng ngiti at tila nangungutya.

"Aba! sabi ko naman sa iyo pogi, makamandag ang tiya mo! Ha-ha!" wika nito at saka humagik-ik ng tawa.

Napapikit si Josua, napairap. Naweirduhan si Josua sa kanyang Tiya. Tila isang salamangkera o mangkukulam. Dahil sa bigat ng kanyang katawan, wala na siyang magawa

no'ng lumapit ito sa kanya. Itinaas nito ang kanyang damit, nilawayan nito ang sariling daliri saka ipinahid sa kanyang noo at sa kanyang tiyan sa ibabaw ng pusod. Pakiramdam ni Josua ay naagrabyado siya. Gusto niyang manlaban. Hindi siya komportable. Tila may ninakaw sa kanya, ang karapatang mamili! Wala siyang nagawa dahil para siyang lantang gulay. Tumayo ang kanyang tiya at saka nagwika, "Kapag hindi siya nahimasmasan mamaya, ilapit mo na kay Papang," wika nito saka umalis.

Noon lang din napansin ni Josua na may dala-dala ring habak[14] at kargada ang kanyang Tiya Ferliza. Magtataka pa ba siya? Halos lahat sa kanila ay may langis. Minsan naiisip siya, paano kung mga pagano nga sila?

"Anak," wika ng kanyang ina sa malumanay na boses.

"Magpagaling ka. Nakita ko na ang birth certificate na hinahanap mo kaya magpagaling ka na para maasikaso mo na ang aplikasyon mo," wika nito at saka humirit ng "O puwede namang dito ka na lang magturo," wika nito saka ngumiti.

Hindi alam ni Josua kung nagsasabi ba ito ng totoo o sinasabi lang ito ng kanyang ina para mapasigla siya. O baka nga matagal nang itinago ng ina ang kanyang hinahanap kaya hindi niya ito matagpuan.

---

*14 pangontra sa buyag o usog, isinasabit sa beywang*

“Pahinga ka. Mamaya ay pupunta ang Lolo mo rito para tingnan ka,” panapos nitong wika.

Gustong magprotesta ni Josua. Gusto niyang tumayo at mag-alsa balutan. Naalala niya na dati, noong nagkasakit siya ng amoebiasis, lalo itong lumala dahil pinainom siya ng malapot at mapaklang likido na nakapalubha sa kanyang kalagayan. Hinding-hindi niya makakalimutan iyon dahil nagtagal siya ng dalawang linggo sa ospital!

“Di-ba s-s-sabi ko nga Ma, a-a-yokong magpagmot k-kay Lo-lo?” wika niya, pautal-utal.

“Ano bang nangyayari sa iyo Josua? Napunta ka lang sa unibersidad nagkaganyan ka na? Nakalimutan mo na ang ating tradisyon!” bulalas ng kanyang ina na tila galit. Ito ang unang pagkakataong nakita niya itong nagtampo.

“Matulog ka na.  Pupunta pa ako sa palengke. Maghahanap pa ako ng manok na pula, at chioktong. Baka naengkanto ka raw sabi ng lolo mo.”

Tumagilid si Josua na parang walang narinig. Naramdaman niya ang init sa kanyang mga mata.

Tanghali noon nang may biglang pumasok sa kanyang kuwarto. Bahagyang idinilat ni Josua ang mata. Papalapit sa kanya ang kanyang lolo. Tulad ng dati, may nakaipit itong tabako sa katawan. Ngayon niya lang napansin ang mga ugat

nito sa katawan. Idinantay nito ang kamay sa kanyang noo saka sa kanyang talampakan. Naramdaman niya ang kakaibang init. Magaspang ang palad ng kanyang Lolo.

"Unsa imong gibati?" tanong nito sa kanya. Inaalam kung ano ba ang kanyang nararamdaman.

"Wala," wika niya sa nagtatampong tono. Ipinikit muli ang mata.

Buntong hininga ang sagot sa kanya ng matanda. Saka hinipan ang kanyang ulo. Inusal nito ang mga panalangin sa wikang Latin. Parang may tinatawag sa hangin. Narinig ni Josua ang pangalan ng mga santo at santa. Nagmulat siya ng mata. Pinagmasdan niya ang kanyang lolo. Nakapikit ang mata ng kanyang lolo, taimtim na nagdarasal habang siya ay dilat na dilat sa gitna ng katanghaliang tapat. Gustong sabihin ni Josua na hindi siya naniniwala. Gusto niyang sabihin na peke ang kanyang lolo. Na hindi totoo ang kanilang mga rituwal, na bahagi lang ito ng masalimuot na kasaysayan ng mga katipunero at gerilyang walang ibang makapitan kundi ang mga babaylan at mangkukulam at mambabarang, mga pulahanes na kailangan ng proteksiyon laban sa mga Espanyol at Amerikano kaya nakipagkasundo kay Satanas! Produkto ng itim na kapangyarihan! Ngunit may kung ano rin sa nangyayari - hindi siya makapagsalita. Tila siya nahipnotismo. Nagagayuma! Nangilid ang mainit na tubig mula sa kanyang mata.

Dumilat ang kanyang lolo at ngumiti ito sa kanya.

"Mukhang may nagkagusto sa iyong engkanto at natipuhan ka. Kailangan lang nating mag-alay ng manok na pula sa punong mangga sa likod-bahay," wika nito at kinurusan ang kanyang likod.

Hindi sumagot si Josua sa narinig. Parang kalokohan ang lahat. Paano kung may sakit talaga siya? Paano kung sinat lang dahil naulanan siya? Paano kung over fatigue lang? Pero paano kung corona virus na pala? Sa halip, nagtanong siya sa kanyang lolo. Tanong na nagbubukas ng mga sugat at pilat sa kanya, sa kanila.

"Bakit hindi mo napagaling si Tatay? Ano ang sakit niya?" tanong niya sa matandang nasa kanyang harapan. Kapareho niya ng ilong, ng mata at ng kulay.

"Apo, hindi ako Diyos," sagot ng kanyang Lolo saka tumalikod.

"No'ng gabing pinuntahan ko ang Tatay mo, ang sabi ko sa kanya kailangan na niyang magpa-ospital. Pero ayaw niya," sagot nito.

"Tao ang nagdedesisyon sa kanyang buhay, hindi manambalan," dagdag pa nito bago tuluyang umalis.

Naiwan si Josua sa kanyang silid. Nangilid ulit ang kanyang luha. Hindi niya alam kung bakit, ngunit pagkatapos

siyang hipan at ipagdasal ng kanyang lolo, gumaan ang kanyang pakiramdam. Pagkatapos niyang magtanong gumaan ang lahat.

~

Kanina pa nakahanda ang lahat ng gagamitin para sa rituwal ng paghalad o pag-aalay. Nakatay na ang manok na pula, nabunutan na ito ng balahibo, nakalatag na ang ensenso, kamangyan, mga kandila. Naririyan na rin ang chioktong, tubig, coke at royal. Nasa loob lang ng kani-kanilang tahanan ang mga kamag-anak upang saksihan ang rituwal ng pag-aalay para sa mga engkanto. Tagulilong ang tawag nila rito, ang mga hindi nakikita ngunit nandiyan lang, kasa-kasama ng mga taong namumuhay sa mundo. Lumabas ang kanyang Lolo at tumahimik ang buong paligid. Bumangon si Josua at sumilip mula sa siwang ng kanyang bintana. Tandang-tanda niya noong bata pa siya, ayaw na ayaw ng kanyang lolo na makarinig ng ingay. Kahit bulungan o kaluskus mula sa kanilang magpipinsan. Nagugulat daw kasi ang engkanto sa ingay ng tao. Hindi raw ito lumalapit sa alay kapag maraming nakikiusyuso. Ayaw nila na maistorbo sila. Dati pinapanood niya ang kanyang lolo sa harap ng punong mangga sa tapat ng kanilang bahay. Tila may kinakausap na hindi nakikita. At wala pa rin siyang nakikita ngayon, ni anino, o lumulutang sa hangin, wala. Paano niya paniniwalaan ang engkanto? Gayun pa man, hindi pa rin maalis sa kanyang isipan ang hiwaga ng nangyari kanina. Paano siya gumaling? Paano siya napakalma? Hindi pa rin niya ito

masagot. Ngunit hindi rin masagot ng kanyang lolo kung bakit hindi nito napagaling ang kanyang Tatay.

Natapos ang rituwal at lumabas si Josua sa silid. Pinagsaluhan ng kanilang pamilya ang mga biskuwit na tira mula sa rituwal. Samantala ibinalik ng kanyang lola sa kawali ang karne ng manok. Dinagdagan ito ng asin, tanglad, papaya, luya at iba pang rekados upang maging tinola na ipamamahagi rin mamaya sa kanilang mga kamag-anak. Hindi mapigilang isipin ni Josua na sila naman talaga ang nabubusog sa alay na kanilang pinagsasaluhan, hindi ang kanilang mga pinag-aalayan.

Nagpahinga si Josua habang tinitingnan ang mga pinsang kandong-kandong ang kanyang mga pamangkin na takam na takam sa kinakaing biskuwit kahit mumurahin lang at walang palaman. Mukhang sabik na ring humigop ng sinabawang manok. Bahagyang kumurba ang labi ni Josua. Hindi na siya namimilipit sa sakit at minsan na lamang siya makaramdam ng pagkahilo, nalalasahan niya na rin ang tamis ng biskuwit kahit papa'no. No'ng naluto na ang sinabawang manok, agad siyang dinalhan ng isang umuusok na mangkok ng kanyang ina. Agad itong hinigop ni Josua. Nalasap niya ang tamang timpla ng tinola. Pinagpapawisan siya. Hindi pa rin nagbabago ang lasa ng tinola ng kanyang lola, masarap pa rin. Walang kapantay.

Pinuntahan niya ang tahanan ng kaniyang lolo at lola upang ibalik ang mga mangkok na pinaglagyan ng pagkain.

Ang mahalaga sa kanya ay ang gumaling agad, hanapin ang birth certificate at umalis. Pero sa tingin niya, kailangan niya pa ring magpasalamat, ngayong nanumbalik na ang kanyang lakas. Ito na rin naman ang huli. Sumenyas ang kanyang Lola Pilang na nagpapahinga ang kanyang lolo sa kanilang kuwarto dahil sumama raw ang pakiramdam nito. Hindi alam ni Josua kung tutungo ba siya sa silid na iyon. Matagal na siyang hindi pumapasok sa kuwarto ng kanyang lolo. Isang kuwarto na may altar na may mukha ng birhen at santo, mga altar na kayraming bote ng mga langis, katabi ng mga batong may iba't ibang laki at hugis at isang bibliya, ang balaang kasulatan[15]. Nanumbalik ang kanyang alaala, ang mga kuwento ng kanyang lolo hinggil sa oracion na pangontra niya sa aswang at sa kamandag ng cobra. Naroroon din sa altar ang mga papel na may mga pangalan ng mga kaluluwang araw at gabi ay ipinagdarasal ng kanyang lolo.  Makikita rin ang iba pang mga rosaryong naroroon na patuloy na niluluhuran. Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman. Dati ay sabay-sabay pa silang nagnonobena para sa mga kaluluwa sa purgatoryo. Sa altar din siya pumupunta sa tuwing may kasalanan siya. Kapag hilaw ang sinaing niya o kapag may palpak siyang nagawa, umiiyak siya at humihingi ng tawad sa Diyos sa harap ng altar. Minsan nahuli siya ng kanyang Nanay na umiiyak sa harap ng altar, wala itong binitiwang salita. Hindi rin siya napalo pagdating sa kanilang

*15 Banal na Aklat*

bahay. Napalunok si Josua. Saan nga ba nagsimulang magbago ang lahat? Noon bang namatay ang kanyang Tatay? O noong pumunta siya sa syudad at nabuksan ang isip sa napakarami pang posibilidad ng buhay? Ngunit ngayon, sa puntong iyon, ay tila nahanap niya ang kapiraso ng kanyang sarili sa espasyong iyon.

Pumasok si Josua matapos ang mahabang pag-iisip. At tulad ng dati, naroroon pa rin ang lahat. Walang pinagbago. Natigil lamang siya nang makita ang isang lupaypay na katawan sa kama. Ang lolo niya. Bakit ngayon niya lang napansin? Ang kanyang lolo ay isang kasaysayan. Kaytagal nitong naglingkod sa mga taga-baryo bilang manambalan nang hindi nagpapabayad. Ang kanyang lolo rin ang sumpungan ng mga taong hindi alam kung ano ang gagawin sa kanilang mga sinasaka sapagkat hindi tinutubuan ng mais o palay o kamoteng kahoy ang kanilang lupain o sa tuwing pinipeste ang bukirin. Ang kanyang Lolo rin ang nagsisilbing huwes sa mga mag-asawang nag-aaway. Daig pa nito ang kapitan at huwes! Nangilid ang kanyang luha habang iniisip ito. Paano niya nakalimutan ang kanyang pinagmulan?

"Apo?" wika ng kanyang lolo. Pabulong.

Lumapit siya sa kanyang Lolo at saka hinawakan ang kamay nito. "Pasayloa ko Lo, naiwala ko ang kargada" wika niya, pabulong. Nangilid ang kanyang luha.

Ngumiti lamang ang kanyang lolo. Idinantay nito ang kamay sa noo ni Josua. Napansin niyong mainit ang kamay ng kanyang lolo. Idinantay rin ni Josua ang kanyang kamay sa noo ng matanda at nakita niyang inaapoy ito ng lagnat! Agad niyang tinawag ang kanyang Lola Pilang at kanyang ina. Nataranta siya nang makitang inuubo nang malala ang kanyang lolo. Hindi ito makahinga. Agad na nagsitakbuhan ang mga tao sa tahanan ng kanyang lolo. Bata. Matanda. Lahat ng kanyang pinsang lalaki na abala kanina sa pagtatrabaho. Tila naroon ang lahat ng kanyang mga kamag-anak!

"Nagkalit lang man si lolo," wika ng pamangking si Bebe. Sinabi nitong bigla na lang sumama ang pakiramdam ng kanyang lolo. Ang sigla pa nito kanina.

Sa isip ni Josua, kailangan na nilang isugod sa ospital ang kanyang lolo. Pero sa puntong iyon, may pumipigil sa kanya na sabihin ito. Mas nais niyang makasama ang Lolo Aniceto niya. Pakiramdam niya, ang kuwarto, ang altar, ang lumang bahay ang pinakaligtas para sa kanyang lolo, sa piling ng kanyang pamilya, sa piling niya.  Nagwika ang kanyang Tiya Ferliza.

"Sabi nila, handa na raw magpahinga ang mga manambalan kapag may tagapagmana na ng kanyang gahum sa panggagamot," wika nito.

Napatingin sa kanya ang kanyang ina, ang kanyang Lola Pilang. Tiya Ferliza at ang lahat ng mga naroroon.

"Ikaw lang ang hinintay ng Lolo mo, Wang. Ikaw ra gyod iyahang gihulat," wika ng kanyang ina.

Hindi alam ni Josua kung ano ang gagawin. Agad na inihanda ng kanyang ina ang mga halamang gamot. Ipinahid naman ng kanyang lola ang langis sa talampakan ng kanyang lolo. Hinilot ang bisig nito. Nangilid ang luha ni Josua habang hinawakan ang kamay ng kanyang lolo. Idinadantay niya ang isa pang kamay sa noo nito. Gusto niyang pagalingin ang kanyang lolo. Paglingon niya sa kanyang mga kamag-anak, nakaluhod ang kanyang tiya, mga pamangkin, Lola Pilang at ang kanyang ina, ang lahat ay umuusal ng panalangin. Tumingala si Josua sa altar ng kanyang lolo. Saka pumikit. Kumibot ang kanyang labi. Tinawag niya ang lahat ng santo at santa. Paulit-ulit. Paulit-ulit niyang usal.

# TANO

*Catherine Dalon*

Malamig ang bisita ng hangin. Napansin agad ito ng balahibo ni Mori, ng kanyang ilong, ng tenga, ng nguso at talampakan. Kumalat ang lamig sa lupa, sa suksok ng mga kawayang pinagdikit-dikit upang maging katre, sa singit ng hita at kili-kili ng mga nasa bahay. Hinayaan lang itong gumala paikot ng dingding. Sanay na sila sa lamig, ilang malamig na bangkay na rin ang pinasilong ng kanilang bahay.

Sa kabilang banda, nagsasalo ang lamig at init sa labas at loob ng kamay ni Mori. Nakakuyom sa kanya ang baso ng kapeng ipinagtimpla ng ama. Pansin din ang sayaw ng usok na mula sa baso, mamumuo't tutungo ito paitaas at bigla na lang lilisan, isang tábing na magbubunyag sa kulay ng Pantaron, ang berde't mausok na bundok. Sa palibot ng Pantaron, umiikot din ang lamig ng hangin. Isang malaking saplot na nagpapapayapa sa lupa. Lumilingkis ito sa mga dahon. Nakikipaglaro sa agos ng ilog. Minsang hihimpil sa magliliwalil kasama ng mga palaka.

Naroon lagi ang lamig ng hangin, maging sa buntong-hininga ng tatay ni Mori. Malamig ang pinanggalingan nito. Naipon sa ilang gabing pagkabalisa.

Saktong pagsikat ng araw, siya ring pagkaubos ng kape ng magtatay. "Kaligo na, para maihatid kita sa eskwelahan mo," muling paalala ni Tano, tatay ni Mori. Hanggang ngayon ay balot pa rin ang bata ng pulang malong na may palamuting nilumad, bigay iyon sa kanya ng nanay noong buhay pa ito. Hindi rin nagtagal at bumangon na si Mori. Marahang tinupi ang malong na mas malaki pa sa kanya.

Dumiretso si Mori sa likod ng bahay saka isinalud ang ulo sa agos ng tubig mula sa maitim na túbong kasing laki ng binti niya. Dumaloy ang tubig sa maliit niyang katawan, nangatog ang buong kalamnan, pati ang tuhod ay tila pinapatay ng lamig hanggang mangitim ang kuko niya sa paa at kamay. Mabilis niyang hinagod ang puting sabon sa kayumanggi niyang balat. Nilahad niya ang kaliwang palad at pinatakan iyon ng shampoo, at marahang ikinalat sa anit at kulot niyang buhok. Itinuro ito ng kanyang nanay, ang marahang paglalagay ng shampoo sa ulo para daw hindi masugatan ang anit niya o magtampo ang buhok na dahilan upang hindi na ito humaba. Sa pagbanlaw, sinalubong ulit ng kanyang anit ang lamig mula sa túbo.

Pagkatapos niyang maligo ay kinuha niya ang dilaw na tuwalya at ibinalot sa katawan. Muli rin niyang ginamit

ang pulang damit na suot kanina upang patuyuin ang buhok. Kinuha niya ang itim na sowwa at isunuot hanggang tuhod. Sunod na sinuot sa kanyang ulo ang pulang minonuvo. At panghuli niyang kinuha ang kinaraan, sinuot niya ang manggas nito sa magkabilang braso hanggang sa tuluyan na niyang masuot, ang kanyang pagkakakilanlan.

Paglabas niya ng silid ay tiningnan niya ang kanyang itay na kanina pa nakabihis. Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa. Sa ulo ay suot nito ang tangkulo, umpak na pula at kulay itim na sowwa na may mga disenyong bundok at ilog. Sa binti ay suot naman ang tikos na may tungkaling. Maririnig din ang tunog sa paghakbang ng kanyang itay, tunog iyon ng tungkaling, tunog iyon ng pagiging datu at lumad nito. Pagkaraan ay inabutan si Mori ng dilaw at asul na sayal. Inayos din ng kanyang itay ang pagkakatali ng kanyang palda. Itinali ang pulang tali paikot sa kanyang baywang at sabay na hinugot iyon at ibinuhol hanggang maging tama ang higpit upang hindi mahulog ang damit. Isinuot niya rin ang sangkad sa buhok ni Mori at ang sagkay na beads na sakto lamang sa sukat sa hugis ng kanyang ulo.

Nang handa ang lahat sa kanilang pag-alis, ang baon na tinapay ay nasa komoyut na at isinabit niya ito sa kanyang kaliwang balikat, isinarado ni Tano ang kanilang pintong gawa sa kawayan at hinawakan ang pulsupulsuhan ng anak. Mabilis

silang nakarating sa Sitio Moppo't dahil nasa kabilang bundok lamang ito.

"Apang, kailan natin dadalawin ang puntod ni amang?" tanong ni Mori sa ama na kanina pa tahimik.

„Baka bukas ng umaga, baka kasi matagal matatapos ang dayalog mamaya," tugon naman ni Tano sa anak na lumalaki na ang butas ng ilong dahil sa paghahabol ng hininga.

„Para saan 'yon, Ama?" Tila bintanang nakabukas ang mata ng anak niya na si Mori, naghihintay na makadapo ang sagot. Nag-aalangan siyang sagutin ang tanong. Gusto niyang ipaliwanag kay Mori ang lahat pero nag-aalala siya na baka hindi tulad ng mga ibong mayumi  na inaasahan ng anak ang dumapong sagot. Baka tuluyang kumalas ang bintana na sanay sa dampi lang ng hangin. Piniling hindi sagutin ni Tano ang anak. Nanatili siyang tahimik hanggang makarating sila sa tarangkahan ng Salugpungan.

"Huo eh, bakit moriyoriyoriyo… ito?" reklamo ni Mori dahil sumasakit na ang maiksi niyang mga biyas.

"O ayan si Sir Jurain mo," sabi ni Tano sa anak. Sumilay ang pitong ngipin ni Mori na may tigib nang nakita niya ang kanyang magtutudlo.

"Maayong buntag Ser," sabi nito. Lumapit si Jurain sa kanila na katulad din nilang agling sa labas, hinaplos niya ang buhok ni Mori at nakipagkamay sa Datu.

"Mopiyon sollom Datu, pupunta ka na sa dialogue?" tanong ni Jurain.

"Uyah ser. Saan ka man pomon Ser," tanong ni Tano kay Jurain, nagtaka kasi bakit puro putik ang paa ni Jurain at may dala itong mga sitaw.

"A diyan sa baba, dinalaw ko lang si Disi, hindi kasi pumapasok sa klase. Tumutulong pala sa nanay niya mag-hornal sa plantasyon ni Madam Cynthia para may makain," tugon ni Jurain kay Tano.

"Sige Ser, una na ako," paalam ni Tano sa guro at muling nakipagkamay.

"Habol ako mamaya sa dayalog Datu, tatapusin ko lang ang isang klase." Tumango naman si Tano. "Tara na Mori, sabay na tayo."

Binitawan na ni Tano ang kamay ng kanyang anak, lumuhod siya at inayos ang kasuotan ni Mori. Tiyak na sabik na si Mori na makita ang mga kaklase. Inayos niya ang sagkay at ang tali ng sayal ni Mori. Hinaplos niya ang buhok ng anak, at dinukot niya ang porselas na beads sa bulsa ng komoyut na sukbit niya sa kanyang balikat. Bundok ang disenyo ng porselas

at nakaporma doon ang mga titik ng pangalan ni Mori. Saktong sakto iyon sa sukat ng pulsu-pulsuhan ni Mori. Hinawakan niya ang kamay ng bata at isinuot ang porselas. "Magpakahanas sa pagtuon, anak, kaalaman lamang ang hindi mananakaw sa iyo," bilin niya sa anak na nakangiting tumingin sa kanya. "Sige Ser, mauuna na ako" at muling nakipagkamay kay Jurain.

"Magandang umaga mga lidsok," bati ni Jurain sa mga estudyante niya. "Para sa pampasigla ngayong umaga, ang energizer natin ngayon ay ang paborito ninyong May Kahoy."

"May kahoy, may kahoy sa ibabaw sa bukid, may kahoy, may kahoy, may kahoy sa ibabaw sa bukid." Itinataas din ng mga bata ang mga kamay nila upang maging mukha silang punong kahoy. Kahit hindi kabisado ni Mori ang bawat linya ng kanta, kabisado naman niya ang bawat galaw. Pinorma ng mga bata ang kanilang mga kamay na parang mga chainsaw na pumuputol ng puno. "Giputol sa loggers ang kahoy sa ibabaw sa bukid, giputol, giputol, giputol sa loggers ang kahoy sa ibabaw sa bukid."

"Yehey, so human na ang atong kanta ug sayaw, handa na ba kayong matuto ngayong umaga?" tanong ni Jurain sa mga bata.

"Andam na kami Sir," masayang tugon nila.

"Ang duha ka kahoy dugangan ug isa ka kahoy, pila naman?" tanong ng guro nila.

“Tatlo sir, tatlo,” tugon ng mga bata.

Kinuha ng guro ang dala niyang kamote at nilatag ito sa mesa. “O isa pa, meron akong sampung kamote dito, kuhaan nako og tulo, ilan na lang ang matitira?” tahimik ang mga bata, binibilang nila ang kamote. “Ikaw Anton, alam mo ba ang sagot?” “Dili sir” sagot ng bata. “Sige, para maintindihan ng lahat, dito ka sa harap Anton.” Pumunta naman sa harap si Anton, si Anton na laging magkaiba ang kulay ng tsinelas. Pula sa isang paa, berde naman sa kabila. Magkaiba rin ang sukat, yong isa sakto lang, ang isa ay tsinelas ata ng kuya niya. “Ipunin mo lahat ng kamote,” inipon naman ng bata ang kamote. “Ibigay mo sa akin ang tatlo,” Isa-isang kinuha ng bata ang kamote at nang tatlo na ay binigay niya ito kay Jurain. “Ilan na lang ang natira?” Binilang ng bata ang natirang kamote sa mesa. “Isa, duha, tulo, upat, lima, unom, pito. Pito ang nabilin, pito ang sagot sa tanong mo sir!” masayang tugon ng bata “Ayos.” sabi ni Jurain sabay apir sa maliit na kamay ng bata.

“Sir! naa si Sir Tsad,” sabi ni Jenny kay Jurain. “Ju, nagsisimula na yong dayalog,” sabi naman ni Tsad kay Jurain. “Mga bata, ligpitin na natin ang mga gamit natin.” Pagkatapos nilang niligpit ang mga gamit nila sa loob ng silid aralan, nagpaalam na rin si Jurain sa mga estudyante niya.

Unti-unting dumidilim ang paligid, nasa tarangkahan pa rin ng paaralan nila si Mori. Nakaupo, naghihintay sa tatay niya. ‘Mori…,” tawag sa kanya ni Otek na nakasakay pa sa

kalabaw niya. Kaibigan ito ng tatay niya.  Isa sa mga nakikisaka kina Madam Cindy, ang nag-iisang taong may malaking sakahan at sementong bahay. Humiram kasi ng pera si Otek doon. Ilang buwan na rin mula nang mabalitaan ni Mori na wala na si Jikjik, bunsong anak ni Otek. Nakasanayan na rin ng mga taga-baryo ang mabalitaang may namatay dahil walang pampagamot. Madalas dahil sa kinakain o di kaya'y dahil sa walang makain ang pangunahing rason ng mga taga-baryo. Sila Otek, swerte na kung makapagsaing dalawang beses sa isang araw, puro balanghoy kasi ang kinakain. Kaya nang minsang magkandatirik ang mata ni Jikjik, humiram siya kila Madam Cindy. Pampaospital. Pero hindi rin nadala sa ospital, namatay habang kalong ni Otek ang bunsong anak na si Jikjik. Limang oras pa kasi ang lalakarin bago makarating sa pinakamalapit na ospital. Ilang beses pang nang-inis ang ulap sa walang humpay na pandidilig sa mamasa-masang lupa na dinadaanan nila Otek. Kung bakit laging normal ang ganun sa kanila ay dahil wala silang pera, ang nubenta porsyento ng mga tulad nila ay wala ni singkong duling. Kalahati ng lupa niya ang pinambayad sa utang. Iyon ang unang usap, ang kaso, tuso ang mayayaman sa komunidad. Ilang buwan lang na pumalya si Otek sa pagbabayad ay nagtriple ang binayaran niya para sa inutang na pera. Tatlong ektaryang lupa raw ang katumbas, ang sabi ng Donya. Kaya ayun, nandito si Otek, nagtatrabaho para may pangkain dahil wala ng lupa.

“Baka gabihin pa ang tatay mo, balita ko hindi pa raw tapos ang dayalog,” sabi ni Otek kay Mori. Tumango lang si Mori habang kunot ang noo. Hindi niya naiintindihan bakit mahaba ang usapan, basta ang sabi ng tatay niya, baka matagal matapos ang diyalogo. Sumama na lang siya para makapagsaing siya at sumakay na sa kangga.

Tinaktak ni Mori ang panggatong. Mamasa-masa kasi ang panggatong dahil sa sampal ng hangin sa kanilang dingding. Nang matuyo, inayos na niya ang pagkakapatong-patong ng kahoy sa saingan. Nagkuskos mula sa tuyong kahoy para makakuha ng ipapamakot. Isinuksok ni Mori ang pamakot sa gitna ng nakapatong na kahoy sa saingan. At saka niya hinayaang kumalat ang apoy.  Nagtakal na si Mori ng bigas mula sa latang naluma na ng panahon. Ang pantakal nila ay makinis na bao. Malalim ang salok ni Mori sa lata. Kinalampag pa ng bao ang sulok-sulok ng lata. Inilagay ni Mori sa bilao ang isasaing na bigas. Tila monotonong pumapaling pakaliwa’t kanan ang pagtahip ni Mori. May hinihintay na yapak. Sunod ay kinuha ni Mori ang madungis na kaldero, pinaliguan ng tubig, paulit-ulit niya itong kinuskos kahit litaw na ang aserong kulay nito, hanggang sa mapansin niya ang lagablab ng kahoy. Wala pa rin ang tatay n’ya.

Sumampal ang palad sa pintuan nila Mori, malakas iyon. Sunod-sunod na katok mula sa kanyang Itay. Iika-ika ang yapak nito patungo sa kusina. Diretso kuha ng baso at termos

para magtimpla ng kape. Nakatitig lang si Mori, sinusundan nang tingin ang ama. Pagkatimpla ng kape, tumabi ito sa kanya. Nagtatansyahan ang dalawa. Naghihintayan kung sinong unang magsasalita. Umakap si Mori. Natigilan si Tano. Bumagsak na rin ang luhang kanina pa naipon. Walang tunog ang mga hikbing iyon. Tinapik niya ang likod ng anak. Akmang hihigpit ang yakap ni Mori nang mapaatras si Tano. Napako ang tingin ni Mori sa duguang damit ng ama.

"Tay?" Natigil si Mori na nakatitig sa kanyang Itay. Naghihintay ng sagot. Ang gutom, ang pagkabagot at ang pag-aalala ni Mori ay naipon sa kanyang kilay. Dalawang tanong ang kailangan masagot. Sino ang nambugbog sa tatay niya at saan ito galing. Tumulo ang luha ni Tano. Nakatitig lang kay Mori. Umaasang maiintindihan ng musmus nitong malay ang sasabihin niya.

"Nagpulasan ang mga tao kanina. Biglang nagkamusyon pagdating ng mga militar. NPA daw kaming lahat. E ang unang usap, diyalogo lang sana sa ating mga lumad at may-ari ng minahan. Ang kaso, bigla silang nanghablot ng tao. Pumaunahan si Datu Kaylo. Tas yung titser mo. Yung titser mo… tinamaan sa braso't paa, sina Sir Tsad at Sir Jurain," tugon niya sa anak.

Malakas na tunog ng bota at kalabog ng pinto ang tumapos sa paliwanag ni Tano kay Mori. Hinakawan na ni Tano ang anak sa pulsuhan, tila mga trak sa minahan ang tunog

ng tibok ng puso niya. "Dalhin mo na 'yung mga gamit mo. Lumusot ka sa likod. Diretso ka sa damuhan. Hanapin mo ang tiya mo. Dun ka muna. Susunod ako." Dali-daling nagtago si Mori palabas ng kabilang pinto. Diretso sa damuhan. Sunod na narinig niya ang sigaw ng kinakaladkad niyang ama at balang humiwa sa tahimik na gabi.

"Tano," tawag ng militar sa tatay niya, habang siya nakadapa pa rin sa makapal na damo sa gilid ng bahay nila. Naririnig niya paghalungkat sa ang gamit, kama at mesa. "Ayaw Ser," sigaw ng tatay niya, namumutla na rin si Mori sa kaba, nag-aalala siya sa tatay niya. Kinakalampag ng sigaw ang dingding ng kanilang bahay. "Aaauggrrhh," umiikot iyon sa sulok-sulok ng kanilang dingding. Nangangamlampag at humihiyaw. Hindi dahil sa sinasaid na bigas kundi sa sinasaid na buhay.

"Mga salot!!!" sigaw ng militar. Sira na ang mga pinto sa bahay nila, tanaw na ni Mori na nakasiksik si Tano sa aparador. Hinablot ng militar ang itay niya. Sinuntok sa tiyan. Sinipa sa tagiliran. Humalo na sa laway ang nanunulong dugo ni Tano. Hindi na makilala ang kanyang mukha. Tanging mga pasa ang umuumbok sa bugbog niyang katawan at mukha. Hinablot ng militar ang ulo nya. Pinatangad. Isinubo ang dulo ng baril.

"Wuwag ngu! Wuwag ngu ngey!" pagmamakaawa ng tatay niya. Tuloy sa pagmamakaawa si Tano. Isang sipa ulit sa tadyang. Hindi na makakita si Tano. Tumakbo na si

Mori papalayo sa bahay nila. Singhot nang singhot ng sipon. Naghahabol ng hininga kaiiyak. "Tay, katol kaayo, sakit na akong lawas, gikapoy nako og dagan," daing niya habang hinihingal sa pagtakbo.

Napalingon siya sa napakalakas at sunod-sunod na putok ng baril sa bahay nila. Nakita niya ang bahay nilang lumalagablab na sa apoy. Tila nauubusan na ng hangin ang baga ni Mori at mas mabilis na ang habulan ng kaliwa at kanan niyang paa hanggang hindi na tanaw ng mga mata niya ang bahay nila. Naliligo ng kanyang sariling pawis ang bata nang makarating sa paaralan. Wala roon ang tiya niya pero naroon ang mga guro niya at kamag-aral, doon sila laging tumatakbo kung may mga nakapatid na uniporme, mga busaw. Ngunit wala siyang naririnig ni kahit anong ingay, iniisip niyang baka nabingi siya ng putukan doon sa bahay o baka wala na talagang tao sa paaralan. Nagsimulang bumilis ang daloy ng dugo niya at lumakas ang tibok ng puso niya, nanghihina na rin ang tuhod niya sa tumatakbo sa utak niyang iniwan na siya ng lahat. Diretso lang siyang pumasok, palinga-linga kung may tao ba pero wala siyang nakita. Pumunta siya sa silid-aralan niya, pero wala rin. Hanggang lumabas na lang siya at babalik na lang sana sa bahay nila. Pero maya-maya ay nakarinig siya nang nagbubulungan. Sinundan niya iyon at natagpuan niya sa gilid ng tarangkahan ng paaralan nila si Jenny, yakap-yakap niya ang komuyot na sira ang zipper at lumabas pa ang kalahati ng damit niya.

Sumama na rin siya sa pagbakwit, walang ibang dala kundi ang paghihinagpis at galit sa na nasa kaibuturan ng damdamin niya, at ang porselas na bigay ng tatay niya. Tila may nakakalat na mga bubug sa daan kung umakto sa paglalakad sina Mori. Magaan dapat ang pagtapak sa lupa, kung ibagsak ang talampakan, baka makatunog ang militar, baka marinig sila ng busaw. Marahang itaas ang paa at ibaba ang isa, walang malalaking puno o makapal na kugon sa dinadaan nila, kaya kailangan tahimik ang paglalakad. Hindi pwedeng gumamit ng flashlight o lighter, baka mamataan sila ng busaw. Minsan, tila mga langgam silang gumagapang. Nang hindi na kayang ihakbang ni Mori ang mga paa niya, hinayaan niya ang sariling saluhin ng matigas na lupa. Wala nang lakas ang katawan niya pero tila biik na tumatakbo ang isip niya, maingay, magulo. Habang nagpapahinga, iniisip ni Mori na baka kapag uminog na ang mundo at sa kanila na haharap ang araw ay makakauwi rin, makakabalik sa paaralan nila. Pero sa ngayon, kailangan nilang maging ligtas. Ito ang alam niyang dahilan kung bakit sila lilisan sa Sitio Maupot.

Nang nakalapat na sa lupa ang puwet ni Mori, tinabihan siya ni Sir Jurain, mugto ang mata at pagod na pagod din ang katawan. Bumulong siya kay Mori. “Wala na si Tsad, hinablot siya ng mga militar. Dinala sa sakahan ni Manong Otek, tadtad ng bala ang katawan, may paso rin sa tiyan at binti nang nakita siya ni Manong Otek.” Marahan ang pagsasalita, sa sobrang rahan ay parang sinasaksak siya ni Jurain. Parang unti-

unting pinipiga ang nanlulumo niyang damdamin. "Tara na Mori, maabtan natag kahayag diri ron," sabi ni Jurain at inabot ang kamay ni Mori.

"Bukas ba, kapag sa atin na nakaharap ang araw ay makakamit na natin ang hustisya? Ugma, makauli ba ta?" Nais sagutin ni Jurain ng hindi ang tanong ng bata. Lumingon siya, tila naghahanap ng sagot, ng tulong, upang tugunan ang tanong ni Mori. Mga matang naghahanap din ng sagot ang nakatingin sa kanya.

"Wala pa ko kabalo. Pero ang tinuod ana, maka uli ra ta puhon, kung makuha nato ang hustisya para sa imong papa ug nila Chad," buong pusong tugon ni Jurain sa mga bata.

"Bakit ito nangyayari sa atin?" tanong ni Jenny.

"Dahil gusto nilang nakawin ang tano, ang ating buhay. Ang lupang karugtong ng ating pusod," tugon ni Ser Jurain. "Tara, od ipanow kid."

Nagpatuloy na sila sa paglalakad hanggang nakarating sila sa may kalsada. Isang van na kulay abo at walang plaka ang naghihintay sa kanila. Bumaba sa van ang isang lalaking malaki ang tiyan at malinis ang gupit ng buhok.

"Kaning mga bata, dito na kayo," sabi ng lalaking bago sa paningin nina Mori. "Nagkaon na ba mo?" tanong naman ng kasama nong lalaki.

"Wala pa," tugon ng isang bata. Hinanap ni Mori si Sir Jurain, hindi na niya makita. Naglakad pa siya paabante, pero hinila siya ng nakaputing lalaki. "Mag sakay na dayon ta aning van kay basin maulanan na ta, lapok baya kaayo inyong mga tiil ug basin magsakit mo," sabi ng babaeng may ID lace na may malaking letra ng DSWD. Lumaki ang bilog mata ni Mori noong pinaghiwalay sila ni Jenny ng sasakyan, lima silang pinasok sa van. Nagmadali ring sumakay ang mga bata, naiintindihan nila ang sinabi nong babae.  Pinagitnaan sila ng mga lalaking hindi man lang nakakalahati ang katawan ni Mori.

Hindi pamilyar sa kanila ang mga lugar na dinaanan nila. Nakasindi lahat ng ilaw sa lugar na kanilang hinituan, kada liko may ilaw, hindi tulad sa komunidad nila na wala man lang ganito. Tanging kumukutitap na mga alitaptap ang nagbibigay liwanag sa kanilang nayon.  Natatanaw din nila sa bintana ng sasakyan ang mga gusaling kasing tayog ng mga puno ng Lawaan sa sitio Moppot. Pero imbis na masamyong lilim o bati ang dulot ng mga ito, takot at bagabag ang mas nadama nina Mori at ng kanyang mga kasama. Kahit papunta pa lamang sila ay tila tinataboy na sila ng lungsod. Binuwal na nga sila mula sa kaibuturan ng lupang ninuno ay lalantain pa sila ng kalunsuran.

Habang lumalarga ang sasakyan, kasing bigat ng nararamdaman ni Mori ang talukap ng kanyang mga mata. Pinagbigyan niya ang sariling umidlip at nanalangin kay Monama na sana paggising niya ay nakauli na sila.

Alas sais na ng umaga nang tuluyang huminto ang van. Pagdilat ng mga mata niya, laking gulat niya na mga naka-uniporme ng asul ang mga lalaki't babae ang sumalubong sa kanila. Pakiramdam ni Mori nakalutang ang isang paa niya nang hinablot ng lalaking nakaputi ang braso niya.  Huling hakbang pababa ng sasakyan ay natagpuan ng mga mata niya si Sir Jurain. At sa wakas nakita na rin niya ang teacher niya, nakaposas ang mga kamay at nakapiring ng tubaw na kulay pula. Doon niya napagtantong hindi na niya kasama ang mga kaklase niya at kaibigan.

Muli siyang hiniwalay sa mga kasama niya, dinala siya sa isang silid na kulay puti ang dingding, matigas hindi tulad ng kalakat na dingding nila sa bahay nila. Pagpasok niya sa loob ay biglang nagsarado ang pinto, naiwan siyang mag-isa. Sinubukan niyang sumigaw pero tila bumabalik ang boses niya. Wala doon si Anton, wala rin Si Jenny. Noong nilapat na niya ang puwet sa kamang malambot, pumasok ang isang lalaking kasama niya sa van kanina. Pagkaupo ng lalaki, tinanong agad siya.

"Unsa imong pangalan?" tanong ng lalaking nakaasul.

"Mori, ser," matamlay na sagot ni Mori.

"Nganong naa man mo diri?" mataas ang tono ng pagtanong ng lalaki. Tinitigan lang ni Mori ang lalaking pirming nakaupo sa harap niya. Lumamlam na ang mukha niya, natatakot na siya sa lalaki dahil hindi niya ito kilala.

“Kay gipatay man sa busaw akong papa,” garalgal ang boses niyang sumagot sa lalaki, galit na galit na siya. Maya-maya pa ay kinunan siya ng litrato, muntikan pa siyang napapikit dahil sa liwanag ng flash ng camera. ‘Di nagtagal umalis na rin ang lalaki. Akala ni Mori, makakalabas siya sa silid pagkatapos.

Ikalawang araw na niya sa silid, tinawag siya ng matandang babaeng may suot na eypron. “Kaon na lang…” sabi ng matanda na kasing edad ata ng tatay niya. Dinala siya sa mesa at binitawan ng ginang ang hawak niyang malapad na papel. Inusisa ni Mori kung ano ang papel na iyon. Nakita niya ang mukha niya na malamlam. Binasa niya ang malalaking salita na nakasulat sa itaas ng malapad na papel. “Lumad child seeks help from the police due to her father being killed by the terrorist New People’s Army.” Bagaman hindi niya naunawaan ang nabasa niya, naingganyo siyang muling buklatin ang isang pang pahina ng papel. Lumaki lalo ang mata niya nang nakita niya rin ang litrato ni Jurain sa isa panibagong pahina, kahel ang suot na damit at may malaking letrang P sa harap at ito’y sa loob ng isang silid na may nakatindig na mga rehas. Pagbalik ng ginang sa mesa ay tinatanong siya ni Mori, “Nganong naa akong dagway diri? Nganong napriso man si Ser Jurain?” Walang pagdadalawang-isip siyang sinagot ng ginang, “Ambot day, yan man yong nag kidnap daw sa inyo.” Hindi niya naintindihan ang tugon sa kanya. Gusto niyang makausap ang tatay niya o sino man sa mga kaibigan niya, pero wala ito sa tabi

niya at tumingala na lang sa bubong na yero. Kung kasama niya ang tatay niya, tiyak pagsasabihan siyang hindi sa pagtingala makukuha ang sagot, nasa lupa ang tugon. Lupa ang tugon. Lumingon siya sa gilid at natagpuan ang sariling repleksyon sa babasaging bintana sa gilid at tinanong ang tao sa salamin, "Maka-uli pa kaha ta?

# Kuleksyon ng mga Dagli

*RC Placido*

**Kapeng Ina**

"Ito na ang simula ng daan tungo sa pag-asenso," sabi ni Lizette Roces habang iprinepresenta ang negosyong Kapeng Ina: 3 in 1. Bukod sa kape, maaari ring maglako ng kakanin at burger na magiging swak na kapares ng kape.

Kabilang si Lucing sa mga tutok na nakikinig sa negosyo seminar ng barangay. Dala ang kaniyang kuwaderno, tinatala niya ang lahat ng mga sikreto at ang kinikita ng franchise ni Lizette. Kailangan niya itong mapakinggan upang makadagdag sa kakarampot na kita sa iba't ibang trabaho na kaniyang napapasukan.

"Maging masipag lang kayo at aasenso rin kayo tulad ko," ang panghuling banggit ni Lizette. "Kaya mag-apply na kayo sa Kapeng Ina dahil garantisado ang asenso."

"Sampung libo ang downpayment, walang interes, at saka doble ang kita. Ayos 'to," sabi ni Lucing habang inaanalisa ang kaniyang mga nailagay sa  kuwaderno.

Agad siyang nagpalista para maging parte ng asensong dala ng Kapeng Ina.

Ilang araw matapos ang seminar ay ipinuwesto na niya ang franchise ng Kapeng Ina sa may plaza. "Kape, kakanin, burger! Bili na kayo!" sigaw niya sa mga dumadaan. Sinasapawan ang mga katabing manininda para sila  mahalina sa pagbili ng kaniyang paninda.

Pagkatapos ng isang linggong pagkakayod sa Kapeng Ina, kinuwenta ni Lucing kung may kinita ang kaniyang pagtitinda.

"Limang daan lang ang kinita sa buong isang linggo," banggit niya sa sarili sabay pagkamot ng ulo dahil sa nakapanlulumong numero.

**Honey**

"When can I see you? I'm so excited to meet you," mensahe ni Eileen sa kausap niya sa Facebook na nagngangalang Sam Wilson.

"Next week, honey. I will see you next week like I promise," tugon ni Sam Wilson.

Nanunuot sa puso ni Eileen ang mga sagot sa kaniya ni Sam. Sabik na sabik na siyang makatagpo ang estranghero na nakakausap niya sa loob ng anim na buwan. Kitang-kita sa kaniyang profile ang gandang lalaki ng estranghero mula sa pamatay niyang baba hanggang sa maladagat na mata.

"That's so sweet of you," tugon ni Eileen sa matatamis na salita na binitawan ni Sam.

"Much sweeter than sugar, my honey," ipinadala ni Sam kay Eileen.

Bighaning-bighani siya sinagot sa kaniya ni Sam. Pakiramdam niyang tunay ang pag-ibig na namumuo sa kanilang pagitan kahit birtwal silang nagkakilala.

"By the way my love I might have exceed in baggage because of the gifts that I'll be giving to you. Can you give me at least $200 so I can cover the fee?" tanong sa kaniya ni Sam.

"Ok honey I will do that first thing tomorrow," agad na pagpayag ni Eileen

"I love you, honey."

"I love you too," huling mensahe nila sa isa't isa.

Matapos ang kanilang pag-uusap, nagsaliksik siya sa palitan ng pera mula sa piso tungong dolyar. Kasindak-sindak

ang kaniyang nakitang halaga ng palitan sa dolyar at piso. Subalit, hindi ito hahamakin ang tunay niyang pag-ibig kay Sam.

Kaya agad siyang nagpa-advance ng isang buwan na sahod mula sa kaniyang pinagtratrabahuhang kiosk ng fast food. Kabi-kabilang paghihingi ng pera sa mga kaibigan niya para lang maabot ang P11,000 na kailangan ni Sam.

"Hello, my love I have transferred the money to you. I hope you received it," iniwang mensahe ni Eileen kay Sam.

"I received, thank you, Honey," sagot ni Sam.

"May I ask what time will I see you?" iwan niyang tanong kay Sam.

Makalipas ang tatlong oras ng pagpapadala ng mensahe ay hindi pa rin ito pinansin. Hinayaan niyang lumipaas ang araw ay wala pa ring kibo si Sam sa kaniyang tanong. Pinagmamasdan ni Eileen ang kaniyang mga palitan kay Sam. Hinihintay niya ang pagkakataon na muli siyang magparamdam at mag-iwan ng mga matatamis na salita.

**Likha Para sa Wala**

"Jayson ang ganda naman ng gawa mo pwede ba ako magpa-commission sa 'yo ng artwork?" chat sa akin ng hinahangaan kong guro noong high school. Umabot sa rurok ang aking kumpiyansa sapagkat nagtanong sa akin ang gurong humubog sa kakayahan kong lumikha ng sining.

“Yes po Ma’am. Ano po’ng ipapa-commission ninyo po sa akin?” tanong ko sa kaniya.

“Itong picture ng nanay ko sana, kung maaari sanang ipinta mo siya,” wika ng guro. Ta’s babayaran agad kita ‘pag natapos.”

“Sige po Ma’am, gagawin ko po,” pagtanggap ko ng kaniyang pagpapagawa ng sining. “Kailan n’yo po siya aasahan matapos?”

“Mga December 15 siguro. Ipanreregalo ko kasi sa birthday niya. Ok lang ba sa ‘yo iyon?” tanong niya sa akin.

“Opo Ma’am, subukan ko po na ibigay sa inyo sa unang linggo ng December para sa ipapabago pa sa painting.”

“Sige aasahan ko iyan a. Maraming salamat,” panghuling mensahe ng aking guro.

Hinanda ko lahat ang mga kakailanganin para magawa ang obrang hinihiling. Ibinuhos ko ang lahat ng aking ipon para makabili ng dekalidad na mga pintura. Iginuhit ang korte ng mukha na kawangis sa larawang pinadala ng guro. Magdamag na ipinipintura para lang umabot ito sa naitakdang petsa.

“Hello po ito na po yung draft po ng pinapa-commission ninyo sa akin,” mensahe ko sa aking guro.

Binalikan niya ako makalipas ang tatlong oras ng pagmemensahe ko sa kaniya. “Ano, Jayson, lagyan mo lang ng light brown sa likod niya ta’s ayos na siya,” sabi niya sa akin.

Ginawa ko kaagad ang hiniling na background ng aking guro. Nang maidagdag ko ang kulay ay agad ko itong ibinigay sa kaniya ang naipintang retrato.

“Wow ang ganda naman,” pagkamangha ng aking guro. “Magkano ito?”

“Ma’am P10,000 yung litrato,” banggit kong presyo. “Guro ko naman po kayo kaya P8,500 na lang po.”

“Sige ipa-deliver mo sa address na ito yung painting ta’s yung downpayment babayaran ko sa GCash,” sabi ng aking guro.

Lumipas ang linggo ay hindi ko na natanggap ang natitirang limang libo. Kaya nagpabatid ako sa kaniya para sa pagbayad ng nalalabing atraso. Subalit nanlumo ang aking paningin nang nakita ko ang tugon niya.

“Anak sorry hindi ko na mababayaran ang natitirang limang libo. Hindi naman nagustuhan ng nanay ko kaya sinunog ko na lang.”

# Penitensya

*Kyrios Concordia*

Bata pa daw si Tatay noon. Nakatuon ang kanyang mga mata sa mga banderitas na tinatanggal mula sa pagkakapulupot sa tuktok ng simbahan. Ibinaba niya ang ngatngat na kuko habang ang kanyang ina ay kumakaway sa nakaluklok na batang nasa retablo, nakatanod sa mga nakaluhod sa loob ng Basilica Minore del Santo Niño de Cebu.

Pinakaway siya ng ina sa Senyor Santo Niño. Isigaw daw ang *Pit Señor*. *Sangpit* Señor, ani ng ina, tawagin ang Señor upang ikaw ay pakinggan. Ginaya niya ang pag-angat ng ina sa kanang kamay, sa pagpilit abutin ang malayong Senyor, saka ang pagwagayway ng mga palad. *Pagtawag*, *anak*. *Ang ipakiusap mo*, *Pansinin po ninyo ako*. *Bantayan at laging kalugdan*, *nang huwag maligaw*.

"Celso, huling munggo mo na 'yan."

Nagmamantika ang ulam sa labis-labis na taba ng baboy na lumalangoy dito.  Noong malaya pa ako, pang araw-araw ang kanin; dito sa bilibid, nasanay na sa mga retaso at kadalasa'y walang lasang putahe.  Munggo na may kahalong talbos ng kamote o kangkong.  Munggo na minsa'y sunog. Munggo na minsa'y hilaw.  Munggo na hindi nakaparesan ng laman ng baboy, o baka, o manok.  Sa ilang pagkakataong may karne mang nilalagay, ito na 'yon – taba ng baboy, na biyaya kung kinapitan ng ilang hibla ng laman na alam naman ng lahat ay retaso sa palengke na dinadala dito kay Bakla, ang manager ng kusina.  Pero tama si Lolong, ang matandang tiga-rasyon ng agahan dito: Huling munggo ko na ito.  Gaya ng mga nagdaang huling ulam na binilang ko.

Namaluktot ako sa isang tabi pagkakuha ng agahan. Maligamgam ang init na bigay ng umaga ngayon.  Dito na nga ako sumalampak sa pader na malapit sa pinto ng Barangay Tres, lugar na tapat sa sikat ng araw bandang alas-otso.

Tumatango ang mga dumadaan sa harap kong galing sa kani-kanilang selda, ang ilan, may pagtapik sa braso; ang mga madalas kong kabiruan, kukutos sa ulo.  Dama ng ilan ang pag-aalinlangan ko.  Hindi ko maubos ang kinakain ko pero tuloy ang pagsubo dahil walang magawa.  Sumusubo din para 'di ko na indahin ang pag-aalala.

Lumalapit papunta sa kinauupuan ko ang punggok at maitim na si Marino, palahaw na naman sa sigaw ang pagbati.

Marino ang bansag sa kaniya dahil nagtagal sa barko. Hindi tuloy nabantayan nang maigi ang misis na kinakana na pala ng pinsan. Yabang na yabang ang tikas ni Marino, parang si Dick Israel, lambutin naman. Pero bakit nga naman lambutin? E kaya nga nandito pinagtataga daw ang sariling pinsan, pati ang mga pumigil na kamag-anak. Apat ang pinaglamayan ng pamilya. E kung ako iyon, si misis ang hinuli ko. Kabait-bait naman nitong si Marino. Sa dalawampung taon kong tigil dito, hindi napaaway itong si Marino sa kahit na sino. Nauna lang siya sa akin dito ng dalawang linggo. Guilty lang talaga ang seaman.

"Pare, daan ka mamaya sa akin ha? Bago ka umalis, may iaabot ako. Kaunti lang, pandagdag," alok ni Marino.

"Itago mo na kung ano man 'yon. Susunod ka na din sa 'kin. Good record ka naman e, gaya ko. Hayaan mo, susunod ka na."

Humagalpak ng tawa ang loko. Alam naming pareho na ang ganoong sambit ko ay pain. Parang sa pangangawil, pain sa isda para mabingwit sa pag-asang makakakain ang isda ngunit siya naman pala itong lulutuin. Dito, ang mga bagong preso lang ang nagpapain sa sarili. O kaya ang mga bumibisita na nagba-Bible study. O kaya ang mga regular na bisita na wala namang alam sa tunay na nararamdaman namin tuwing magpupunla sila ng pag-asa ng paglaya.

Ni hindi dapat nagsasabi ng pain ang lalaya doon sa mga maiiwan.  Wala lang talaga akong maisip para itaboy ang alok ni Marino.  Alam kong pera 'yon, na pare-parehas naming pinaghirapan sa negosyong furniture at basket dito.

Ako, matapos ang dalawampung taon, saka nalinis ang pangalan.  Sa papel, oo, malinis na.  Kulang sa matibay na ebidensya na may direktang pagkakasangkot sa nakawang nangyari sa kapitbahay na may kasamang homicide.  Kesyo kakilala ko daw ang napatay na kapitbahay.  Kesyo malapit daw ako at mayroon inside job kaya napasok isang gabi ang bahay na iyon sa subdivision namin.  Sa tagal, ni wala na akong pake kung ano ba ang depensang sasabihin ko.  Ilang taon din bago ako nabigyan ng PAO ng abogado.  Ilang nai-set na hearing ang napurnada.  Ilang paghihintay ang nanatiling paghihintay. Hindi nga sentensyado, naparusahan naman.  At yung hindi ko nagawang kasalanan, pinagdusahan.  Mas tama pa ngang sabihing inako ko ang parusang nararapat sa iba.

Pumasok na ako sa pinto ng Barangay Tres, dumeretso sa kubol ko.  'Di ko alam kung sinong sunod na titira dito sa kubol ko, sinong maswerte.  Nagsisiksikan ang lahat sa selda, pero ang ilang nagkapribilehiyong tumira sa maliit ngunit kumportableng espasyo ng kubol ay tunay na espesyal.  Isa din sigurong BCJ – Batang City Jail – ang papalit sa akin dito. Madalas sa hindi, katribo mo rin ang papalit at mananamasa sa pribilehiyong natanggap na ngayon ay iiwan na.  Ang pabor

na nakuha ng isang Sputnik, sa Sputnik din mapupunta. Ang sa G.I. – Genuine Ilokano – sa G.I. din mapupunta. Iyon ngang bilyaran, ngayong aalis na lang ako'y di ko pa malaruan sa huling pagkakataon dahil eksklusibo muna nang isang linggo sa mga Happy Go Lucky – mga Ilonggong ang tribo ay magdiriwang ng kaarawan ng kanilang pangkat.

Maisisilid sa loob ng pamanang Boysen na bag ang lahat ng pag-aari ko: dalawang kulay dalandan na damit, apat na puting t-shirt, tatlong shorts, tatlong matinong brief, dalawang brief na mukhang basahan, tatlong maong na pantalon. Kasama ang mahabang bote ng pulbo na kinalalagyan ng trenta mil – naipon ko sa furniture na nagawa ko sa buong tigil ko dito, kasama na ang ilang napanalunan sa sugal.

Ang malaya, malaya. Nagagawa ang gustong gawin, napupuntahan ang gustong puntahan, tinatagpo ang gustong katagpo. Lahat nang ito, paglabas ko, hindi pwede. Wala namang nagbabawal. Wala namang manghuhuli dahil wala akong lalabaging batas. Mamaya pagkapirma ko ng release paper, wala nang pakialam ang mga warden dito. Hindi na ako mamanmanan ng BuCor. Sentensyado e. Ang malaya ay malaya. Pero sa unang pagkakataon, hindi ko alam kung ano;ng gagawin ko sa kalayaan ko.

"Sa'n ba deretso mo paglabas?" tanong ni Starzan.

"Siyempre, kakain muna ako ng masarap. Basta madaming kanin. Maraming alimasag. Halbos na hipon na madaming sili."

Tahimik na nakatingin si Starzan sa pag-iilusyon ko ng mga mamahaling ulam. Sino ba'ng niloko ko? Trenta mil lang ang kakapitan ng buhay ko. Praktikal pa rin dapat. 'Wag ubos-ubos biyaya. Kung nag-ipon lang ako, kung alam ko lang na lalaya din naman pala ako, mas malaki sana itong hawak kong pera. Sa tagal ko dito at sa dami ng basket at upuan at mesa na nagawa, siguro higit isangdaang libo ang naipon ko. Naubos lang kapupusta sa basketbol o kaya sa bilyar o kaya sa mga walang kwentang pustahan bunga ng yabangan. Nginitian ko lang si loko. Dito na tumanda ito. Dies y nwebe lang ito nung mahuli, trenta y nwebe na ngayon. Mas mukha pa ngang matanda sa akin, e quarenta y cinco na ako sa isang buwan. Tumalikod saglit si Starzan nang tawagin ang isang bagito. May inuutos. Nakita ko na naman si Rene Requiestas sa likod ni Starzan. Kaya Starzan si Starzan, dahil sa artistang 'yon sa likod ni loko. Sa pelikula, si Joey de Leon si Starzan, si Rene Requiestas naman si Chita-eh (Gandang Lalake). E alangan namang Chita-eh itawag namin dito kay loko. E 'di napatay kami nito pag 'di na 'to ginalang ng mga bata nito. Nilagyan ng tattoo ng mga siraulo nang minsang malasing. Dikit kasi sa mga warden. Ayun, nilasing nung dating nagbertdey dahil ginawan niya ng eskultura yung nagdebut na anak ni Boss Pitong, yung warden na dikit daw nung chief sa mga bilibid sa

rehiyon. Siya na nga inutusan, siya pa ang napagtripan. Labo ‘no.

Humarap si Starzan, may abot na envelope.

“Huwag ka makikihati, ha!”

Inka. Sa ilalim ay numero at ang kulay daw ng bahay at mga kalapit na tindahan na nakapalibot sa bahay.

“Sino naman ‘to?” tanong ko habang hawak ang litrato ng isang batang babaeng hanggang leeg ang buhok. Binuklat ko ang selyadong envelope. Tatlong libo. “Sino ‘to? At may pabaon ka pa.”

“Anak ko ‘yan. Alam mo yan! ‘Yan ang bunga ng dalaw ni misis *por yirs ago*! Tanda mo nitong nag-Christmas Party, yung mga tsokolate...”

“A, oo. Oo. A, siya ba? Kala ko ba ang anak mo ay dito na rin sa Maynila? Pa-Cebu ako. Sa atin doon sa Talisay. Sa Talisay na rin ba siya.”

“Oo, ‘Tol. Namatay na ang nanay ko. Noon ‘yon nung buhay pa ang inay, dito sila sa Maynila. Dalawang buwan nang wala ang inay. Matagal na palang may tumor. Kaya doon muna sa nanay niya,” ika ni Starzan.

“Silang dalawa lang ng anak mo?”

Sinulyapan ni Starzan ang mga naglalaro ng basketbol mula sa siwang ng pader. "Talaga namang nagkakaroon ng iba ang mga nobya o asawa ng mga napupunta dito. Ang sabi meron na si misis. Di mo naman masisi 'no. Pero balita ko hiwalay na ulit."

Natahimik kaming dalawa. Sa kaso nito ni Starzan na pagpatay, magkakaroon ang kahit sino ng puso sa mga nakagawa ng krimen. Sensitibo si Starzan. Mababa ang luha. Kung paano mag-aruga ng kapwa preso, kung paano laging humagilap ng balita sa pamilya niya…baka nga ang krimen niya ay pagsabog lang ng labis na pagkimkim ng nadarama. Hindi siya manhid. Humantong lang sa pagmamalabis. Napatay niya ang kapitbahay na nambubugbog ng sariling anak. Ayaw niya ng dahas. Iniligtas niya ang isang bata gamit din ang dahas. May mga kabalintunaan na matatahimik ka na lang kapag nakaharap mo.

"Ang ganda ng pangalan ng anak mo." Ikinipit ko ang larawan ng bata sa aking bulsa.

"Liwanag. Liwanag ang ibig sabihin ng Inka," ani Starzan. "Ngayon ko nga lang yata maaabutan ng pangkain yung bata. Matagal na ako 'di dinadalaw ni misis e. Pakikumusta na rin ha! Yan litrato ng anak ko, ipinakiusap ko pa sa taga sa 'tin nung isang buwan."

Ibinulsa ko ang envelope. "Akong bahala sa anak mo. Bibilhan ko ng magarang damit at sapatos. Dadagdagan ko pa itong abot mo. Tibayan mo lang, 'Tol."

Hindi magpapakita ng luha itong si Starzan kaya tinabunan niya ng maraming mura at hampas sa dibdib at braso ko ang pagguho niya. Matututo kang tabunan lahat dito sa kulungan. Tabunan mo ang lungkot, dahil babaliwin ka niyan dito. Ilan na ang inilipat sa Mandaluyong dahil sa lungkot. Napigtal. Di kinaya. Tabunan mo din ang pagmamahal, lungkot din ang bigay n'on. Tabunan mo din ang pananampalataya. Ilan na ang sumubok niyan dito. Lungkot din ang bigay n'on. Dahil ang pagkakaroon ng Diyos ay pagtataguyod ng pag-asa at pabuya. Anong pag-asa ang bigay ng pagkakapiit? Anong pabuya? Pabuya saan? Pabuya para saan? Parehas iniga sa 'kin ng rehas ang kakayahang umasa at tumanaw sa pabuya. Bagama't wala na ako nung dalawa – pag-asa at pagtanaw sa pabuya – may ilang gabing nakikita ko sa aking pagpikit ang Kanyang mukha. Sapat na ba ang makabisado ang hulma ng Iyong mukha bago ako managinip sa gabi?

May kasabay akong lalaya ngayong araw. Ilalabas daw kaming dalawa nung serbis na magdadala sa mga may hearing. Sabay na daw.

Ipinagbuhat pa ako ng bag ng isang bagito palabas sa kubol ko. Hindi na ako dapat masanay na sa baba nakatingin

kapag naglalakad. Ilang taon din ako umiiwas sa mga katawan na nakasalampak sa sahig. Ilang taon ding nasanay ang baga na kaunti lang ang nasisinghot na hangin sa loob ng masisikip, maliliit, at mababahong espasyo ng bilibid.

Pihado, ang mga nakatitig sa akin ngayon na alam ang paglaya ko ay magkakaiyamutan na naman. Ang inip at lungkot ng mga kosa kapag pinagsama ay sakit ng ulo para sa mga warden. Kaya nga hangga't maaari, hindi pinapaalam ang paglaya ng mga inmate sa iba.

Huling sulyap ko sa mga mukhang kabisado ko na ang hulma, amoy at saltik. 'Yon na naman si Big Boy sa plaza, ipinagsasampay ang mga nasa grupo niya. Sa plaza na yun medyo maaliwalas huminga. Libangan ang pagtingala sa langit kapag nasa plaza. Nariyan ang makakakita kami ng nagpapalipad ng saranggola. Nariyan ang mga eroplanong dumadaan. O kung may lobong maliligaw. O kung gabi, kapag may mga okasyon, lalo kung Bagong Taon, ang makukulay na paputok.

"O, Celso, ayaw ka na namin makita dito, ha!" tukso ng mga warden. Nakaabang na ang Boysen na bag sa mesa katabi ng huling gate na lalabasan ko. Nang binuksan na ang huling rehas, para akong ililigaw.

Tirik ang araw nang makarating raw si Tatay sa Cebu. Enero noon.  Nasaktuhan na kapistahan ng Señor Santo Niño. Dumaan muna siya sa Basilica at nakipagsiksikan, hangad na makakaway nang malapitan sa Señor kahit mistulang himala na mismo ang masulyapan, lalo't higit ay malapitan pa ang Niño. Nasulyapan niya ang matingkad na pula sa ibabaw ng puting altar, sa gitna ng dagat na pulang mga tela at damit at samu't saring iwinawagayway ng mga deboto.

Sa pagkakataong ito, makalipas ang apat na dekadang pagkakaligaw at penitensya sa likod ng rehas, saglit niyang naramdaman na siya'y muling natagpuan.  Sinilip. At gumapang sa dibdib ang pakiramdam na tinititigan, binibigyang-pansin din siya ng Batang Señor.  Ngayon, sa katirikan ng araw at init at singaw ng nakaliliyong amoy ng madla, bahagyang-bahagya, muli niyang naramdaman na siya ay tinangi.

Gaya ng isang malambing na alaala niya, ang tanging alaala ng tag-araw, kasama ang kanyang ina anim na dekada ng tagbagyo na ang nakalilipas.  Apat na taong gulang siya noon nang samahan ang ina sa huling pananambit ng taimtim na dalangin na mawala ang sakit.  Dama ng kanyang ina ang katapusan.  Ngunit inilalaban nito ang pagsusumamo sa pagkaway sa Batang Señor.  Hindi ito marahil batid ni Tatay na sa pagkainip sa pagtitig sa retablo ng simbahan at paghihintay sa inang naninikluhod ay minabuting makipaglaro sa likod

ng simbahan, sa isang batang iika-ika na may hawak na mga amorseco na pinitas sa tabing damuhan. Naaalala ni Tatay na nang hapong iyon, pag-uwi nila sa bahay, iniabot niya sa kanyang ina ang dala-dalang mga amorseco, bigay ng batang kalarong alangan ang tindig. Kipit-kipit sa dibdib, pinupog siya ng ina ng halik bago nagpaalam na iidlip lang saglit.

Walang kinaing hapunan si Tatay nang gabing iyon. Nagkalat ang amorseco sa kobre kama ng ina. Ang naalala niya, nang gabing iyon, ang bahay, kung saan sila lang ng kanyang ina ang nakatira, ay napuno ng mga taong hindi niya kilala. Lahat ay tahimik, ang iba'y lugmok ang nakabakas sa mukha.

Doon nagsimula ang pagmulat ng kanyang pandama. Mistulang ang araw na iyon ang unang araw na lahat ng pangyayari'y tumatak sa alaala: pagtulog sa kalsada, pagnanakaw ng pagkain, pananaksak para makapang-agaw ng tinapay o prutas o anumang ikapagpapatuloy ng kanyang lakas na huminga sa kabila ng pagkuha ng mundo ng lahat-lahat sa kanya, kabilang ang paghablot nito sa kanyang ina. Nababasag ang boses ni Tatay tuwing inaalala niya iyon. Ngumingibit.

Umalis si Tatay sa siksikan ng mga katawan sa plaza ng Basilica matapos magpasalamat sa saglit na paninimdim sa alalang bitbit ng Batang Señor. Ilang minutong sakay sa jeep patungo sa Talisay. Ninamnam ang hangin ng Cebu na parang bagong kakilalang nasalubong sa daan. Ninamnam ang

nagtatayugang mga gusali na itinayo sa mga tinakbo niyang mga parang. Ninamnam ang mga bahay na dinadaanan. Ninamnam, lalo't higit, ang mainit na kanin at ang halabos na hipon na pinisaan niya ng tatlong sili, nang kumain siya sa isang karinderya.

Gabi na nang bagtasin ni Tatay ang tinutukoy na bahay sa papel na inabot ni Starzan. Madaling magtanong ng direksyon ng kung paano sumakay pero napipipi pa rin siya sa pagkamangha kung paanong kaylaki na ng pinagbago ng kinamulatan niyang bayan. Dagdag pa roon ang ilang pagtigil niya sa pakikipagkuwentuhan sa mga estranghero upang makibalita sa mga pagbabagong nakapalibot sa kanya.

Binaybay niya ang daanan na sinasabi ng mga pinagtanungan niya, doon patungo sa papel na iniabot sa kanya ni Starzan. Inka ang pangalan sa papel. Doon muna ang tigil bago siya magdesisyon kung saan pipirmi. Nang makulong siya, tanggap na niya na may pamilya na ang dating nobya, na isang taon lang bumisita sa Munti hanggang sa dahan-dahan dumalang ang pagdalaw, hanggang sa tuluyang ang mga kapwa niya bilanggo na lamang ang natawag niyang pamilya.

Bawat hakbang niya sa lupang pataas, bumabagal. Nadama niya ang pagkaligaw – sa sariling lupang sinilangan, sa bayan kung saan bawat bagong lunan ay pananda ng malayong agwat na nilikha ng panahon niyang nakapiit. Sino ang tatanggap? Saan sisilong?

May batang sumalubong sa kanya.  Masyadong madilim ang gabi para maaninag niya ang mukha ng batang iika-ikang tumakbo papunta sa kanya.  Samyo sa hangin ang dalisay na amoy ng rosas, matapang ngunit malambing na amoy.  Nagpadala na lang siya sa batang hinatak ang kanyang kamay.  Sinabayan niya ang takbo ng munting estranghero.  Sa iilang nadaanan na nasisinagan ng buwan, parang pamilyar ang batang may tangan sa kanyang kamay. Nakalaro na raw niya ito dati.  Tumigil sa pagtakbo ang bata sa tapat ng isang bahay.

Iisang palapag na sementadong bahay na walang pintura.  Ang kulay abong mga pader ay pinalilibutan ng bakod na kawayan, pinalilibutan rin ng mga santan at mga ligaw na damo't bulaklak.  Nakakalat pa sa paligid ang mga dahon ng lumilimlim na *dama de noche* at ilang mahogany.

Dalawang katok sa pintuan.  Ikatlo…apat…lima… Sunod-sunod hanggang sa may mahinang ungol sa loob.  Na sinundan ng matinis na hikbi ng bata.  Inakala raw ni Tatay na ang batang humatak sa kanya patungo sa bahay na iyon ay pumasok sa loob.  Wala na sa kanyang tabi ang pamilyar na mukha ng humatak sa kanya.

Pumasok si Tatay nang walang pasubali.  Malamlam ang liwanag ng bumbilya.  Tumambad ang babaeng mulat na mulat ang mga mata, naninigas ang kanang brasong bahagyang nakaangat.  Nasa paanan niya ang batang babaeng nasa litratong nakakipit sa kanyang bulsa.  Sumukob kay Tatay ang

kadiliman ng paligid, isang bagsak ng agos ng lumbay…ng kalat ng mga pinagkainan at nakasusukang amoy ng kubeta…ng mga iniwang pinaglabhan…ng batang babaeng niyuyugyog ng hikbi habang nakatitig sa kanya.

Alam ko. Malinaw sa akin ang alaala. Kapwa kami naroon. Si Tatay at ang apat na taong gulang na ako, na binuhat ni Tatay sa pinakamadilim na gabing iyon ng Enero.

Nang unang ilagak daw ang Santo Niño sa simbahang kinalalagyan nito ngayon sa Cebu, noong ikalabing-anim na siglo, may ilang tagapag-alaga sa simbahan ang nagsasabing panaka-naka'y nawawala ang Batang Senyor. Kinaumagahan ay babalik sa kinaluluklukan nito na may mga nakakapit na amorseco sa paa at pundiyo ng kanyang damit na hanggang paanan. Naglalaro daw ang Batang Senyor sa damuhan. Makulit, gaya ng isang bata.

Napagpulungan noon na ilipat ang Niño sa pangangalaga ng mga Agustiniyanong pari sa isang simbahan sa Maynila. Ilang ulit itong ginawa. Laging nawawala ang Niño sa Maynila, bumabalik sa Cebu. Kung titingnan ang Senyor ngayon nang malapitan, makikitang hindi pantay ang tindig ng Bata. Sa pagiging desperado ng ilang tagapag-alaga na ito'y manatili, minsan na itong pinutulan ng paa, ngunit ibinalik din muli.

Ilang siglo nang tahanan ng Batang Señor ang Basilica Minore sa sentro ng Cebu.  Tanaw ang kampanaryo at tuktok ng simbahang kinaluluklukan ng Krus mula sa bintana namin.

"Tay, pumikit ka muna saglit..."  Tinraydor ako ng pagpipigil nang kumawala ang luha at mabasag ang boses ko sa kalagitnaan ng nararapat kong sabihin.  Wala pang matinong tulog si Tatay.  Gusto ko siyang magpahinga.  Ngunit takot ako na hindi na siya mamulat kapag pumikit.  Pamilyar ang eksenang ito, sa isip-isip ko, dalawampung taon na ang nakakaraan.  Nagkalat ang amorseco sa kobre kama ni ina na nakaratay.  Nang gabing iyon, pumasok si Tatay.  Pinahid niya ang dumi sa aking mukha, dumi at luhang tuyo at sariwa.

Doon nagsimula ang pagmulat ko sa pandama.  Ang araw na iyon na unang araw na lahat ng pangyayari'y tumatak sa alaala: paghalakhak, paglalaro, pagkakaroon, pagpuno sa kakulangan, kapanatagan, sa kabila ng pagkuha ng mundo ng lahat-lahat, kabilang ang paghablot nito kay ina.

Sa harap ko ngayon, sa humeheleng tumba-tumba, si Tatay.  Bagamat may ilang pagkakataong dinalaw namin ni Tatay sa Munti ang tunay kong ama, si Ricardo – binansagang Starzan – ang buong buhay ko'y hinulma ng matandang ito.  Bagay na hindi na naibigay ni Ricardo, na nanatili sa loob hanggang sa huli.  Tumagal nang tumagal ang hearing. Nabalitaan na lang namin nitong huli na nawala sa sarili ang aking ama.

“Dapat siguro subukan mo mag-Munti, anak,” ani Tatay, “nang tumibay ka.  Tahan na.”

“Matibay naman ho kahit minsan napapaiyak.”

Ilang araw ko nang pinapakiramdaman ang pulso ng oras.  Humihina, bumabagal, kasabay ng tahasang pagbagsak ng katawan ni Tatay.  Huli na nang matuklasan ang kanser sa baga na kumalat na sa iba’t ibang bahagi ng katawan.

“Kakat’wa ang pagkakakulong ko, Inka.”  Pilit hinahanapan ni Tatay ang sarili ng posturang magbibigay ginhawa.

“Alam ko! Paglabas mo, Tay, wala akong narinig sa ‘yo na pinagtanggol mo ang sarili mo na hindi naman talaga ikaw yung pumatay, kahit napatunayan na iba naman pala,” kutya ng dalaga.

“Yun ang narinig mo sa mga nagkuwento sa ‘yo.  Tama ka naman do’n.  Yun ang alam mo.”

Wala akong nakita ni minsan na bakas ng pait mula kay Tatay.  Wala hanggang ngayon. “Tay, yun ang kita ko.  Parang inangkin mo na nga lang ang kasalanan e.”

“Sa pagpatay sa kapitbahay ko apat na dekada na ang nakalilipas, hindi ako.  Sa krimeng pagpatay sa loob ng dalawampung taon, anim na dekada na ang nakalilipas, doon ako hinatulan.”

"Hindi ko maintindihan, Tay…"

"Ako man din, anak."  Sa puntong iyon, kumaway na lamang siya sa labas ng bintana.  Pit Señor, ang ibinulong niya.  Sinundan ko ang sinasambit ng tuyong labi ni Tatay… Pit Señor…Pit Señor…Pit Señor.  Inakay ang atensyon ko sa labas ng bintana, sa tuktok ng Basilica Minore na kapwa tanaw naming dalawa.  Hindi ko lubos na nauunawaan ang pinatutungkulang paghatol na sinabi ni Tatay.  Bugtong iyon sa akin sa mga sandaling iyon.  Ngunit sa kapirasong pang-unawa, naintindihan ko ang kanyang paulit-ulit na pagkaway sa simbahan.

Sabay ang pag-angat namin ni Tatay sa kanang kamay, sa pagpilit abutin ang malayong Senyor, saka ang pagwagayway ng mga palad.  *Pagtawag, anak.  Ang ipakiusap mo, Pansinin po ninyo ako.  Bantayan at laging kalugdan, nang huwag maligaw.*

~

May mga bagay na ikinukuwento.  Mayroon din namang mga bagay na sa lalim at rurok at rikit ay mabuting sa maykatawan na lamang manatili.  Malinaw ang lahat kay Tatay, kasabay ng kumpas ng kanang kamay sa pagkaway, pamamaalam, o marahil ay pagyakag – gaya nang sa matalik na kalaro – sa Munting Señor sa tuktok ng Basilica Minore.

Ang huling tanong ni Tatay nang hapong iyon ay Oras na bang pumunta sa bakuran?  Alam ko, hndi sa akin ang

tanong na iyon.  Para iyon sa kanyang kalaro na kailanman ay hindi siya nilisan.  Apat na taong gulang siya nang maligaw, walang kamuwang-muwang, kung saan-saan dinala ng mga maling pagpili ng mga nakapaligid sa kanya, ng mga kalunos-lunos na sitwasyong pumili para sa kanya, at nang magkaisip, ng sariling mga pagpapasya na humantong sa mga sanga-sangang trahedya na hindi na niya matukoy ang daan palabas. Dalawampung taong pagkaligaw na dalawampung taong pinagbayaran sa kulungan.

Hindi…hindi ang krimeng ibinintang ang pinagbayaran sa piitan.  Panahon at pagkatao.  Ngunit grasya sa disgrasya, ganoon ang natura ng mga nasisira: kailangang isilid sa tago – nang mabili ang panahon at maisaayos ang pagkakakilanlan. Malinaw iyon kay Tatay, ang mga nasisira ay nararapat ibalik sa dating ayos, o higitan ang dating ganda ng unang pagkakalikha. Ang tawag ng iba ay kabayaran.  Ang tawag ni Tatay ay penitensya, pagsasaayos.

Kaya nga ang dalawampung taong pagkaligaw na dalawampung taong pinagbayaran sa kulungan ay paghahanda para sa dalawampung taong pagtatanim na ibinigay niya sa akin. Halaga sa pagkukulang, bayad sa utang, buhay sa isang buhay…

Sa siklo ng kanyang buhay, lagi't laging naghihintay ang Bata sa kanyang pagbabalik, doon sa kapirasong alaala ng tag-araw anim na dekada na ang nakakaraan.

"Hala.  Lakad ka na doon sa bakuran, Tay." Malumanay ang huling langitngit ng tumba-tumba sa sahig.

Inilibing si Tatay Celso sa puntod na ligaw sa napakaraming nilimot ng panahon sa pampublikong sementeryo, kabilang sa kanyang ina at sa iba pa na ang pangalan ay nabura na sa mga napupulbo at nadudurog na nitso at lapida.

Hindi sa akin.  Tukoy ko ang kanyang pangalan. Singlinaw ng mga paghahatid-sundo niya sa akin sa paaralan. Singlinaw ng sorbetes tuwing hapon ng Sabado, tuwing namamahinga siya sa mga tanggap na ukitin at mga tinatahing basket.  Singlinaw ng mga gabing sigurado ako sa tibay ng haligi at liwanag ng ilaw sa tahanang aking sinisilungan.

Sa libing, sa aking pagtabi kay Tatay hanggang sa huling araw ng tag-araw ng kanyang buhay, nagliparan sa hangin ang amorseco, bitbit ng samyo ng rosas, kasabay ng mga bulak na galing sa mga punong namamaybay sa burol at bangin, mga punong naninikluhod sa kalangitan.

# Bote

*AJ Cancejo*

Bali ang leeg. Hindi ito nakatakas mula sa mahigpit na mga darili. May huling hininga pa itong nilabas bago tuluyang maubos. Sariwa pa ang mga butil ng tubig na sumingaw mula sa malalamig na bote ng beer. Hindi nagtagal ng sampung minuto ang bawat bote bago ito tunggain.

Baliko na ang tingin ko sa leeg ng pang-ilang boteng katutungga lang ni Papa. Hindi ko na masigurado kung nabali ba ito o nabasag dahil sa higpit ng hawak ni Papa. Para bang naduling na rin ako sa nakalalasing at nakasusukang amoy ng sala. Kung may secondhand smoking, ito na yata ang secondhand drinking. Hindi ako ang direktang umiinom ngunit mas lubha pa ata ang epekto sa 'kin.

Katulad ng paningin ko, bali na rin ang leeg ni Papa. Naghihintay na lang ito ng masasandalan. Tinitigan ko lang siya

mula sa pinto at hiniling na sana'y 'di niya napansing pumasok ako. Alam kong magiging sunod-sunod ang kaniyang utos sa 'kin.

Sa tuwing umuuwi ako mula sa school, ganito ang nadadatnan ko. Araw-araw na lang na laging ganito, ngunit lagi ring may bago. Minsan, mas kaunti ang bote at mas marami ang pakete ng mani. Madalas, baliktad. May pagkakataong sa halip na Red Horse ang umaalingasaw na amoy ay bubungad sa 'kin ang amoy ng tira-tirang kanin-baboy sa mga pinggang kagabi pa nakababad. Kapag ang dalawang amoy na ito ang naghalo, halos hindi na ako huminga hanggang makarating sa kwarto namin.

Ilang linggo nang tambay si Papa sa bahay simula nang mawalan siya ng trabaho. Pakiramdam niya ata'y natanggalan na rin siya ng silbi bilang ama at lalaki. Halos hindi na siya umaalis sa sofa, beer at telebisyon na lang ang tanging tinutukan ng kaniyang atensyon. Wala naman si Mama parati sa bahay upang saluhin ang mga utos at hinaing niya, kaya naman napupunta ito lahat sa akin.

"Jaypee, 'lika rito!"

Hindi ko alam kung paano nabubuhay si Papa kapag mag-isa siya hanggang hapon. Alas-dose pa ang dismissal ko sa eskuwela pero hapon na rin ako umuuwi dahil naglalaro pa ako ng basketball at minsa'y nag-iikot sa plaza kapag may ganap

o tanghalan do'n. Kasama ko ang barkada ko o kahit mag-isa, mas ayos 'yon kaysa rito sa bahay.

Sinasabi ko na lang na may scouting kami kaya hapon ako nakakauwi. 'Di naman nila 'to kinekwestyon. Ang perang pinang-aaliw ko, ipon ko rin galing sa baon. Pero dahil saktong-sakto lang ang baon ko para sa isang biskwit at juice na tinatanghalian ko, madalas ay kumukupit na lang ako sa pitaka ni Papa. Pinambibili lang naman niya ng beer, 'di naman mahalaga 'yon.

"Umupo ka, samahan mo naman ang tatay mo."

Binunton ko ang backpack ko sa may pintuan. Umupo ako sa ottoman na tapat ni Papa. Ayaw kong tumabi sa kaniya. Kapag malapit, malakas ang tama ng amoy ng natutuyong beer at pawis sa balat ni Papa.

"Kumusta na?"

"Okay lang po."

"Nag-aaral mabuti?"

"Opo."

Bumalik na ulit ang pokus niya sa TV. Do'n ko na rin tinutok ang atensyon ko. Hinintay ko'ng tuluyang lamunin ng TV ang atensyon niya bago tumayo para magbihis, pero pinigilan ulit niya ako.

"'Nong oras na?"

Mayroong selpon si Papa sa tabi, pero masyado pa rin siyang tutok sa TV para lingunin ito. "Alas singko po," tugon ko.

"Ba't wala pa 'yon?"

"... si?"

Gumalaw sa pagkakaupo si Papa. "Mama mo."

Kinapa niya ang lamesa, napansing ubos na ang lahat ng bote ng beer na hinanda niya.

"Baka ka-di-dismiss pa lang po sa kanila."

"Tsk."

Tsk, 'yon lang ang nailabas ng bibig niya. Tsk, marahil dahil anong oras na't wala pa ang magluluto ng hapunan namin. Tsk, dahil wala pa ang puwedeng pakiusapan na masahihin ang binting namamanhid dahil sa maghapong pagkakaupo.

Gabi na nakauuwi si Mama dahil nagsasabayan ang labas ng mga pang-umagang empleyado sa pabrika. Kasabay ng rush hour, matinding pila at agawan sa terminal ng jeep ang eksena araw-araw. Kami na lang ng bunso kong kapatid na si Jerald ang natitira sa bahay, ngunit palagi siyang nasa bahay ni Lola pag-uwi dahil mas malaya siyang maging bata ro'n. Nakakainis man na nakatatakas si Jerald sa utos at init ng ulo

ni Papa ay hindi ko rin siya masisisi. Bata lang si Jerald, 'di ko na hahayaang mapuno ng sama ng loob ang pagkabata niya. Nakasanayan ko na naman ang hagupit ni Papa bago pa man siya mawalan ng trabaho. Kaya naman siyang sikmuraing mag-isa.

"Kuha mo ko beer do'n," utos ni Papa. Bumalik siya sa pagkakasandal sa sofa.

Binilang ko ang taob na mga bote sa sala at inalala ko ang hitsura ng pridyider bago ako umalis kaninang umaga, "Wala na po atang beer."

Hindi pa rin umalis ang kaniyang tingin sa telebisyon, ngunit ramdam ko ang lisik ng mga mata niyang sinabihan akong tatanga-tanga, "E 'di bumili ka. Nasa'n ba 'yong kapatid mo?" Dumukot siya ng dalawang pirasong kusot na singkwenta pesos mula sa bulsa.

"Na kay Lola po." Kinuha ko ang pera at hindi na siya hinarap. "Naglalaro."

Napatawa na lang si Papa. "Inaabala pa niya 'yong Lola mo e. Imbes na nag-aaral, nag-a-assignment, puro laro inaatupag. Ayaw lang ng batang 'yon na pumirmi dito e!" Lumakas ang kaniyang boses sa bawat salitang lumabas.

Tumaas ang balahibo ko sa pagbukas ko ng pinto. Kahit katiting, mayroon naman palang kabatiran si Papa na

nauubos na ang saya sa bahay na 'to. 'Di lang niya siguro alam na siya mismo ang sumisipsip paubos nito.

Hinarap ko siya. Direkta akong tumingin sa mga mata niya bago ko sabihing, "Mas gusto niya raw po ro'n. Mas maaliwalas."

Tuyo na ang maligamgam na mga bote ng beer. Sa unang pagkakataong nakita ko, sa halip na sa mga bote ay sa kaniyang mga mata namuo ang luha.

Bumalik ako kasama si Jerald at si Lola na nagpumilit samahan kami dahil madilim na. Bitbit ko ang dalawang Red Horse Stallion dahil ito lang ang kinasya ng isang daang piso. Nando'n pa rin si Papa sa puwesto niya sa sala: lasing, antok, at walang malay sa paligid. Gano'n pa man, hindi nakatakas si Jerald sa paningin niya. Unang beses pa lang makikita ni Papa si Jerald sa araw na 'yon. Dahil sabay kaming maaga ang pasok at tanghali na nagigising si Papa, hindi na niya kami inaabutan sa umaga.

Bago pa man pumasok ay binantaan ko na si Jerald. "Maghanda ka," sabi ko, "badtrip na naman 'yan."

Isang nag-aalalang simangot lang ang naging tugon ni Lola.

At do'n nga, sa pintuan ng aming bahay, agad pinaalam ni Papa kung ga'no siya ka-badtrip kay Jerald na 'di umuuwi

dahil mas masaya kina Lola. Pinaalam niya ito sa pamamagitan ng sinturong sinabayan ng mga salitang halos kabisado ko na.

"Ano, ayaw mo na rito? Gusto mong pasarap-sarap lang buhay mo? Imbes na tulungan mo kuya mo..."

Pinutol lang niya ang pagpalo nang marinig niya ang saway mula sa sarili niyang ina. "Joseph, tigilan mo na nga! Kawawa naman ang bata!"

"E, sumusobra kasi e! Imbes na pumarito na lang, dumidiretso pa sa ibang bahay." Binalik ni Papa ang lingon kay Jerald. "Ano, ayaw mo na dito? Pinapabayaan ka ba dito?"

Mariing iling lang ang naging tugon ni Jerald na hindi na halos makahinga sa pag-iyak.

Dumiretso na lang ako sa kusina upang abalahin ang sarili sa pag-uunti-unti ng mga pinggan habang nagpatuloy ang bangayan nina Papa at Lola. Sumabay pa sa kanila ang pigil na mga hikbi ni bunso. Alam ni Jerald na kung lakasan pa niya ang pag-iyak ay babalikan siya ni Papa.

Bigla na lang silang tumahimik. Kapag alam na ni Papa na hindi na siya nananalo sa bangayan ay tatahimik na lang siya. Hindi na mamamansin. Babalik na sa pag-inom. Walang mararating ang pagtatalo.

Naramdaman ko ang paglapit nina Lola at Jerald. Tinangka ni Jerald na tumulong, nakatingkayad sa may lababo

at nagpapatas ng pinggan. "'Wag na," utos ko, "umakyat ka na do'n."

May pakiusap siyang nais isigaw na napigilan na lang ng pagsinghot at kahirapan sa paghinga. Umakyat na lang siya sa aming kwarto, maliliit at tahimik ang hakbang upang 'di mapansin ni Papa.

"Ano ba ang pwedeng maluto dito, apo?" Binuksan ni Lola ang pridyider.

"Baka may pwede pa pong maluto sa freezer."

May natira pang pakete ng hotdog mula sa inalmusal kanina, ngunit baka iluto rin ito ni Mama para bukas ng umaga. "'Di bale, may itlog pa naman. Mag-tinapay na lang po kami bukas, 'La."

Halos maduwal ako habang tumatagal sa kusina. Hindi ko napansing inipis na pala ang lababo dahil hindi nababad nang maigi ang mga pinggang nalimutan nang hugasan. Naubos na ang Baygon kaya tinaboy ko na lang sila. Nagsigapang sila pabalik sa isang maliit na butas sa dingding.

"'La, dito ka na kumain."

"Okay lang, mayro'n pa 'kong ulam sa bahay." Binabad ni Lola ang frozen na pakete ng hotdog sa tubig. "Tsaka 'di ko naisara ang tindahan. Kailangan kong bumalik agad."

"Ah, okay po. Tapusin ko lang 'to tapos ako na d'yan."

Tahimik lang kaming nag-asikaso sa kusina. Kalatog lang ng mga pinggan at kubyertos ang pumuno sa silid.

"Jaypee, kumuha ka nga ng baso!"

Hindi na talaga siya titigil kapag nagsimula na siyang mag-utos. Tumingin ako kay Lola at tinanguan niya lang ako, nagpapahiwatig na siya na muna ang bahala sa kusina. Ipinunas ko ang basang mga kamay sa uniporme at pinuntahan siya sa sala, hawak-hawak ang isang baso.

"'Maya na 'yan. Samahan mo muna ang Papa mo."

Sinunod ko siya kahit mas nais ko na lang linisin ang kusina't magbihis at dumiretso na ng tulog. Muli, sa ottoman ako umupo.

Nanood lang ako habang binuksan niya ang kabibili lang na Stallion. Sa pagkakataong iyon ko lang napagtanto na hindi ko talaga nais ang amoy nito, o ng kahit anong amoy na maaalala ko ang Papa ko kapag naamoy ito. Bulok na pagkain, natuyong pawis sa sofa, yosi (paminsan-minsan lang, sa awa ng Diyos), o kahit ang amoy ng isang maalikabok na silid.

Bumuhos siya ng kaunting beer sa basong nilapag ko. Inikot-ikot niya muna ang laman nito bago ito ilapit sa 'kin. "O, 'yan."

Noong una ay 'di ko alam kung anong pinapagawa niya sa baso ng beer. Agad niyang napansin ang nandiring reaksyon ko sa amoy ng inumin. "Ang arte naman. Aba'y tikman mo lang!"

Marami na sa seksyon ko ang umiinom. Pati mga barkada ko'y umiinom. Sinusubukan din nila akong ayain kapag nakakasama ko sila sa gala, pero ayaw ko talaga. Binansagan na nila 'kong duwag dahil sa anumang pilit nila ay tinatanggihan ko talaga ang alak, kahit may sinasabing "chaser" pa 'yon. Lahat sila, matapang man o parang juice lang na may patak ng alak, ay pare-pareho lang sa akin. Mabaho.

Ayaw ko pa rin ng alak pero hindi ko pwedeng suwayin si Papa. Kinuha ko ang malamig na baso at diniretso ito, pigil ang hininga upang hindi matikman ang lasang hinihinala kong kasing lansa ng amoy nito.

"O 'yan, lalaki ka na!" Tawang-tawa niyang hinampas ang braso ko. Agad ko 'tong iniwasan nang ibalik ko ang baso sa mesa.

*"Blegh—"* Pinigilan ko ang sarili ko sa pagsuka. "Pakla."

"Sus, sanayan lang yan." Ni-refill agad ni Papa ang baso ko. Hindi ko muna ito kinuha. "Uminom ka lang, nang may kasama naman ako."

Halos ‘di ako gumalaw sa kinaupuan. Hinayaan ko na lang na punuin ng tunog ng TV ang utak ko sa halip na makinig sa boses ni Papa. Tinignan ko ang oras sa balita. 6:07 PM. Wala pa rin si Mama, pero nakasakay na siguro ‘yon sa jeep. Uwian din pala ng mga panghapon na estudyante. Tiyak na magsasabay-sabay sila sa pila.

“An’tagal ng Mama mo ah,” hinaing ni Papa, “anong oras na, wala pa tayong hapunan.”

“Si Lola na raw po, Pa. Nagluto na siya ng hotdog, panghapunan.”

“Dapat maaga pa rin siyang umuuwi. Walang magluluto ng hapunan. Alangan namang si Lola mo lagi, e matanda na ‘yan. Nagbabantay pa ‘yan ng tindahan.”

“Pwede namang ako magluluto, Pa.”

“’De,” sabi ni Papa, “’yaan mong si Mama mo ang nagluluto. Trabaho niya ‘yon dito sa bahay.”

“E baka malayo pa siya. Trapik tsaka maraming sumasakay gan’tong oras. Para tuwing pag-uwi niya, kakain na lang tayo—“

“Hayaan mo nga siyang magdala ng pagkain sabi!”

Hindi na ko sumagot pa. Sana sa simula pa lang ay tinikom ko na ang bibig ko. Walang pinakikinggan si Papa kundi sarili. Dapat alam ko na 'to no'ng una pa lang.

"No'ng ako nagtatrabaho, 'di ba nagdadala naman ako ng pagkain? O kung hindi, si Mama mo'ng nagluluto!"

"'Di, Pa... kasi wala na rin namang nadadaanan si Mama pag-uwi na bilihan. Tapos—"

"O pwede naman 'yong bumili ng panluto!"

"Wala ka rin namang—..." 'Di ko sinasadya, ngunit nataasan ko siya ng boses. "... Wala rin naman kasi tayong ginagawa ng gan'tong oras, e 'di kapag tuwing wala pa siya e di magluto na tayo—"

Hinampas ni Papa ang bote sa lamesa. Tumalsik ang nilalaman nito at binasa ang halos kabuuan ng mesa. Mas umitim ang namumulang mukha ni Papa. Humalo na ang galit at pagkalasing sa namamawis niyang balat.

"Anong sinasabi mo, wala akong ginagawa dito sa bahay 'pag wala kayo?!" Sigaw niya. Mula sa unang palapag, naramdaman ko ang gulat at takot ni Jerald sa kuwarto namin na marahil ay pinapatahan na ang sarili sa ilalim ng kumot. Samantalang akong kaharap ni Papa ay nanigas sa kinauupuan. Sa mga pagkakataong ganito, kung saan nagtataas ng boses si Papa at pagkatapos ay magtataas na rin ng kamao, sa anumang

dahilan ay hindi ko alam ang gagawin. Tila ba awtomatikong tugon ko na lang sa pagdadabog niya ay manahimik at sumunod.

“”Tang ina mo, nawalan lang ako ng trabaho, gan’yan na tingin mo sa ‘kin?! Ako pa rin ang nasusunod dito, Jaypee! Tatay pa rin ninyo ako, mga walang utang na loob!”

Ang daming beses na niyang sinabi ‘yan. Paulit-ulit. Narinig ko ang pasigaw na saway ni Lola mula sa kusina, ngunit ‘di ko na siya naintindihan. Sa pagkakataong ‘yon, ‘di ko na napigilan ang umalburutong galit at hinanakit na naipon sa dibdib sa labing-apat na taon niya akong naging anak. Sinipa ni Papa ang mesa at nagsitumbahan ang tatlo o apat na bote sa sahig. Ang ilan dito’y nabasag, ngunit ‘di ko na nilingon.

“E totoo naman, Pa.”

Diniretso niya ang tingin—namumula at unti-unting kumikinang sa luha—sa mga mata ko. “Anong totoo pinagsasabi mo, ha?”

“Pa, simula nang mawalan ka ng trabaho, wala ka nang ginawa kundi uminom! Inipis na nga yung kusina dahil sa kapabayaan mo, ta’s may gana ka pang sabihan ako ng ganyan?”

‘Di ko na hinayaang sumabat si Papa. Binuhos ko na ang sama ng loob ko.

"Kung ano-ano pa sinasabi mo tungkol kay Mama e siya na nga ngayong nagpapasok ng pera sa bahay na 'to! Siya na 'tong kumilos at naghanap ng trabaho no'ng masisante ka dahil sa sarili mo ring kagaguhan—"

Hindi hinayaan ng matigas niyang palad na tapusin ko ang mga salita ko. Hinawakan ko ang pisngi kong namanhid. Saka sumipa ang hapdi makaraan ang ilang segundo.

"Walang hiya kang bata ka!" Pinuno ng papiyok niyang boses ang buong bahay. "Ang kapal ng mukha mo! Akala mo may mapapatunayan ka na?! No'ng nagtrabaho ako, mga palamunin lang din naman kayo dito ah?! Kayod ako nang kayod no'n, anong ginawa niyo?"

Pinagtyagaan namin ang ugali niya. Tinanggap namin ang lahat ng pag-aabuso niya.

"Wala, nganga! Tapos kayo pa'ng may ganang humingi sa 'kin ng kung ano-ano?!"

Gaano nga ba kalaki ang aruga at unawa para hingiin? Mas higit ba ito sa pera?

"Ayus-ayusin mong bata ka, Jaypee. Anumang mangyari, tanggihin mo man, ako ang nagpalaki sa 'yo! Ako ang nagdamit, nagpalamon, nagbigay ng pang-aral sa 'yo! Wala ka kung wala ako—"

"E 'di sana naging ama ka na rin, gago!"

Binitawan ko na ang pagtitimpi. Hinablot ko ang 'di pa bukas na bote at binato ito sa kaniya.

Binulag na ng luha ang mga mata ko. Nang dumilat ako, hindi ko agad natukoy kung tinamaan ko ba siya o hindi. Ngunit tumalsik sa balat ko ang mabahong inumin, kaya alam kong nabasag ito. Ang nanginginig na hingal lang ni Papa ang narinig ko hanggang luminaw ang paningin ko.

Ang sigaw at mabibilis na hakbang ni Lola ang bumasag sa katahimikan.

Hindi ko natamaan si Papa. Sa halip na galit, gulat ang nangibabaw sa mukha ni Papa. Tila nawala ang lahat ng dugo sa mukha niya at napunta naman dito ang lahat ng butil ng pawis sa katawan niya.

"Sana binigyan mo rin kami ng oras, o kaya ng aruga sa halip na puro pera at bugbog ang binigay mo sa 'min! Puta, sana gano'n para 'di tayo gan'to! Para 'di ako gan'to!"

Sabay sa pagbuntong-hininga ko, tila lumabas din ang lahat ng sinabi ko sa tenga niya. Sumugod sa 'kin si Papa—tinalunan niya ang mesang naghihiwalay sa 'min—at hinablot ako sa kuwelyo ng uniporme ko.

Ang kaniyang pagsugod pati na rin ang mga luhang tuluyan nang nahulog mula sa mga mata niya ang kaniyang naging tugon sa 'kin. 'Di ko alam kung anong klaseng

kapangyarihan ang sumapi sa ‘kin no’n pero sa unang pagkakataon simula nang pagkabata ko ay nilabanan ko siya. Tinulak ko siya nang malakas upang mawala ang kapit niya sa polo ko. Nadulas si Papa sa nagbahang Red Horse at tumama ang ulo niya sa bandang may mga bubog ng bote. Naramdaman ko ang mahihigpit na hawak ni Lola sa balikat ko, ngunit madali akong nakapiglas.

Kung nasugatan man si Papa sa bubog o nagkabukol man siya sa ulo dahil sa pagkahulog ay ‘di ko na ‘yon naisip. Binalot ko ang maninipis at mahihinang daliri sa leeg niya. Alam kong kumpara sa lakas niya at kapayatan ng mga kamay ko ay madali niya ‘kong malalabanan.

Ngunit humilata lang sa sahig si Papa habang tinangka kong pisilin ang bawat ugat sa leeg niya. Hinilamusan ng luha ang buong mukha niya, at may mga sariwa pang butil na lumalabas sa magkabilang gilid nito. Lumala ang pagnginig ng hininga niya. May kaunting sipon na tumulo mula sa namumula niyang ilong. Narinig ko na lang ang sigaw ng saklolo ni Lola sa labas ng bahay.

Naghalo ang lahat ng ‘di kaaya-ayang amoy sa paligid, kasabay pa nito ang ‘di ko maintindihang mukha ng sarili kong ama. Habang tinititigan ko ang mukha niya, ang mukha ni Jerald ang lumilitaw sa isip ko. Kahit sa pagpikit ay leeg ni Jerald ang pinupuluputan ng mga daliri ko.

Marami nang mga kamay ang humila sa 'kin palayo kay Papa. Naghalo-halo sa sala ang sari-saring boses ng mga kapitbahay na sumaklolo. Bumagsak ako sa sahig, pinipigilan ng mga kamay na nakakadena sa braso at binti ko.

Nang lumumanay ako, tumayo ako. Isang mapiyok na sigaw na lang ang nailabas ng tuyo kong lalamunan.

Bali ang leeg, nanginginig, at patuloy ang pag-iyak ni Papa. Hindi ako nilubayan ng mga mata niya kahit sa pagtayo. Naghalo ang kaniyang luha, pawis, at kakarampot na dugo sa natapong alak. Nagising lang muli ang diwa ko nang marinig ko ang nakabibinging iyak ni Jerald.

Naroon ang nakababata kong kapatid sa may hagdan. Tumingin ako muli kay Papa, saka binalik ito kay Jerald. Iisa ang mukha nila. Takot, nanginginig, gulat.

"Andeng, tumawag ka nga ng tanod. Dali!"

Bumaling ang tingin ko kay Lola. Nakikita ko rin ang mga mukha nina Papa at Jerald sa mukha niya. Naramdaman ko ang paglambot ng mukha ko. Hindi ko alam ang nais kong sabihin sa pagkakataong iyon ngunit hiniling ko na sana'y mabasa ni Lola ang mga mata ko.

"Dali!" Tarantang sigaw ni Lola. Hinawakan niya ang braso ko at hinila niya ako papalapit. Mas nahimasmasan ako sa init ng hawak niya.

May katagalan bago dumating ang mga tanod. Habang naghihintay, nanatiling nakabantay ang ibang lalaking kapitbahay kay Papa na tahimik na nakaupo sa sahig. Nanatiling nakababa ang tingin niya. Ngunit ako, hindi ko siya inalisan ng titig. Si bunso ay hindi makatingin sa kaniya. Hindi bago sa kaniya ang dugo, pero nakakapanibag o na dugo ni Papa ang nakikita niya.

Dumating ang mga tanod at ipinaliwanag ni Lola nang mabilis ang nangyari. "'Yong... 'yong anak ko ang nagsimula. Sa sobrang kalasingan. Pumalag lang naman po ang apo ko, sumusobra na kasi!"

Dinampot nila si Papa. Hindi siya nagpumiglas. Hindi rin siya umimik, liban na lang sa tatlong salita. Tahimik at malumanay man, sinaksak niya 'to sa kokote ko.

"Masaya ka na?"

Tinignan ko lang siya papalabas. Sinabi ni Lola na dapat daw kaming sumunod, ngunit nanigas lang ako sa kinatayuan. Natakot ako. Natakot ako hindi dahil sa mga kagawad. O kaya sa mga tsismis na mabubuo sa baranggay namin. O kaya sa magiging reaksyon ni Mama. Natatakot ako dahil alam ko ang sagot sa tanong ni Papa, at iyon ay hindi.

# Kung Umaamo ang Gabi

*Holland Loyola*

*BREAK THE GLASS IN CASE OF EMERGENCY.* Iyan ang nakaburda sa bintana ng bus na bumabaybay sa kahabaan ng Commonwealth Avenue. Pauwi ako galing Centris na malimit, hintayan ng mga corporate messiah (hindi slave). Kami kasi ang tagapagligtas ng mga Amerikanong hindi alam kung paano magsaksak ng kable ng WiFi. Iniisip ko: kung biglang naging dispalinghado ang preno at nagkanda-letse-letse ang lahat, may tatlo akong plano kung paano maliligtas ang sarili:

**Plan A**: Dahil kulang ang mage-generate na force ng mga payat kong binti, hahablutin ko 'yung laptop ng katabi ko na malamang sa hindi, isang estudyanteng nagtatrabaho sa BPO. Gagamitin ko 'yung laptop para basagin ang bintana. Bahala na kung doon naka-save 'yung thesis niya na baka

tungkol sa impact ng toxicity ng workplace sa mental health ng working students. Basta buhay ako, kami. Hindi naman niya madedepensahan ‘yan sa kabilang-buhay.

**Plan B:** Kung maunang magpira-piraso ‘yung laptop, prepare for impact na lang. Tatakluban ko ng bag ang ulo ko – o ng kahit anong gamit na may kakayanang sumalo ng puwersa para sa sandaling bumangga ang bus sa poste, sa gusali, o isa pang bus, may maliit na tsansang liwanag lang ng ICU ang hantong ko.

**Plan C:** Ito ang pinakapraktikal at makatotohanan sa lahat ng plano. Magdasal kahit hindi naman naniniwala sa Diyos. Sa bumubulusok na bus na lulan ang mga pasaherong nilulunod ng takot, baka masapawan ng mga sigaw nila ang Plan A at B na binabalak ko. Hihingi na lang muna ako ng kapatawaran dahil pinagdudahan ko siya. Tapos, sasabihin ko na ‘pag binigyan niya ‘ko ng pangawalang pagkakataong mabuhay, magiging seminarista ako.

Pero kung sakaling masangkot talaga sa aksidente ang bus na sinasakyan ko at himalang niligtas ako ng Diyos, malabong ialay ko ang sarili sa kumbento. Keme lang, Lord. Gano’n. Takot lang siguro akong mabawian ng buhay na parang isang kislap-diwa. At paano kung totoo talaga ang impiyerno? Kaya hypothetically, kung maaaksidente ang bus, magdadasal ako bilang paraan ng muling pagtanggap ko sa Kaniya. Baka sa last minute, magbago ang isip niya at abisuhan

ang sinumang anghel na nagbabantay sa 'kin. *Tinatanggap na kita, salamat sa pagbabalik-loob, iligtas n'yo siya, absuwelto na 'yan.*

Ang pagpasok sa chorus ng punk rock music na pinapakinggan ko ang bumasag sa intrusive thoughts na kanina pa bumabagabag sa akin. Hindi kaya iyong kaninang pasahero na bumaba ng Luzon Avenue ang aksidenteng nagluwal ng mga ito at kinupkop ko lamang sila na parang mga supling?

Sumandal ako sa bintana. Sinunsundan ng tingin ang mga nadaraanang gusali, poste, billboard, mga umaarangkadang sasakyan, at mga pasaherong naghihintay. Sa gawing Tandang Sora, makikita ang malaking tarpolin ni Hanz Chua, isang beteranong manghuhula. Nakangiti siya. Malaking-malaking ngiti na tila ba siya ang konsehal na nagpagawa ng kalsadang dinadaanan namin. Sa hindi matiyak na dahilan, may kung anong inis na hatid ang ngiti niya. Baka naaalala ko lang sa kaniya si Birdie na ginampanan ni Tseng Ching-hua (isang Taiwanese actor) sa *Your Name Engraved Herein*. Kung sisiyasatin sila, malinaw ang pagkakahawig. 'Yung hairdo ni Birdie at ni Hanz na parehong naka-buzz cut, ang naniningkit nilang mga mata sa tuwing nakangiti, at maging ang hilatsa ng kanilang mukha. Sa pelikula, iniwan ni Birdie si A-han (na ginampanan ni Edward Cheng) nang walang kahit anong pasabi. Para silang dalawang estrangherong sumakay ng bus sa may bandang Edsa; 'yung isa, bumaba agad ng Philcoa at 'yung isa naman, nanatili sa bus hanggang Bulacan. Parang saling-pusa sa siklo ng buhay,

pero gano'n talaga siguro: sumusunod lamang tayo sa sariling mekanismo ng uniberso.

~

Putang ina raw sabi ng mama na nasa harapan ko. Late na yata sa pupuntahan, naipit pa sa traffic sa may bandang Litex. Biyernes kasi kaya rush hour at tsempong labasan ng mga estudyante. Kung susuwertihin pa, baka maamoy ng driver 'yung pagkayamot niya at maisipang magpa-gas. Habang pinakikinggan ko ang usal ng mama, isang pasaherong naka-lapel ang tumayo mula sa kaniyang kinauupuan. Doon sa may pinakaharapan na nakareserba dapat sa mga PWD at senior.

"Magandang hapon po." Marahan niyang inaayos ang lapel para mahuli ang tamang lakas. Kumpara sa ibang nagmo-monologue sa bus, iba siya sa lahat. Well-blended ang contour sa mukha at akma ang shade ng lipstick sa kaniyang kutis. Plantsado ang blouse, walang tastas ang maong, hindi nakatsinelas na rambo, at sa halip na medical certificate, Bibliya ang kaniyang hawak. Kalauna'y binuklat niya ang libro, hudyat na magsisimula na ang kaniyang Bussionary.

"Tingnan natin ang mundo. Madami na pong nangyayari. Anywhere we look, there's a sign that the second of coming of Christ is near. And what are those signs?" Wala siyang punto kung magsalita. Matatas, hindi tunog-barok ang English. Mukhang edukada. Neutral ang expression sa mukha.

‘Di siya tulad ng mga tipikal na nagmo-monologue sa bus na laging kumikinang ang mata dahil sa nangingilid na luha. Muli, iba siya sa lahat.

“In the book of Matthew, God said na ang paglago ng kaalaman ng mga tao ang isa sa mga simbolo ng second coming of Christ. Elon Musk! Mark Zuckerberg! The creation of ChatGPT! They are manifestations of Satan’s plan to destroy mankind. Kailangang maging mas malakas ang pananampalataya natin sa Diyos mga kapatid. ” Pause. Sandaling tumili ang lapel at napatakip sa tainga ang mga pasahero. Merong humahadlang? Muling in-adjust ng misyonaryo ang kaniyang lapel para manumbalik sa kaayusan.

“Hello? Hello…” Gamit ang daliri, tinapik-tapik niya ang mikropono. Ayun, maayos na ulit. Saan na nga ba siya? A, oo. Naroon na siya sa part na ang human advancement at paglago ng kaalaman ay senyales daw ng muling pagdating ng Panginoon. Bilang patunay, binanggit niya ang mga tech giants na kumukontrol sa galaw ng social media na sigurado akong napulot niya lang din sa Google.

“The devil is watching. Sinubukan niyang pigilan ako pero hindi siya nagtagumpay. Napakabuti po ng Panginoon.”

“Ang pangalawang senyales po ay ang extreme calamities. Alam nating lahat ang nagyari sa Tacloban noong November 2013. It was a very tragic event for mankind.

Thousands and thousands of people were killed. Bilyong-bilyong pondo ang kinailangan para maka-recover ang Tacloban. Malinaw po na pinapaalalahanan tayo ng Panginoon na bumalik tayo sa kaniya." Kalmadong-kalmado ang presensiya niya.

*Pinapaalalahanan tayo ng Panginoon na bumalik sa kaniya.* Katorse anyos ako noong humagupit ang Yolanda. Sa lahat ng lalawigan, Tacloban ang lubos na nasalanta. Kasabay ng balitang suspendido ang klase sa lahat ng antas ang paglutang ng mga bangkay na nilapa ng baha. Hile-hilera silang nakahandusay sa kalsada; may mga batang nakayakap pa sa inang wala nang malay-diwa. Nilunod ng tubig ang baga at bawat pulso. May ilan namang kamay lang ang nakausli sa salansan ng mga gumuhong bahay. May amang humihingi ng saklolo, hinahanap ang anak na tinangay ng baha. Nagmamakaawa silang lahat – sa atin, sa gobyerno, sa Panginoon.

Nangyari lahat ng 'yan bilang paalala ng Diyos sa atin.

Nagpatuloy ang misyonaryo sa kaniyang pangangaral. Hindi ba siya sinasakal ng gimbal? Hindi ba siya natatakot? Dumungaw ako sa bintana. Marahang-marahang kinukumutan ng dilim ang liwanag ng langit.

"The third sign of His second coming ay ang digmaan at pagiging gahaman ng mga tao. Greed causes war. Kaharian

laban sa kaharian. Dahas laban sa dahas. South Sudan, Ethiopia, Syria, and Ukraine… may digmaan. Because of people's greed, nangyayari 'to. "

"The Devil has spread its words. Binubulungan niya tayong lumayo sa Panginoong Diyos. Mga kapatid, labanan natin ang temptation. Huwag tayong maghangad ng labis-labis na halaga ng pera dahil ito po ang root of all evil. Corruption, war, killing, everything bad in this world. Do not ask for too much because God will provide. God will always see your struggles and provide. Manalig lang tayo sa Kaniya."

Mula sa bag na nakasukbit sa kaniya, hinugot niya ang kumpol ng puting sobre na inaabot niya sa bawat pasahero. *2 Corinthians 9:6-8: You reap what you sow*. 'Yan ang nakasulat sa likod na bahagi ng sobre. Ewan ko ba. Wala naman akong inaani kahit kaluluwa na ang ialay ko sa kumpanya. Pero subukan ko na rin; baka sa pagkakataong ito, magbunga na ang limang pisong ilalagay ko sa sobre. Hindi man limpak, pero something good in return. Malay mo, bukas-makalawa, makapulot ako ng sampung piso sa daan o 'di kaya pasobrahan ni Manong 'yung palamig.

"Our church is accepting any amount of help," anunsiyo niya.

"You may also check Amazing Grace Missionary Church QC sa aming FB page. And welcome na welcome kayo

sakaling gusto n'yo pong bumisita. Maraming salamat po at nawa'y pagpalain tayo ng Diyos." Muli niyang kinolekta ang bawat sobre.

~

Sampung kamot pa at tuluyan nang matutuklap ang anit ng konduktor. Sino bang hindi mauulol sa ganitong lagay? Muling naipit ang bus sa trapik. Pasado ala-sais na ng gabi pero nandito pa rin ako sa Fairview. Nakatulala. Sinasabayan ng bilang ang pagpapalit ng kulay ng traffic light. May ginagawa kasing kalsada. Meron ding itinatayong malalaking poste na magsisilbing pundasyon ng MRT 7. Pati tulay na magdudugtong sa langit at Malacanang. Lahat-lahat na. Pero heto ang claim: balde-baldeng dugo mula sa mga bata ang ibinubuhos sa hinahalong semento para mas tumibay raw ang pundasyon. May umaaligid na puting van sa gabi at dadakmain ang kawawang paslit na napag-utusang bumili sa tindahan. Lilipas ang mahabang taon pero ni isang bahagi ng katawan ay 'di na natagpuan. Hindi kaya matapos nilang salukin ang dugo ng biktima, luluray-lurayin nila ang katawan at isasama na lang din sa hinahalong semento? Ayokong isipin na ganiyan ang sinapit ng anak ng kapit-bahay namin. Bumili ng kendi isang gabi at 'di na muling bumalik pa. Lumipas ang isang taon, dalawa, na nasundan pa ng maraming taon. Kaya minsan, iniisip kong maghagis ng kahit anong bulaklak sa mga construction site bilang pakikiramay.

Sa gitna ng malalim at karnal na pag-iisip, bigla kong naalala ang bilin ni Mama kaninang umaga: Mag-iingat daw ako. Kahit wala namang bago sa paalala niya, pinanghahawakan ko pa rin ito. Sa lungsod, mabagsik kung ituring ang gabi. At sa mga sandaling hinihele ako ng mga busina ng sasakyan, tumingala ako at kapansin-pansin na prominente ang buwan. Muli kong naalala si Papa no'ng gabing 'yon: Diretso ang tingin niya sa kalangitan. Basag ang bungo at butas ang leeg habang lumalawa ang dugo sa kalsada. Walang ibang naging saksi kundi ang buwan. At sigurado ako na marami pang lihim na siya lang ang may tanging alam.

Pasado ala-siete na ng gabi. "Tungko!" Agad akong tumayo nang sumigaw ang konduktor. Etiquette sa bus na 'pag malapit na ang babaan mo, pumunta ka na sa harap para 'di masayang ang oras ng driver.

Sumalubong sa akin ang maalinsangang ihip ng hangin. Mas nararamdaman ko ang init sa labas dahil sa sirang aircon na hindi mahinaan ang buga ng lamig sa pwesto ko kanina. Sa tuwing bumababa ako ng bus, nakaugalian ko nang i-check lagi ang bag; baka kasi may nawala o naiwan. Habang binubutingting ang loob nito, isang batang palaboy ang sinalubong ng rumaragasang Honda Civic. Sa lakas ng impact, sandaling nasapawan ng kalabog ang ingay ng mga makina. Sabog ang bungo. Kalat-kalat ang utak. Parang gomang hinulma nang hinulma ang katawan.

Hindi natinag ang driver. Hindi niya alintana ang kumakalso sa kaniyang magarang sasakyan. Tumuloy lang siya, humarurot paalis na para bang nagpasadya lang siyang gawing pula ang mga gulong nito. Nag-panic ang lahat, ngunit walang humingi ng saklolo. Nakatingin lang sila sa lasog-lasog na katawan ng batang palaboy, na para bang iniisip nila kung anong putahe ang mainam lutuin mula sa kaniyang mga natirang parte. Ang ilan sa kanila ay humugot ng cellphone hindi para tawagan ang emergency hotlines. Mas nakaramdam sila ng pangangailangang idokumento ang karumal-dumal na sinapit ng bata at bahala na ang algoritmo ng internet para lumimos ng awa. Isipin mo: habang nililibugan ka sa mga babaeng sumasayaw sa TikTok, magugulantang ka sa balita na may isang inosenteng bata ang luray-luray sa highway. O 'di kaya habang nanonood ka sa FB reels kung paano gumawa ng betamax, mapapanood mo ang isang video kung saan zinoom in ang bitukang nakaluwa mula sa sikmura.

Sa kung sinuman ang nais tumulong, ito ang simpleng paraan: *One like, one prayer.*

Tumagal nang ilang minuto na ganito lang ang eksena. Wala pang pulis o ambulansya. Walang kahit anong dumadating. Para sa mga tao, ang tulad niya ay bahagi lamang ng siklo ng buhay na kamatayan ang sukdulan ng lahat. Pero tulad ng aking ama, iba siya sa paningin ng buwan.

# Limang Aporismo ng mga Kontrabida

*Yuangelo de Guzman*

*kontrabida - [kon.trɐˈbi.dɐ]*
*Tao na masamâ*
*Pinagmulang salita: contra vida (Espanyol)*

**1. 'Walang sakit na sumisira gaya ng pagnanasa.'**

Batid niyang may gatas pa sa labi ang mga biktima. Tahimik namang nakipagkamayan ang mga ito sa kaniya. Naiiba kasi siya e. Iba daw kasi ang kulay ng balat at buhok niya; parang kamukha raw si Santa Klaws. 'Yung tono at lalim ng kaniyang boses ay nakapangingilabot. Sa tuwing naririnig ang mga interbyu niya, hindi umaalis sa dibdib ko 'yung pagkabalisa. Bago lang daw siya sa Pook Paraiso kaya malugod naman siyang natanggap. Noon pa man, dinadayo na raw ng mga tiga-labas ang komunidad. Nagsasagawa ng mga outreach program. Kung minsan, nananatili sila ng dalawa-tatlong araw para makilala ang mga residente lalo na't ang pook ay bulnerable sa kabuhayan. Si Frank, alyas niya,

bumisita sa komunidad dahil nais raw tumulong at magbahagi ng kaalaman tungkol sa house farming. Ito raw kasi propesyon niya sa Australia. Marami na raw siyang natulungang pamilya at komunidad sa ilang parte ng Pilipinas. Subalit madalang puntahan ng mga tao ang Paraiso kaya nagtataka ang mga nakatira kung bakit siya napunta ro'n. Ayon sa mga residente, mahigit limang buwan na siyang naninirahan sa pinagtutuluyan niyang bungalow. Kasama ang asawa niyang Pinay na tiga-Paraiso rin daw. Nakilala niya si Mersi matapos ang anim na buwan na pananatili sa bansa. Malaki ang agwat ng edad nila. Mga trenta, mas matanda si Frank. Hindi nakikita ng mga tiga-Pook Paraiso na naglalakad nang mag-isa si Mersi, palagi siyang nasa likod ni Frank. Parang alalay. Parang aninong bumubuntot. Kung nasaan si Frank, nandoon din siya. Hindi sila nag-aaway, hindi sila nagtatampuhan.

Sa totoo lang, hindi naging madali ang pag-interrogate namin ngayon kay Mersi. Matapos kasi ang insidente, kinailangan siyang ipatingin sa psychiatrist. Hindi na siya kumakain at nagsasalita. Madalas nakayuko at kinakalmot ang sarili. Hangga't maaari, ayaw naming basta-basta buksan ang kaniyang mga sugat. Ngunit nais namin siyang makapanayam dahil higit na saulado niya ang kaniyang asawa. Naghintay kami ng mga buwan upang marinig sa kaniya ang layunin, masagot ang mga tanong, at makilala, mata sa mata, ang madilim na sikreto ni Frank sa pagpasok niya sa Pook Paraiso. Ito ang nalaman namin:

Una, sa kalsada kumukuha ng mga biktima si Mersi. Binibigyan niya ng mga pagkain at iniimbitang pumunta sa bungalow, manood daw sila ng TV, papakainin ng mga pagkaing madalas hindi natitikman, sitsirya't candy halimbawa. Pinapatulog at pinapaglaro kapag nagising. Si Mersi ang nagbabantay sa mga biktima habang si Frank ay nagtuturo sa mga residente. Plano ni Mersi na maging komportable muna sa kaniya at bahay ang mga biktima. Kaya naging lakad-kuhol ang prosesong umabot hanggang dalawa-tatlong linggo, intensyon nilang mahulog ang loob ng mga biktima. Pangalawa, kapag naging kampante na sa kanila ang mga biktima, doon lang sila kakasa. Ayon kay Mersi, mabusisi niyang nilalagay ang mga tabletang pampatulog sa mga inumin. Sakto sa pagkakataong gutom ang mga biktima at nais nang kumain. Mga ilang minuto, mahihilo at mag-ba-black out sila sa sahig. Kapag tumama na ang pampaantok, dinadala niya ang mga biktima sa ilalim ng bahay. Meron silang basement at doon nila ginagawa ang kanilang proyekto. Pangatlo, ginagapos nila 'yung paa, kamay, at leeg ng mga biktima sa mga chains na nakadikit sa pader. Kinakalawang, may ilan nakapatiwarik ang posisyon. Kapag nagising, makikitang wala na silang saplot, nabusalan na ang bibig. Nakalatag na sa harap nila ang pipitsuging kamera. Dahil nasa basement, hindi sila maririnig ng mga nasa labas. Hindi sila maaaninag ng liwanag. Sa panahong iyon, hindi nila maapuhap ang kaligtasan. At s'yempre, nandoon na si Frank—nakahubad na rin.

Maraming nabebentang bidyo sina Mersi mula sa iba't ibang bansa, marami silang natatanggap na request sa iba't ibang customers. Kalakhan ng mga ito ay mga foreigner. Malala raw kapag European. Matindi raw kapag burgis, ibang klase kung mang-utos. Naalala niya raw, may suki sila na nag-request na painumin ng isang timbang tubig 'yung mga biktima. Kapag naihi, kailangan daw humiga ni Sir sa lapag at saluhin 'yung ihi gamit ang bibig. Kung minsan, baliktad. Saan nila nakukuha 'yung mga customer?  Saan nila binebenta 'yung mga litrato at bidyo? Mahirap hanapin iyon, ayon kay Mersi. Ngunit nabanggit niya na pumapasok at ginagalugad nila ang dark web upang maghanap ng mga customers na hayok sa iba't ibang klaseng pornograpiya. Kaya bumuo sila ni Frank ng website at doon pinapalabas at binebenta ang mga bidyo. Hindi bababa sa singkuwentang bidyo ang naroroon. Iba-iba ang pinapagawa sa iba't ibang biktima. Kapag matindi ang request, mataas ang bayad.

Hindi rin nila pinakakain ang mga biktima. Iniiwan lang nilang nagugutom. May isang biktima na pinatay sa basement. Nahanap naming mga imbestigador na nakatago sa freezer. Batay sa awtopsiya, nakita nilang pinutol 'yung dalawang hinalalaki sa paa. Tinanong ko kay Mersi ito ngunit kahit siya ay walang ideya kung ano ang nag-udyok para patayin ni Frank ang biktima. Maraming teoryang nagsasanga-sanga pero ang napansin naming kahina-hinala, maraming latay sa katawan. Ang suspetsa namin ay narindi si Frank sa biktima.

Maingay, ngumunguyngoy, nagtatangkang umalis sa basement. Kung kaya madalas binubugbog at pinapalo. Marami ring pasa. Maaaring pinaparusahan hanggang sa tumigil. Sa ulo nadale ang biktima. Maaaring malakas ang pagkakauntog sa pader, nadulas at nauna ang ulo, o 'di kaya, pinukpok ng bata hanggang sa malagutan ng hininga.

Nang magsidatingan na ang mga international investigators sa komunidad, doon lang namin nabalitaan na matagal nang minamanmanan ng owtoridad si Frank. Marami na pala siyang kaso ng rape at slavery. Sumikat sa buong bansa ang pangalan ni Frank kaya marami naging interesadong makapanayam siya. Lumabas siya sa international news at naging headline ng mga pahayagan, tinawag siyang *The Rock Spider*. Sumabak na sa mga kasong human trafficking si Frank magmula noong binata siya. Gumagamit siya ng iba't ibang alibi at sa kaso ng Pook Paraiso, ginamit niya ang pagiging "farmer" upang manghimasok at ipagpatuloy ang kumakalam na pantasya. Batay sa mga reports sa mga dating biktima ni Frank, bata pa lang daw ay mahilig na siyang manilip. Hindi maipagkakaila na lumaki nang lumaki ang ganitong nakasusuklam na ugali at kalauna'y ginamit niyang makinarya ang prostitusyon bilang negosyo.

Naaawa ako kay Mersi dahil kahit siya'y naging biktima sa walang awang eksploytasyon ni Frank. Kasalukuyan nang umaandar ang kanilang kaso. Pareho silang nahatulan ng life

sentence. Bukod sa habambuhay sa piitan, umaasa ang mga pamilya ng mga biktima na magkaroon ng hustisya para sa kanila. Ngunit kailan darating ang inaasam na ito? Marahil hindi rin nila alam ang sagot. Ngunit tiyak sila na may puwesto na si Frank sa impiyerno.

Naalala ko pa ang unang inspeksyon namin sa basement, masuka-suka kami, tumatarak sa lalamunan ang nakasusulasok na panghi at dumi, hindi abot ng imahinasyon namin kung paano nagawa ng hayop na 'yon. Gayundin, marami kaming nahalughog na kahon sa basement, naglalaman ng mga cassettes at polaroid pictures. Nakatala rin sa mga ebidensya ang petsa kung kailan ginawa. Kung susumahin ko, mahigit dalawandaang piraso ng mga litrato at isandaang casette tapes ang nagalugad namin. Kinailangan naming tingnan ang bawat isa kung gumagana. Sa mga casette tapes, ang pamagat ay "Lolita Fantasia," hindi umuubra ang pagpikit ng mata kaya madalas lumabas ako ng inspection room. Marami sa amin ang kinailangang dumaan sa mental check-up matapos ang assignment. Iba ang naging tarak sa amin nitong kaso. Kung minsan, hindi na ako pinatutulog. Tuluyan na akong binabangungot ng mukha ng mga bata.

**2. 'Ang pangangailangan ay tinutugunan; ang kasakiman ay hindi.'**

Meron dalawang klaseng maingay na tao: una, maingay at nakokompromiso, at pangalawa, maingay kasi matakaw sa

atensyon. Kuwento ito ng isang mid-20s, typical straight, alpha male, motivational jakolero, ego tripper, at mahusay mag-imbento ng sariling kaaway. Kilala siya bilang si Allen Caparas.

Nakilala si Allen Caparas dahil ama niya ang prominente at dinadakilang singer/songwriter na si Abraham Caparas. Nagkamit ang kaniyang ama ng iba't ibang ibang parangal dahil sa "magaganda" nitong kanta. Kilala siya sa mga nilalagnat na pamagat niyang kanta tulad ng *Nandito Ako*, *Nasan Ka?* at *Diyan ka lang*.

Kinulang siya sa aruga. Kilala si Allen Caparas dahil pabigat siya sa pamilya. Matagal na siyang kinasusuklaman at kinamumuhian ng kaniyang magulang, maski ang maestro niyang ama. Partida, siya ang kuya pero madalas inaasar ang nakababata niyang mga kapatid. Kaya madalas bumabawi siya sa tropa at doon nahahanap ang tunay niyang madla. Sa paaralan, madalas siyang bisita sa guidance office dahil sa pangit niyang ugali. 'That's enough, Allen!' minsan singhal sa kaniya ng guro. Pero, ano ba ang enough kung natutuwa na ang mga kaibigan sa kalokohan niya? Bakit pa siya titigil? Tangan ang lapis, tinusok niya sa ulo ng kaklase at ginamit kunwaring mic para kantahin ang mga "obra" ng kaniyang ama. Maraming tumawa. Maraming nainis. Kinabukasan, kinick-out siya sa mismong paaralan kung kaya'y naghanap ng eskuwelahang tatanggap at pagtitiisan ang kaniyang ugali.

Nang tumanda, si Allen Caparas ay naging maborloloy. Alipin siya ng pop culture at global na kapitalismo. Kapag merong bagong labas na selpon, bibilhin niya. Mahalaga sa kaniya ang hitsura, kung ano ang iisipin ng mga tao tungkol sa kaniya. Marami siyang followers sa Instagram dahil nabubunuan ng mga litrato ng kaniyang abs, braso at paa para sa mga may podophilia.

Bukod pa rito, kilala si Allen Caparas dahil sa mga vlogs niya sa YouTube. Isa siyang gym coach (on the side) kaya kung papanoorin ang mga bidyo niya, madalas umiinog sa mga "inspirational" affirmations. Inspirational? Siguro, pero madalas nagdidikta at pineflex ang mga elepanteng muscles. Kaya raw niyang bumuhat ng tao maski kahit anong timbang. Madalas daw niyang binubuhat 'yung mga naging ka-date niya. May bidyo sa kaniyang channel tungkol sa paghahamon ng kaniyang dating nobya na buhatin ito papanhik sa LRT, at dahil ayaw niyang nakikitang mahina siya, tinanggap niya.

Pero kahit anong pagkukulang ng aruga sa kaniya, kilala si Allen Caparas dahil mabenta siya. Mabenta siya sa nakaaasiwang biro niya. Nag-viral ang kaniyang patama tungkol sa babaeng kandidato na nais tumakbo sa pagka-presidente, binanggit niyang kailangan munang magpakabit ng bayag ng kabayo para tumakbo siya. Gayundin, sinabi niya na hindi totoong trabaho ang pagiging porn star at sex worker. Maraming nainis sa kaniya sa sex industry. Ironic dahil

madalas din daw siyang tumatambay sa mapulang distrito ng Kamaynilaan. Ayaw rin niya sa mga aktibista kasi madalas daw silang sanhi ng trapik sa kalsada. Isang beses, nakaaway niya ang isang tibak at pinagsisigawan ito dahil ang dami raw nitong satsat. Hobby din niyang mambintang ng komunista. Pero sa kabila ng mga maaasim na komento, kapita-pitagan siya para sa mga kabataan.

Bukod sa pagiging gym enthusiast, kilala rin si Allen Caparas bilang 'people pleaser'. Gumagawa siya ng mga pambihirang content at iba't ibang pakulo sa kaniyang channel. Madalas niyang pinagyayabang ang nakamit na 500,000 subscribers. Kung tutuusin, puro mga bata't teenager lang ang nabibilib sa kaniya. Pinakapatok sa subscribers niya ang mga ginagawang pranks. Karamihan below-the-belt. Hindi maipagkakaila na may ilang nasasangkot na ordinaryong indibwal sa mga kabulastugan niya. Walang sinasanto si Allen bukod sa panginoon na pera't atensyong malalim niyang sinasamba.

Sa isang hindi malilimutan at masahol na prank sumigaw ang pangalan na Allen Caparas. Naglakbay sila, kasama ang kaniyang mga alipores, sa Recto, upang isagawa ang tinatangka nilang prank. Hindi maaarok ng mga nagdaang pranks ang kaniyang isasambulat ngayon. Balak nilang tiktikan ang mga estudyante at takutin kasabay na pagpasok sa puting van. Masaya kapag miserable ang mga tao. Isang gabi, habang

nirerekord siya ng kamera mula sa malayo, nakaabang sila sa kanto ng Morayta at Gastambide, naghihintay ng mga kolehiyalang kalalabas lang ng iskul. Dahil madilim, kampante siyang hindi makikita. May ilang estudyante rin silang nabiktima. Natawa at napakamot ng ulo. Ang ilan ay sumisigaw at umiiyak pero pinaliwanag din kalaunan na hindi totoo. Binigyan sila ng Jollibee para pampalubag-loob. Naka-blur ang kanilang mukha para halatang hindi scripted. Sa madilim at tahimik na kalye ng University Belt, may estudyanteng kumaripas ng takbo nang malamang kunwaring hinahabol siya ni Caparas. Sumisigaw ang estudyante nang mapansin ng mga batang yagit ang nagaganap na takbuhan. Walang nagawa ang mga bata kundi rumesbak.

Muling nag-ingay ang pangalan ni Allen Caparas nang mabalitaan kinuyog at binugbog siya ng mga bata. Kumalat sa social media ang balita hinggil sa nakaririnding prank. Childish at very unprofessional, ganito ang ilang batikos ng mga netizens. Sumikat siya muli sa social media sanhi ng kaniyang kagaguhan. Kung babalikan ang mga nabiktima niya, maraming natrauma sa ginawa niyang prank. Sanhi nito ang pagpukaw ng maraming youth organizations sa isyu na gumatong sa lalong masidhing pagkayamot sa content creator. Sa pamamagitan ng malawakang cancel culture, sumulpot ang mga luma't bagong baho ni Allen Caparas. Nag-file na ng kaso ang mga biktima laban sa grupo ni Allen. Criminal liability, assault for harassment.

Sa kasamaang-palad, lumusot sa kamay ng batas ang kaso. Walang palya, lahat dinaan sa foul play. Naantala nang ilang buwan ang pag-usad ng kaso. Nagkaroon ng propaganda laban sa kaniya ngunit hindi niya pinag-ukulan ng panahon ang mga ito. Mga ilang buwan din siyang tumahimik, mga ilang linggo din siyang nawala. Isang araw, nag-post siya sa kaniyang channel ng apology video tungkol sa nangyaring prank. Mahaba-haba ang pagpapaumanhin, limang minuto ang tinakbo. Kung matalas ang mata, trenta segundo lang talaga ang nilaan niya sa paghingi ng tawad, at 'yung natitirang minuto ay inubos niya tungkol sa paglalaro ng mga salita para makumbinsi (o mauto) na malaman ang apology video. Magkaiba pa ang usapin kung talaga nga bang sincere o hindi.

Gayunpaman, katulad ng nakagawiang pagtatapos, hindi na naungkat pa ang isyu. Ang mga biktima, napilitang ibaon na lang sa limot ang nangyari. Sa kabilang banda, lalong dumami ang mga subscribers niya, umabot siya ng isang milyon. Isa raw siyang bayani, sabi ng isang panatiko. Pinagpatuloy niya ang pagiging full time YouTuber at gym coach sa mamahaling commercial gym. Sa maikling panahon, may nagtulak sa kaniyang magbago pero biglang nahila. Walang nagbago at malaki ang posibilidad na hindi na siya magbabago pang muli.

At sa apotheoistikong pamimintuho, narinig ang kaniyang imahinaryo't matining na pangalang ginawa kasama ang kaniyang mga alipores, nakilala si Allen Caparas.

**3. 'Walang mabuting maidudulot ang pagtatanim ng poot sa kapwa.'**

EXT. BANGKETA SA QUIAPO. TANGHALI.

*Nakaupo si MANG IMPO, 65 taong gulang, sa puting monobloc habang hawak ang placard. 'KABATAAN, HUMANDA KAYO!' ang nakaukit sa kaniyang placard. Nakadikit sa kaniyang bibig ang mikropono ng voice amplifier habang kalakip ang speaker sa baywang ng pantalon. Sa Quiapo makikita ang maliit na bahagi ng Pilipinas. Samantala, mapupukaw ang atensyon ni TESS, 19 taong gulang, sa ingay at mensaheng pinapadala ng MANG IMPO. Tangan ang isang stick ng kwek-kwek, makikinig si TESS sa mga aral ni MANG IMPO.*

**MANG IMPO:** Annus Horribilis. Humanda kayo 'pagkat nalalapit na ang panahon ng panunubos. Kayong mga kabataan ay nililinlang at nalihis sa tamang landas, sanhi ng inyong napakikinggan, napanonood, at pinaniniwalaan. Maghanda sapagkat nalalapit na ang pagbalik ng Panginoon sa lupa at siya, ang Dakila, ay maghihilom at paliliguan ng banal na tubig upang linisin ang inyong mga utak at kaluluwa.

**TESS:** 'Ka mo, bilisan niya. Ang init sa Pinas, hahaha.

**MANG IMPO:** Anong tinatawa-tawa mo d'yan, bata? Kung hindi mo alam, ako ang labintatlong apostol ni Hesus. At narito ako, ayon sa Kaniyang mga tagubilin, upang balaan ang tao lalo na ang mga kabataan na kagaya mo, sapagkat kayo'y dahan-dahan nang sumasama sa bulong ng diyablo.

**TESS:** 'Di ba twelve lang ang apostol ni Hesus? Haha.

**MANG IMPO:** Ayon sa Kawikaan, pangatlong kabanata bersikulo lima hanggang anim: Magtiwala KA nang buong puso sa Panginoon at huwag KANG manalig sa iyong sariling karunungan. Alalahanin mo ang Panginoon sa lahat ng iyong ginagawa at ituturo Niya sa iyo ang tamang landas.

**TESS:** Anong ibig sabihin no'n, my dudes? Hahaha.

**MANG IMPO:** Napapansin mo ba ang kabataan ngayon? Sila'y nahuhulog sa kani-kanilang kapootan, kalibugan, at kalituhan. Limitado at dito lamang umiinog ang kanilang buhay. Magsimula tayo sa kalituhan: ang mundo ay napupunuan ng iba't ibang paninda, sabi nila. Ang tunay na kabataan ay hindi agad na bibili sa mga produktong ito kundi siya'y matalino't magmamasid. Isang halimbawa nito ang pagsuway sa mga magulang. Ang kabataan ngayon ay naniniwala sa esensya ng karahasan. Sa loob ng bahay, hindi na sila marunong rumespeto sa kanilang magulang! Bastos at magaspang ang mga bibig! Nasasaktan ang mga magulang sa tuwing sila'y sinasagot ng kanilang mga anak. Gayunpaman, sinasalamin din ng kanilang

kilos ang paggalaw sa makroskopikong lipunan. Ang pagtutol sa kinauukulan. Ang pagsuway sa mga batas ng mahuhusay na mambabatas. Ang pagkondena sa mga dapat tuparin bilang mamamayan ng bansa. Nakalulungkot isipin dahil maraming kabataan ang napapariwara, pumapanik sa bundok at humahawak ng armas. Sumasanib sa armadong pakikibaka. Ano ang mapapala nila sa kanilang paglaban sa gobyerno?

**TESS:** Mukha naman makatwiran ang ginaga--

**MANG IMPO:** Pangalawa! Ang kabataan ngayon ay hayok sa libog! Aburido sa paggawa ng mga anak! Kaliwa't kanan sa kalsada ang mga menor de edad, dala-dala ang kanilang anak. Hindi iyon sanhi ng kahirapan, kundi libog! Tumataas ang istatistika hinggil sa maagang pagpamilya sa Pilipinas! Mahalagang sisihin dito ang mga kababaihan sa kanilang sinusuot! Kaya kung titingnan mo, maraming dalagita ang nagagahasa dahil sa kanilang mapusok na kasuotan. Ang tunay na kababaihan ay may respeto sa kapwa at sarili. May respeto sa Diyos at kalalakihan. Gayundin sa kalalakihann nilang mangaliwa sapagkat bahagi iyon sa Sampung Utos ng Diyos! Iwasan nilang manood ng porn! Aaminin ko, kapatid, ako'y nagkasala dahil nanood din ako. Pero nang lumawig, nang lumapit ako sa Diyos, nakaalpas ako sa nakalalasong "routine" ko noon. Ngayon, marubdob at malinis ang relasyon naming dalawa ng Diyos.

**TESS:** Ikaw ha, nanonood ka rin ha. Hahaha. Ano na 'yung susunod?

**MANG IMPO:** Panghuli, at sa palagay ko ito ang nakabubulahaw sa lamikmik na pagtulog ng Diyos. Sipi muna tayo sa Bibliya, Awit, kabanata tatlumpu't pito, bersikulo walo: *Huwag kang mapopoot ni mababalisa, iyang pagkagalit, iwasan mo sana.* Kayraming mga alitan ang naganap nitong nagdaang panahon, kapatid. Umiiyak din ang Diyos kung dinadaan natin lahat sa dahas. Hindi mo masisi kung bakit pinapatay ng mga sundalo't pulis ang mga aktibista, magsasaka, manggagawa, estudyante, at iba pang lumalaban sa gobyerno. Kung tutuusin, walang duda na sila ang gumagambala sa ating kapayapaan. Sila, at walang iba, ang naghahasik ng takot sa bansa. Kung ako sa 'yo, kapatid, matuto tayo makuntento. Iwasan nating ang mangatwiran tuwing salungat sa ating hiling. Himukin mo ang iyong mga kaibigan, at sabay natin aralin kung paano mahalin ang gobyerno 'pagkat sila rin ay parang Diyos na natin.

**TESS:** Wala namang kuwenta sinasabi mo. Tangina kang apostol ni Hesus.

**MANG IMPO:** Nabubunuan ang inyong utak ng mga langgam. Inaamag at inuubos ang inyong natitirang talino! Wala na kayong sinasanto!

**TESS:** Haha!

**4. ‘Inggit ay deklarasyon ng kahinaan.’**

*Jujuma*

Nagsusulat si Jujuma ng maikling kuwento. Estudyante siya ng malikhaing pagsulat. May gano‘ng kurso pala? Gulat ng magulang niya. Opo, sagot niya, underrated po kasi ang kurso, sabay ‘hehe’ sa dulo upang (kahit papaano) ibsan ang hiya. Umiinog ang kaniyang panulat tungkol sa sarili at karanasan bilang tiga-Little Baguio sa San Juan.

Kasalukuyan siyang nagsusulat ng maikling kuwento tungkol sa kaniyang sarili pero karanasan niya bilang mag-aaral sa prehistoyosong pamantasan. Nang matapos niya ang maikling kuwento na ipapasa niya sa klase ng palihan ng maikling kuwento, nakaramdam siya ng kaginhawaan dahil nakapagpanganak siya ng bagong sining.

Ilang minuto bago magsimula ang klase sa palihan, hindi siya kinakabahan bagkus handa siya sa magiging komento/suhestiyon/kuro-kuro ng mga kaklase. Alam niya sa sarili na mahusay siya, daig pa niya ang mga libag na kasama niya sa klasrum.

“Mapapatawad ko pa sana ‘yung teknikalidad ng kuwento mo, kaya lang pumalya din e. Haha, ano ba ‘to?”

“Masyadong gasgas itong tropes mo. Wala ka na bang ikukuwento bukod sa mga aso mong sina Dugong at Makoy?”

“Walang tinatayang politics. Politics should be in art, regardless of the depth.”

Ang sumagot si Jetri. Hindi niya tinatanggap ang anumang komento lalo na’t kung galing kay Jetri. Nahuhusayan siya masyado kay Jetri.

Matapos ang madugong bakbakan, ang maikling kuwento naman ni Jetri ang pag-uusapan. Silang dalawa ni Jujuma ang isasalang ngayong araw sa klase.

Unang nagbigay ng komento si Jujuma, “Your work is too political.”

Tumingin ang klase sa kaniya.

Sumingit ang isang estudyante: “Anong problema kung political ang gawa? ‘Yan lang ba makokomento mo? Ikaw nga ‘yung gawa mo napaka—”

Kinuyom niya ang dalawang kamay. Yumuyo siya bahagya, tinakpan ang mukha mula sa bangs. Para kay Jujuma, ito na ang kaniyang huling maikling kuwetong isusulat.

*Jetri*

Si Jetri ay nagmula sa Comparative Literature at kumuha lang ng (malikhaing pagsulat) elektib upang bunuin ang minimum na yunit. Ngayon, nasa klasrum siya ng malikhaing pagsulat upang maghasik ng kaalaman sa teorya,

narratology, at iba pang malalalim na literary jargons para malusaw at magsabaw ang klase.

Umiinog ang panulat ni Jetri sa politika. Aktibismo, karapatang pantao, radikalismo, uring manggagawa, kontra-pasismo, insurhensya, 'pagbaliktad sa tatsulok', pakikibaka, etc. Paborito niyang manunulat sina Emmanuel Lacaba, Jose Ma. Sison, at Kerima Lorena Tariman. Malaking impluwensya sa kaniya ang sinalihang organisasyon upang isatitik ang mga paksang dapat pinag-uusapan at/o tinatala. Tuwing pumapasok sa klase, nakaipit sa kaniyang kilikili ang tinatapos (halata kasi maraming bookmark notes) ang libro na *'Isang Pasilip sa Radikal na Kaisipan ng Pilipinas'*.

Ang kaniyang akdang sinulat sa palihan ay tungkol sa isang kolektib na nagkaroon ng pagkakataon na mabuhay sa iba't ibang panahon at kasaysayan ng mga kilusang panlipunan. Pokus ng akda na ituwid ang mga baluktot (kung mayroon man) na nangyari sa loob ng mga bawat pagkilos.

"Your work is too vague for me," sabi niya kay Jujuma habang ginigisa ito na parang sibuyas at bawang.

Hindi naman talaga niya intensyong bugbugin ang ipinanganak na sining ni Jujuma. Para kay Jetri, naiinis siya rito dahil mukhang mataas ang confidence sa sarili. Gusto niya itong basagin. Hindi inaalintana ang "masasakit" na batikos. Bukod pa do'n, marami sila (sa kanilang klase) ang naiinis

sa mga petiburgis niyang panulat. Palihim silang bumuo ng mini-literary mafia upang pag-usapan at pagdiskitahan ang kaniyang gawa.

"I know it sounds a little cliché, but this work is too overrated and generic!"

*Kaklase #1*

Mahusay na kaklase si Jetri, masikhay at matalas. Tuwing nagsasalita siya, makikinig kami. Tuwing may payo siya tungkol sa mga akda namin, itinatala namin. Kapag may bago siyang labas na zine, na madalas niyang binebenta sa amin, bibili kami. Putang ina, idol ko 'yan e!

Para kay Jujuma, ayaw talaga namin sa kaniya. Hindi namin naiintindihan gawa niya dahil walang lalim. Sino gusto magbasa tungkol sa kaniyang buhay marangya? Mayaman lang siya pero boring at walang kuwenta ang mga kuwentong sinusulat niya. Plus, nakakarindi 'yung iba naming kaklaseng panay reklamo dahil mahaba ang mga sinusulat namin. Gets naman kasi hindi naman sila BA Malikhaing Pagbasa.

*Kaklase #2*

Naaawa ako kay Jujuma kasi hindi na siya pumapasok sa klase. Lantad na palagi siyang binubully ng mga kaibigan nina Jetri. Gumawa pa sila nung circle, 'kala nila kung sinong biyaya ng Diyos para sa sangkatauhan.

Kasingpanget ng sinusulat nila ang kanilang ugali. Ginagamit lang nila ang pagiging aktibista upang magmaliit sa iba. Naturingang mga lider-estudyante pero asal kupal. May kapihan sessions pa silang ginagawa para awayin lang 'yung tao. Dapat kinakansel sina Jetri (baka nga kulang pa e). Dapat 'yung mga katulad ni Jetri binubura sa mapa.

*Propesor*

Parehas lang sila 'di magaling.

**5. 'Pagpupuri sa sarili ang papagitan sa lahat.'**

Dear reader,

Pagbati! Nakarating ka sa huling maikling kuwento ng maikling kuwentong ito. Kung babasahin mo man ang huling bahagi na ito, pinapayo ng manunulat na magbaon ng Katinko at isang banig ng Paracetamol kung sakaling kumulo ang dugo at pumutok ang litid mo. Babala rin ng manunulat na hindi niya kasalanan kung may umiyak. Ito ay paglalaro ng katha. Kung trip mo man makipag-iskuweran sa manunulat (kumbaga pampapawis lang) nando'n lang siya sa Sampa, natutulog. Ikaw na bilang mambabasa ang magpapasiya:

Magsisimula ang huling kuwento tungkol sa 'yo. Hindi ko mapukol nang eksakto kung ano ang naging hudyat para sulatin ko ang bahagi ng kuwentong ito. Kung tutuusin, bakit ko sasayangin ang inipon kong enerhiya? 'Di hamak na mas

matimbang pa ang pahinga ko kaysa sa 'yo. Pero sige, kung itutuloy ko man ang pagtatangka kong ito, parang binabayaran ko na rin ang mahaba-habang utang na loob ko sa sarili. Malalim-lalim na ang galit ko at matagal na akong naghahapis. Posible at baka matawa ka pa sa aking mga rason. Intensyon ko bang managasa ng ibang tao? Depende, wala namang may gusto na maging alipin sa hari-hariang ulupong na kagaya mo. Sa huli, dapat kong panagutan ang mga sasabihin ko.

Ang nais ko lang ipunto, isa ka lang naliligaw na kuto mula sa kinamot kong burat. Dadamay ko na rin 'yung mga tropa mong 'ideal revolutionaries' na kapag inimbita sa mob ay panay tanggi at sasabihin: "Pag-iisipan ko" o 'di kaya "Bounce na ako, idol" Pero ang totoo, wala na siyang panahon para maglingkod sa masa. Wala, tinapon na niya sa burak ang mga gintong aral ni Mao. Isama mo na rin 'yung mga besties mong nasa konseho na nagmamaasim lang pero pagdating sa emerhensiya, nasaan sila? Teka, tsek mo nga 'yung IG story kung nasa *Pop Up* na sila.

Sapul kung sapul. Tutal nasa plataporma na rin ako ng pagsusulat, hindi ko na rin palalampasin 'yung mga kaklase natin na laging inuungkat ang kanilang achievements, sa lahat ng okasyon, na nanalo sila ng grand prize sa mga patimpalak. Oo na mga mars, ang pisngi ng puwet n'yo ang mukha ng panitikan. Pero ang 'di nila alam (o kung alam nila, kinakalimutan o takot lang ungkatin) na panay himod-

tae na sila sa kanilang literary godfathers at nakalimutan nang itapak ang paa sa lupa. Usaping adbentahe? Usaping pananaig? Hahaha.

Palagay ko, mukhang nalalayo na ako. Matagal-tagal na rin akong nanggagalaiti at nagtatangkang manakal. Hindi ko na rin pababanguhin ang mga sasabihin ko sa mga susunod dahil naniniwala ako na may kapasidad ka namang marinig ang katotohanan. Minsan mo nang nabanggit sa 'kin na nagustuhan mo ang istilo kung paano ako magsulat. Minsan, pagkalabas sa silid, sinabi mo ulit na lagi mong inaabangan ang mga sinusulat kong akda. Natuwa ako at napaisip na sa wakas may saysay din ang pagsusulat ko. Pero nang tinanong ng propesor sa palihan kung ano ang mga komento at suhestiyon ninyo sa bago kong pinanganak na maikling kuwento, hindi ka nagsalita. Nakikipagdaldalan ka sa mga tropa mo. Hindi nirerespeto ang presenya ng propesor, ng klase, at s'yempre ako. Nang matapos ang sesyon, nag-aya ang isa nating kaibigan na kumain sa Sarah's para mag-celebrate. At noong nag-iisa ako, hawak ang isang bote ng beer, nagyoyosi, lumapit ka sa akin at sinabing:

> Sorry ha, hindi ko nabasa gawa mo. *Hindi ko talaga binasa gawa mo.*
>
> At sabi ko: Tangeks okay lang! *Tangina ka.*
>
> Sana okay lang din 'yung naging comment ko kanina sa workshop. *Mema ko lang 'yon.*

Oo naman! Lahat naman ng komento n'yo tinanggap ko. *Puwera lang iyo.*

Weh? *Weh?*

Hahaha, oo nga. I think tama naman 'yung comment mo na kailangan ko pang linisin 'yung pagsasalaysay ko. *Umalis ka na nga sa harapan ko.*

I know right?! *Uto-uto.*

At saka 'yung haba. *Tamad ka lang magbasa* e.

Exactly. *Tamad lang ako magbasa e.*

Masaya naman daloy ng palihan kanina. *Masaya kung wala ka.*

True! Ang gaganda ng comments ng mga kaklase natin! *Lalo na 'yung akin.*

Oo nga e, hahaha. *Halatang kopya lang sa ibang kaklase.*

'Matic, uno na tayo. *Ako lang.*

Puwede. *E kung kaltukan kaya kita?*

Do you think I should submit this to a journal? *I'm the best writer in this class.*

Puwede, haha. Mahusay ka naman e. *'Wag na, itapon mo na 'yan.*

How about sa workshops?! OMG, naglabas na ng deadline of submission ang Rogelio Sicat! *'Matic ako makukuha ro'n.*

Puwedeng-puwede! *Bobo.*

Pasa ka rin ha! *'Wag ka na magpasa*.

Subukan ko. *Susubukan ko talaga*.

Yay! *As if*…

Yehey. *Tang'na neto.*

Sana maging writer tayong lahat. *S'yempre ako lang dapat*.

*Gago ka ba?*

Sana. *Pakyu*.

# BIONOTE NG MGA KONTRIBYUTOR

Awtor, kritiko, editor, iskultor, pintor, journalist, at makata. Ipinanganak si **R.B. ABIVA** noong 1989 sa Bayombong, Nueva Vizcaya. Nagtapos siya ng Bachelor in Business Administration sa PUP (2010) at kasalukuyang tinatapos ang MA Malikhaing Pagsulat sa UP. Tumanggap siya ng mga fellowship sa Palihang Rogelio Sicat (2018), Cordillera Creative Writers Workshop, (2018), Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop (2019), UP National Writers Workshop (2019) at Palihang Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (2021). Hinirang siya ng GUMIL-Filipinas, Bannawag Magazine at NCCA bilang Pasnaan 9 Outstanding Fellow. Opisyal siya ng Order of the Knights of Rizal at Independent Order of Odd Fellows- Nueva Ecija Lodge, UD. Dating bilanggong politikal.

Si **RALPH VINZE D.C AGARCIO** ay mag-aaral sa programang Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon, medyor sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas-

Diliman. Nagmula siya sa lungsod ng Malolos sa Bulacan, sa bayang lundayan ng iba't ibang porma ng sining. Kabilang siya sa UP LAKAN, isang sosyo-sibikong organisasyon na binubuo ng mga Bulakenyong iskolar ng bayan.

Si **DAVE MATHEW A. BABON** ay ipinanganak sa Santa Rosa, Laguna noong ika-28 ng Nobyembre, 2001. Nag-aral siya sa Paaralang Elementarya ng CAA kung saan nagkamit siya ng maraming karangalang pang-akademiko at sa mga partisipasyon sa paligsahang pangdyornalismo sa kategoryang Pagsulat ng Balita sa Filipino. Nakamit nya ang karangalang Salutatorian sa ikaanim na baitang. Nagtapos siya ng sekondarya sa Mataas na Paaralang Pang-agham ng Las Piñas. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kursong BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nais niyang makapagturo ng Filipino sa mga paaralang sekondarya sa hinaharap.

Si **LOUISE NAZIR A. BANZUELA** ay mag-aaral ng AA Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Lungsod ng Quezon. Mahilig siyang magbasa magmula noong bata pa, nagsimula siya sa mga maikling kuwento na hango sa kaniyang mga interes sa cartoons, anime, at pop culture. Naging campus journalist siya sa kanilang paaralan noong siya ay nasa ikalimang baitang pa lamang at naging literary editor ng kanilang publikasyon sa loob ng tatlong taon. Ginawaran siya ng titulong Binibining Makata 2018 noong siya ay nasa ikasampung baytang sa

hayskul. Nailathala sa ikalawang Yuwana Zine ng ASEAN Youth Spoken Word Poem ang tula niyang "PULA: What We Were Taught."

Mag-aaral sa kursong Associate in Arts Malikhaing Pagsulat sa Filipino si **HELEANA R. CABALLES** sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Nakapagsulat na siya ng ilang mga akda sa larangan ng sanaysay, tula at maikling kwento. Nakasentro ang kaniyang panulat sa paksang autismo at inhustisya sa lipunan. Ang ilan pa sa kaniyang mga akda ay *Kolorete ng Payaso, Ang Suntok sa Reperi* at *Mga Pagbangon mula sa Pagkakahimbing*.

Pinanganak si **AJ CANCEJO** noong September 27,2002 sa lungsod ng Bacoor sa Cavite. Pinaglihi siya sa mga tendensiyang pesimistiko, sama ng loob at di maipaliwanag na pagkahumaling sa horror films at pritong manok (speculated yet unconfirmed). Maliban sa horror at manok, hilig din ni AJ na paminsan-minsang sirain ang ulo sa pamamagitan ng pagsisid sa kalaliman ng existential crises. Kasalukuyan siyang second year student sa programang AA Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman at nakatakdang magtapos ngayong ikalawang semestre 2022-2023 ("Pramis hindi 'to pagmamabayang. Di ko nga alam pa'no nangyari 'yon e," sabi ni AJ). Layon niyang ituloy ang programa hanggang sa batsilyer na lebel. Nais niyang maging manunulat sa pelikula balang araw.

Si **KYR CONCORDIA** ay lagpas na sa kalendaryo ngayong taon. Kasalukuyang siyang nasa gradwadong antas ng Malikhaing Pagsulat. Ang *Penitensya* ang kanyang kauna-unahang maikling kuwentong nailathala.

Si **ERICKA MAE C. CRUZ** ay ipinanganak noong Nobyembre 24, 20-02 sa San Marcelino, Zambales. Lumaki siya sa Olongapo City at sa bayan ng Castillejos. Nagsimula siyang magsulat nang naging student journalist siya sa wikang Filipino noong elementarya. Mula noon, nakahiligan na niya ang pagbabasa ng literatura at pagsulat ng malikhaing mga akda. Kasalukuyan siyang nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa ilalim ng kursong Associate in Arts in Malikhaing Pagsulat sa Filipino.

Lumad (Ubo Manubo) mula sa Mindanao si **CATHERINE "KATKAT" DALON.** Bahagi siya ng organisasyong Save Our Schools Network at Sabokahan o Unity of Lumad Women, mga organisasyon na nagpoprotekta at nagtatanggol sa mga karapatan ng mga Lumad para sa edukasyon, lupaing ninuno at sariling pagpapasya. Nasa ikalawang taon siya ng Associate in Arts in Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

Mag-aaral ng programang BA Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman at kasalukuyang Supremo ng UP Sandigan para sa Ikauunlad ng Kamalayang maka-Araling Pilipino (UP SIKAP) at literary editor ng KALASAG

si **LANCE ROMULUS DAYRIT**. Noong 2016, itinanghal siya bilang Makata ng Taon (Ingles) sa ika-11 Gawad Digmaang Rosas, isang patimpalak para sa mga manunulat sa Pampanga. Mababása ang ilan sa kaniyang mga akda sa Life UPdates ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing, Kalazine, Tapuzine Publikasyong Iglap ng Surian ng Sining, at Entrada Journal ng PUP Center for Creative Writing. Naging kalahok din siya sa Ikatlong Saling Panitik: Bienvenido Lumbera Seminar-Palihan sa Pagsasalin. Kabilang din siya sa mga artista-iskolar na napiling gawaran ng UP Diliman Visual Arts and Cultural Studies Scholarship Program.

Si **GELO DE GUZMAN** ay alipin ng oras. Kasulukuyan niyang ginagapang ang kursong Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa UP-Diliman. Miyembro siya ng KATRIBU – UPD at sumasama sa panawagan na ipaglaban ang karapatan ng pambansang minorya. Hilig niya ang pagsusulat ng maikling kuwento at sanaysay. Umiinog ang kaniyang panulat sa sosyal na reyalidad na inaangkupan ng dark humor.

Pampublikong guro at spoken word performer mula sa Sarangani, Rehiyon 12 si **HANNAH A. LECEÑA**. Nagtapos ng BSEd-Filipino sa MSU-General Santos City (Cum Laude) at MAEd-Filipino sa Notre Dame of Marbel University. Spoken word performer siya. Nakapag-perform siya sa Perfurmatura Pandemic Edition ng Cultural Center of the Philippines. Naging fellow ng mga writing workshop tulad ng 20th

IYAS, 59th Silliman, 5th Amelia-Lapena-Bonifacio Writing Workshops at Gemino-Abad Seminar Workshop for Teachers in Creative Writing. Nakatanggap ng Jimmy Balacuit Literary Awards for Fiction, Satur Apoyon Prize, 2nd Place sa PNU Normal Awards sa kategoryang Nobelang Pangkabataan at Grand Prize Winner sa Lampara Prize, Middle Grade Category ang kanyang mga sugilanon at nobela.

Kasalukuyang nag-aaral ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa UP Diliman si **HOLLAND LOYOLA**. Mahilig siyang sumulat at mahilig din sa pusa. Sa totoo nga niyan, kalong niya si Sage (itim na Siamese) habang sinusulat ang kwentong ipinasa sa Manlilikha. Marami pa siyang pangarap na sa paniniwala niya, maaabot niya balang-araw kasama ang kaniyang mga propesor sa departamento.

Pinanganak si **KARL GUNDAYAO MONTEMAYOR** noong Ika-14 ng Agosto, 2004. Lumaki siya sa Lungsod ng Quezon at lumahok sa publikasyon ng Sto Niño de Novaliches na The Throne kung saan nadiskubre ang kanyang pagmamahal sa pagsulat. Kasalukuyan siyang campus journalist at mag-aaral ng Associate in Arts sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa UP Diliman. Mahilig siya sa pop culture at naniniwalang susi ito upang maintindihan at mapakilos ang masa.

Si **RC PLACIDO** ay tubong Paniqui, Tarlac at kasalukuyang nag-aaral ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino. Nagsusulat

siya ng mga danas ng kasalukuyang henerasyon at kung paano sila naaapektuhan ng papausbong na teknolohiya. Nahiligan niyang magsulat dahil sa mga pelikula na kaniyang pinapanood noong bata siya. Dahil dito, nahikayat na din siya sa pagbabasa at ikinokonsidera na parang may sinehan sa kaniyang kokote kung nagbabasa siya. Naging impluwensiya niyang manunulat sina Eros Atalia, Ricky Lee, Jordan Peele, Bob Ong at Edgardo Reyes dahil sa kanilang pagsasanib ng kalungkutan, katatawanan, at katatakutan sa mga akdang kanilang nagawa.

Si **LARRY BOY BRIONES SABANGAN** o Lari Sabangan ay kasalukuyang Kawaksing Mananaliksik ng Unibersidad sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman. Naging Fellow sa USTNWW, Palihang Rogelio Sicat at Palihang Rene Villanueva para sa CNF, maikling kuwento at kuwentong pambata. Awtor ng tulang pambatang Kat Nagpamaeaybay Ro Panumduman it Unga. Nakapaglathala sa ANI: CCP Literary Journal, KWF, at iba pang mga antolohiya. Volunteer Language Translator sa UP-Resilience Institute. Naging Finalist sa Ulirang Guro sa Filipino 2022 ng KWF. Mag-aaral sa Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman. Isang anak, at lingkod bayan. May dalawang kaibigang itim na aso (Bela) at pusa (Niya) sa Kalibo, Aklan.

Si **ARTHUR DAVID SAN JUAN** ay mula sa lungsod ng Antipolo. Kasalukuyan siyang mag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Dati siyang Kultura Staff Writer ng

Philippine Collegian. Inilimbag ang kanyang mga akda sa CCP Ani Literary Journal, PSLLF Kawíng Refereed Journal, Loch Raven Review, at iba pa. Siya ang awtor ng aklat ng mga tula na *Sikreto sa Loob ng Kwarto* (8Letters, 2019).

Unang nagkamuwang si **JERWIN BILALE UY** sa tabing dagat at sariwang hangin ng Lemery, Batangas. Halos dalawang dekada nang naninirahan sa Tundo, Maynila. Naging fellow siya sa online Luntiang Palihan (2020) ng Bienvenido N. Santos Creative Writing Center sa De La Salle University at 8th Cordillera Creative Writing Workshop (2021) ng College of Arts and Communication sa UP Baguio. Nailathala ang kanyang mga akda sa Liwayway, Novice, Revolt, Inscapes, Manlilikha, 7 Eyes Production OPC at iba pang mga publikasyon. Nakamit niya ang unang gantimpala [tula] sa nakaraang Saranggola Blog Awards (2019) gayundin sa Heritage Essay Writing Contest (2020) ng Filipino Heritage Festival Inc. Kasalukuyan siyang nag-aaral ng BA- Malikhaing Pagsulat sa Filipino, sa UP Diliman. Nagsusulat-sulat, tumutula-tula.

BIONOTE NG MGA EDITOR

Si **WILL P. ORTIZ** ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman sa larangan ng Malikhaing Pagsulat. Nagkamit na siya ng mga parangal mula sa Palanca Memorial Awards. Ang kanyang aklat na *Bugtong ng Buwan at Iba pang Kuwento* (UP Press, 2011) ay nagawaran ng Madrigal-Gonzalez First Book Award, mga maiikling kuwento ukol sa batang manggagawa. Nakatutok sa tinatawag niyang "kagila-gilalas na realismong bayan" ang kanyang mga panulat tulad ng *Ang Pagbabalik ni Maria Makiling, Unang Aklat* (UP Press 2015), *Si Maria Makiling* at ang *Alamat ng Animas Any*a, *Ikalawang Aklat* (UP Press, 2018). Lalabas ang ikatlong serye ng nobela na may pamagat na *Ang Lihim ng Lagusang Dalem* (UP Press). Nalathala na rin ang kanyang mga artikulo ukol sa panitikang pambata sa loob at sa labas ng bansa. Nakatuon ang kanyang mga panulat at pananaliksik sa usapin ng bata, babae, bayan at ang kagila-gilalas.

Nagtuturo si **TILDE (ARBEEN ACUÑA)** ng mga kurso sa malikhaing pagsulat, panitikan, at Philippine Studies sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas (UP). Awtor siya ng piksyong *Oroboro at Iba Pang Abiso* (UP Press, 2020), ilustrador ng *Melismas* ni Marlon Hacla (OOMPH! Press, 2020) at co-editor ng *Destination: SEA 2050 A.D.* (Penguin Random House SEA, 2022) at iba pang antolohiya. Pana-panahon din siyang gumagawa ng mga zine; ang pinakabago sa mga ito ay *konsumérebyu: kuda reklamo tsundoku* (2022; maipapalagay na mga mala-dagli) at *bases x figuras* (2023; maipapalagay na sanaysay).

# Manlilikha

Tomo II, 2023

Literary Folio ng mga mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat ng UP Departamento ng FIlipino at Panitikan ng Pilipinas

## TAMPOK ANG MGA AKDA NINA:

R.B. Abiva
Ralph Agarcio
Dave Babon
Louise Nazir A. Banzuela
Jerwin Bilale
Heleana R. Caballes
AJ Cancejo
Kyrios Concordia
Ericka Mae C. Cruz
Catherine Dalon
Lance Romulus Dayrit
Yuangelo de Guzman
Hannah A. Leceña
Holland Loyola
Karl Montemayor
RC Placido
Lari Sabangan
Arthur David San Juan

DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT
PANITIKAN NG PILIPINAS
KOLEHIYO NG ARTE AT LITERATURA
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
LUNGSOD QUEZON 1101 PILIPINAS
TELEPONO (+63.2) 981.8500 LOCAL 2123